

# TINAWAG NG DIYOS

Mga Kwento ng mga Babaeng Ministro  
ng Seventh-day Adventist

Josephine Benton  
May Akda

Isinalin sa Filipino ni Valenta Merle, mula sa Aklat na  
Ingles, “Called By God”

Inedit ni Elizabeth M. Role

Mabibili sa AdventSource 5040  
Prescott Avenue  
Lincoln, NE 68506 1-800-328-  
0525 www.adventsource.org

Copyright © 1990 ni Josephine Benton Edited  
©2002 AdventSource  
Lahat ng karapatan ay naka-reserba

**Disenyo ng Pabalat:** Kristi Chevalier  
**Editor:** Jeri Lyn Rogge  
**Manager ng Proyekto:** Christal Gregerson  
**Layout:** Kristi Chevalier

Ang mga sipi ng Kasulatan ay mula sa King James Version (KJV) maliban may ibang pagkilala.

Mga sipi ng Banal na Kasulatan mula sa Revised Standard Version (RSV) ng Bibliya, na may copyright 1946, 1952, 1971 sa pamamagitan ng Division of Christian Education of the National Council of Churches of Christ sa USA, ay ginamit nang may pahintulot. Ang sipi ng Banal na Kasulatan na minarkahan (NIV) ay hango sa HOLY BIBLE, NEW INTERNATIONAL VERSION. Copyright © 1973, 1978, 1984 International Bible Society. Ginamit na may pahintulot ng Zondervan Bible Publishers.

*Larawan sa pabalat mula sa itaas:*

Pakanan simula sa kaliwa: Minnie Sype, ang ministro, na may tatlong kasama sa pagbebenta ng libro— Gertrude Sype, Georgia Goy at Elleanore Norman. Hindi kilala  
Si Ellen G. White na nangangaral sa General Conference Session noong 1901 sa Battle Creek, Michigan. Ginamit na may pahintulot ng Review and Herald Publishing Association.

ISBN# 1-57756-099-X

Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

# Index

|                                                                                              |     |
|----------------------------------------------------------------------------------------------|-----|
| Pambungad na Kaisipan "May Kilala Akong Babaeng Ministro" .....                              | 4   |
| Kabanata 1 Hinimok na Mangaral: Helen May Stanton Williams.....                              | 8   |
| Kabanata 2 Asawa ng Magsasakang Naging Ebanghelista: Minnie Day Sype .....                   | 26  |
| Kabanata 3 Ministro sa mga Lehislatura: Lulu Russell Wightman.....                           | 60  |
| Kabanata 4 Makabagong Tagapangasiwa: Anna Knight.....                                        | 77  |
| Kabanata 5 Ebanghelista at Guro ng mga Ministro: Jessie Weiss Curtis .....                   | 97  |
| Kabanata 6 Ang Maliit na Aklat na Itim: Mary E. Walsh.....                                   | 112 |
| Kabanata 7 Tagapagtatag ng Simbahan: Ellen Harmon White.....                                 | 128 |
| Kabanata 8 Iba pang mga Babaeng Ministro Mula sa Nakaraan:<br>Mga Maiikling Talambuhay... .. | 144 |
| Kabanata 9 Mga Aktibo at Retiradong Babaeng Ministro:<br>Isang Maikling Paglalahad .....     | 160 |
| Kabanata 10 "May Sinuman Bang Makapipigil?":<br>Isang Paghahambing sa Bibliya. ....          | 186 |
| Pangwakas na Kaisipan: Ang Diwa ng Hinaharap .....                                           | 191 |
| Apendiks A Mga Dokumento at Tala .....                                                       | 196 |
| Apendiks B Bahagyang Listahan ng mga Babaeng Ministro .....                                  | 219 |
| Apendiks C Mga Ulat ng General Conference,<br>1881 at 1990.....                              | 231 |

## **Para sa aking mga magulang**

Elder at Ginang A. C. Griffin

Kung kanino ko unang natutunan ang mga kagalakan ng ministryo

### **Pagpapahalaga**

Ang mga kamag-anak at kaibigan ng mga babaeng inilahad sa aklat na ito ay naging dahilan upang maisakatuparan ang proyektong ito sa pamamagitan ng kanilang mga liham, "tapes," tawag sa telepono, at mga larawan. Ang ilan sa mga matulunging taong ito ay kinikilala sa mga talababa. Ang iba naman, na hindi pinangalanan, ay taos-puso kong pinasasalamatan.

Ang aking mga kasamahan sa Columbia Union College ay nagbigay ng kamangha-manghang suporta: ang mga tanggapan ng Adult Evening Program, ang Akademikong Dekano at Admissions, Weiss Library, upang banggitin ang ilan ngunit hindi lahat. Sina Greg Ingram at David Wright mula sa computer services ay naging mababait at epektibong katuwang.

Ang mga kawani ng General Conference Archives, partikular na si Bert Haloviak, ay nakatulong upang maging kasiya-siya at mabunga ang aking pananaliksik. Pinahintulutan ako ng Review and Herald Library na makapagsaliksik doon, at nagkaroon ako ng pribiliheyong mahiram ang talambuhay ni Minnie Sype mula sa Andrews University Library.

Si Art Hauck ang nagbigay-kakayahan sa aking Wang computer na magsulat gamit ang WordPerfect. Pinagpapala ko ang alaala ng mahal kong kaibigang ito. Sina David at Jo Byrkit ang nagturo sa akin kung paano i-convert ang nilalaman ng Wang WP patungo sa WordPerfect at gawing epektibo ang hybrid na teknolohiya.

Ang aking pamilya ay nagbigay ng mahahalagang mungkahi at walang sawang sumuporta sa lahat ng paraan.



*Walang Judio o Griego,  
walang alipin o malaya,  
walang lalaki o babae  
sapagkat kayong lahat ay  
iisa kay Cristo Jesus.  
—Galacia 3:28, RSV*

## *Pambungad na Kaisipan*

*"May Kilala Akong Babaeng Ministro"*

Noong Hunyo 1973, nagkita kami ni Elder N. R. Dower sa isang masikip na pasilyo ng eksibit ng mga aklat sa Potomac Conference Camp Meeting. Siya noon ay Ministerial Director ng General Conference ng Seventh-day Adventist; katatapos lang akong mahilingan ng Potomac Conference Komite upang maging associate pastor sa Sligo Seventh-day Adventist Church, isang hakbang na itinuturing ng karamihan na lubhang makabago.

"Josephine," tanong sa akin ni Elder Dower sa kanyang magiliw na paraan, "Alam mo bang nagsimula akong maglingkod sa ilalim ng isang babaeng Ministro?"

Masyado akong nabigla para magtanong pa ng marami. Nagawa ko na lang isulat, "Nagsimula si Elder Dower ng pagiging ministro sa ilalim ni Jessie Weiss Curtis sa Pennsylvania." Pagkatapos ay napatingin ako sa isinulat ko at naisip ko, "Sino ang babaeng ministrong ito? Bakit hindi pa natin nababalitaan kailanman?"

Pagkaraan ng ilang buwan, habang nakikipagkamay ako sa mga naglalabasang mananamba mula sa Iglesiya ng Sligo, isang panauhin ang magiliw na hinawakan ang kamay ko at bumulalas, "May kilala akong babaeng ministro!" Tiniyak niya sa akin na bilang isang babaeng pastor, hindi ako natatangi, sapagkat ang kanyang hipag ay naging Adventistang ministro rin. Ina-lok niya ang ipadadala sa akin ang "ministerial license" ng kamag-anak. Iminungkahi ko na dapat panatilihin ng pamilya ang orihinal na dokumento at sinabi kong ikatutuwa kong makatanggap ng isang kopya, kasama ng iba pang materyal na iniaalok. Sa ganoong paraan, mas marami akong nalaman tungkol kay Jessie Weiss Curtis.

Noong dekada 80 ay nakapanayam ko ang ilan sa mga kapamilya ni Ginang Curtis at nagkaroon ako ng pribilehiyong mangaral sa simbahan na itinatag niya sa Drums, Pennsylvania. Doon ay nabisita ko ang ilan sa kanyang mga napabinyagan, kaibigan, at kamag-anak. Ang aking natutunan tungkol sa masigasig, tapat, ngunit mapagpakumbabang ebanghelistang ito ay lubos na nagbigay ng katuwaan sa akin (**kabanata 5**).

## Tinawag ng Diyos

---

Ang sumusunod na liham sa patnugot ng Insight magazine noong 1974, kasama ang pamagat kung saan ito inilathala, ay nagbigay ng interes sa akin tungkol sa isa pang babaeng ministro.

A. ***Isang Tunay na Babaeng Mangangaral***

Naging interesado ako sa iba't ibang talakayan tungkol sa kababaihang ministro sa ating denominasyon. Maaaring interesado kayo na malaman na ang aking ina ay nabinyagan sa SDA Church noong unang bahagi ng 1900s ng isang ordinadong ministro, isang Ginang Minnie Sype. Sinipi ko mula sa isang kamakailang liham ng aking ina:

"Nakilala ko si Ginang Sype sa Hawarden, Iowa, noong 1908. Noon ko unang narinig ang pananampalatayang Adventista. Siya ay isang ministro. Ang kanyang asawa ang gumagawa ng mga gawaing bahay at siya rin ang nangunguna sa mga pag-awit sa mga pagpupulong sa tolda. Siya ay isang makapangyarihang tagapagsalita, ayon sa aking pagkakaalala."...

—**Thomas E. Durst, Colville, Washington.**

**"A Real Lady Preacher," *Insight* (Mayo 7, 1974): 2-3.**

Sa Yearbook ng 1908, ang taong partikular na nabanggit, natagpuan ko si Minnie Sype sa hanay ng mga ministro ng Iowa Conference. Bagamat hindi siya naordinahan, mahalagang tandaan na noong 1908 ay naglilingkod siya bilang isang lisensiyadong ministro; bukod dito, hindi siya nag iisa, sapagkat ang Iowa Conference ay nagkaroon ng isa pang babaeng lisensiyadong ministro noong taong iyon, si Gng. G. R. Hawkins.

Dahil sa aking pag-uusisa kung may iba pang babaeng ministro na naglilingkod sa ibang mga konperensya, sinuri ko ang maliit na Yearbook ng 1908. Natagpuan ko si Gng. Bertha Jorgensen sa hanay ng mga lisensiyadong ministro ng North Dakota Conference. Sa General Conference, lumilitaw si Gng. E. G. White bilang isang naordinahang ministro, at si Gng. H. H. Haskell bilang isang lisensiyadong ministro. Samantala, si Gng. J. S. Wightman ay nakalista bilang isang naordinahang ministro ng California Conference.

Natural na magkaroon ng tanong na ganito; Paanong si Ginang White at Ginang Wightman ay kasama sa mga naordinahang ministro? Ang lahat ng impormasyong aking natipon bilang sagot sa tanong na ito ay matatagpuan sa pagtalakay tungkol kay Ellen White sa kabanata 7 at kay Lulu Wightman sa kabanata 3.

Nagulat ako sa natuklasan kong may anim na kababaihan na nakalista bilang mga ministro noong 1908, kaya naman naghanap pa ako sa ibang Yearbooks. Gumawa ako ng isang listahan, batay lamang sa mga pangalan na malinaw na pambabae. Kalaunan, pinalawak ng mga kawani ng General Conference Archives ang listahang ito, na matatagpuan ninyo sa Appendix B. Gayunpaman, hindi ito isang ganap na talaan, at marami pang pagsasaliksik ang maaaring gawin sa larangang ito.

## Pambungad na Kaisipan

Tulad ng mga piraso ng basag na salamin, unti-unting dumating sa akin ang iba't ibang impormasyon tungkol sa ilan sa mga ministrong ito—dito isang maningning na bahagi, doon isang makulay na piraso—na kalaunan ay nabuo na parang isang *stained glass cameo* ng mga kababaihang naging aktibo sa ministeryo sa paglipas ng mga taon, ngunit ang kanilang kasaysayan ay halos nakalimutan na.

Ang ministeryo ng ilang kababaihan ay inilalarawan nang detalyado sa mga kabanata 1-7; samantala, ang kabanata 8 ay naglalaman ng maikling paglalahad tungkol sa iba pang mga unang babaeng ebanghelista at pastor. Sa kabanata 9, ang salaysay ay dinadala sa kasalukuyan, na may maikling pagbanggit sa ilang nabubuhay pang kababaihan na aktibo o retiradong mga ministro. Tinalakay naman sa kabanata 10 ang isang makasaysayang paghahambing mula sa Bibliya, at sa pangwakas, susuriin natin ang hinaharap sa liwanag ng nakaraan at kasalukuyan.

Ang mga layunin ko sa pagsusulat ay tatlo:

1. Naniniwala ako na ang mga mambabasa ay kukuha ng inspirasyon para sa kanilang sariling buhay mula sa dedikasyong ipinakita ng mga kababaihang ministrong ito sa panahon ng hamon, krisis, at masaganang gantimpala sa kanilang pagtugon sa kanilang mga personal na tawag sa ministeryo.
2. Para sa mga kababaihan na ngayon ay nauunawaan ang kanilang tawag sa ministeryo, ang mga matatapang na kababaihang nanguna sa daan ay maaaring magsilbing huwaran.
3. Umaasa akong mapagtatanto ng mga lider ng simbahan at mga layko na ang mga babaeng ministro ay hindi isang makabagong ideya ng dekada 70 sa denominasyong Seventh-day Adventist, kundi sila ay naging bahagi na ng ating denominasyonal na kasaysayan mula pa sa mga unang taon. Bagamat sa minority, sila ay nagsilbi nang may kahusayan, nagdala ng daan-daang, oo, libu-libong mananampalataya sa Iglesiya upang magalak kay Cristo at sa simbahan. Ngayon, ipinagpapatuloy ng mga Adventistang kababaihang ministro ang tradisyong ito.



*Hindi pa ako nagtagal sa Montana  
bago nagsimulang himukin ako ni  
Elder Watt na magsalita sa mga tao.  
Siya at si G. Williams ay lubos na  
nasiyahan sa aking unang pagsisikap.*

*-Helen Williams, 1922*

## ***Hinimok na Mangaral***

Helen Williams: 1868 hanggang 1940

***Lisensiyadong ministro 1897 hanggang 1914***

Si Helen May Stanton ay agad nakakuha ng pansin—isang maganda, may gintong buhok na batang babae na tila hindi kailanman nawawalan ng tiwala sa sarili. Ipinanganak siya noong 1868, ang ika-apat na anak ng isang maunlad na magsasaka sa Michigan. Ang kanilang “family tree” ay mula pa sa Kalihim ng Estados Unidos, na si Stanton, na naglingkod sa ilalim ni Abraham Lincoln. Mula pagkabata ay nagpakita si Helen May ng isang kapansin-pansing kasiglahan sa buhay. Ang batang ito na may tiwala sa sarili at matalino ay nagsimula nang magturo pagkatapos magtapos ng hayskul sa edad na 15.

Sa edad na 17 ay nagpasya ang batang guro na ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa pamamagitan ng pagpasok sa Battle Creek College, na matatagpuan sa kanyang mismong tahananang bayan. Dumating siya doon para sa 1885-86 “school year” para maging bahagi ng pangkat ng estudyante na binubuo ng 184 babae at 220 lalaki.

Ang Biblikal na Kurso para sa mga freshmen ay kinabibilangan ng Wikang Ingles, Matematika, Biblikal na mga Lektura o Pagtuturong Pangmisyonero, Pagbabasa ng mga Piniling Babasahin, at Pagsusulat. Ang mga Alituntunin sa Pangangalagang Pangkalusugan ay sentro sa kurikulum. Naghahanda si Helen na ibahagi ang natutunan niya sa mga taong hindi pamilyar sa mga turo ng Bibliya ng kanyang simbahan.

Si Helen ay nagbayad ng humigit kumulang 75 sentimo sa isang linggo para sa matrikula, 50 sentimo para sa upa sa kuwarto, at \$1.75 para sa pagkain sa loob ng isang linggo. Para sa buong taon ng pag-aaral, ang gastos sa libro ay mula sa \$3 hanggang \$7, ang pagpapalaba ay nagkakahalaga ng \$8.50, samantalang ang gasolina at langis ay nasa \$6.60 taun-taon. Ang mga halagang ito ay kasing laki ng sakripisyo para sa mga magulang noong 1885 tulad ng matrikula ngayon ng mga estudyante. Gayunpaman, natuwa sina Ginoong at Ginang Stanton na nagawa nilang mapag-aral si Helen sa Adventistang Kolehiyo. ***(Ikalabing-isang Taunang Katalogo, Battle Creek College, 1885-86.)***

---

Tumulong si Helen na matustusan ang kanyang mga gastusin sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa Battle Creek Sanitarium, tumulong sa mga dumadalong mga bisita na dumating para sa pahinga at terapiya. Madalas siyang maghain ng pagkain kay Ellen G. White, na madalas dumaan sa Sanitarium. Lubos na hinangaan ni Helen si Ginang White.

Isang anekdota ang naalala nang may malaking kasiyahan ni Elder Hugh Williams, anak ni Helen, tungkol sa kanyang ina at lider ng simbahan na si Ellen White. ***(Kinuha mula sa isang naitalang pag-uusap na ipinadala sa manunulat na kinasasangkutan nina Elder Hugh Williams at Dr. Earl Williams, anak at apo, ayon sa pagkakabanggit, ni Helen Williams, Hulyo 1985.)*** Si Helen Stanton ay bumili ng isang kulay abong sedang uso ng kapanahunang iyon na mayroong isang maliit na buntot; pinuna ng ilang nakakatandang pinuno ng simbahan ang kanyang damit, marahil dahil ito ay ayon sa uso. Isang araw habang suot ang kulay abong damit, si Helen ay pumasok sa kwarto ni Ellen White para maghatid ng pagkain. Laking gulat ni Helen nang hilingin ni Gng. White, "Lumingon ka, iha, at hayaan mong makita ko ang iyong damit." Habang pigil hininga at naghihintay sa kung anong puna ni Gng. White, narinig ni Helen ang mga salitang, "Aba, ang galing ng panglasa mo! Ang ganda ng damit na yan." Matapos noon, sinigurado ni Helen na malaman ng mga mapanuring nakakatanda sa simbahan ang kwentong ito na inaprubahan ni Ginang White ang kanyang damit, at hindi na niya narinig ang iba pang pagpuna nila tungkol dito.

Ang kanyang hilig sa pananamit at likas na kaakit-akit na anyo ay hindi naging sagabal sa kanyang dedikasyon sa paglilingkod sa Diyos. Nang lumalim ang kanyang pangako na ibahagi ang ebanghelyo sa mundo, natapos niya ang kanyang pag-aaral sa Battle Creek at nagtrabaho noong 1887 bilang isang manggagawa sa Biblia para sa Michigan Conference. Si Elder G. I. Butler, na nagbigay ng paanyaya kay Miss Stanton, ay pangulo hindi lamang ng Michigan Conference kundi ng General Conference rin.

Sa loob ng dalawang taon nagturo si Helen ng mga Alituntunin ng Bibliya sa mga tao sa Grand Rapids at Saginaw, bilang paghahanda sa kanila para sa binyag. Pagkatapos ay hiniling sa kanya ng General Conference na lumipat sa Indianapolis. Habang tapat na nagbibigay ng mga pag-aaral sa Bibliya, nagawa rin ni Helen na kumuha ng mga klase sa kolehiyo sa Indianapolis. Hindi natin tiyak kung ano mismo ang pinag-aralan niya; sabi ng anak niya marahil sa kursong "Speech" o "Elocution", kung saan siya naging napakahusay.

Bukod sa trabaho at pag-aaral, may isa pa ring mahalagang interes sa buhay si Helen. Si Eugene Williams, na nakilala niya sa Battle Creek College at ngayon ay lisensiyadong ministro sa Michigan Conference, ay nagpakita ng isang lumalagong atraksyon kay Helen na may ginintuang buhok. Si Eugene ay nag-iisang anak ni James Williams, isang imigrante mula sa Wales na naging maunlad sa Michigan bilang isang kontratista ng tulay.

## Tinawag ng Diyos

---

Mas matanda si Eugene kay Helen ng isang taon. Bagamat lalong lumayo ang distansya ng dalawa nang ilipat si Eugene sa Montana Mission, naging matibay naman ang kanilang ugnayang emosyonal.

Noong Agosto 1890, sina Eugene Williams at Helen May Stanton ay nagpakasal; pagkatapos ay nagpunta sila sa Yellowstone National Park para sa kanilang “honeymoon.” Pagkatapos, nagsimula si Helen ng kanilang tahanan kasama ang kanyang bagong asawa sa Montana at naglingkod kasama niya sa ministeryo.

Hindi pa man natatagalan sa bagong tahanan si Ginang Williams, ay hinimok siya ng “Mission director” na si Elder John Wesley Watt na magdaos ng mga pulong ebanghelistiko. Tuwang-tuwa siyang tinanggap ang hamon. Pareho namang natuwa ang presidente ng misyon at ang kanyang asawa sa paraan ng pangangasiwa ni Helen sa kanyang unang pagsusumikap. ***(Kinuha mula sa isang liham na kasama ng Sustentation Fund Application, ni Helen Williams, 1922. Mga Archive ng General Conference. Ang mahalagang dokumento, mga liham, at mga tape mula sa pamilya Williams ang bumubuo ng batayan para sa mga katotohanan at sipi kung hindi man nabanggit sa kabanatang ito.)***


Bakit kaya hinikayat ng isang Direktor ng Misyon noong mga unang taon ng 1890s ang isang dalagita na magdaos ng “evangelistic meetings?” Una, si Helen Williams ay isang tao na may hindi pangkaraniwang likas na kakayahan, isang magaling na “elocutionist” sa murang edad. Ang pagbibigay ng mga babasahin ay isang uri ng libangan ng komunidad na kung saan siya, sa panahong iyon bago pa dumating ang telebisyon, ay may malaking karanasan sa pagbibigay. Pangalawa, nakatanggap siya ng propesyonal na pagsasanay sa mga Alituntunin ng Bibliya at Ministeryo sa Kalusugan sa Battle Creek College. Higit sa lahat, idagdag ang patnubay at pagpapala ng Banal na Espiritu, at matutunghayan mo ang isang babaeng

## Tinawag ng Diyos



Helen May Stanton, nasa kaliwang ibaba, isa sa isang grupo ng mga mag aaral sa Battle Creek College sa taon ng pag-aaral 1885-86. Ang mga “serving tray “ ay malamang na ginamit sa paghahatid ng pagkain sa mga pasyente sa Battle Creek Sanitarium.

***Larawan sa kagandahang-loob ni Dr. Earl R. Williams.***



tinawag sa ministeryo. Ayon sa kanyang anak na si Hugh, nadama ni Helen ang tawag na ito nang maaga at umasa na ang pag-aasawa sa isang ministro ay makatutulong sa pagbubukas ng mga pintuan para sa kanya na gamitin ang kanyang mga kaloob sa ministeryo. ***(Mula sa isang transcribed tape ng mga alaala ni Hugh Williams, na ipinadala sa may akda ni Phyllis Vineyard, Agosto 1989. Tingnan sa apendiks A, 1.1.)***

Noong siya ay isang Bible worker pa, si Helen Stanton ay naging isang tanyag na Tagapagsalita ng Pulong sa mga “Camp Meeting”. Kulang ang mga ministro sa mga hangganan; ang batang si Helen Williams ay kailangan bilang isang ebanghelista.

Habang binubuo nina Helen at Eugene Williams ang kanilang nagkakaisang buhay sa paligid ng ministeryo, ang pamilya ay mahalaga rin sa kanila. Noong 1891 isinilang ang kanilang panganay na anak na si Irwin. Hindi nagtagal lumipat ang mga Williams pabalik sa Michigan para mapalapit sa ama ni Eugene, na may sakit; ilang buwan na lang ang itinagal nito. Ang pangalawang sanggol na lalaki, si Lewis, ay dumating noong 1893 sa gitna ng pagiging abala ng kanyang mga magulang sa ministerial na gawain.

Pagkaraan ng dalawang taon ang mga Williams ay hiniling na lumipat sa isang komunidad na tinatawag na “Bell's Corners”, malapit sa Elsie, Michigan, upang magdaos ng mga “evangelistic meeting”. Sa maliit na bayang ito ay isa lamang bahay ang maaaring upahan, isang tirahan na halos hindi angkop para sa pamilya ng isang ministro na may dalawang mga bata at isa pang inaasahang sanggol sa lalong madaling panahon. Sa kabutihang-palad, ang mga mahabaging kababaihan sa komunidad ay nagbigay ng kanilang tulong upang linisin ang bahay; sa kanilang malasakit at pag-aaruga, inihanda nila ito para sa batang pamilya ng ministro. Ang pangatlong anak na lalaki, si Hugh, ay ipinanganak doon noong 1895.

Noong 1897 lumipat ang mga Williams sa Grand Rapids, kung saan pinangunahan ni Eugene ang kongregasyong Adventista sa lungsod habang nangangasiwa sa pagtatayo ng isa pang simbahan. Si Helen ay nangaral nang paminsan-minsan, nagbigay ng mga pag-aaral sa Biblia, at tumulong sa ministeryo hangga't kaya niya habang nagpapalaki ng tatlong batang lalaki.

Si Elder Williams ay naging kilala bilang “marrying parson” sa buong Michigan Conference, na kung saan ay may isang limitadong pastoral na kawani noong dekada 1890. Maraming beses ay tinatawag siya sa malayong lugar mula sa kanyang bahay upang magsagawa ng isang kasal o libing sa napakaikling abiso. Sa mga ganitong pagkakataon, si Gng. Williams ay maaasahan upang mangaral para sa serbisyo ng pagsamba tuwing Sabado o anumang pagpupulong sa Grand Rapids Church. Mas madalas itong nangyari.

Minsan nang punan ni Helen Williams ang pulpito, ang presidente ng Kumperensiya na si, Elder J. D. Gowell, ay nagpasiyang pumunta at pakinggan ang kanyang pangangaral. Pumasok siya nang hindi napansin sa gitna ng serbisyo at umupo sa likod, at nakinig sa sermon ni Helen nang hindi man lang alam ni Helen na dumating siya.



## Tinawag ng Diyos

---

Pagkaraan ng isa o dalawang araw binisita ni Elder Gowell ang mga Williams sa kanilang tahanan. Sina Eugene at Helen ay nagulat nang malamang narinig ng pangulo ng kumperensya ang sermon ni Helen ng nakaraang Sabbath. Nalugod ang presidente kaya natuwa rin sina Eugene at Helen.

Iminungkahi ni Elder Gowell na kumuha ang mga Williams ng isang taong may kakayahang tumulong sa gawaing bahay at upang alagaan ang mga maliliit na batang lalaki, upang payagan si Helen na magtrabaho nang higit pa para sa Kumperensya kaysa sa kaya niyang gawin habang abala sa lahat ng responsibilidad niya sa bahay. Nangako si Elder Gowell na aayusin niya sa darating na sesyon ng kumperensya na mabigyan si Ginang Williams ng sapat na kita upang pambayad sa katulong sa bahay.

Nakakita si Helen ng isang tagapag-alaga ng sanggol na si Clara, na maaasahan niya. Higit pa sa kanyang ipinangako ang presidente. Sa oras ng sesyon ng Kumperensya, si Ginang Williams ay binigyan ng isang “ministerial license” at binayaran sa mga nakaraang taon ng paglingkod niya. **(Mula kay Helen Williams, liham na kasama sa Aplikasyon ng Sustentation Fund, 1922).** Ito ay tila nangyari noong 1897.

Hindi nakaligtas sa mga karaniwang pagsubok na nararanasan ng mga pamilya na may maliliit na anak ang mga Williams, tulad ng isang insidenteng sinalaysay ng apo ni Helen Williams. **(Mula sa isang tape recording na ginawa para sa may akda ni Phyllis Vineyard, Hulyo 22, 1985. Tingnan sa apendiks A, 1.2.)** Isang araw habang naghuhurno ng tinapay si Helen, nalaman niyang kailangan niya ng lebadura. Dahil hindi siya nakadamit para lumabas, tinawag niya ang tatlong-taong-gulang na si Hugh. Inilagay niya ang dalawang sentimo sa kamay ng bata. Pinapunta siya sa tindahan sa kanto para bumili ng isang pakete ng lebadura. Sinunod ni Hugh ang utos. Kinuha ng tindero sa palengke ang mga sentimo mula sa kamay ni Hugh at pinalitan ng isang piraso ng lebadura.

Sa halip na lumiko sa kanto patungo sa bahay, si Hugh na abala sa pangangarap (ayon sa kanyang paliwanag kalaunan) ay nagpatuloy sa paglalakad. Dahil hindi niya mahanap ang kanyang bahay, nagpatuloy siya sa paglalakad. Nang sa wakas ay narating niya ang sementadong kalye ng lungsod, nagsimula siyang umiyak dahil nasusunog ang paa niya sa mainit na semento.

Isang mabait na lalaki ang nakapansin sa pagkabalisa ni Hugh at tinulungan siyang makabalik sa tindahan sa kanto. Maingat na inihiga ng may-ari ang pagod na batang lalaki sa mga sako ng harina, kung saan agad itong nakatulog, at tumawag sa presinto ng pulis.

Ang sumunod na nalaman ni Hugh, niyayakap na siya ng kanyang mga magulang, na masaya dahil natagpuan na ang nawawala nilang anak. Nagtangkang gumawa si Hugh ng isang maliit na awit tungkol sa pagiging nawawala at natagpuang muli nina Papa at Mama.



## Hinimok na Mangaral

---

Bagamat malamang na nag-alinlangan ang mga magulang tungkol sa kanilang kakayahan sa pagpapalaki sa mga sandaling iyon, ang tatlong taong gulang na si Hugh sa kabila ng krisis na iyon ay ipinagdiwang ang pagmamahal sa kanilang tahanan.

Isang larawan ng pamilya mula sa panahong iyon ay nagpapakita kay Eugene Williams, na may taas na mga 5' 6", bilang isang guwapong lalaki na may maayos na gupit na itim na buhok, bigote, at balbas. Si Helen Williams, na medyo mas mababa ang taas, ay kaakit-akit na may "blonde", kulot na buhok at asul na mga mata. Lahat ng mga bata ay guwapo, si Irwin na may itim na buhok at mga mata tulad ng kanyang ama, si Lewis na may kayumangging buhok at "hazel" na mga mata, at si maliit na Hugh na may asul na mata at kulot na gintong buhok.

Tinanggap n Eugene Williams ang isang tawag upang maging superintendente ng North Michigan Misyong; dahil dito, lumipat mula sa Grand Rapids ang mga Williams sa Hilaga patungong Sault Sainte Marie. Ang paglalakbay ay ginawa sa pamamagitan ng tren. Nauna ang ama, upang ihanda ang daan. Sumunod ang kanyang asawa at mga anak para sumama sa kanya. Gustung-gusto ng mga bata ang mahabang biyahe sa tren patungo sa kanilang bagong tahanan, tinitingnan ang ligaw at magandang kalikasan na mabilis na lumilipas sa mga bintana. Ang tren ay inilagay sa isang ferry upang tumawid sa itaas na peninsula; ang pakikipagsapalarang ito ay nagbigay ng isang alaala sa mga bata na hindi nila makakalimutan. **(Mula sa mga alaala ni Hugh Williams, naitala, natanggap Agosto 1989.)**

Isipin ang gulat ng mga batang lalaki nang salubungin sila ng ama na may isang paragos na hila ng kabayo, Patsy ang pangalan, na ngayo'y pag-aari na ng kanilang pamilya! Sa paragos ay dinala ng ama ang kanyang pamilya sa kanilang bagong bahay sa Dafter. Nakatira sila pitong milya mula sa Sault Sainte Marie at hangganan ng Canada, napapaligiran ng kakahuyan at kahanga-hangang kagandahan.

Habang pinatunayan ni Eugene na epektibo siyang tagapangasiwa, nangangaral si Helen tuwing Sabado at patuloy na umunlad bilang ministro. Sa mga Yearbook ng Seventh-day Adventist mula 1904 hanggang 1906, kapwa sina E. R. Williams at Gng. E. R. Williams ay nakalista, siya bilang isang Ordinadong Ministro at si Helen, bilang Licensiyadong Ministro ng Superior Mission at ng Kumperensya ng Lake Union. **(Tingnan sa listahan ni Ginang Williams para sa mga taong iyon sa apendiks B.)**

Isang babaeng nagngangalang Grace, na kalaunan ay naging Gng. Cremens, ang nag-alaga sa mga bata. Lumipat ang pamilya sa isang kubo na gawa sa troso sa kahuyan, kung saan nakikita nila ang mga usa at naririnig ang mga lobo at ang mga soro sa paligid. Habang naglilingkod ang mga magulang, nakapag-apon ang mga anak ng mga karanasan sa pagkabata sa malapit na pakikipag-ugnay sa kalikasan.

Kalaunan ang mga Williams ay nanirahan sa mga tolda habang nagtatayo sila ng isang bahay sa gilid ng Sault Sainte Marie. Ito ay isang malaking bahay, na bahagi nito ay kanilang pinaupahan. Mula sa kanilang tahanan makikita nila ang Rapids sa ilog habang ito ay pumapasok sa Lake Superior. Minahal ng



## Tinawag ng Diyos

mga bata ang bahay na ito. Maaari silang bumaba sa isang mababaw na “bay” kung saan maaari silang ligtas na lumangoy. Sa tulong ng kanilang ama, gumawa sila ng isang kano kung saan silang tatlo ay maaaring sumakay nang sabay-sabay. Sa panahon ng tag-init sila ay nangingisda. Sina Miss Arnet, Agnes White, at Miss Campbell, isang Mangangaral ng Bibliya, ang naging responsable sa pag-aalaga sa mga bata sa iba't ibang pagkakataon.

Noong 1905 nagpasya si Eugene na kailangan niyang itaon ang kanyang mga pagsisikap sa Menominee (ang isa pang lugar sa kanyang misyon kung saan nagkaroon ng sentro ng Adventista); lumipat ang pamilya doon, sa hangganan ng Wisconsin. Alinsunod sa kaugalian ng kanilang bagong lokasyon, ang mga batang lalaki tumingin sa gubat hanggang sa makakita sila ng isang napakatuwid na puno; ginamit nila ito bilang poste upang makagawa ng isang “iceboat”. Ang pagkakaroon ng dalawang ministro bilang magulang ay hindi naging hadlang para sa mga batang Williams na magkaroon ng isang makulay at puno ng pagkatutong pagkabata.

Lumawak ang reputasyon nina Eugene at Helen, si Eugene bilang Pastor at Administrador, at si Helen ay bilang natatanging Tagapagsalita at Lisensiyadong ministro. Noong 1906 pareho silang naka-tanggap ng tawag na mag-alaga ng mga kawan sa mga simbahan sa lugar ng Chicago. Malaking pagbabago sa pamilya ang paglipat mula sa Northern Michigan patungo sa lumalagong lungsod ng Chicago; gayunpaman, ay hinarap nila ang hamong ito. Si Helen ang naging pastor ng Harvey Church habang si Eugene ang nag-alaga sa kongregasyon sa West Side. Habang lumalaki, natutunan ng kanilang mga anak kung paano gumalaw sa lungsod gamit ang “El,” ang sistemang nakataas na riles ng tren.

Dahil kakaunti ang mga pastor, gumawa ng iskedyul ang president ng kumperensya para sa bawat ministro na mangaral nang dalawang beses tuwing Sabado sa iba't ibang lugar sa Kumperensya; dahil dito, si Helen ay nangaral sa maraming kongregasyon. Gayunman, pinagtuunan niya ng pansin ang kanyang mga pagsisikap sa lingguhang paglilingkod sa kanyang espesyal na tungkulin, ang Harvey Church. Tapat na pagbibigay ng mga pag-aaral sa Bibliya, dalawa o tatlong araw sa isang linggo, pagsasagawa ng regular na mga pulong ng panalangin, at pagbibigay ng pangkalahatang ministeryo, natuwa si Helen Williams na makita ang kanyang kongregasyon na lumago habang siya ay malugod na tinanggap ang mga bagong binyag.

Hindi rin naiwasan ni Helen, bilang isang babaeng pastor, ang mga pagsubok sa kanyang katatagan. Isang araw, habang nasa opisina ng kumperensya, sinalubong siya ng isang sekretarya, si Pearl Hallock, na nagsabing, **"Gusto kitang makausap."** Nang makahanap sila ng lugar upang mag-usap, ipinaalam ni Pearl kay Helen, **"Wala ang pangalan mo sa bagong Yearbook."**



Helen May Stanton Williams, pastor at ebanghelista sa Estados Unidos at Timog Africa. Lisensiyadong ministro 1897- 1914.  
***Larawan sa kagandahang-loob ni Dr. Earl R. Williams.***

---

"Bakit wala?" tanong ni Pastor Williams. "Hindi mo ba ito ipinasa kasama ng iba?"

"Akala ko ipinasa ko—halos sigurado akong ginawa ko," sagot ni Pearl, na nagsimula nang umiyak.

"Huwag mong alalahanin," tiniyak sa kanya ni Helen. "Sigurado ka bang may ministerial license ako?"

"Oo, sigurado ako," sagot ni Pearl.

"Sigurado ka rin bang nasa payroll ako?" tanong ni Ginang Williams.

"Oo," sagot ni Miss Hallock.

"Kung ganon, bakit natin kailangang alalahanin ang lumang Yearbook na 'yan?" sagot ng ministro. "Kung ibinigay sa akin ng Diyos ang trabahong ito, walang sinumang tao o grupo ng mga tao ang maaaring mag-alis nito sa akin. At kung hindi Niya ito ibinigay sa akin, hindi ko rin ito gugustuhin."

At doon natapos ang usapan.

***(Mula kay Helen Williams, sulat kalakip na Aplikasyon ng Pondo ng Sustento, 1922.)***

Si Helen Williams ay hindi umaasa sa katayuan upang gampanan ang tungkulin bilang isang ministro. Hindi niya kailanman narinig ang paliwanag kung bakit nawala ang kanyang pangalan sa *Yearbook*, matapos itong maisama kasama ng iba pang lisensyadong ministro sa mga nakaraang taon. Sa *Yearbook* ng 1907, tanging si E. R. Williams lamang ang nakalista. Gayunpaman, nagpatuloy ang gawain ni Helen, at natanggap pa rin niya ang kanyang "ministerial license."

Ang impormasyon hinggil sa ministeryo ni Ginang Williams ay matatagpuan sa Northern Illinois Recorder. Sa Linggo ng Panalangin Appointments para sa taglamig ng 1906, si Helen Williams ay may responsibilidad para sa mga simbahan sa Harvey, Elgin, at Hinsdale. Nang si Ginang Williams ay bumisita sa Hinsdale Sanitarium Church noong Sabado, Disyembre 22, natuwa siya ng makahanap ng maayos na Paaralang Sabado na may bilang na 25 katao. Nangaral siya, at pagkatapos halos lahat ng naroon ay nagdagdag ng patotoo. Si Ginang Williams ay sumulat tungkol sa sanitarium workers, "Habang tinitingnan ko ang mga masaya at maliwanag na batang mukha na ito, ipinagdasal ko sa Diyos na sana ay panatilihin silang tapat sa kanilang tungkulin, sapagkat tiyak kong maaabot nila ang isang klase ng mga tao na hindi ganoon kadalang maabot ng iba pa nating mga manggagawa." ***(Mula kay Ginang E. R. Williams, "Hinsdale Sanitarium," Northern Illinois Recorder, Pebrero 19, 1907: 1.)***

Noong Tag-init ng 1907 lumipat ang mga Williams sa Milwaukee, Wisconsin, para maging bahagi ng isang "city evangelistic team." Makalipas ang ilang buwan ay tinanggap nila ang isang tawag sa Cape Conference sa South Africa.

Si Helen, na laging handa para sa pakikipagsapalaran, ay natuwa sa paglalakbay sa Africa. Ang mga liham na isinulat niya sa kanya mga magulang noong Enero 1908 mula sa barkong sinakyan ay nagbigay ng mga sulyap sa paglalakbay. Ang paglalayag sa England sa 725 foot Baltic ay kaaya-aya maliban sa isang pagdanas ng trangkaso na nahawa ang lahat ng miyembro ng pamilya maliban kay Irwin.

---

## Hinimok Na Mangaral

Ikinuwento ni Helen ang kanilang paglalayag malapit sa napakagandang tanawin ng Wales, kung saan makikita ang mga puting bahay at kastilyong nakapaloob sa mga bundok. Ngunit hindi nagtagal, napalibutan sila ng isang makapal at hindi matagos na hamog ng Inglatera.

Sa England ang mga Williams ay nagsampa sa barkong Union Castle Line upang maglayag patungong South Africa. Ang barko, mas maliit, ay lumayag sa maalong dagat. Nagsulat siya nang may kahirapan habang nakakulong sa kanyang maliit na kwarto sa barko dahil sa malalakas na alon, subalit nagpasalamat si Helen sa dalawang “staterooms” na inokupa niya at ng kanyang pamilya. "Sa tingin ko, napakabuti sa amin ng General Conference hindi ba?" tanong niya sa kanyang ina at ama. Inilarawan din niya ang saganang pagkain sa barko—pito sa isang araw—bagaman sinabi niyang madalas nila itong nilalampasan ng kanyang asawa.

Tinukoy ni Helen ang pana-panahong pagtunog ng kampana ng barko. "Ipagpalagay ko na mayroon silang mga relo sa kabilang bangka, pero hindi nila pinapatunog ang kampana," napuna niya. "Gayunpaman, nakakaaliw rin, lalo na habang inuugoy ka ng alon ng malalim na dagat, na marinig ang kampana na nagsasabing, 'Lahat ay maayos, lahat ay maayos.'" ***(Kinuha mula sa mga liham ni Helen May Williams sa London, England, sa kanyang mga magulang, Enero 10, 1908, at mula sa mga liham na isinulat sa barko sa Union Castle Line na papunta sa South Africa, Enero 14, 1908.)***

Ilang buwan matapos dumating sa South Africa, si Elder Eugene Williams ay nahalal na presidente ng Cape Colony Conference. Si Helen Williams ay nagsagawa ng gawaing misyon sa Grahamstown, ang lungsod kung saan nakatira ang pamilya. Ang pang-apat na anak na lalaki, si Eugene, ay tinanggap sa pamilya sa South Africa. Nakahanap sila ng mga angkop na katutubong kababaihan upang mag-alaga sa mga bata, kaya't nagpatuloy si Helen Williams sa kanyang pangangaral. Siya ay lubos na nagustuhan at kinilala bilang isang mangangaral sa kanyang sariling karapatan. Ang kanyang asawa ay kilala lalo na bilang isang administrador, hinangaan at iginagalang; bilang pangulo ng kumperensya, nagpakita siya ng pambihirang kakayahan sa organisasyon. Gayunpaman, karaniwang inaamin ng mga tao na ang kanyang mga sermon at pampublikong talumpati ay hindi kasing-epektibo at kapana-panabik tulad ng kay Helen. Buti na lang at may kasiguruhan siya kaya natuwa siya sa pagsasalita at kakayahan ni Helen, at tinatanggap ang mga kahilingan para sa kanyang mga serbisyo. Madalas nilang napagtatawanan ang katotohanang mas gusto ng mga tao ang pangangaral ni Helen kaysa sa kanya. ***(Vineyard Tape)***

Si Ginang Williams, na kung minsan ay may paninindigan, ay mapagpakumbaba, mabait, at handang maglingkod. Paminsan-minsan, siya'y nagdudulot ng kaunting alingawngaw sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga ideya na medyo kontrobersyal, na nag-uudyok sa mga tao upang mag-isip. Gayunpaman, ang pangangaral niya ay base sa Biblia.

Si Pastor Williams ay nagsalita nang walang iskrip, gamit lamang ang maikling tala. Nagkaroon siya ng simple pero epektibong pag-aayos ng mga tala, kung saan iniingatan niya ang mga tala ng kanyang mga sermon. Sa isang bahaging may label na "Topical" ay isang hanay ng mga sulat kamay na tala tungkol sa paksang "Pagpapakumbaba," na binubuo ng mga tanong na may bilang na sinusundan ng mga reperensya sa Biblia. ***(Mula kay Helen Williams, "Humility," mga hindi nailathalang mga tala ng sermon. Tingnan sa apendiks A, 1.3.) Ito ay nagsisimula sa mga sumusunod:***

Ang pagpapakumbaba:

1. Saan nananahan ang Diyos? Isaias. 57:15.
2. Natural ba sa atin ang magpakumbaba? Mga Taga Roma 8:7.
3. Bakit? Gen. 2:17, 3:6.
4. Makatuwiran ba na magpakumbaba tayo? Rom. 12:1.

Ang tono ng sermon na ito na nakasentro kay Cristo ay masigla. Sa pagsasalita mula sa maikling tala pinayagan si Ginang Williams na direktang makipag ugnayan sa kanyang mga tagapakinig. Maaaring isang larawan ito kung paano sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu ay hiningahan ng buhay ang simpleng outline na ito, pagdaragdag ng pagsasa-larawan ng aplikasyon, at isang apela. Sa kanyang kahanga-hangang hitsura, nagsalita siya gamit ang isang makapangyarihang tinig at dramatikong paraan, habang ipinapahayag ang mga kaisipan na espirituwal at nakakahikayat. Ang marinig at makita siya ay isang di-malilimutang karanasan.

Isinulat ni Helen Williams kalaunan ang tungkol sa panahong ito ng paglilingkod sa Misyong na meron siyang Ministerial na Lisensya at ang kanyang trabaho ay nagpatuloy nang walang pagkaantala, ngunit ang kanyang hiwalay na sahod ay tumigil sa kanyang pagdating sa Africa. Nakapagtaka na hindi siya nakalista sa mga Yearbook ng 1908-10, dahil may mga ministerial na lisensya si Helen para sa 1908 at 1910, ang una ay ibinigay ng South African Union at pinirmahan ni Pangulong W. S. Hyatt, at ang pangalawa ay ibinigay ng Cape Colony Conference at pinirmahan ng kanyang asawa, si Pangulong E. R. Williams.

Si Elder Eugene Williams, sa gitna ng kanyang abalang iskedyul, ay inilaan ang Linggo, Nobyembre 20, 1910, upang makasama ang kanyang dalawang panganay na anak. Si Irwin at Lewis ay umalis upang magbenta ng Adventistang mga libro sa Malmesbury, at alam ng kanilang ama na magiging masaya silang magkaroon ng bisita mula sa kanilang tahanan. Nagbisikleta siya mula sa Worcester, kung saan nagtatag siya ng simbahan noong Sabado. Mainit ang araw habang nagpe-pedal si Eugene Williams at mabilis ang kanyang paglalakbay. Ngunit mga siyam na milya mula sa Worcester "siya ay nahulog na nakadapa sa tabi ng kalsada dahil sa "apoplexy" o "stroke", kung saan siya ay natagpuan makalipas ang ilang oras ng isang dumadaang estranghero." (***Misyong sa Timog Aprika Nobyembre 28, 1910: 1.***) Sina Irwin at Lewis, na umaasang darating ang kanilang ama, ay sa halip ay tumanggap ng malungkot na balita ng kanyang kamatayan. Ang kanilang pinakamamahal na ama ay pumanaw sa kanyang kalakasan sa edad na 43.

Dahil sa batas na nag-aatas ng paglilibing sa susunod na araw, si Helen Williams kasama si Hugh at ang munting si Eugene ay hindi nakarating mula sa Grahamstown upang dumalo sa serbisyo ng paglilibing. Dahil dito, ang isang malungkot na pangyayari ay naging mas lalong nakapanlulumo. Kalaunan, isang serbisyong pang-alaala ang isinagawa sa Grahamstown upang makadalo ang biyuda.



## Hinimok na Mangaral

---

Si Helen Williams sa edad na 42 ay naging nag-iisang magulang ng apat na anak na lalaki na nasa edad mula 18 buwan hanggang 18 taon.

Bumoto ang General Conference Committee na maglaan ng \$500 upang maibalik sina Gng. Williams at ang kanyang mga anak na lalaki Estados Unidos, sa paniniwalang ang paglipat ay magiging mabuti para sa kanila. Gayunpaman, nakasaad sa aksyon na kung makakahanap ang South African Union ng mga paraan “upang makapaglingkod nang mabuti si Kapatid na Williams sa larangan ng South Africa, at kung may potensyal ang mga anak na maging mga manggagawa para sa misyon sa pamamagitan ng kaunting pagsasanay,” maaaring gamitin ang \$500 upang matulungan silang maisakatuparan ang mga layuning ito. **(General Conference Committee Actions, Disyembre 27, 1910.)**

Malinaw kay Helen Williams ang kanyang tungkulin. Sa kabila ng matinding dalamhati, matapos ang panahon ng pagluluksa, bumalik siya sa Grahamstown kasama ang dalawa niyang nakababatang anak at ipinagpatuloy ang kanyang paglilingkod bilang pastor ng Grahamstown Church. Nagpatuloy ang dalawang nakakatandang anak sa pagbebenta ng mga aklat. Sa panahong ipinasa ang desisyon ng Pangkalahatang Kumperensya noong Disyembre 27, si Helen ay nakabalik na sa kanyang gawain. Sa kanyang pamumuno sa isang simbahan sa lungsod at sa paglilingkod bilang misyonero sa mga katutubong taga-South Africa, tinapos niya ang pitong taong termino na itinakda para sa kanya at sa kanyang asawa bilang mga misyonero. Ginampanan niya ang misyon nang mag-isa sa South Africa sa loob ng apat na taon.

Madalas hikayatin ni Helen Williams ang mga taong dumaranas ng pagsubok sa buhay sa pamamagitan ng kanyang pahayag, **“Ang laban ay hindi sa inyo, kundi sa Diyos!”** Matinding pagsubok ang dumaan sa kanyang pananampalataya sa panahong ito, ngunit nanatili itong matatag.

Pagkamatay ng kanyang asawa, muling nagsimulang tumanggap ng suweldo si Helen Williams sa kanyang sariling pangalan. Muling lumitaw din ang kanyang pangalan sa Yearbook simula noong 1911.

Noong taglagas ng 1914, bumalik sina Helen Williams at ang kanyang mga anak sa Estados Unidos. Pinamunuan ni Ginang Williams ang programa sa pagsasanay ng mga manggagawa sa Biblia sa Washington Missionary College sa Takoma Park, Maryland, at nagsilbi rin bilang pastor ng isang maliit na simbahan sa lugar ng Washington, D.C.

Kalaunan, nang magkasakit si Elder Heber H. Votaw, tinanggap ni Helen Williams ang paanyayang magturo ng mga klase sa Biblia sa kolehiyo. Iniwan niya ang kanyang tungkulin bilang pastor upang maituon ang buong oras at lakas sa mabigat na gawain ng pagtuturo—isang trabahong lubos niyang kinagigiliwan. Sa posisyong ito, umabot ang kanyang sahod sa pinakamataas nitong halaga na \$25 bawat linggo.

Isang anekdotang naalala ni Ethel Longacre Hannum ang nagpapakita ng makataong panig ni Helen Williams bilang isang guro. **(Hango sa liham sa may akda ni Ethel Longacre Hannum, Hulyo 25, 1985.)**



---

Nakaugalian na ang propesor na nagtuturo ng Bibliya sa kolehiyo ay nagtuturo ng parehong subject sa academy. Si Ethel Longacre ay dumalo sa isa sa mga klase sa Bibliya ni Ginang Williams; tatlo sa kanyang mga kaklase ay sina Donald Griggs, Arthur Walters, at George Harding, na pagkatapos ay naging isang cardiologist, may-ari ng isang punerarya, at tagapagtatag ng Harding Hospital, ayon sa pagkakasunod. Ngunit kahanga hanga man ang kanilang mga nagawa sa kalaunan, ang mga binatilyong ito ay normal na mga kabataan. Si Arthur na komedyante ng klase ay maraming alam na biro. Isang araw, lalo siyang naging masigla at malikhain sa kanyang mga biro. Sa pagtatapos ay naglagay si Ginang Williams ng upuan na malapit sa kanya mesa, nakaharap sa pisara sa likod niya. Pinaupo si Arthur doon, na naging tahimik, hanggang sa matapos ang klase.

Sumunod si Arthur sa utos at lumakad papunta sa upuan, ngunit nagawang dumampot ng isang piraso ng tisa sa daan. Habang nakatayo si Ginang Williams sa tabi ni Arthur, hindi niya lubos na natutukan ang binata habang nakatingin sa iba pang mga estudyante. Suot niya noon ang isang kaakit-akit na pulang damit na may malalaking bulsa sa palda. Maingat na yumuko si Arthur at, gamit ang tisa, gumuhit ng isang nakangiting mukha sa bulsang pinakamalapit sa kanya. Nang matapos ang klase, halos hindi na mapigilan ng mga estudyante ang kanilang pigil na pagtawa habang isa-isang lumalabas ng silid-aralan. Noon lamang natuklasan ni Ginang Williams ang biglaang likhang sining ni Arthur. Sa halip na magalit, tinanggap niya ito nang may kabaitan, hindi kailanman nagtanim ng sama ng loob sa kanyang mga estudyante dahil sa kanilang mga pagbibiro. Wala silang kayang gawin na hindi pa niya naranasan sa kanyang apat na anak na lalaki.

Si Gng. Williams, na parating malugod at kasiya-siya, ay mahal na mahal ng mga tao bilang isang guro ng Bibliya. Gayunpaman, pagkatapos ng limang taon ang posisyon sa pagtuturo ay ibinigay sa ibang tao, walang alinlangan ay sa isang lalaki, marahil ay sa may mas pormal na edukasyon. Isang panghihinayang na hindi tinulungan ng kolehiyo si Ginang Williams upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral. Walang angkop na trabaho ang inilaan para sa kanya kundi ang maging tagapangasiwa ng dormitoryo sa kolehiyong pinapalitan siya bilang isang guro. Tinanggap niya ang hamon. Sa kasamaang palad, wala siyang paghahanda o karanasan sa ganitong gawain. Kaya't hindi na nakapagtataka na hindi naging matagumpay ang bagong tungkulin. Sa matapat niyang pagsusuri sa sarili, isinulat niya, "Ako'y naging hangal na inisip na kaya kong baguhin ang aking larangan ng trabaho sa ganitong yugto ng buhay at magtagumpay dito. Ang resulta: isang kabiguan." (**Hango mula sa isang liham na kalakip ng Sustentation Fund Application ni Helen Williams, 1922.**) Nakakalungkot na ang isang babaeng may napakayamang karanasan sa pagpapastor ay inilipat sa isang gawaing malayo sa kanyang kakayahan at hindi akma sa kanyang mga talento.

Sa pagtatapos ng taon ng pag-aaral, sa kabila ng kanyang mahirap na karanasan bilang tagapayo, muling inalok si Ginang Williams ng parehong uri ng trabaho, kasama ang pagtuturo ng Biblia, sa Melrose Sanitarium. Muli niyang sinubukan, at muli ring nagkaroon ng mga suliranin. Ang maikli niyang puna (matatagpuan sa isang liham na kalakip ng kanyang “sustentation application” ilang taon kalaunan): “Muli, ako’y naging mas malaking hangal. Isang kabiguan ito, ngunit mas malala—bumagsak ang aking kalusugan.” Orihinal na nakasaad, “Ginawa akong mas malaking hangal,” ngunit ang salitang *ginawa* ay nilagyan ng ekis. (*Ibid.*) Inako ni Helen Williams ang responsibilidad ng kanyang mga naging desisyon. Nakakalungkot, ngunit hindi kataka-taka, na sa ilalim ng matinding pagkapagod mula sa trabahong hindi akma sa kanya, lumala ang kanyang pisikal na kalusugan.

Dahil dito, naging maingat si Ginang Williams nang dumating ang susunod na alok. Sinabi niyang pag-aaralan niya ang sitwasyon sa loob ng dalawang lingo; ang paanyaya ay upang magtrabaho bilang kawani ng “Adventist sanitarium” sa Middle Town, New York, habang nagpapastor din sa lokal na simbahan. Ngunit nakita niyang hindi maganda ang kalagayan sa parehong ospital at simbahan. Bukod pa rito, narinig ng Direktor ng sanitarium ang labis na pinalaking kwento ng kanyang tagumpay bilang pastor at Bible worker, kaya’t naniniwala itong walang paraan upang magampanan niya ang dalawang tungkulin nang hindi lubusang sinisira ang kanyang kalusugan. Dahil dito, malungkot man, tinanggihan niya ang paanyaya at nagtungo sa tahanan ng kanyang panganay na anak na si Irwin sa Michigan upang magpahinga at magpagaling.

Matapos niyang matamasa ang ilang buwang pagpapagaling, dumalaw ang kanyang anak na si Hugh. Si Hugh, na sumunod sa yapak ng kanyang ina, ay nagtrabaho bilang ordinadong ministro sa Kumperensya ng Indiana. Tinanong niya ang ina tungkol sa kanyang kalusugan. “Mabuti na ako,” sagot niya, “at kung iiwasan ko ang trabaho bilang tagapayo at matutulog gabi-gabi, ako’y mananatiling malusog magpakailanman,”

“Ina,” may paninindigang inihayag ni Hugh, “dapat po kayong magtrabahong muli. Paano, gusto nyo po bang maging Bible worker ng inyong anak?”

“Wala nang ibang bagay na mas nanaisin ko,” agad na tugon ni Gng. Williams. Pagkatapos ay idinagdag pa niya, “Ngunit may pagkakataon pa ba para dito?” “Opo,” tiniyak ni Hugh sa kanya, “nakausap ko na ang conference president, at siya ay matutuwa na makasama kayo sa aming gawain.”

Sa loob lamang ng ilang araw si Helen Williams ay nasa Indiana na; nakakita siya ng isang kaibig-ibig na silid sa isang bahay malapit sa malaking evangelistic tent at nagtrabaho nang walang pagkaantala, dala ang yaman ng kanyang karanasan upang tulungan ang kanyang anak na ebanghelista. Sa pagbabalik niya sa trabahong kanyang bokasyon, na tumutugma sa kanyang mga kakayahan at karanasan, muling naging epektibo si Helen Williams. Ang pagsasama ng mag-ina sa gawain ay naging matagumpay, salamat sa mapagpakumbabang pagtanggap ni Helen ng isang pangalawang papel sa ministeryo ng kanyang anak.

Samantala, lumalaki ang pag-aalala ni Ginang Williams sa kanyang bunsong anak. Si Eugene sa edad na 16 ay isang mag-aaral sa Michigan State University. Kahit anong



---

panghihiikayat ay hindi siya kayang kumbinsihin na mag-aral sa Adventistang kolehiyo sa Berrien Springs, Michigan. Nadama ng ina na hindi makabubuting pilitin ang kanyang anak sa puntong ito. Gayunman, siya ay patuloy na nanalangin, sapagkat ang kanyang bunso ay hindi isang Kristiyano. Bilang nag-iisang magulang mula pa nang siya ay isang sanggol, nadama ni Helen ang malaking responsibilidad para kay Eugene at nabibigatan siya para sa kanyang kaluluwa.

Nakaisip ng ideya si Ginang Williams, na kung siya kaya ay pumunta sa malayo kay Eugene at hindi maaaring makauwi ng madalas para makita siya, baka mangulila ang anak niya para sa ina at maghangad na mag aral sa isang Adventistang kolehiyo na malapit sa kanya. Habang dumadalo sa sesyon ng General Conference sa Milwaukee, tinanggap ni Helen ang tawag na magtrabaho sa Upper Columbia Conference, na binubuo ng silangang Washington at Oregon at bahagi ng Idaho. Matapos lamang ang isang taon, masayang pumayag si Eugene na mag-aral sa Walla Walla College sa Estado ng Washington. *(Ibid.)*

Habang nag-aaral sa Walla Walla College, tinanggap ni Eugene si Cristo. Nagpatuloy siya mula sa kolehiyo sa Loma Linda University sa California upang mag-aral ng medisina. Hindi nagtagal ginamit ni Dr. Eugene Williams ang kanyang sigasig sa gawaing medikal para sa relihiyong Adbentist del Septimo Dia. Lahat ng apat na anak na lalaki ay nagdulot ng kasiyahan sa puso ng kanilang ina: si Eugene, ang doktor; Hugh, ang ministro; Lewis, ang pintor; at si Irwin, ang musikero at magsasaka.

Sa Hilagang Kanluran, si ginampanan ni Helen Williams ang mga linya ng trabaho na kung saan siya magaling, sa pangangaral at pagiging pastor. Nasiyahan siya sa mga taon ng paglilingkod niya sa Upper Columbia Conference, paghahanda ng mga bagong mananampalataya para sa pagbinyag, pagiging pastor, at pangangaral sa umaga ng Sabado tulad ng ginagawa niya sa mga nakaraang taon. Maaaring ang titulo niya ay Tagapagturo ng Biblia, ngunit ang kanyang gawain ay isang ministro.

Habang nagtatrabaho sa distrito ng Viola sa Washington, tinuruan ni Helen Williams ang mga magiging miyembro ng mga paniniwala ng mga Seventh-day Adventist. Minsan ay partikular na itinuro ng mga ministro ang mga taong interesado sa simbahan ni Gng. Williams para sa pag-aalaga.

Ang “Harvest Ingathering Solicitation” sa kanilang lugar ay maayos na inorganisa ni Gng. Williams. Kumuha siya ng mga layko para makasama siya, tinuruan sila kung paano lumapit sa mga tao at kung ano ang sasabihin. Ang gawaing ito ay tumagal ng ilang buwan, halos hanggang Pasko bawat taon. Bagaman mahigit animnapung taong gulang na, nagpatuloy si Ginang William nang may kasiglahan at sigasig na hindi kumukupas.

Bukod sa naunang masakit na karanasan na dinanas ni Helen Williams hinggil sa kanyang “ministerial license” habang nasa Chicago, isa pang nakakabigong pangyayari ang naganap sa panahong malapit nang matapos ang kanyang ministeryo. Isang babaeng kanyang sinanay



---

sa paggawa ng gawain sa Bibliya ang lumapit kay Ginang Williams at sinabing, "Si Sister \_\_\_\_\_ ay may ministerial license; meron ka na ba?"

"Wala," simpleng sagot ni Helen Williams.

"Bakit naman wala. Ginagawa mo naman ang parehong uri ng trabaho," katwiran ng babae. "Ah, hindi ko alam," sagot ni Helen. "Nagkaroon ako ng isa nito sa loob ng maraming taon."

Makalipas ang ilang buwan ay nilapitan ng babaeng iyon si Gng. Williams at nagtanong, "Hindi ba sinabi mo sa akin na nabigyan ka ng ministerial license sa loob ng ilang taon?"

"Oo," sagot ni Helen, "sinabi ko na sa iyo iyan. Bakit? Ano ang pagkakaiba nito?"

Sige, sinabi ko kay Elder \_\_\_\_\_, at sinabi niya, 'Hinanap namin ang talaan ni Sister Williams', at hindi siya kailanman nagkaroon ng ministerial license sa buong buhay niya. At kung sinabi niyang nagkaroon siya nito, nagsisinungaling siya tungkol dito." Nagulat at nasaktan si Ginang Williams.

Sa kabila ng pagkalito at hindi pagkakaunawaan na dulot ng paminsan-minsang pagi-isyu ng ministerial license, masasabing si Helen Williams ay may 'karanasang halos positibo at puno ng gantimpala sa panahon ng kanyang 35 taon ng opisyal na paglilingkod sa ministeryo." Pagkatapos magretiro ay nanatili siyang aktibo dahil mahal niya ang kanyang trabaho, at upang pangdagdag sa kanyang kita para makatulong siya kay Eugene sa pag-aaral nito sa medisina. Siya ay lisensiyadong ministro mula 1897 hanggang 1914.

Namatay si Helen Williams noong Disyembre 23, 1940, sa edad na 72. Ang *obituary* sa *Review* tungkol sa tapat na manggagawang ito ay naglalaman ng sumusunod na impormasyon hinggil sa kanyang ministeryo:

Noong maliliit pa ang kanyang mga anak, kumuha si Ginang Williams ng katulong upang alagaan ang kanyang pamilya, at ipinag-patuloy ang kanyang propesyon bilang regular na Manggagawa ng Biblia. Nagkaroon siya ng malawak na reputasyon bilang tagapagsalita sa publiko, ipinagkatiwala sa kanya ang pangangasiwa ng mga simbahan, at binigyan ng ministerial license ng Michigan Conference.

—Williams, Helen May Stanton,  
Obituary, Review and  
Herald, Enero. 30,  
1941: 24.

Ang isang manugang na babae ay nagbuod sa pagsasabing si Ginang Williams ay namuhay "ng isang buo at aktibong buhay bilang isang "pioneer" na babaeng mangangaral at guro." (***Kinuha mula sa mga liham sa may akda ni Katherine D. Williams, San Jose, Michigan, Hulyo 22 at Agosto 3, 1985. Tingnan sa apendiks A, 1.4.)*** Siya ay naghanda ng maraming tao para maging kaanib



---

ng Iglesiang Seventh-day Adventist at ng kaharian ng langit habang siya ay nagpapastor at nangangaral sa dalawang kontinente. Tunay ngang napakatalino ng presidente ng misyon na humimok sa batang si Helen Williams na magdaos ng mga “evangelistic meetings” sa Montana, at tunay ngang napakatalino ng kanyang asawang nagtaguyod sa kanya na gamitin ng malaya ang kanyang mga kaloob sa ministeryo!



---

"Pinabuti namin ang mga  
pagkakataon habang dumarating  
ang mga ito."

-Minnie DAY Sype, 1908



## Asawa ng Magsasakang Naging Ebanghelista

Marinda (Minnie) Day Sype: 1869 hanggang 1956

*Lisensyadong ministro mula 1902 hanggang 1956*

Walang alinlangan tungkol dito—nais talagang makipagtalo ng mga Baptist. Napabuntong-hininga si Minnie Sype. Hindi niya gustong makipagtalo, mula sa kaibuturan ng kanyang pagkatao.

Tumigil si Gng. Sype sa Putnam, Oklahoma Territory, upang mangaral sa araw ng Sabbath at muli sa gabi ng Linggo. Nagsimula siyang magsagawa ng mga pulong sa tolda sa Putnam noong Mayo 23, 1902, at pinagpala siya ng Diyos ng tagumpay. Pagsapit ng Hulyo, naanyayahan na niya ang pangulo ng kumperensya upang organisahin ang isang bagong iglesyang Seventh-day Adventist.

Kaagad pagkatapos nito ay naghandang siyang magsagawa ng serye ng mga pulong sa Taloga, dahil sa matinding hangaring maipahayag ang mabuting balita ng pagbabalik ni Jesus sa bawat pamayanan. Gayunman, nang bumalik siya sa Putnam upang palakasin ang pananampalataya ng mga bagong mananampalataya, nalaman niyang nagtayo rin ng tolda ang mga Baptist at nagdala ng isang mangangaral, si Dr. Ellison, na layuning patunayan na ang mga Adventista ay nagtuturo ng maling aral mula simula hanggang wakas.

Para kay Minnie Sype, isang 33-taóng gulang na asawa ng magsasaka na tinawag sa ministeryo, ang pakikipagtalo tungkol sa relihiyon ay maling paraan ng paglapit sa tamang paksa. Hangga't maaari ay iniwasan niya ang ganitong pampublikong pagtatalo sa teolohiya. Ngunit ang mga katotohanang kanyang ipinangaral ay inaakusahan, at ang kanyang mga bagong alagad ang pinupuntirya. Kaya't siya'y nanalangin para sa karunungan, at matapos nito ay nagpasya siyang panindigan ang kanyang mga itinuro at manatili hangga't naroon si Dr. Ellison.

Tila sabik na sabik na makipagtalo ang ministro ng Baptist. Sa kalaunan, sa harap ng mga saksi, ay nagkasundo ang dalawang ministro sa mga alintutunin ng kanilang pagtatalo. Iminungkahi ng mga Baptist na talakayin ang "pananampalataya." Sinabi ni Gng. Sype na kasing lakas ng paniniwala ng mga Baptist ang kanyang "pananampalataya". Itinanggi ito ng kanyang kalaban, ngunit nanindigan si Gng. Sype na mas alam niya ang kanyang sariling paniniwala. Sa anumang kaso, ito ang napiling paksa para sa unang gabi.



---

Ang malaking pulutong ay puno ng pananabik habang ipinakita ng ministro ng Adventista ang kahalagahan at likas na katangian ng pananampalataya batay sa Biblia. Pagkatapos ay tumindig ang mangangaral ng Baptist upang tumugon. Sa simula'y nahirapan siyang pabulaanan ang paliwanag ni Gng. Sype; pagkatapos ay inilabas niya ang kanyang inihandang “bala” — isang liham tungkol kay William Miller.

Matapos basahin ito, hinatulan ni Dr. Ellison ang mga Seventh-day Adventist dahil sa pagtuturo na magwawakas ang mundo noong 1844. Matagal siyang nag-ukol ng panahon sa pagpuna sa mga aral ni William Miller at sa pangungutya sa mga Adventista. Umupo siya na siguradong ang kanyang inilahad tungkol kay Miller ay sapat upang sirain ang kredibilidad ng mga Seventh-day Adventists.

Kalmado si Minnie Sype at sa kanyang marangal na katauhan, kinilala niya si William Miller, na bagaman isang mabuting tao, ay nagkamali rin gaya ng karamihan sa mga tao. Pagkatapos ay itinuro niya na nang hinatulan ni Dr. Ellison si William Miller, ay tinutukoy niya ang isa sa mga kasapi ng sarili niyang denominasyon, sapagkat si William Miller ay isang Baptist, hindi isang Seventh-day Adventist; ang iglesya ng mga Adventista ay hindi pa isang iglesya ni nagsimula noong 1844. Ang impormasyong ito ay ikinabigo ng ministro ng Baptist at ikinatawa ng ilan sa mga nakikinig.

Pagkaraan ng ilang gabi, napunta ang paksa sa “Ang Pinagmulan, Kasaysayan, at Kapalaran ni Satanas.” Tumangging magpatuloy ang tagapagsalita ng mga Bautista, at tuluyang nagtapos ang debate. Gayunman, inihayag niyang itutuloy pa rin niya ang kanyang sariling mga pagtutol sa mga turo ng Adventista tungkol sa Sabbath at sa imortalidad ng kaluluwa.

Dahil hindi kayang upahan ang tolda ng mga Baptist para sagutin ang kanilang mga pahayag, inihayag ni Minnie Sype na uupahan niya ang lokal na paaralan para sa Linggo ng gabi upang suriin ang mga pahayag ni Dr. Ellison. Noong gabing iyon ng tag-init ng 1902, nagsiksikan ang mga tao sa paaralan sa Putnam, Oklahoma Territory. Nakinig silang mabuti kay Pastor Sype habang ipinagtatanggol niya ang mga aral ng kanyang iglesya laban sa akusasyong sila'y nagtuturo ng maling aral. Ang komprontasyong ito ay ginamit ng Banal na Espiritu upang higit pang isulong ang gawaing sinimulan ni Gng. Sype sa Putnam. May ilang nanindigan para sa katotohanan. Di nagtagal ay nawalan ng interes ang mga Baptist at inilipat nila ang kanilang tolda sa ibang lugar. (*Minnie Sype\**, “*Putnam, O. T. [Oklahoma Teritoryo]*”, *Southwestern Union Record*, Setyembre 8, 1902. *\*Ang baybay ng apelyido, orihinal Syp, ay binago sa Sype sa kahilingan ng anak na lalaki nitong si Ross, isang mag-aaral sa akademya.*)

## Asawa ng Magsasakang Naging Ebanghelista

---

Ang munting samahan ng mga mananampalataya sa Putnam ay nagalak sa kanilang bagong pananampalataya, at naging mas palakaibigan ang mga taong bayan; inamin ng ilan na ang mga turo ng Adventista ay tama. Sa pagtatapos ng nakakapagod na labanan para sa katotohanan, nanatiling masigla si Minnie Sype sa kanyang papuri sa Panginoon para sa Kanyang banal na Salita at sa kapangyarihan nitong manaig.

Ang bihasang tagapagsalitag ito ng mga katotohanan sa Biblia ay hindi sinadyang tahakin ang landas ng pagiging ebanghelista ng mga Seventh-day Adventist. Kaunti lamang ang mga palatandaan mula sa kanyang kabataan bilang isang mahiyain at simpleng batang bukid na magpapahiwatig ng ganoong pagkatawag—maliban sa kanyang matatag na hangaring makilala ang Diyos.

Noong tinanggap nina Elias at Mary Day ang kanilang unang anak sa tahanan sa bukirin malapit sa Thayer, Iowa, noong Abril 18, 1869, pinangalanan nila itong Marinda. Gayunman, tila mas angkop ang palayaw na “Minnie” para sa mahiyain at mahinhing batang babae; at sa pangalang iyon siya tinawag sa buong buhay niya. (*Minnie Sype, Life Sketches and Experiences in Missionary Work* (Hutchinson, Minnesota: Seminary Press, 1916), p. 15.) Malaking bahagi ng impormasyong biyograpikal sa aklat na ito ay batay sa kanyang sariling awtobiograpiya. Ang Aklatan ng Andrews University ay may kopya nito. Mayroon ding kopya ng edisyong 1912 ang Aklatan ng Review and Herald Publishing Association.

Dahil panganay siya sa sampung magkakapatid, at lahat ng mas matatandang anak ay babae, si Minnie ay naging katulong ng kanyang ama sa bukid. Siya ang nagmaneho ng mga kabayo upang araruhin ang lupa, umupo sa taniman ng mais habang pilit niyang iniwawasto ang mga hanay sa malawak na bukid, at pinilit ang sariling bumangon mula sa mainit na higaa upang anihin ang mais bago pumasok sa paaralan sa malamig na umagang taglagas. Bagamat mahirap ang buhay—si Minnie ay nagsimulang magtrabaho sa labas ng bahay sa edad na 13 upang makatulong sa kita ng pamilya—nadama ng mga bata ang pagmamahal at kapanatagan sa loob ng kanilang tahanan.

Paminsan minsan ay binabasahan ni Gng. Day ng Bibliya ang kanyang mga anak, ngunit si Minnie ay lumaking uhaw sa higit pang pagtuturo ukol sa relihiyon. Matapos marinig ang kanyang ina na basahin ang kuwento ng baha mula sa Genesis, natagpuan ni Minnie ang kanyang isip na umiikot sa mga tanong, tanong, tanong, pero hindi niya mahanap ang mga sagot.

Minsan habang nirondahan niya ang mga baka sa kapatagan upang iuwi para magatasan, tumingin si Minnie sa asul na langit at nadama ang matinding pagnanais na malaman ang tungkol sa Diyos. Nais niyang mas pag-usapan ng mga tao sa paligid niya ang tungkol sa Diyos. Sa edad na sampu, naramdaman ng bata na siya ay isang makasalanang nilalang na walang sinumang makakaunawa o makakatulong.

Nang magkaroon ng mga pulong sa Brethren Church, masiglang tumugon si Minnie sa paanyayang ialay ang kanyang puso sa Diyos. Bagamat bahagyang gumaan ang kanyang pakiramdam, matapos ang mga pagpupulong ay hindi pa rin siya nasiyahan, sapagkat hindi pa rin niya lubos na nauunawaan kung paano ba talaga ang maniwala sa Diyos.



---

Sa edad na 13 ay natuwa si Minnie na sa wakas ay pumayag ang kanyang mga magulang na mabinyagan siya sa Christian Church. Sa kanyang pagsusumikap na mamuhay nang makadiyos, paminsan-minsan ay nakakaramdam siya ng kapayapaan. Mas madalas, gayunman, ay tila nilulunod siya ng damdamin ng kanyang makasalanang kalagayan. Hindi niya matagpuan ang kapanatagan ng kaloobang pinatawad na siya.

Inaasam-asam ni Ginang Day na makapag-aral ang kanyang mga anak. Tinuruan niya si Minnie na magbasa at hinikayat ang batang babae na pumasok sa paaralan hangga't maaari. Sa kalaunan ay nagkaroon ng pagkakataon si Minnie na mag aral sa Normal School para sa Pagsasanay ng mga Guro. Mula sa programang ito nakatanggap siya ng "certificate" na nagpahintulot sa kanya na magsimulang magturo bago ang kanyang ika-labing walong kaarawan.

Nagturo si Minnie Day sa ilang paaralan. Sa kabuuan, naging matagumpay siya bilang guro. Gayunpaman, nakaranas din siya ng ilang suliraning may kaugnayan sa disiplina. Sa kanyang unang araw ng pagtuturo, isang 14-taóng gulang na binatilyo ang nagpakita ng kapangyarihan sa mga batang lalaki bilang hamon sa awtoridad ng guro (na sa pagkaalaala mo ay umabot na sa hustong gulang na 17). Nagpasiya si Minnie na dapat bigyan niya ng mahigpit na disiplina ang kabataang hindi nakikipagtulungan. Pagkatapos ng klase ay hindi nya muna pinauwi ang kabataan at isinara ang lahat ng pinto at bintana, at buong determinasyong hinarap ang gawain. Tumugon ang binata na hindi na magdulot ng gulo pa mula noon. Lahat ng ganitong krisis ay nalutas ni Minnie na may malikhaing paglutas ng problema. Itinuring niya ang silid-aralan na mabisang lugar ng pagsasanay para sa mga guro pati na rin sa mga estudyante.

Hindi nagtagal matapos siyang magturo sa Sand Creek Township, nakilala ni Minnie ang isang karapat-dapat na binata na may magandang reputasyon, si Logan P. Sype. Isang dahilan kung bakit nagustuhan niya ito ay dahil hindi ito naninigarilyo o umiinom. Nanumpa si Minnie na walang manliligaw na magbubuga ng usok ng tabako sa kanyang mukha.

Si Logan ay isang relihiyosong tao; mas partikular, siya at ang kanyang mga magulang ay mga Seventh-day Adventist. Ang relihiyong ito ay parang kakaiba kay Minnie, ngunit hinahangaan niya ang Kristiyanong si Logan na may mga prinsipyong sapat para maging masaya sa paglabas-labas nila. Dahil maganda ang tinig ni Logan, madalas siyang inaanyayahang umawit ng solo o manguna sa pag-awit sa mga pagtitipon, at inaanyayahan niya si Minnie na sumama sa kanya. Magandang tingnan ang kanilang tambalan—si Minnie na may matingkad na kayumangging buhok at may taas na 5' 7 1/2", at si Logan na may itim na buhok at halos magkapareho ang tangkad.

Sina Minnie Day at Logan Sype ay nakasal noong Marso 6, 1889, isang buwan bago ang ika-dalawampung kaarawan ni Minnie. Nagkasundo ang bagong kasal na hindi sang-ayunan ang mga bagay sa magkaiba nilang relihiyon, si Minnie ay miyembro ng Christian Church at si Logan ay isang Seventh-day Adventist. Nangako silang dadalo sa simbahan ng isa't isa at igagalang ang paniniwala ng bawat isa. Nagsasagawa sila ng sama-samang pagsamba sa pamamagitan ng panalangin at pagbabasa ng Biblia, maingat na iniwasan ang mga kontrobersyal na paksa.

Nang dumalo si Minnie sa simbahan ni Logan, napansin niya na masigasig ang mga miyembro sa pag-aaral ng Biblia. Kayang-kaya nilang magbanggit ng maraming talata bilang patunay ng kanilang mga paniniwala. Nagsimula siyang magtanong kung bakit sa ikapitong araw ng linggo sumasamba ang kanyang asawa, samantalang siya naman ay sa unang araw. Hindi ba't nakapagtataka iyon, gayong batay sa parehong Biblia ang kanilang pinaniniwalaan?

Umaasa si Minnie na matutulungan siyang makahanap ng mga batayan mula sa Biblia para sa kanyang mga paniniwala, kaya't lumapit siya sa kanilang pastor. Ngunit labis ang kanyang pagkadismaya nang hindi nito maibigay ang hinihingi niyang ebidensyang biblikal na sumusuporta sa pagsamba tuwing Linggo; palihim siyang umaasa na siya ang makakakumbinsi sa kanyang asawa na sumamba na lamang tuwing Linggo, tulad niya.

Nag-aral ng Biblia si Minnie kasama ang kanyang biyenang, si Ginoong James L. Sype. Matagal na siyang elder ng iglesia sa Afton, Iowa, kaya't handang-handa siyang gabayan ang masigasig na manugang. Pinag-aralan ni Minnie ang Biblia na parang isang gutom na tao sa pagkain. Habang naghuhugas ng pinggan, sinasaulo niya ang mga talata sa Biblia. Madalas, matapos ang gawain sa maghapon, tatawid ang kanyang biyenang mula sa kanilang bukid sa kabila ng kalsada upang sagutin ang mga tanong ni Minnie ukol sa Biblia hanggang hatinggabi. Pinag-aralan nila ang tungkol sa milenyong pagkabuhay na mag-uli, ikalawang pagdating ni Cristo, at mga hula ng Biblia tungkol sa mga huling araw. Lalong lumalim ang paghanga ni Minnie sa Salita ng Diyos. Ang matagal na niyang pananabik na makilala ang Diyos—na matagal niyang naramdaman mula pagkabata—ay unti-unting natutugunan.

Pagkalipas ng ilang buwang masusing pag-aaral ng Biblia, nakita ni Minnie nang malinaw na ang ikapitong araw ang tunay na Sabbath. Naharap siya ngayon sa isang mahirap na posisyon: susundin ba niya ang kanyang konsensya, o mananatili sa komportableng tradisyon?

Isang Sabado, sumamba si Minnie kasama ang maliit na grupo ng mga mananampalatayang kinabibilangan ng kanyang asawa. Kinabukasan, Linggo, nakatayo siya sa pintuan ng kanilang bahay habang pinagmamasdan ang mga mahal niyang kaibigan na patungo sa simbahan na matagal niyang nakasama. Ang kanyang mga kaibigan ay tumatahak sa isang landas, samantalang siya ay papunta sa ibang direksyon. Ang pagkakahiwalay ay tila hindi niya kayang tiisin. Sa kanyang matinding dalamhati ay napasigaw siya, "O, aking Diyos! Hinihingi mo ba talaga ito sa akin?"

---

Pumasok si Minnie sa kanyang sala at lumuhod na nakabukas ang kanyang Biblia sa Sampung Utos. Sinabi niya sa Diyos na hindi niya sasadyaing labagin ang isa sa mga mga utos habang namumuhay bilang isang tapat na Kristiyano. Mula sa ibabaw ng pahina ay tila sumisigaw ang ikaapat na utos: "Ang *ikapitong* araw ay *sabbath* ng *Panginoon* mong Dios." (Exodo 20:10, binigyang diin). Alam niyang kailangan niyang sundin ang ikapitong araw na Sabbath. Nakaluhod, nangako siyang gagawin niya ito at hiniling sa Diyos na bigyan siya ng lakas.

Noong Hulyo 1889, si Minnie Day Sype ay naging bahagi ng katawan ni Cristo sa iglesia ng Seventh-day Adventist.

Sa kanyang unang pagdalo sa camp meeting ng mga Seventh-day Adventist, narinig ni Minnie ang isang mangangaral na bumasa mula sa Biblia: "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan, at maglilinis sa atin mula sa lahat ng kalikuan." Pagkatapos ay nagpatuloy siya: "Sa pag-ibig mo sa aking kaluluwa... inihagis mo ang lahat ng aking mga kasalanan sa likod mo." — 1 Juan 1:9 at Isaías 38:17. Pagkatapos ay narinig ni Minnie ang mangangaral na nagtatanong, "Maaari bang magsinungaling ang Diyos?" Hindi, ang sagot ni Minnie—tiyak na hindi. Ipinaliwanag ng mangangaral na gagawin ng Diyos ang Kanyang bahagi, na patawarin tayo sa ating mga kasalanan. At tayo naman ay dapat gumanap ng ating bahagi—na maniwala na tayo ay pinatawad na. Binili na ni Jesus ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo, itinuro ng mangangaral; kaya't kapag ipinahayag na natin ang mga ito, *hindi na natin ito pag-aari*. Kung patuloy pa rin tayong binabagabag ng mga kasalananang napatawad na, si Satanas na ang bumabanggit ng mga iyon upang tayo ay panghinaan ng loob.

Sa wakas ay naunawaan ni Minnie Sype ang katiyakang pinatawad na siya ng Diyos. Ang kapayapaan at kagalakang pumasok sa kanyang buhay na may ganoong pagkaunawa ay hindi na kailanman nawala, sa kabila ng matinding pagsubok. Sulit ang buhay niya mula sa araw na iyon sa bago at mas mayamang paraan.

Higit pa rito, ang katiyakang ito ng pag-ibig at kaligtasan ng Diyos ay kailangang ibahagi. Totoo, may higit na nangangailangan ng limitadong oras at kaunting pera ni Minnie. Ang kanyang gawaing pambahay ay dumami pati mga responsibilidad sa pagdating ng mga bata sa tahanan sa bukid. Isinilang si Ross noong 1889, na sinundan ng pangalawang anak na lalaki, si James, noong 1892. Ngunit sa puso ni Minnie Sype ay may matinding pasanin para sa mga kaluluwa. Dahil noon ay hinangad niyang magkaroon ng Kristiyanong patnubay, ipinangako niyang hindi kukulangin ang ibang tao ng tulong at lakas ng loob hangga't kaya niyang ibigay ito.

Alam niyang ang una niyang misyon ay ang kanyang sariling tahanan. Masaya siyang ipangilin ang Sabado sa bukid, paghahanda tuwing Biyernes at pagsamba kasama ang pamilya sa umaga ng Sabado.

Bagamat mahalaga sa kanya ang ministeryo sa kanyang pamilya, naghahanap pa rin si Minnie ng mga paraan upang maabot ang iba. Natuklasan nilang mag-asawa na ang pitong milyang biyahe papuntang simbahan ay isang magandang pagkakataon upang mamahagi ng literatura. Iniipon nila ang mga "church papers" at inilalagay ito sa mga mailbox sa kanilang dinaraan. Gustong-gusto nina Ross at James na iwan ang kanilang *Little Friends* sa mga bahay na may mga bata. Lumaki ang interes ng mga batang ito—minsan ay sumasama pa silang sumakay upang dumalo sa Sabbath school kasama ang mga Sype. Halos umapaw na ang karwahe sa dami ng sakay pagdating sa simbahan.



## Asawa ng Magsasakang Naging Ebanghelista

---

Matalino si Minnie Sype sa pamamahala sa oras. Siya ay mahusay at organisado sa kanyang maraming tungkulin sa bahay at inilalaan niya ang gawaing misyonero tuwing Huwebes. Sa ilang Huwebes ay binibisita niya ang mga maysakit. Sa ibang pagkakataon ay nagbebenta siya ng mga aklat ng mga Adventista; ang kita ay inilalaan sa mga selyo para sa mga liham-misionero — walang pera ang mga Sype para sa layuning ito—habang ang mga aklat at babasahin ay nagdadala ng katotohanan sa tahanan ng mga tao. Minsan naman, gumagawa siya ng mga sumbrerong panangga sa araw upang maibenta at makapaglaan ng pondo para sa “literature rack” na nasa tabi ng kanilang pintuan. Kapag may bisita at hindi makalabas, may nakaabang siyang “quilt-blocks” upang matahi habang nakikipagkuwentuhan; ang mga “quilt” at “comforter” ay binebenta para suportahan ang gawaing misyonero.

Sa mga araw na umuulan ay nagsusulat si Minnie ng mga liham-misionero, na may kalakip na “tract”, isang tula na ginupit mula sa isang babasahin, o kung ano man ang naisip niya na maaaring magpabalang sa isip ng isang tao sa Diyos. Bunga ng pagbabasa ng gayong liham at ng mga tracts tungkol sa araw ng Sabbath, isang babae ang nagpasiyang mangilin ng araw ng Sabbath at gawin itong banal. Isang babaeng halos talikuran na ang kanyang pananampalataya ay muling lumapit sa Diyos sa panalangin matapos basahin ang liham ni Minnie at ang kasamang tula.

Sa isang bagong lipat sa kanilang lugar, si Minnie Sype ay nag-alok ng una niyang serye ng mga aralin sa Biblia. Nang hilingin ng babae na gawin ang mga aralin sa gabi upang makasama ang kanyang asawa, buong pamilya ng Sype ang lumahok. Umawit at nanalangin si Ginoong Sype, itinuro ni Gng. Sype ang aralin, at tumulong ang mga bata sa pamamagitan ng pagiging tahimik—binibigyan pa sila ng ilang sentimo ng kanilang ina bilang gantimpala sa ganitong pagtulong. Tinanggap ng mag-asawa ang mga katotohanang itinuro at ibinahagi rin ito sa iba.

Kapag nagdadala ng malaking kargamento ng butil si G. Sype sa bayan at mabagal ang biyahe, sumasama si Gng. Sype upang magbenta ng *Signs of the Times* na magasin at maliliit na aklat sa mga tahanan sa gilid ng daan. Buong kanyang kagalakan sa paghahanap ng paraan upang paglingkurang ang kanyang Panginoon, na nagbigay sa kanya ng kalayaan at kagalakan.

Isa pang paraan ng paglilingkod na naisip ni Minnie ay ang pag-iimbak ng maraming prutas sa pamamagitan ng paglalata upang mailagay sa imbak sa silong; sa ganitong paraan, kailanman ay hindi kailangang tanggiin ang sinumang estrangherong kumatok sa kanilang pintuan. Habang tinatanggap nila ng kanyang asawa ang mga manlalakbay, taimtim nilang pinag-uusapan ang mga katotohanan sa Biblia kasama ang kanilang mga bisita. Minsan, sumusulat pa ang ilang panauhing sa kalaunan upang magtanong o humiling ng karagdagan babasahin. Dahil limitado ang kakayahan ni Minnie na bumisita sa ibang tao, ipinagkatiwala niya sa Diyos ang pagdadala sa kanyang tahanan ng mga taong uhaw sa tubig ng kaligtasan. Tunay na mahal niya ang buhay sa bukid. Nasisiyahan siya sa pagpapalaki ng mga manok, paggagatas ng baka, pagtatanim sa hardin, pag-aalaga sa kanyang pamilya, at paggawa ng gawaing misyonero. Nais din niyang maglingkod sa kanyang mga magulang at mga kapatid. (Sa paglipas ng mga taon ng panalangin at patotoo, nakita ni Minnie na tatlo sa kanyang mga kapatid na babae ay naging mga Seventh-day Adventists. Di kalaunan, maging ang kanyang ama ay tumanggap sa Adventismo.)

---

Isang munting anak na babae, si Anna, ang isinilang noong 1898, na siyang bumuo sa pamilya nina Logan at Minnie Sype. Di nagtagal, isang karamdaman ang nagdulot kay Minnie na magpagamot sa Nebraska Sanitarium, na kasama ng Union College, ay pinamamahalaan ng mga Seventh-day Adventists sa Lincoln. Isinama ni Minnie ang sanggol na si Anna. Nang siya ay maging “outpatient,” naghanap siya ng isang babae sa komunidad na maaaring mag-alaga sa sanggol sa ilang mga oras; sa gayon, nakapag-aral si Minnie sa Union College habang patuloy ang kanyang pagpapagamot sa sanitarium. Sa kanyang pagbabalik sa kanilang tahanan, siya ay mas handa na kaysa dati para sa gawain sa buhay na hindi pa niya batid na naghihintay sa kanya.

Pagkatapos nilang magbalik, si G. Sype ay tumanggap ng trabaho na kinakailangang lumipat ang pamilya sa kampo ng pagmimina sa Higby, malapit sa Sheridan, Wyoming. Sa gitna ng kagandahang likas ng mga bundok, nakita ng pamilyang Sype ang kanilang sarili sa piling ng mga taong tila walang pag-asa o karanasan sa Diyos. Bagaman ang pamumuhay sa isang simpleng barung-barong ng minero ay malayo sa masayang buhay-bukid sa Iowa na iniwan ni Minnie, itinuon niya ang kanyang sarili sa gawaing ibinigay ng Diyos sa kanya. Nang umatake ang kolera sa mga sanggol sa kampo, umasa ang mga ina sa kaalaman at pag-aalaga ni Minnie sa tabi ng kama ng mga maysakit.

Naisip ni Minnie ang isang ministeryo kahit na si Anna ay maysakit sa loob ng ilang buwan dahil sa komplikasyon matapos ang tigdas. Inimbitahan niya ang mga babae sa kampo sa kanilang tahanan upang manahi ng mga kubrekama; habang sila’y nananahi, binabasahan niya sila, isang paraan ng pagtatanim ng mga binhi ng katotohanan.

Natagpuan niya ang kanyang sarili sa mga sitwasyong kinakailangan niyang tumindig para sa pagtitimpi—isang kaugaliang bihirang itaguyod sa kampo. Bagama’t nakaranas siya ng pangungutya noong una, di naglaon ay may mga ina, na sumusubaybay sa halimbawa ni Minnie, na tumigil sa labis na pag-inom at nagsimulang magpakita ng interes sa pangangalaga ng kanilang pamilya.

Sa tulong ng kahusayan ni Logan sa musika, pinangasiwaan ni Minnie ang Sabbath school at Sunday school. Inaanyayahan din ng mag-asawang Sype ang mga pamilyang minero sa kanilang bahay isang gabi bawat linggo para sa pag-aawitan. Pinangungunahan ni Logan ang grupo sa mga awit na puno ng pag-asa ng mga Adventist. Pagkatapos, maririnig ang mga tao sa paligid ng kampo na humuhuni o umaawit ng mga bahagi ng masiglang musikang iyon.



Ngunit ang trabaho sa minahan ay nakasama sa kalusugan ni G. Sype. Pagkaraan ng isang taon, dahil sa paghihikayat ng kanyang ama na bumalik sa Iowa, nagpasiya si Logan at ang kanyang pamilya na lumipat. Tunay ang dalamhati ng mga tao sa kampo nang umalis ang pamilyang Sype, na nag-iwan ng isang maliit na Sabbath school at ilang tao na tumanggap sa Sabbath. Sa kanyang pakikipagsulatan sa kanila pagkaraan, nanalangin si Minnie na makatagpo siya ng ilan sa mga taong mula sa kampong iyon sa Wyoming sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

Hindi nagtagal matapos silang makabalik sa Iowa, nakatanggap ang mag-asawang Sype ng masiglang balita mula sa isang pamilyang lumipat sa Oklahoma. Matapos ang Oklahoma Land Rush noong 1889, patuloy ang pagdating ng mga naninirahan hanggang sa paglipas ng siglo. Inisip ni G. Sype na makabubuti kung lilipat sila sa Oklahoma Territory upang maghomestead sa lupang maaaring angkinin. Nahirapan si Gng. Sype sa ideya ng pag-alis sa minamahal niyang sakahan sa Iowa. Gayunpaman, sa kanilang pananalangin, nakita nilang ginagabayan sila ng Diyos—katulad ng mabilis na pagkakabenta ng kanilang lupa sa Iowa. Pumayag si Minnie na lumipat.

Nauna nang naglakbay ang kanyang asawa para magtayo ng kubo sa kanilang 160 ektaryang lupa. Nang dumating si Minnie kasama ang mga anak, natuklasan niyang isinama ni Logan, na alam ang dedikasyon ni Minnie sa pag-aaral, ang isang silid-aklatan na espesyal na inihanda para sa kanya! Sa pagpiling manirahan ng ilang milya mula sa pinakamalapit na Seventh-day Adventist, sinadya ng mag-asawang Sype

Noong tag-araw ng 1901, maayos ang paglago ng mga pananim ni Logan at ng mga kapitbahay nilang magsasaka. Ngunit pagsapit ng Hulyo, nagsimulang umihip ang isang matinding, mainit na hangin. Tuluy-tuloy ito hanggang sa matuyo ang mga pananim at maluto ang mais habang nakatayo pa sa tangkay. Nawalan ng madamong mapagpapastulan ang mga hayop, kaya't pinakain sila mula sa kakaunting suplay—na nang maubos ay sinundan ng pagkamatay ng mga alagang hayop sa nakababahalang dami. Sa napakatinding taglamig na sumunod, daan-daang homesteaders ang tuluyang iniwan ang kanilang mga lupain. Ganoon kalala ang karanasan na ang ilang nakaligtas ay nagtatag ng samahang tinawag na *Drought Survivors of 1901*, na nagtatagpo taun-taon sa loob ng hindi bababa sa apatnapung taon. (*Writers' Program of the Work Projects Administration, Oklahoma: A Guide to the Sooner State* [Norman: University of Oklahoma Press, 1941], 241.)



## Tinawag Ng Diyos

---

Karamihan sa mga tao sa paligid nila ay nagdusa pa kaysa sa mga Sydes, na nag-iingat ng kanilang lakas ng loob sa pamamagitan ng pagsandig sa Panginoon at pagbanggit ng mga pangako ng Kasulatan sa isa't isa. Habang pinagmamasdan niya ang kanyang mga kapitbahay, sinikap ni Minnie na aliwin sila gamit ang sarili niyang pinaghuhugutan ng pag-asa. Nakakatanggap siya ng mga paanyaya na magsalita sa mga grupo ng tao, maghatid ng mensahe pagkatapos ng Sunday school, at ipaliwanag sa isang pamilya ang kanyang pagkaunawa sa Sabbath.

Habang lumalala ang kalagayang pangkabuhayan ng mga tao, lalong tumindi ang kanilang interes sa Diyos. Ang superintendente ng Sunday school at ang kanyang asawa ay nagsimulang mangilin ng Sabbath, kasama ang iba pang miyembro ng komunidad.

Sa panahon ng Taglamig ng 1901-1902 ang pangarap ng mga Sydes na makapagtayo ng isang simbahan sa kanilang lugar ay naisakatuparan. Nanawagan sila sa presidente ng Oklahoma Conference upang opisyal na organisahin ang Gyp Seventh-day Adventist Church (*na kalaunan ay nakilala bilang Butler Church*).

Nagulat si Minnie nang matanggap mula sa Oklahoma Conference ang isang liham ng pagpapahalaga at isang tseke na nagkakahalaga ng 25 dolyar. Bagama't nagtrabaho siya nang walang iniisip na kapalit, ang hindi hiniling na pera ay dumating sa tamang panahon

Pagsapit ng tagsibol, inimitahan si Minnie Syde ng pamunuan ng Oklahoma Conference na maging isang ebanghelista na suwelduhan ng conference, at tutulungan ng kanyang asawa.

Pinag-usapan at ipinagdasal nang mabuti ng mag-asawang Syde ang paanyayang ito, habang isinasalang-alang ang mga pagbabagong maaaring idulot nito sa kanilang pamumuhay. Hindi naman pinangarap ni Minnie na maging isang ministro. Ngunit siya ay aktibong gumagawa ng gawaing pang-ebanghelyo, at ngayon ay may pormal na paanyaya. Ang kanyang kapatid na babae, na dumalaw sa Oklahoma, ay nag-alok na alagaan ang kanilang mga anak.

Nagkusang-loob si Ginoong Syde at nagsabi, "Mamma, kung papasok ka sa gawaing ito, susuportahan kita at gagawin ko ang makakaya ko. Maaari akong umawit at magbukas ng mga pagpupulong, at ikaw naman ang magtuturo ng katotohanan sa mga tao." (*Syde, Life Sketches, p. 71.*)

Matapos masusing pag-isipan, naisip ng mga Syde na ang tawag ay mula sa Diyos. Pumasok si Minnie Syde sa ministeryo sa Oklahoma Territory, sa tulong ng kanyang asawa.

Hindi nagtagal pagkatapos niyon ay naglakbay si Gng. Syde gamit ang kabayo at karwahe ng 13 milya patungo sa simbahan sa Ruth, Oklahoma upang magsagawa ng panalanging pagpupulong at maglingkod sa mga mananampalataya roon. Pagdating niya, isa sa mga miyembro ang agad na nakiusap na magsalita siya sa gabing iyon tungkol sa kautusan ng Diyos. Tumugon siya na hindi siya handa. Ngunit iginiit ng miyembro na kailangang magsalita siya, dahil may isang lokal na mangangaral na tinatangkang sirain ang kautusan ng Diyos, at sabik ang mga tao na marinig ang paliwanag ukol dito.



Iniisip kung paanong sa maikling abiso ay mabibigyan niya ng katarungan ang paksa, subalit naniniwala na kung ano ang nais ng Panginoon na gawin niya ay hindi niya dapat tanggihan, si Minnie Sype ay bumaba sa isang malaking bangin malapit sa bahay ng miyembro para manalangin at mag-aral. Napakatindi ng pagnanais niyang madala ang mga kaluluwa kay Kristo, ngunit kasabay nito ang pangambang hindi siya sapat, kaya tumawag siya sa Diyos para sa tulong.

Dininig Niya ang mga panalangin nito. Nagsalita siya nang malaya at may paninindigan. Ang mga tao ay nagtuun ng pansin at pinabalik siya. Umuwi ang bagong ministro para maghanda. Nang bumalik siya, malaking bilang ng mga tao ang nagtipon. Dito nagsimula ang pormal na ministeryo ni Minnie Sype—isang landasin ng mas masusing pag-aaral, ng pangangaral, ng lubos na pagtitiwala sa Panginoon, at ng pagtanggap ng masaganang pagpapala. Siya ay tatlumpu't dalawang taong gulang noon.

Pagkatapos ng ikalawang pulong sa Ruth, isang dalagang babae ang lumapit kay Minnie upang magkomento tungkol sa “sermon”; pagkarinig ng katagang iyon na inilapat sa kanyang presentasyon ay ikinagulat ni Minnie. Tinawag din siya ng mga taong nag-anyaya sa kanya na magsalita bilang “babaeng mangangaral.” Ang pagkakatulad niya sa ganitong katawagan ay lubos na nakaabala sa kanyang isipan, sapagkat natuklasan niyang siya mismo ay may kinikimkim na pagkiling laban sa mga “babaeng mangangaral.”

Muling dumulog si Minnie sa panalangin. Habang iniisip ang mga pagsubok at pagtutol na tiyak niyang kahaharapin, napabulalas siya ng may panghihina, “Hindi ko kayang gawin ito kailanman!” Ngunit sa gitna ng kanyang pagdadalamhati, nakatanggap siya ng isang matibay na impresyon na pinaniniwalaan niyang mula sa Diyos: “*Ang aking biyaya ay sapat para sa iyo.*” (2 Corinto 12:9, RSV.) Tumayo ang batang ministro mula sa kanyang pagluhod na may panibagong determinasyong tanggapin ang anumang gawaing iatas ng Diyos sa kanya, ipinaubaya na lamang ang bunga nito sa Kanya. Kung paanong siya’y minsang tumanggi sa ideya ng mga babaeng tagapangaral, alam niyang ganoon din ang magiging tugon ng iba sa kanya. Ngunit batid niyang ang kanyang pagtawag ay mula sa Diyos.

Hindi nagtagal matapos siyang pumasok sa ministeryo sa Oklahoma, nakaranas si Gng. Sype ng diskriminasyon laban sa mga kababaihan sa ministeryo. Isang ministro mula sa Christian Church ang tahasang tumuligsa sa kanyang mga itinuturo. Nang humiling si Minnie ng pagkakataong tumugon sa mga paratang, madiin ang sagot ng lalaki na hinding-hindi siya makikipagtalastasan sa isang babae sa harap ng publiko. Giit pa nito, ang babae ay hindi dapat magsalita sa harap ng madla. (Sype, *Life Sketches*, 73-76.)

Inayos ni Minnie Sype ang bahay paaralan upang gamitin sa susunod na gabi. Pagdating niya, maraming tao na ang nagtipon. Matagal nang nanalangin si Minnie

---

tungkol sa bagay na ito at humingi ng payo sa pamunuan ng simbahan. Hiniling niya sa ministrong Kristiyano na naroroon na sumama sa kanya sa harap ng bulwagan, sapagkat wala siyang ibang hangarin kundi ang makipagkasundo rito.

Dahil sa mga pag-atake sa kanya, ipinagtanggol niya ang kanyang sarili. Iginiit niya na tumanggap siya ng kanyang atas mula mismo sa Panginoong Jesus—na, pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli ay inatasan si Maria na pumunta upang sabihin sa mga kapatid na Siya ay buhay. Inangkin lang ni Minnie na siya ay sumusunod sa mga yapak ni Maria, na nagsasabi sa mga tao na si Jesus, na nabuhay na mag-uli, ay muling darating. **(Juan 20:17.)** Sumunod na binanggit ni Gng. Sype ang papuri ni Pablo sa ilang kababaihang manggagawa sa Roma, kabanata 16, partikular na si Febe, isang ministro sa Corinto na tumulong kay Pablo, at pagkatapos pumunta sa Roma, ay pinuri rin ni Pablo. **(Roma 16:1, 2.)** Itinuro rin niya na sina Priscila at Aquila ay nakipagtulungan kay Pablo sa pagpapahayag ng ebanghelyo. **(Roma 16:3, 4; Gawa 18:18, 26.)** Tinukoy niya ang iba pang mga babaeng pinuno ng Bibliya. Si Miriam, kapatid ni Moises, ay tumulong sa pangangasiwa; Si Debora ang namuno sa Israel bilang hukom; si Ana at ang apat na anak na babae ni Felipe ay pawang mga propetisa. **(Mikas 6:4; Mga Hukom 4:4-9; Lucas 2:36-38; Gawa 21:8, 9.)**

Oo, sang-ayon siya, sinabihan ang mga babae sa 1 Corinto 14 na tumahimik upang maiwasan ang kaguluhan, ngunit ang mga lalaki rin ay sinabihang tumahimik sa ilang pagkakataon sa parehong kabanata. **(11 Mga Taga Corinto 14:34, 28.)**

Binanggit niya ang Gawa 2:17, 18, na nagpahayag ng hula na ang mga anak na lalaki at babae ay magpapahayag ng salita ng Diyos. Sinabi niya pagkatapos sa kapatid niyang ministro na ito ay nahuhuli na sa panahon—na ang mga makabagong sibilisasyon ay nagsisimula nang tanggapin ang kababaihan bilang katuwang na may kakayahang makipagtrabaho sa kalalakihan sa lahat ng mabubuting gawa. Sa mga bansang pagano, itinuro niya, ang mga kababaihan ay niyuyurakan at itinuturing na mababa; ngunit kung mas maunlad at mas may liwanag ang isang sibilisasyon, mas mainam ang pagtrato sa kababaihan. Bagama't si Minnie ay nangaral sa Oklahoma nang may layuning maging pagpapala, nadama niyang tinrato siya katulad ng pagtrato sa mga babaeng pagano.

Ang katunggaling ministro ay nakatingin sa ibaba sa pagtatapos ng pagtatanggol ni Gng. Sype. Binati niya ito nang may mabuting hangarin at ipinahayag ang pag-asang maaari silang maging magkaibigan. Nagtagumpay ang kanyang apela. Hindi na muling tumutol ang lalaki sa kanyang gawain, at itinuring na rin siya bilang kaibigan.

Noong Hulyo 1902 binisita ng presidente ng Oklahoma Conference na si Elder G. F. Haffner ang Gyp at Putnam. Sa Gyp binisita niya ang unang simbahan na itinatag ng mga Sype.

---

Ngayon, bilang bunga ng kasipagan sa pakikipagtulungan sa Banal na Espiritu—ang pangangaral at pagbisita ni Minnie, pag-awit at pagtulong ni Logan—ay tinanggap ni Elder Haffner ang pitong bagong mananampalataya sa pamamagitan ng binyag at ilan pa sa pamamagitan ng propesyon ng pananampalataya, at inorganisa sila bilang bagong iglesia sa Putnam.

Habang nasa Putnam, nalaman ng pangulo ng kumperensya na ilang mga ministro na ang dating nagtangkang magtatag ng iglesia roon ngunit nabigo. Nabigo sila dahil sa kawalang-pansin at magulong asal ng mga tagapakinig. Ang babaeng ministro ang naging unang nakayanan ang mga suliraning ito at napanghawakan ang atensyon ng mga tao.

Umalis ang pangulo ng Kumperensya na may papuri sa kanyang mga labi para sa babaeng lingkod. Ipinahayag ni Elder Haffner ang pag-asa na ibabangon ng Diyos ang iba pang matatapat na manggagawa sa Gyp, na susunod sa halimbawa ng mag-asawang Sype, mga taong lubos ang dedikasyon sa gawain at hindi sumusuko hangga’t hindi nila nakikita ang bunga nito. ***(Hango mula kay G. F. Haffner, “A Visit to Gip and Putnam,” Southwestern Union Record, July 21, 1902.)***

Napagkasunduan na si Minnie Sype ang mangunguna sa mga pagpupulong sa Taloga, habang patuloy niyang inaalagaan ang gawain sa Putnam. Dito rin, habang sabay niyang pinangangasiwaan ang Putnam at Taloga, hinarap ni Gng. Sype ang hamong makipag-debate na binanggit sa simula ng kabanatang ito.

Sa tulong ng kanyang asawa, si Minnie Sype ay nagdaos ng tatlong magkakahiwalay Na pagpupulong sa lugar ng Putnam, at nagdala ng 42 katao sa pananampalataya at kagalakan sa Panginoon.

Sa taunang konferensya at “camp meeting” ng Oklahoma, na narating ng mag-asawang Sype sakay ng karwaheng may takip noong Setyembre 1902, binigyan si Minnie Sype ng lisensyang pang-ministro, katulad ng 18 lalaking ministro. (Noon, walong ordinadong ministro lamang ang mayroon sa Oklahoma Conference, kabilang na ang pangulo nito. Kaya sa maagang yugto ng pag-unlad ng denominasyon, maaaring mapabilang ang isang babae sa karamihan ng mga lalaking ministro pagdating sa pagkakaloob ng kredensyal.) Dahil sa tagumpay ni Gng. Sype sa pagtatatag ng mga iglesia, kumilos ang Komite ng Konferensya upang kilalanin ang kanyang ministeryo sa pamamagitan ng pagbibigay ng lisensya.

Ginampanan ni Minnie Sype ang karamihan sa mga karaniwang tungkulin ng isang ministro. Noong Setyembre 30, 1902, siya ang nanguna sa isang kasalan, pinag-isang mag-asawa sina Walter L. Manfull, mula sa Addington, Indian Territory, at si Binibining Edna Myrtle Day, mula sa Gyp, Oklahoma Territory. Ang nobya ay kapatid ng babaeng ministro. Sa kanyang artikulo sa *Record* tungkol sa kasal, isinulat ni Gng. Sype na kapwa nagmula sa Iowa ang mag-asawa, kung saan si G. Manfull ay naging “isang mabuti at tapat na manggagawa” na binigyan ng trabaho ng simbahan. (*Southern Union Recorder*, Oktubre 13, 1902, p. 6.)

---

Itinatag ang isang modelo kung saan si Gng. Sype ay nakatuon sa pangangaral sa tolda tuwing tag-init; pagkatapos, kapag naging masyadong malamig na para sa tolda, nagsasagawa siya ng mga pagpupulong sa paaralan o sa mga tahanan ng mga taong interesado.

Bagama't kadalasan ay ginagantimpalaan ang kanyang kasipagan ng hayag na tagumpay, may mga pagkakataon ding hindi agad nagbubunga ng malinaw na resulta ang kanyang mga pagsisikap. Sa Taloga, naharap siya sa mga pagsubok. Habang ang kanyang ministeryo ay patuloy na nagdadala ng mga bagong mananampalataya sa Putnam, naging matindi ang pagtutol ng mga taga-Taloga sa mga katotohanang biblikal na ipinapahayag ng batang ministro. Matapos makapangaral ng 26 na sermon at magsagawa ng 41 na pagbisita, nagpasya si Gng. Sype na dahil walang makabuluhang interes na naipakita, maaari na niyang tapusin ang mga pagpupulong sa Taloga at mananatiling malinis ang kanyang konsensya sa harap ng Diyos sa paghuhukom. Sinabi niya tungkol sa Taloga na tila ang buong pamayanan ay kumbinsido pero hindi pa rin nagbalik-loob. Kaya't nagtungo ang mag-asawang Sype sa Meno, Oklahoma, upang magsagawa ng mga pagpupulong noong unang bahagi ng 1904. Maliwanag mula sa kanyang mga liham noong panahong iyon na ang mga kabiguan ay hindi nakapigil kay Minnie Sype na magalak sa paglilingkod sa Panginoon.

Minsan, tumutulong si Logan kay Minnie sa mga pagpupulong. Kapag naroon siya, siya ang nangangasiwa sa pagtayo ng tolda, nangunguna sa mga pag-awit, nananalangin, at tumutulong sa pag-aalaga ng mga bata. Sa ganitong mahalagang suporta, si Gng. Sype ay nangaral, nanalangin, at bumisita—ginampanan ang mabigat na gawaing ebanghelismo. Sa ibang mga pagkakataon, si G. Sype ang kasama ng mga bata sa kanilang sakahan sa Oklahoma kapag kinakailangang asikasuhin ang ari-arian. Matapos ikasal ang kapatid ni Minnie, hindi na niya ito maasahang mag-alaga ng mga bata.

Bilang pauna sa mga makabagong mobile homes, nagtayo si G. Sype ng bahay sa ibabaw ng karwaheng may gulong; maaari itong ilipat sa mga lugar ng pagpupulong, at nagbibigay ito ng higit na kaginhawahan kaysa sa karaniwang tolda. Lubos na natuwa si Gng. Sype na maaari nang magsama-sama ang pamilya sa ganitong paraan. (*Sype, Life Sketches*, p. 85) Kapag kasama niya ang mga anak, may mga praktikal at mapanlikhang paraan siya sa pag-aalaga sa kanila. Nagluluto siya ng payak ngunit masustansyang pagkain. Sa mga pagpupulong, minsan ay pinatutulog si munting Anna sa likod ng "pump organ" sa entablado kung saan madali siyang mamasdan ng mapagbantay na mga mata ng kanyang mga magulang.

---

Sa Meno ang pangangaral ni Ginang Sype ay nagbunga ng isang paglago ng kasapian ng simbahan mula 5 tungo sa 29. May ilan pang nagsimulang mangilin ng Sabbath ngunit hindi pa opisyal na kasapi.

Ang ordinadong ministro na ipinadala upang magbinyag sa mga bagong mananampalataya sa Meno, si Elder Asa E. Field, ay humanga nang makita na isang 75-taong-gulang na lalaki ang tumigil sa paninigarilyo at ngayon ay sumasamba tuwing Sabbath. Ang ganitong mga hayag na patunay ng gawa ng Espiritu ang siyang bumubuo sa malaking bahagi ng “ganti” kay Minnie Sype para sa kanyang matinding paggawa—na kadalasa’y may kaunti lamang na kabayaranang salapi.

Nagagalak si Gng. Sype sa pag-oorganisa ng isang samahan para sa kabataan upang gawing mas kaaya-aya at kapaki-pakinabang ang iglesia para sa mga kabataan. Ngunit isang hindi kaaya-ayang, bagama’t pangkaraniwang, pangyayari ang naganap sa Meno nang isang ministro ng isang pangunahing denominasyon ay naglunsad ng matinding pananalita laban sa mga Adventist. Dahil sa mahinahong pangangasiwa ni Minnie sa sitwasyon, tumigil ang pastor sa kanyang pag-atake nang mapansin niyang mas lalo lamang nitong pinatatatag ang layuning nais niyang pigilan.

Sa kanyang ulat sa Taunang Pagpupulong ng Oklahoma Conference noong 1904, iniulat ng pangulo ang gawain ni Gng. Minnie Sype, na siya ay nagsagawa ng dalawang matagumpay na pagpupulong, kung saan humigit-kumulang 42 katao ang lubos na tumanggap sa mga aral ng mga Adventista. Labinlima ang nadagdag sa iglesia sa Putnam, at mula sa mga pagpupulong malapit sa Meno, 25 ang nanindigan para sa Panginoon at nadagdag sa iglesia sa Concord. Ipinagpatuloy ng pangulo ang kanyang ulat, binanggit na si Gng. Sype ay masigasig na naglingkod: siya ay nangaral ng 244 na sermon sa loob ng taong iyon, nagsagawa ng 89 na pag-aaral sa Biblia, bumisita ng 484 na beses, at kumuha ng 22 na subscription para sa mga publikasyon ng simbahan. Sa pagtingin sa mga ulat ng lahat ng ministro, malinaw na pinagpala ng Panginoon si Minnie Sype bilang isa sa mga pinakamabunga sa gawaing ebanghelismo sa buong konferensiya. (*Hango mula sa G. F. Haffner, “The President’s Address,” Record, Setyembre 12, 1904, p. 5.*)

Hanggang sa puntong ito, ang gawain ng mag-asawang Sype ay nakatuon sa ebanghelismo sa mga lugar na wala pang naunang gawain. Gayunman, upang makapagbigay ng paaralan ng simbahan para sa kanilang mga anak, noong 1905 ay pinili nilang tanggapin ang panawagan para kay Gng. Sype na maging pastor sa Enid, kung saan matagal nang itinatag ang gawain ng mga Adventista. Nasabik siya sa pagbubukas ng mga pintuan ng ministeryo sa iba’t ibang bahagi ng lungsod.

Noong Mayo 1905, natamasa ng mga Sype ang inspirasyon ng pagdalo sa *General Conference Session* sa Washington, D.C. Pagbalik nila, nagsikap si Minnie sa Enid at Meno, na tinulungan ng kanyang asawa. Mula sa General Conference hanggang kalagitnaan ng Agosto, iniulat ni Minnie ang 118 na pagbisita, 34 na sermong ipingaral, 10 iba pang pagpupulong, at 12 pag-aaral sa Biblia.

---

Sa pamamahala ng itinatag nang iglesia at paaralan sa Enid, naranasan ni Minnie na ang pakikitungo sa mga kapatid sa pananampalataya ay may kaakibat ding bagong mga hamon. Masigasig si Satanas na maghasik ng alitan at pagkakabaha-bahagi. Ngunit sa pamamagitan ng maraming panalangin ay nalutas ni Minnie ang krisis, at nagsimulang magtrabaho ang mga miyembro upang dalhin ang mga kaluluwa kay Kristo.

Hindi nagsagawa si Gng. Sype ng regular na serye ng pangangaral sa Enid. Sa halip, inorganisa niya ang kanyang iglesia upang maglingkod para kay Kristo. Nagbenta ang mga miyembro ng mga Kristiyanong babasahin, pinuno ng mga babasahin ang “reading racks,” at nagpatakbo ng isang samahang Kristiyanong pantulong. Pati ang maliliit na bata ay nagbenta ng mga pahayagan ng simbahan. Patuloy ang paglago ng kasapian ng iglesia.

Dalawa sa mga batang Sype, sina James at Anna, ang nag-aral sa paaralan ng simbahan sa Enid, ngunit si Ross ay sapat na sa gulang upang mag-aral sa Keene Industrial Academy sa Texas. Sa matinding pagnanais na magkaroon pa ng karagdagang edukasyon, nagpasya si Minnie na samahan ang kanyang anak sa paaralan sa Texas. Nanatili siya roon hanggang sa idinaos ang *Union Session* sa Keene noong taglamig. Sa panahong iyon, agarang nanawagan sa kanya ang pangulo ng Kumperensya: “Kailangan kita pabalik sa gawain.” Kaya’t ipinagpatuloy niya ang kanyang ministeryo, iniaatang sa Diyos ang pananagutan para sa anumang karagdagang paghahanda na kanyang kailanganin.

Sa Oklahoma Conference Session na ginanap sa Oklahoma City noong Agosto 27, 1905, buod ng ulat ng pangulo ng Kumperensya ang gawain ni Gng. Sype at ng iba pang mga ministro. Una, binanggit ang mga naitalang gawain ng bawat ordinadong ministro. Pagkatapos, iniulat ng pangulo ang tungkol sa gawain ni Kapatid na Minnie Sype: 31 katao ang nadagdag sa iglesia bilang bunga ng kanyang gawain, karamihan ay bininyagan ng lokal na elder; bukod pa rito, may 9 o 10 katao na nagpapakita ng interes at nagsisimula nang mangilin ng Sabbath. (*Hango mula kay Gottfried F. Haffner, “Address of the Conference President,” Southwestern Union Record, Setyembre 12, 1905, p. 6.*)

Sa ilang pagkakataon na ang dami ng nabinyagan ng ibang mga ministro ay lumampas sa bilang ng mga napabinyagan ni Gng. Sype (marahil 40 o 50), ito ay bunga ng gawain ng isang koponan ng dalawa o higit pang mga ministro. Si Minnie, sa kabilang banda, ay karaniwang naglilingkod mag-isa, maliban sa tulong ng kanyang asawa—isang tulong na siyempre ay tinatamasa rin ng iba pang mga koponan ng ministeryo.

---

Pagkatapos ng “camp meeting” noong 1905, lumipat ang Sypes mula Enid patungong Carrier. Naipangaral na roon ang mensaheng Adventista sa ilalim ng mga kalagayang nagdulot ng matinding pagtutol at pagkiling laban sa katotohanan. Sa ganitong mahirap na sitwasyon, itinayo ng mag-asawa ang kanilang tolda at sinimulan ang kanilang masigasig na programa—pagbisita sa mga tahanan sa araw at pangangaral sa tolda tuwing gabi.

Sa ilang bahagi ng bayan, matindi ang pagsalungat ng mga residente na halos hindi nila papasukin ang mga Adventista sa kanilang mga tahanan; kung papapasukin man, mahigpit nilang hinihiling na huwag pag-usapan ang relihiyon.

Bukod sa maling pagkiling ng mga tao, kinailangan ding makipagsabayan ng mangangaral at ng kanyang asawa sa mga karnabal, sayawan, at palabas sa Carrier. Isang palabas ang nagtayo ng tolda mga 50 yarda lamang mula sa tolda ng pangangaral at gabigabing ipinapahayag na walang magaganap na pagpupulong sa tolda ng mga Adventista! Nagpatuloy ang mag-asawang Sype sa kabila ng mga pagsubok na ito, at sa tulong ng Diyos, nangaral si Minnie Sype nang may ganap na kapanatagan at kontrol.

Ang sumunod na taktika ng mga tutol sa kanila ay mas hayagan. Habang nagsisimula pa lamang mangaral si Gng. Sype isang gabi, biglang narinig nila at ng kanyang mga tagapakinig ang malalaking bato na tumatama sa bubong ng tolda sa mismong itaas nila. Nanalangin siya para sa karunungan, at sinabi sa mga tao na huwag matakot. Ipinaliwanag niyang ang mga bato ay hindi nakatuon sa mga tagapakinig kundi sa mga nangunguna sa pagpupulong. “Kung may masasaktan, kami iyon ng aking asawa,” wika niya. Tila naantig ang mga tagapakinig nang marinig nila ang kanyang kalmadong pagpapatuloy ng pangangaral. Sa huli ay tumigil din ang pambabato.

Kinabukasan, binilang nina G. at Gng. Sype ang 35 na bato at piraso ng uling na inihagis. Walang pinsalang nangyari maliban sa ilang butas sa tolda. Lagi nilang inaalala ang gabing iyon bilang isang napakatamis na karanasan ng pagtitiwala kay Jesus. Sa halip na matakot at umalis, lalo pang tumibay ang kanilang pasya na manatili. Nagpatuloy sila sa mga pagpupulong hanggang Oktubre 12 at pagkatapos, ayon sa plano, ay tinanggal ang tolda.

Nagbunga pa rin ng mabuti ang mahirap na gawain sa Carrier. Isang pamilya na dating hindi pa Kristiyano ay nanindigan na sundin lahat ng utos ng Diyos at maging matibay sa lahat ng punto ng katotohanan.

Matapos ibaba ang tolda, inilipat ng mga Sype ang mga pulong sa isang bahay paaralan limang milya ang layo sa Carrier. Dito ay paulit-ulit na nangaral si Gng. Sype sa isang punong-punong lugar ng mga taong sabik sa katotohanan ng Biblia. Natuwa rin siyang mangaral, sa tulong ng isang tagasalin, sa mga Adventistang Aleman sa lugar.

Sa loob ng limang taon masigasig na naglingkod si Minnie Sype sa Oklahoma Territory, nagtayo ng mga iglesyang dati'y wala, at pinatibay ang mga umiiral nang iglesya.

Gayunman, hindi maganda ang kanyang kalusugan. Sa maraming lugar, ang tubig sa Oklahoma ay may sangkap na alkali, na tinatawag na *gyp* (mula sa gypsum, na karaniwang matatagpuan sa matitigas na tubig), na labis na nakasama sa tiyan ni Gng. Sype. Madalas siyang dumanas ng matagal na pagsusuka. Iminungkahi ng mga doktor ang paglipat sa ibang klima.

Bumisita ang presidente ng Iowa Conference sa “camp meeting” ng Oklahoma noong 1905 at hinimok ang mag-asawang Sype na bumalik sa kanilang tahananang estado ng Iowa. Nang sumunod na taon, dahil na rin sa kalusugan ni Gng. Sype, nagpasya ang pamilya na tanggapin ang paanyaya upang maglingkod sa Iowa. Umalis sila mula Enid noong unang araw ng Mayo 1906.

Ang muling pagtapak sa lupa ng Iowa ay isang emosyonal na karanasan para kina Logan at Minnie Sype. Silang mag-asawa at ang tatlo nilang anak ay lahat ipinanganak sa estadong iyon.

Habang binibisita ang kaniyang pamilya, natagpuan ni Minnie Sype ang isang batang ministro na nagsasagawa ng gawain sa Afton. Hiniling ng presidente ng Kumperensya na tumulong siya rito hanggang sa “camp meeting” sa Hunyo. Dito sa Afton unang narinig ni Minnie ang mga paniniwala ng mga Adventista. Isa itong mayamang karanasan para sa kanya na ngayon ay siya naman ang nagtuturo sa iba sa parehong lugar. Kasabay nito, nabigyan siya ng pagkakataong makadalaw sa kanyang pamilya. Walang katapusan ang kanyang pasasalamat sa Diyos nang makita niyang nabinyagan ang dalawa niyang kapatid na babae bilang bunga ng mga pagtitipon at ng mga taong ginugol nya sa panalangin at patotoo.

Sa ika-apatnapu't tatlong taunang sesyon ng Iowa Conference na ginanap noong Hunyo 1906, inirekomenda ng komite sa kredensyal at lisensya ang pitong tao upang kilalaning mga ordenadong ministro; 19 ang pinagkalooban ng ministerial license, kabilang na si Gng. Minnie Sype. (“Conference Proceedings,” *Iowa Workers' Bulletin*, Hunyo 19, 1906: p. 195.)

Pagkatapos ng “camp meeting,” sinimulan ng mga Sype ang kanilang gawain sa timog-silangang bahagi ng Iowa, sa Fairfield. May umiiral nang iglesia roon, ngunit marami sa mga miyembro ay lumipat na, kaya't kaunti na lamang ang dumadalo. Hinati ni Gng. Sype ang bayan sa mga distrito. Siya at ang mga miyembro ay naglibot sa mga bahay-bahay upang mamigay ng mga babasahing relihiyoso, at sa ikatlong pagbisita ay humihingi na sila ng pahintulot na magsagawa ng pag-aaral ng Bibliya. Nangaral si Minnie at inorganisa ang gawain.

Maraming hamon ang hinarap sa Fairfield. Ang magandang bagong tolda—na si Minnie mismo ang nangalap ng pondo para mabili—ay nasubok nang tumama ang isang buhawi sa Fairfield noong Agosto 15, 1906. Nagising ang mag-asawang Sype bandang hatinggabi na nasa gitna ng pinakamatinding bagyong kanilang naranasan sa buong karanasan nila sa gawaing pangangaral sa tolda. Tila ba ang mga tolda at mga tao ay



mawawasak. Gayunman, habang ang mga puno ay nabubunot, mga bubong ay nililipad, at mga kamalig ay ginigiba, iningatan ng Diyos ang Kanyang mahalagang mga manggagawa; at ang mga tolda ay walang pinsala maliban sa lumang tolda ng pamilya na bahagyang napunit. Laking gulat ng mga tao kinabukasan nang makitang matatag pa ring nakatayo ang mga tolda matapos ang unos.

Gumawa ng lahat ng paraan ang mga lokal na ministro upang hadlangan ang pagpasok ng mga Adventista sa kanilang teritoryo. Isang araw, bumisita si Gng. Sype sa isang tahanan ng isang taong interesado, at nadatnan niya roon ang isang ministro na pilit pinanghahawakan ang kanyang mga miyembro upang hindi mawala.

Sa Fairfield si Gng. Sype ay may higit na suporta kaysa dati: sina Anna Camp na manggagawa ng Biblia at ang pamilya Caviness upang makatulong sa pangangaral, pagbisita, at musika. Inihanda ni Gng. Sype ang mga maikling artikulo sa doktrina na tinanggap ng lokal na dyaryo.

Dahil nagpakita ng interes ang mga tao sa karatig-bayan ng Libertyville sa kanyang pangangaral, sinimulan na rin niyang ipagpatuloy ang gawain doon, bukod pa sa Fairfield. Sa isa sa kanyang mga paanyaya sa Libertyville, dama ang presensya ng Banal na Espiritu, at walong katao ang lumapit para sa panalangin, anim sa kanila ay hindi pa kailanman nabuhay bilang mga Kristiyano noon.

Isang ministrong Swedish Methodist ang nag-aral ng mga hula sa Bibliya kasama ang mag-asawang Sype sa Fairfield at umorder pa ng isang chart ukol sa propesiya. Kung gaano karaming aral ng Adventismo ang kanyang ipinangaral sa kanyang kongregasyon ay hindi matiyak ng mga Sype.

Nakaramdam si Minnie Sype ng isang matinding pagmamadali. Hindi niya alam kung gaano pa katagal ang ibibigay sa sangkatauhan upang pumili kung panig sila sa katotohanan o laban dito. Kaya naman, nang magsimulang mangilin ng Sabbath ang ilang mga bagong mananampalataya at kalaunan ay sumapi na rin sa iglesia sa kabila ng mahirap na kalagayan sa Fairfield, ang mga bunga ng kanilang gawain ay lalo't higit na naging matamis. Lima ang sumapi sa Fairfield church sa pamamagitan ng propesyon ng pananampalataya at dalawa pa sa pamamagitan ng liham noong Sabbath, Agosto 31, habang may tatlong naghihintay para sa binyag. Matapos ang pagtatrabaho mula umaga hanggang gabi, sa gitna ng unos at pagsalungat, itinuturing ni Minnie ang Sabbath na iyon bilang isang araw ng pagdiriwang. Masasabi nilang lahat sa grupo na bagaman naging matindi ang hamon sa Fairfield, sa pananampalataya sa Diyos sila ay nagtagumpay.

Habang siya'y pastor-ebanghelista sa Fairfield noong taong iyon, pinangunahan ni Gng. Sype ang mga miyembro sa sakripisyo at pagtutulungan hanggang sa tuluyan nilang mabayaran ang utang ng kanilang simbahan. Nabawasan ang pasanin sa pananalapi, at ang simbahan ay muling nakapagsimulang umusad.

Sa taglamig ng 1906–1907, nagsagawa ng mga pagtitipon si Gng. Sype sa Darbyville. Nang matapos ang mga pulong noong Abril, 12 katao—karamihan ay matatanda—ang sumapi sa iglesia. Ilang lalaking tumanggap sa pananampalataya ang tumigil sa bisyo ng pagsusugal gamit ang baraha, pag-inom ng alak, at paninigarilyo; naging masinop at masusi si Gng. Sype sa paghahanda ng mga tao para sa bautismo.

Lalong lumalim ang pagkakasangkot ni Minnie Sype sa kabuuang gawain ng Kumperensya. Sa artikulong “Our Camp Meeting Symposium” na lumabas sa *Iowa Workers’ Bulletin* bago ang camp meeting at ang sesyon ng Kumperensya ng 1907, si Gng. Sype lamang ang babaeng nagsulat, kasama ng ilang lalaking ministro.

Isa sa mga tinalakay sa sesyon ng kumperensya ay ang kahalagahan ng araw-araw na pag-aaral ng aralin sa Sabbath school. Isinalaysay sa nakalimbag na ulat kung paanong natutunan ni Anna Sype na pag-aralan ang kanyang leksyon ng Sabbath school habang naglalaba, nananahi, at nag-aalaga ng kanyang mga anak. Sa ganitong paraan ng pag-aaral sa buong linggo, siya'y nakapaghanda upang magturo ng klase tuwing Sabbath. Kamakailan lamang ay nakatanggap siya ng balita mula sa isang dating miyembro ng kanyang klase; ang babaeng ito, na walang Adventistang kasama sa pamilya, ay nangingilin na ngayon ng Sabbath dahil sa kanyang natutunan sa klase sa Sabbath school. (*Flora V. Dorcas, “Conference Proceedings, Eleventh Meeting,” Iowa Workers’ Bulletin, Hunyo 18, 1907, p. 194.*)

Si Gng. Sype ay isang pinahahalagahang kasapi ng ministerial team ng kumperensya, na patuloy na ginagawaran ng lisensya bilang isang ministro; at sa Iowa, gaya ng sa Oklahoma, mas marami ang mga lisensyadong ministro kaysa sa mga naordenahan.

Lumipat ang ebanghelistang si Sype sa iba pang mga lugar. Sa Winthrop, sa loob ng maikling panahon, ay nagkaroon siya ng katuwang na isang ordenadong ministro, si Elder Edward G. Olson; ipinahayag ni Olson na siya ay katuwang ni Gng. Sype sa gawain.

Nang bisitahin niya ang kanyang mga anak na lalaki sa Stuart Academy, minsan ay si Ginang Sype ay inanyayahan na magdaos ng mga espirituwal na miting para sa mga estudyante. Isang araw ay pinakiusapan siya ng principal upang magsalita sa kapilya sa paksa ng dalisay at malinis na pamumuhay. Hindi niya naramdaman na alam niya kung ano ang sasabihin sa mga mapaghamong mag-aaral sa mataas na paaralan. Gayunman, taimtim siyang nanalangin sa Diyos na ibigay sa kanya ang kinakailangang mensahe. Sinagot ng Diyos ang kanyang panalangin, malaya siyang nakapagsalita, at nagsimula ang isang espirituwal na pagbabagong-buhay sa mga mag-aaral bilang resulta.

## Tinawag Ng Diyos

---

Ginamit ng Diyos si Gng. Sype upang maabot ang iba't ibang grupo. Natagpuan ng mga bata, kabataan, at matatanda na makapangyarihan, masigla, at kaakit-akit ang kanyang mga sermon. Ang mga nakakakilala sa kanya ay may magagandang alaala sa kanyang pagkatao at pangangaral. (Makikita sa mga liham sa may-akda mula kina: Walter A. Howe, Hendersonville, N.C., Agosto 5, 1989; Gng. Joseph S. (Lorene) Moore, Arlington, Washington, Hulyo 7, 1984; Dr. J. M. Sorenson, Riverside, California, Hulyo 15, 1984.)

Si Gng. Sype ay dumalo sa Union Conference Session na ginanap sa Minneapolis sa Tagsibol ng 1908, kung saan ang Iowa Conference Committee ay bumoto upang hilingin sa kanya na lumipat sa hilagang-kanlurang bahagi ng estado. Ang ina ni Logan, na matagal na niyang inaalagaan, ay namatay kamakailan lang, kaya malaya siyang nakalipat kasama si Minnie.

Dumating ang mag-asawang Sype sa Hawarden sa gabi ng Mayo 13, 1908, at nang gabing iyon ay dumalo agad si Gng. Sype sa isang pulong panalangin na itinatataguyod ng ilang denominasyon. Nabahala siya nang marinig ang isa sa apat na pastor na nagpapasalamat sa Diyos na magkakaroon ng mahabang panahon ng kapayapaan bago dumating ang katapusan ng panahon. Habang pinagmamasdan ang mga maimpluwensyang pastor, tinanong ni Minnie ang sarili, "Sino ba ako, at ano ang magagawa ko?" Siya'y 39 taong gulang, walang pormal na edukasyon, ngunit may ningas sa puso para sa Diyos. Habang nagtatanong kung ano ang maaari niyang gawin sa harap ng mga pastor na maraming kalamangan, malinaw na dumating sa kanya ang sagot: "Hindi sa pamamagitan ng lakas, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon." (Zacarias 4:6)

Kinabukasan habang naghahanap ng lugar na pagtatayuan ng tolda, nakasalubong ni Minnie ang ministro ng Baptist. Tinanong siya nito, "Ginagawa ninyo bang may kaibahan ang mga batas sa Bibliya?"

Sumagot si Minnie, "Isinasabuhay lang namin ang ipinapangaral ninyong mga Baptist tungkol sa batas. Ipinapangaral ninyo ang Sampung Utos; sinusunod naman namin ito."

Agad na inilipat ng pastor ang usapan sa panahon, at nanatiling maganda ang kanilang ugnayan. Naanyayahan si Gng. Sype na magsalita sa pagpupulong ng mga misyonero ng Baptist.

Nang maitayo na ng mga Sype ang kanilang maliliit na tolda at naghahanda nang itayo ang malaking tolda, may isang lalaking nagsabi na may pahintulot siyang gamitin ang mismong lugar upang magtanim ng hardin at nais na niya itong araruhin. Tiniyak ng mga Sype na may maayos silang kasunduan para gamitin ang bakanteng lote. Ngunit ang nakakalitong katotohanan ay ang kanilang kasunduan ay sa ibang tao, habang ang magsasaka naman ay may kasunduan din sa iba.

Dahil sa hindi kanais-nais na sitwasyong ito, taimtim na nanalangin ang mag-asawang Sype. Nakipagkita si Gng. Sype sa ahente ng lupa na nagbigay sa kanila ng pahintulot at inalok itong bayaran ng 5 dolyar para sa paggamit ng lote—iniisip niyang sapat na ito bilang kabayaran sa abala ng magsasaka sa paghahanap ng ibang lugar. Sinabi ng ahente na gagawin niya ang kanyang makakaya. Makalipas ang isa o dalawang araw, nagpasalamat ang mag-asawa sa Diyos nang malaman nilang pinayagan silang gamitin ang lote. (Ipinapakita ng pangyayaring ito ang paraan ni Gng. Sype sa paglutas ng mga problema: Una siyang humihingi ng gabay at tulong sa Panginoon, pagkatapos ay kumikilos ayon sa inspirasyon at talino. Mas malaki ang halaga ng 5 dolyar noong 1908 kaysa sa ngayon.)

Hindi nagtagal, naitayo na ang malaking tolda. Isang kahanga-hangang pangyayari ito na umagaw ng pansin ng buong komunidad. Subalit sa gabi matapos maitayo ang tolda sa Hawarden, tinamaan ng malakas na bagyo ang lugar at winasak nito ang malaking tolda at isa sa maliliit.

Ang saloobin ng mga Sype ay ito'y gawain ng Panginoon, at kung nais Niyang itayo uli ito, gagawin nila. Sa pagitan ng mga buhos ng ulan, minsan kahit nababasa, muli nilang itinayo ang tolda.

Isinulat ni Gng. Sype, “Nahadlangan kami ng ulan at bagyo, *ngunit ginamit namin ang mga pagkakataong dumating*, at pinagpapala kami ng Panginoon. Maganda ang aming tapang. Hindi pa naging ganito kaliwanag ang landas; at alam naming malapit nang dumating si Jesus.” (Kinuha mula sa Field Reports. Hawarden, *Iowa Workers’ Bulletin*, Hulyo 14, 1908: 2; idinagdag ang diin.)

Sa kabila ng pagtutol, sinimulan ni Minnie Sype ang mga serbisyo tuwing Sabado. Lumago ang kanyang gawain sa Hawarden hanggang sa puntong, nang isara ni James W. McComas, isa pang lisensyadong ministro, ang kanyang mga pulong dahil sa kakaunting resulta, ipinadala siya upang tumulong kay Gng. Sype.

Nang matapos ang mga pulong sa tolda, naitala ni Minnie Sype na siyam na matatanda ang tumutupad ng lahat ng utos ng Diyos. Siya at ang kanyang mga katuwang ay nagsagawa ng pag-aaral ng Biblia sa 28 pamilya bawat linggo. Patuloy na lumalago ang bilang ng dumadalo sa pagsamba tuwing Sabado. Naitatag ang isang iglesia sa Hawarden at kalaunan ay isang paaralan ng iglesia.

---

Bininyagan ni Gng. Sype ang hindi bababa sa isang tao na inihanda niya upang maging kasapi ng iglesya habang nasa Hawarden, ayon sa ulat ni Thomas Durst sa *Insight* magazine at sa mga sulat niya sa may-akda. Madalas ikuwento ng ina ni Thomas, si Lillian Durst, ang kanyang binyag sa isang tangke ng tubig ng baka na isinagawa ni Gng. Minnie Sype, isang “full-time” na ministro. (*Hango mula kay Thomas E. Durst, “A Real Lady Preacher, Insight, May 7, 1974: 2-3 (tingnan sa pahina 2 ng aklat na ito; Mula rin sa isang personal na liham at isang pangkalahatang liham na ipinadala sa may-akda ni Thomas E. Durst, Colville, Washington, May 28, 1984, Tingnan sa appendix A, 2.4.)*)

Dahil marahil sa layo ng Hawarden mula sa opisina ng kumperensya na nasa hilagang-kanlurang bahagi ng estado sa hangganan ng South Dakota, minsan ay pinapayagan si Gng. Sype ng mga namumuno sa kumperensya na siyang magbinyag sa mga kandidatong kanyang inihanda, lalo na kung walang ordinadong ministro na maaaring ipadala.

Nang hindi na kayang manguna sa pag-awit si G. Sype dahil sa sakit sa lalamunan, nanirahan siya sa bukirin ng kapatid ni Minnie sa kalapit na estado, kasama ang kanilang pangalawang anak na si James. Sa panahong ito, nalungkot si Minnie at labis niyang hinahanap ang tulong ng asawa sa pamumuno sa awitan ng mga pulong. Kalaunan ay dinalaw niya ang mag-ama at sinabi niyang nais niyang manirahan na rin sa bukid upang makasama sila. Ngunit mahigpit na tinutulan ng mag-ama ang pagsuko niya sa kanyang trabaho. Batid ng kanyang pamilya ang kanyang kaloob, at lagi nilang nais na manatili siyang aktibo sa pangangaral.

Pinalakas ng suporta ng kanyang pamilya, nagbalik si Minnie na may panibagong determinasyon. Isa itong hamon. Madalas ay ginugugol niya ang buong araw sa bahay ng mga taong interesado, dahil naniniwala siya sa kahalagahan ng personal na ugnayan; ngunit pag-uwi sa kanyang bahay, madalas siyang umiiyak bago makatulog.

Sa panahong lumipat ang pangunahing gawain ni Gng. Sype sa Cedar Rapids, pagkaraan ng ilang buwan, naging maayos na ang kalusugan ng kanyang asawa upang makasama siya roon; bumalik si James kasama ang ama. Nagsilbi si Gng. Sype bilang bahagi ng isang malaking koponan ng ebanghelistang lokal. Gayunman, paminsan-minsan ay naglalakbay siya patungong kanlurang bahagi ng estado upang patatagin ang gawaing sinimulan niya roon.

Noon pa man ay mahusay na si Gng. Sype sa pagbebenta ng mga aklat at magasin, na ginagamit niya upang ipalaganap ang kasalukuyang katotohanan at paminsan-minsan ay upang matugunan ang mga gastusin. Dahil sa kanyang karanasan, inimbitahan siyang lumahok ng ilang araw sa isang institute para sa mga canvasser noong 1908. Pinahalagahan nang lubos ang kanyang mga espirituwal at praktikal na payo kung paano gamitin ang literatura ng mga Adventista sa gawaing misyonero.

Sa Cedar Rapids, si James, na minsang naging sanhi ng pag-aalala ng kanyang mga magulang dahil sa kanyang asal, ngunit isang mahabaging bata, ay nagkaroon ng isang karanasang bumago sa kanyang buhay. Tinulungan niya ang isang pamilyang may asawang malubha ang karamdaman. Nang mamatay ang lalaki, labis itong nakaapekto kay James. Sinabi niya sa kanyang ina na nais niyang mamuhay nang mas mabuti—na ang tanging buhay na may halaga ay ang buhay ng isang Kristiyano.

Mula noon, si James ay nagtrabaho sa gabi at sinikap bayaran ang perang inutang niya sa kanyang ina.

Isang gabi, habang naghihintay si James ng tren, isang lalaking lasing ang nakipag-away tungkol sa mga bagahe. Sa kaguluhan, sinaktan nito si James ng isang malubhang dagok. Nabuhay si James nang ilang araw. Sa ospital, noong araw ng Sabado, hiniling niya sa kanyang ina na ipanalangin siya. Ipinagdasal siya ni Gng. Sype, at nanalangin din siya. Di nagtagal ay pumanaw si James noong Disyembre 10, 1911. Labis ang dalamhati ng kanyang mga magulang.

Hindi nagtagal pagkatapos ng libing ni James, nagkasakit ang kanyang ama at nagtungo sa Canada upang makasama ang mga Manfull—ang kapatid ni Minnie at ang asawa nito. Inakala ni Elder Walter L. Manfull na makatutulong ang klima roon sa kanyang kalagayan. Isa itong pagsubok para kay Minnie.

Gayunman, may mga magagandang pangyayari rin sa kanyang buhay. Nagtapos si Ross, ang panganay na anak, sa unang klase ng Oak Park Academy noong Hunyo 12, 1912. Labis ang tuwa ng mga Sype sa katalinuhan at pagiging maaasahan ng kanilang anak. Si Anna naman ay mahusay din sa paaralan.

Ang responsibilidad na siya lamang ang tagapagtaguyod sa pamilya, maliban sa anumang kayang kitain nina Ross at Anna para sa kanilang pag-aaral, ay naging patuloy na hamon kay Minnie. Lalong tumindi ang hrap nang madagdagan ito ng pagkakautang para sa maayos na libing ni James.

Ilang buwan bago ito, nang bumalik si Gng. Sype mula sa isang paglalakbay, natagpuan niyang nasunog ang kanilang tahanan at lahat ng ari-arian. Habang nagpapasalamat siya na ligtas ang kanyang mga mahal sa buhay, hinarap niya ang katotohanang ang tanging damit niya ay ang suot-suot at ang laman ng kanyang maleta. Nasunog at hindi na mapapakinabangan ang bagong amerikana at iba pang kasuotang binili niya para sa isang pulong sa simbahan.

---

Ang pagpapalit ng damit at iba pang nawalang gamit ay nagdagdag sa krisis sa pananalapi; maliit ang suweldo ni Minnie habang napakalaki ng kanyang mga gastusin. Sa loob ng ilang panahon, nagtahi siya at nagbenta ng mga sombrerong pang-araw upang madagdagan ang kita. Ngunit hindi niya gusto ang paggamit ng oras sa mga gawaing hindi tuwirang konektado sa kanyang ministryo.

May nagmungkahi na kung isusulat ni Gng. Sype ang kanyang mga karanasan sa buhay upang ipakita kung paano siya pinangunahan ng Diyos at sinamahan sa mga pagsubok, ang aklat ay maaring magsilbing inspirasyon at suporta para sa iba. Matapos pagnilayan ang mungkahi, nagpasiya siyang gawin ito. Ito ay tila angkop na paraan upang matugunan ang ilan sa kaniyang mga gastusin habang nagbibigay ng mga materyal na maaaring gamitin ng Diyos upang makatulong sa iba. Bago matapos ang 1912, handa na ang kanyang aklat para ipamahagi. Isinulat niya ito habang patuloy sa kanyang regular na gawain; isang appointment lang ang hindi niya nadaluhan dahil dito, noon malapit na ang deadline. Ang pamagat ng aklat ay *Life Sketches and Experiences in Missionary Work*. (Hango sa: Minnie Sype, *Life Sketches and Experiences in Missionary Work*, Cedar Rapids, Iowa: The Torch Press, 1912). Inirekomenda ito ng mga kawani ng kumperensya bilang mahusay na gabay sa paggawa ng gawaing misyonero. Ang kita mula sa aklat ni Gng. Sype ang nagbigay-daan kay Ross na kumuha ng mas mataas na pag-aaral sa South Lancaster Academy at kay Anna upang makapag-aral muli sa Oak Park Academy para sa taong panuruan 1912–13. Noong 1916, nirebisa ni Gng. Sype ang aklat. (Minnie Sype, *Life Sketches in Missionary Work*, Hutchinson, Minnesota: Seminary Press, 1916.)

Pagkatapos ng malaking kampanya sa Cedar Rapids, si Gng. Sype ang naiwan upang mamahala sa pagsubaybay. Inorganisa niya ang mga manggagawa at mga layko upang mamahagi ng literaturang Kristiyano, magbigay ng mga pag-aaral sa Bibliya, at magsagawa ng gawaing medikal; nagbunga ito ng mga pagbibinyag. Si James W. McComas, na tulad ni Minnie ay dating lisensyadong ministro noong tumulong ito sa kanya sa isang serye ng pagpupulong, ay naordinahan na noon; siya ang nagbinyag sa mga bagong mananampalataya. Si Minnie Sype, bilang isang babae, ay hindi maaaring makibahagi sa proseso ng ordinasyon kahit na siya ay masigasig at mabunga sa paglilingkod sa Diyos taon-taon.

Ang *Iowa Workers' Bulletin* noong Hulyo 30, 1912, ay naglalaman ng ulat tungkol sa dalawang libing na isinagawa ni Minnie Sype. Ang mga patalastas sa pagkamatay na ipinadala niya sa *Bulletin* ay mahusay na naisulat. Tinawag siyang bumalik upang pangunahan ang libing ni G. William Simpson Booton sa Fairfield, kung saan siya dating pastor. Ang isa pang pumanaw ay si Mary Greer, isang napagbagong-loob sa isa sa kanyang mga pagpupulong. Ang pangangaral ni Gng. Sype sa dalawang seremonyang ito ay nagpapakita ng kabuuang saklaw ng kanyang ministryo sa kumperensya.



Ang mga “evangelistic meeting” ay isinagawa sa malaking tolda, habang ang mas maliliit na tolda ay para sa pamilya at minsan ay sa pagbebenta ng mga aklat.



(Galing sa Kanan:) Ang ebanghelista si Minni Sype, ang kanyang asawang si Logan, ang kanilang anak na si Anna, at isang kaibigan, sa Iowa.

***Mga larawan sa kagandahang-loob ni Minita Sype-Brown.***


---

Bunga ng pagkakabigay sa kanya ng pangalan ng isang interesadong tao sa Marion, Iowa, nakapagsimula si Minnie Sype ng isang paaralang pang-Sabado doon pagsapit ng Oktubre 1912. Tuwing siya ay pumupunta upang magbigay ng pag-aaral sa Bibliya, inaanyayahan ng babae ang kanyang mga kapitbahay. Nagsimula ang paaralang pang-Sabado na may 28 katao. Kasabay nito, nagsasagawa si Gng. Sype ng mga pulong tuwing Linggo ng umaga sa kulungan ng Marion, nagbibigay ng mga artikulo sa lokal na pahayagan ng Cedar Rapids, at naghahanda para sa kampanya ng *Harvest Ingathering*. Naglalakbay din siya sa buong Iowa Conference upang palakasin ang mga simbahan.

Nang magkasakit si Elder Rudolph Schopbach, ipinadala si Gng. Sype sa Carroll, Iowa, upang ipagpatuloy ang kanyang serye ng mga pulong. Sa ilalim ng kanyang ministeryo, nabuo ang isang grupo ng mga mananampalataya sa Carroll at sinimulan ni Gng. Sype ang paggawa ng paraan upang magkaroon ng angkop na lugar ng pagsamba. Tinulungan niya ang mga kaanib upang maitatag ang lokal na mga *Home Missionary* at *Young People's Societies*. Pagsapit ng Marso 1914, naitatag ang isang simbahan at naitalaga ang gusali ng simbahan sa Carroll.

Si Evelyn Robeson Faust, na noong bata pa ay dumalo sa mga pagtitipon sa Carroll, ay sumulat tungkol sa naging epekto ng pangangaral ni Gng. Sype sa buong pamilya nila. Hindi lamang tinanggap ng kaniyang ama ang pananampalatayang Adventista dahil sa pangangaral ni Gng. Sype, kundi lubos din siyang naniwala sa kahalagahan ng edukasyong Kristiyano. Sa tatlong bahay na kanilang tinirhan pagkatapos noon, handang isakripisyo ni G. Robeson ang paggamit ng isang silid ng pamilya upang doon isagawa ang paaralang pansimbahan. Nais niyang matiyak na hindi lamang ang kaniyang mga anak na babae kundi pati na rin ang lahat ng iba pang batang Adventista sa Carroll ay magkakaroon ng edukasyong Kristiyano. (*Hango sa isang sulat kay Evelyn Robeson Faust, Cerritos, California, Hulyo 27, 1984. Tingnan ang Apendiks A, 2.5.*)

Noong tag-araw ng 1914, sapat na ang paggaling ni L. P. Sype upang makabalik mula sa Canada at makipagtulungan sa kanyang asawa sa isang gawaing ebanghelismo sa Lake City, Iowa, sa gitnang-kanlurang bahagi ng estado. Si Bessie Scism, isang manggagawa sa pag-aaral ng Biblia, ang bumuo ng kumpletong grupo. Nakatagpo ang mag-asawang Sype ng lote malapit sa sentro ng Lake City, isang pamayanang may humigit-kumulang 2,000 katao. Malapit doon ay may iba pang mga atraksyon: ang sinehan, isang bulwagang ginagamit para sa mga lektura ng chautauqua, at mga palabas na naglalakbay. Ngunit dahil naniniwala sina Minnie Sype at ang kanyang mga katuwang na may ipinagagawa sa kanila ang Diyos sa Lake City, nagtiwala sila sa kanilang Amang nasa langit na Siya ang magpapakadala ng mga tao sa kanila sa kabila ng matinding kompetisyon.



---

Ang pangangaral ni Gng. Sype ay nagbunga ng malaking interes. Ang tolda sa Lake City ay madalas mapuno, umaabot hanggang 250 katao ang dumadalo. Ang mga pagpupulong ay ginaganap gabi-gabi sa loob ng isang linggo, kabilang na ang ika-apat ng Hulyo. Kailanma'y hindi pa nakuha ni Minnie ang ganoong matinding atensyon mula sa mga nakikinig gaya ng sa Lake City, at ang mga babasahing ipinamahagi niya sa bawat paksa ay nagkaroon ng bukas na pagtanggap. Bilang bunga, nagsimula sina Gng. Sype at ang kanyang mga katuwang ng isang paaralang pang-Sabado na may 25 hanggang 32 katao ang dumadalo.

Si Gng. Sype ay patuloy pa ring namumuno sa gawain sa Carroll; si G. Sype ay naroon din, namamahagi ng mga babasahin. Isang manggagawang tagapag-aral ng Biblia ang nagsasagawa ng pagbisita sa bawat bahay sa Lake City. At ngayon, ilang miyembro mula sa Grant City ang nakiusap kay Gng. Sype na muling buhayin ang gawaing Adventista sa bayang iyon na malapit sa Lake City.

Sa Grant City, nagsagawa ng mga pagpupulong si Gng. Sype sa bakuran ng simbahan na katabi ng lupain ng pamilyang Pelmulder. Si Dorothy Pelmulder, isang batang babae na 12 o 13 taong gulang, ay tumanggap ng mensahe ng Adventista del Septimo Dia sa mga pagpupulong na iyon. Siya ay bininyagan ni Minnie Sype bilang bahagi ng bunga ng mga pagpupulong sa Lake City at Grant City. Ang binyagan ay ginanap sa Ilog Racoon noong 1914. Ang anak ni Dorothy Pelmulder Blaine Kistler, si Joy Estes, at ang manugang niyang si Mariel Jean Blaine, ay nagbigay ng dokumentasyon. (*Mariel Jean Blaine, Redlands, California, mga liham sa may-akda noong Hulyo 28 at Oktubre 15, 1984 [tingnan ang appendix A, 2.6]; C. Joy Estes, Los Angeles, California, pakikipag-usap sa telepono sa may-akda noong Enero 16, 1989; tingnan ang appendix A, 2.7*). Bukod sa binyag, isa pang alaala na gustong ibahagi ni Gng. Kistler ay kung paanong si Gng. Sype, kapag nagsasalita tungkol sa mga Katoliko, ay nagiging masigla at minsan ay pinapadyak ang kanyang paa sa sahig.

Si Hazel Halverson, na dumalo rin sa mga pagpupulong sa Lake City at sa binyagan sa ilog, ay inilarawan si Gng. Sype bilang isang kawili-wiling tagapagsalita na may kaakit-akit na personalidad, isang malaking babae na may tindig at dangal. (*Mula kay Hazel Halverson, pakikipag-usap sa telepono sa may-akda, Hunyo 18, 1989*.)

Noong 1914, si Ross Sype ay isa nang ministro sa Iowa Conference, kasama ang kanyang ina. Itinalaga sila ng pamunuan ng kumperensya upang maglingkod nang magkasama; silang dalawa ang naitalagang mamahala sa gawain sa Dennison, Carroll, Lake City, at Rinard, kung saan bawat isa sa kanila ay nangangaral sa dalawang iglesia tuwing Sabado. Noong Hulyo 1915, iniulat ni Minnie Sype na halos 300 katao ang dumalo sa "tent meeting" na idinaos nila ng kanyang anak sa Rinard.



---

Sa panahon ngayon ay dumarating ang mga tao sa mga pagpupulong gamit ang mga sasakyan. Sa 1915 Iowa camp meeting, nagtayo ng malalaking tolda upang maprotektahan ang mga bagong sasakyan. (*Mula sa Iowa Workers' Bulletin, Mayo 18, 1915: 4.*)

Noong Hulyo 1915, namatay si Ellen Harmon White sa California sa edad na 88. Lahat ng ministeryo ni Minnie Sype hanggang sa panahong iyon ay sabay na isinagawa sa panahon ng ministeryo ni Gng. White (kabanata 7).

Hindi lamang si Gng. Sype ang babaeng abala sa organisadong gawain ng iglesia sa Iowa noong panahong iyon. Sa halalan para sa mga opisyal ng kumperensya noong 1915, muling nahalal si Gng. Flora Dorcas bilang kalihim ng kumperensya, si Meta Peterson ay naging kalihim ng larangang misyonero, at magkasama silang humawak ng posisyon bilang kalihim ng Sabbath school. Bukas ang mga administrador ng Iowa Conference sa paggamit ng kakayahan ng mga kababaihan sa ministeryo.

Si Minnie Sype ay naging “home missionary secretary” para sa Iowa Conference noong Hunyo 1916. Dahil nais niyang mahikayat ang mga tao na maglingkod sa Panginoon, pinasalamatan niya ang Diyos sa pagkakataon. Sa mga simbahan sa Iowa, nakita niya ang kahandaang maglingkod ng mga miyembro.

Sinabi sa akin ni Elder Walter A. Howe kung paanong, noong siya ay bata pa, pinahalagahan niya ang pagbisita ni Gng. Sype sa kanilang lokal na iglesia sa Des Moines sa panahong iyon. Ang pagiging babae niya ay tila hindi naging isyu sa kongregasyon. Kinilala siya bilang isang taong may awtoridad. (*Mula sa isang liham sa may-akda ni W. A. Howe, Hendersonville, N.C., Agosto 5, 1985. Tingnan ang apendiks 2.1.*)

Matapos ang apat na matagumpay na taon sa gawaing misyonero sa tahanan sa Iowa, lumipat si Minnie Sype patungong kanluran upang gawin ang kahalintulad na gawain sa Estado ng Washington at pagkatapos ay sa Upper Columbia Conference, 1920-1926.

Si G. Sype, matapos ang ilang taon ng karamdaman, ay namatay noong 1925. Lubos na nagdalamhati ang kanyang balo sa pagkawala ng kanyang asawa at matalik na kaibigan. Marami silang matatamis na karanasan na pinagsaluhan sa ministeryo, magkasamang hinarap ang mabibigat na pagsubok, at sinuportahan ang isa’t isa sa buong panahong sila’y magkasama.

Lumipat si Gng. Sype patungong silangan upang manguna sa isang “evangelistic effort” sa East Pennsylvania Conference, pagkatapos nito ay naglakbay siya bilang “circulation manager” ng *Watchman* magazine (Southern Publishing Association, Nashville, Tennessee) sa mga taong 1926–1927. Pagkatapos ay bumalik siya sa Hilagang-Kanluran at mula 1927 hanggang sa kanyang pagreretiro noong 1930 ay naging aktibo sa pangangaral at gawaing pangdistrito sa Upper Columbia Conference. Sa panahon ng kanyang pagreretiro, siya ay 61 taong gulang lamang at nangangasiwa ng apat na iglesia.

Ang kanyang pagreretiro bilang ministro ay dahil sa kanyang muling pag-aasawa: noong Nobyembre 10, 1930, pinakasalan niya si G. Benjamin Attenberry. Tila’t agad na hiniling ng mga administrador ng iglesia na siya ay ilagay sa sustentation, sapagkat ang kanyang aplikasyon para dito ay may petsang isang buwan pagkatapos, Disyembre 13, 1930. Medyo nasaktan si Minnie at may sapat siyang dahilan upang madama iyon. Ayon sa kanyang mga tugon sa “application form,” malinaw na kailangan pa niya ang kanyang suweldo at itinuturing niyang kaya pa niyang maglingkod at kumita ng nararapat.

4. Kung ang iyong kabayaran ay sa pamamagitan ng suweldo, ilagay ang huling "rate" kada linggo.  
\$25.00. Kailan? *Ngayon.* Saan? *Upper Columbia.*
5. Ano ang pinakamataas na "rate" ng suweldo na natanggap mo sa trabahong ito? \$32.00 Kailan? *Hanggang 3 taong nakalilipas.* Saan? *Washington & Upper Columbia.*
16. Mayroon ka bang sariling bahay? *Wala, ang aking asawa ay may 40 "acres" ng lupa ngunit walang mga pagpapaunlad na maituturing.*
17. Ilahad ang halaga ng iyong ari-arian. *Wala akong ari-arian.*
18. Mayroon ka bang independiyenteng kita, pensyon, atbp.? *Wala.*
- 20.** Iba pang Impormasyon o Mungkahi.  
Si G. Atteberry ay 62 taong gulang. Mayroon siyang kotse at 40 "acres" ng lupa ngunit walang mga pagpapaunlad na maaaring ipagmalaki. Mahal niya ang katotohanan at handang ilaan ang kanyang oras upang tulungan ako at magbenta ng mga aklat.  
Bilang sagot sa tanong na, "Hanggang saan ka pa may kakayahang maglingkod sa mensahe?" isinulat niya, "Sa tingin ko ay may sapat pa akong kakayahan."

Ang sumusunod ay bahagi ng seksyon ng "Sustentation form" na pinunan ng kumperensya:

1. Kailan napagpasyahan ng inyong Komite o Lupon na ang aplikante ay naging hindi na karapat-dapat para sa aktibong gawain? *Disyembre 9, 1930.*

Walang indikasyon na ang "aplikante" ay naging "hindi na karapat-dapat para sa aktibong gawain," maliban sa pag-aasawa ng isang lalaki na, ayon sa mga kapatid, ay inaasahang makakasuporta sa kanya. Katulad ng kaso ni Gng. Williams (kabanata 1), ang kabayaran ay may kinalaman sa katayuang may asawa at hindi laging base sa aktwal na trabahong ginawa. Si Gng. Sype-Atteberry, na isang suwelduhang lisensiyadong ministro mula pa noong 1902, ay "iniretiro" sa edad na 61, habang patuloy pa ring nagtatrabaho at tila nasa mabuting kalusugan, bagama't ang mag-asawa ay walang maaasahang matatag na kita maliban sa trabaho ni Gng. Sype-Atteberry. Sampung dolyar sa isang linggo ang inilaan bilang kanyang sustentasyon. (*Hango sa Sustentation Fund Application, Mrs. Minnie Sype-Atteberry, Disyembre 13, 1930. General Conference Archives.*)

Hindi tumigil si Minnie Sype-Atteberry sa paggawa ng gawain ng Panginoon. Maningning ang alaala ng kanyang ministeryo sa hilagang-kanluran, bago at pagkatapos ng kanyang opisyal na pagreretiro. (*Hango sa liham kay may-akda mula kay Gng. Hilda West, So. Cle Elum, Washington, 1984. Tingnan ang apendiks A, 2.8.*) Patuloy na may lisensya bilang ministro, naglingkod si Gng. Sype-Atteberry sa Washington, Florida, at Bahamas. (*Liham mula kay Minita Sype-Brown, Key Largo, Florida, sa may-akda, Oktubre 29, 1984. Tingnan ang apendiks A, 2.9.*)



Si Minnie Sype, ay lisensiyadong ministro, 1902-1956 sa malawak na kalat-kalat na estado kabilang ang Teritoryo ng Oklahoma, Iowa, Estado ng Washington, at ang Bahamas. Ang larawang ito ay kuha matapos siyang lumipat sa Hilagang-kanluran.

*Larawan sa kagandahang-loob ni Minita Sype-Brown.*

---

Pumanaw si G. Atteberry noong Setyembre 6, 1944, at kalaunan ay nag-asawa si Minnie kay Asa Crippen. Isa sa kanyang mga inapo ang nagsabing ang kanyang mga huling pag-aasawa ay pangunahing ginawa upang matulungan ang kanyang pinakasalan, at malamang ay may malakas na katotohanan sa pahayag na ito. Ang kanyang mga huling lisensya sa ministeryo ay ibinigay sa pangalang Gng. Minnie S. Crippen.

Ang naunang ministrong ito na isa ring maparaang maybahay ay naglingkod sa kanyang Panginoon bilang ebanghelista, pastor, kalihim ng departamento, at tagapamahala ng sirkulasyon ng mga publikasyon sa loob ng 28 taon ng pormal na ministeryo, na pinangunahan ng mga taon ng aktibong ministeryong layko at sinundan pa ng mga taon ng aktibong pagreretiro. Namatay siya noong Hunyo 23, 1956, sa Portland, Oregon, sa edad na 87. Hindi bababa sa sampung iglesia ang naitatag dahil sa kanyang pagsusumikap. (*Mula sa liham ni Anna Gregg Hamlin (anak ni Minnie Sype) sa may-akda noong Hulyo 2, 1984:*) “Maraming simbahang naitatag ni Inay...[Sa Oklahoma] may hindi bababa sa lima...[Sa] Iowa...naaalala kong nagtayo siya ng mga bagong simbahan sa Carroll, Lake City, Calmar, at Hawarden. ...Itinayo rin niya ang simbahan sa Denison, Iowa.” *Siya ay lisensiyadong ministro sa loob ng 54 na taon (1902–1956).*

Sa kabila ng mga paratang, kahirapan, at pagkawala ng mga mahal na kapamilya, ang babaeng ito na punô ng pananampalataya ay “ginamit ang mga pagkakataong dumating sa kanyang landas.” Isang pambihirang pamana ng buhay at ministeryo ang kanyang iniwan.

Ang ating pamahalaan ay isang sibilyan at hindi pangrelihiyon. Ito ang pinakadakilang pamahalaan sa kasaysayan ng mundo. Huwag nawang baguhin ang napakagandang sistema na kung saan ang lahat ng tao ay malaya.

—Lulu Wightman 1909



## Ministro sa mga Lehislatura

Lulu Wightman

*Lisensyadong ministro 1897 hanggang 1907, 1909  
hanggang 1910*

*Ordinadong ministro noong 1908*

Ang ministeryo ay tila isang marapat na panawagan para sa isang kabataang babae na si Lulu Russell, na ang dalawang nakatatandang kapatid na lalaki ay mga natatanging ministro at tagapangasiwa ng Iglesia Adventista: si Elder Edgar T. Russell, pangulo ng Central Union Conference ng mga Seventh-day Adventist, at si Elder Kit C. Russell, unang pangulo ng Chesapeake Conference.

Bilang isang batang may asawa, naranasan ni Lulu Wightman ang pagtawag sa gawaing ebanghelismo. Palagi siyang pinalalakas ng loob ng kanyang asawang si John. Pinag-usapan ng mga pinuno ng iglesia kung paano maisasakatuparan ni Lulu Wightman ang kanyang panawagan.

Hindi lahat ay sabik na tanggapin ang isang kabataang babae sa ministeryo. Noong 1896, si Elder John W. Raymond, isang kilalang ministro sa New York Conference, ay pumayag nang hilingin ng pamunuan ng kumperensya na isama si Lulu Wightman sa kanyang pangkat ng ebanghelistiko sa Cuba, New York. Gayunman, sa kanyang nakasulat na alok, nakasaad na habang makatatanggap si Lulu ng kaunting kabayaran para sa kanyang paglilingkod, wala namang matatanggap ang kanyang asawa. (Hango sa sulat ni J. W. Raymond, Cuba, Allegany Co., N.Y., para kay Phineas Kinne, Hunyo 16, 1896. Tingnan ang Apendiks A, 3.1.)

Agad na tumugon si Lulu na sila ng kanyang asawa ay handang sumama sa pangkat ng pagtotolda ngunit hindi nila ito kayang gawin kung walang kabayaran para sa trabaho ni John Wightman. Ipinaliwanag niyang hindi kayang tumigil sa trabaho si John sa buong tag-init; at ang iniaalok sa kanya ay hindi sapat upang mapakain at matustusan silang mag-asawa. *(Ikinuwento ni Elder J. W. Raymond ang nilalaman ng liham ni Lulu Wightman sa kanyang sulat kay Kapatid na Phineas Kinne [1896]. Tingnan ang Apendiks A, 3.2.)*

Noong nakaraang Linggo ng gabi, sinimulan ni Lulu ang isang gawaing ebanghelistiko sa Hornellsville, New York. Si John, na dating patnugot ng pahayagan, ang siyang nag-anunsyo ng serye sa mga lokal na diyaryo. Malugod nilang tinanggap ang ilang kilalang mamamayan sa kanilang unang pagtitipon ng Linggo ng gabi. Napagpasyahan nilang ipagpatuloy ang gawain sa Hornellsville.



---

Sumulat si Elder Raymond sa ingat-yaman ng kumperensya na siya'y tutol sa pagpasok ni Lulu sa gawaing ministeryal. Gayunman, sa parehong liham ay sinabi rin niyang dapat tustusan ng kumperensya ang gastusin sa biyahe ni Gng. Stowe, asawa ng isang ministro, patungo at pauwi mula sa gawaing ebanghelistiko; ayon sa kanya, ito'y makatarungan at alinsunod sa ginintuang tuntunin. Ang posibilidad na maaaring ipatupad ang ginintuang tuntunin sa kaso ng isang asawang lalaki na ang kanyang kabiyak ay tinawag sa gawaing ministeryal ay waring hindi pumasok sa kanyang isipan.

Samantala, si Lulu Wightman ay nangaral sa Hornellsville. (Hango kina John S. at Lulu Wightman, "Hornellsville," *New York Indicator*, Agosto 12, 1896, 3.) (Tingnan ang Apendiks A, seksyon 3.3.) Malaking bahagi ng mga detalye para sa kabanatang ito ay kinuha mula sa pahayagang pang-simbahan na *New York Indicator* at mga liham mula sa New York Conference, na parehong matatagpuan sa General Conference Archives. Hindi gaanong kapana-panabik ang lugar na ito para sa isang ministeryal na gawain. Walang kasapi ng mga Seventh-day Adventist sa nasabing lugar na maaaring tumulong sa mga pagpupulong, at tila wala ring gaanong interes ang mga residente sa usaping panrelihiyon. Gayunpaman, buong galak na ipinahayag ni Lulu ang magandang balita ng ebanghelyo at ipinakilala ang pananaw ng mga Adventista sa daigdig habang ang kanyang asawang si John ay naging aktibo sa pagpapalaganap ng impormasyon ukol sa gawain. Sa paglipas ng mga linggo, sa halip na kumonti ang dumadalo, ito'y lalo pang dumami hanggang sa mapuno ang bulwagan. Tatlo sa mga dumalo ang nagsimulang tumalima sa pagsunod sa Sabbath, habang ang ilan naman ay nagpakita ng interes.

Sa puntong ito, ipinadala sina Elder Raymond at Stowe mula sa Cuba, kasama ang kanilang grupong magto-tolda, upang ipagpatuloy ang gawain sa Hornellsville. Ang mag-asawang Wightman, na lubos ang dedikasyon sa pagpapalaganap ng ebanghelyo at ng mensahe ng paghuhukom sa mga lugar na hindi pa nararating, ay lumipat sa Gas Springs. Dito nagsimula si Lulu ng mga pagpupulong noong Setyembre 15, 1896. Bunga ng seryeng ito, naisulat ng mag-asawa sa *Indicator* na "labinlimang mamamayan dito, na itinuturing na kabilang sa pinakamahasag, ay buong tibay na yumakap sa katotohanan." (John S. at Lulu Wightman, "Gas Springs," *New York Indicator*, Nobyembre 4, 1896, 2). Muli nilang pinatunayan ang kanilang kakayahan na makaakit ng mga edukado at iginagalang sa lipunan na maging bahagi ng pananampalatayang Adventista.

Ang kabataang babae, na noon ay pinagdududahan ni Elder Raymond sa pagiging karapat-dapat sa ministeryo, ay pinagpala ng Diyos sa pamamagitan ng mga bunga ng kanyang gawain. Hindi nagtagal, si Elder Raymond na isang ordinadong ministro ay ipinadala upang organisahin ang isang samahang binubuo ng 26 na kasapi sa Gas Springs, New York, isang bunga ng pangangaral ni Lulu at ng masigasig na suporta ng kanyang asawa. Iniulat ni Elder Raymond na ang mga kasapi ay puno ng tapang at may matatag na pananampalataya. ("Items," *New York Indicator*, December 30, 1896, 4)

## Ministro sa mga Lehislatura

---

Noong tag-araw ng 1897, muling nangaral si Lulu Wightman sa isang interdenominational na simbahan sa Wallace. Ang pagpupulong ay naging usap-usapan sa buong nayon na may 300 katao. Nagdala ang mga lokal na simbahan ng isang mangangaral mula sa labas na kilalang “antinomian” (na nagtuturo laban sa batas moral, batay sa paniniwalang pananampalataya lamang ang daan sa kaligtasan) upang tutulan ang mga Adventista sa mensahe ng Sabbath. Inanyayahan ng mag-asawang Wightman ang pangulo ng kanilang kumperensya, si Elder Albert E. Place, upang tumulong sa pagharap sa oposisyon.

Sa araw ng debateng naganap, ang “interdenominational” na simbahan na may kapasidad na 350 katao ay punung-puno, habang ang iba ay nakatayo na umabot sa walo hanggang sampung hanay sa labas ng mga bintana. Napakataas ng tensyon. Mainit na tinanggap ang presentasyon ng mga Adventista. Nagpasalamat ang mag-asawang Wightman sa Diyos sa tagumpay na ito ng katotohanan at agad nilang sinundan ng masigla at epektibong gawain ang interes na nabuo mula sa debate. Hindi nagtagal, isang samahan ng 14 na mananampalataya ang naitatag sa Wallace. (Albert E. Place, “Wallace,” *New York Indicator*, Hulyo 21, 1897, 2–3; John S. at Lulu Wightman, “Wallace,” *New York Indicator*, Hulyo 28, 1897, 3)

Ipinamalas nina Lulu at John Wightman ang siglang dulot ng kanilang kabataan at pagmamahal sa kanilang gawain. Sa mga unang taon, bahagi ng pondo para sa mga pagpupulong ni Lulu ay sila mismo ang nangalap, sa tulong at pagpapala ng kanilang pangulo ng kanilang kumperensya, na nagpuri sa kanilang masigasig na gawain.

Si Elder Stephen M. Cobb, isa sa mga ministro ng New York Conference, ay hayagang nagpahayag ng kanyang pagpapahalaga sa gawain ng mga kababaihan sa ministeryo. Sa isang liham para sa pangulo ng kumperensya, pinuri niya ang mga Bible worker, na halos puro kababaihan, dahil sa kanilang malaking kontribusyon sa ministeryo ng simbahan. Buo rin ang kanyang pagtatanggol kay Lulu Wightman, ang tanging babaeng ebanghelista sa kumperensya, bilang isang kasangkapan ng Diyos na karapat-dapat maghayag ng katotohanan. Iginiit niya na kayang gawin ng isang mahusay na babaeng manggagawa ang mga nagagawa ng pinakamahusay na lalaking ministro sa kumperensya.

“Suriin ninyo ang gawain ni Kapatid na Lulu W.,” hamon niya.

Mas marami pa siyang nagawa sa loob ng nakalipas na dalawang taon kaysa sa sinumang ministro sa estado, ngunit tila itinatayo siya ng kumperensya at ayaw kilalanin bilang karapat-dapat na maglahad ng katotohanan: kahit na sa totoo lang, mas magaling pa siya kaysa sa mga sumasalungat sa kanya. (Alam nyo kung sino ang tinutukoy ko.)”

---

Bilang miyembro ng executive committee ng kumperensya, sinuri ni Elder Cobb ang tatlong lalaking kandidato para pagkakalooban ng “ministerial credential” at inaprubahan ang dalawa. Dagdag pa niya, “Sang-ayon din akong bigyan ng lisensya si Kapatid na Lulu Wightman upang mangaral, at naniniwala akong wala namang dahilan para hindi siya bigyan.” May pag-aalinlangan man, iminungkahi rin niyang maaaring bigyan ng lisensya ang asawa ni Lulu, depende kung ang ministeryo ba talaga ang buhay-gawaing itinuturing niyang tinawag siya ng Diyos upang maglingkod. (*Halaw sa liham ni Elder S. M. Cobb, Lockport, N.Y., hanggang Elder A. E. Place, Roma, N.Y., Agosto 6, 1897.*)

Noong 1897, isinilang ang isang malusog at magandang sanggol na babae kina Lulu at John Wightman, at ang mga magulang na nagpapasalamat ay pinangalanan siyang Ruth. Bagaman nagkaroon ng pisikal na panghihina si Lulu pagkatapos manganak, maraming nanalangin para sa kanya at hindi nagtagal ay bumalik siya sa dating sigla.

Makikita kung gaano kahalaga ang papel ni Lulu sa ministeryo ng mag-asawang Wightman mula sa ulat ng ika-36 na taunang “business meeting” ng New York Conference na ginanap sa Syracuse noong Setyembre 1897. Nang ipakilala ng pangulo ng kumperensya na si Elder Place ang bagong Gas Springs Church sa mga delegado, sinabi niyang ang matibay na samahang ito ng mga bagong mananampalataya ay “naitatag sa pamamagitan ng pagsisikap ni Kapatid na Lulu Wightman at ng kanyang asawa.” (*William A. Westworth, “New York Conference Proceedings,” New York Indicator, October 6, 1897, 1*)

Ang pahayag na si Lulu ang pangunahing dahilan sa pagtatag ng bagong grupo, habang ikalawa lamang ang pagbanggit sa kanyang asawa, ay hindi nangangahulugang minamaliit si John Wightman. Sa katunayan, may angking kakayahan siya sa paggawa ng mga pabatid ng pagpupulong at mga sulatin tungkol sa mga doktrinang itinuturo nila at pagpapalaganap nito sa mga pahayagan. Dati siyang “city editor” ng mga pahayagan at manunulat sa mga lingguhang babasahin. Nagpatuloy ang kanyang tagumpay bilang manunulat sa buong panahon ng ministeryo ng kanyang asawa at ng kanyang sariling ministeryo.

Noong Setyembre 1897, opisyal na pinagkalooban si Lulu Wightman ng “ministerial license” sa unang pagkakataon sa parehong pagpupulong kung saan tinanggap ang Gas Springs Church sa kumperensya. Hindi nakatanggap ng lisensya si John Wightman.

Noong Nobyembre, nagsimula si Gng. Wightman na mangaral sa nayon ng Avoca. Sa buong serye ng kanyang mga pagpupulong, napakarami ng dumalo gabi-gabi, at maliban sa isang gabing masama ang panahon, may 50 hanggang 100 katao ang hindi na makapasok, kahit na tumayo lamang.

Ang Avoca ay tatlong milya ang layo mula sa Wallace, kung saan nakapagtatag sina Lulu at John Wightman ng isang grupo ng 14 na mananampalataya. Patuloy na inilalaan ni Lulu ang bahagi ng kanyang lakas sa Wallace, kung saan siya ang namuno sa mga pagsamba tuwing araw ng Sabado. Nadama niya ang presensya ng Espiritu ng Panginoon, at unti-unting lumago ang bilang ng dumadalo tuwing Sabado hanggang umabot ito sa 42.

Isang ministro ng Presbyterian, si Elder Samuel W. Pratt, na nakarinig sa pangangaral ni Lulu Wightman, ay sumulat kay John Wightman upang ipahayag ang kanyang pagtutol, batay sa Biblia, sa isang babaeng nangangaral sa pulpito. Sa kanyang tugon, sinuri ni Ginoong Wightman ang konteksto ng pagkakasulat ng 1 Corinto 14:34—ang talatang binanggit ng ministro—at ipinunto ang kaguluhang umiiral noon sa simbahan sa Corinto. Upang maitama ang pang-aabusong ito, sumulat si Pablo ng mga tagubiling akma lamang sa panahon at lugar na iyon.

Binigyang-diin pa ni John Wightman na ang diwa ng ugnayan ng lalaki at babae ayon sa Biblia ay pagkakapantay-pantay. Sa paningin ng Diyos, ang lalaki at babae ay pantay, bawat isa ay may sariling tungkulin ayon sa layunin ng Diyos. Tungkol sa papel ng lalaki, sinabi niyang ito ang binigyan ng "pamumuno" (1 Timoteo 2:12), kaya hindi dapat ang babae ang mangibabaw sa pamumuno sa simbahan. Ngunit ayon sa kanya, wala siyang nakikitang problema rito, dahil hindi naman kinukuha ng kanyang asawa ang awtoridad sa kanya o sa simbahan.

Matapos nito, tinanong niya ang ministro kung bakit, kung ipinatutupad talaga nila ang 1 Corinto 14:34 sang-ayon sa kanyang interpretasyon, ay pinapayagan pa ring magsalita ang mga kababaihan sa kanilang sariling mga simbahan ng Presbyterian? Kinuwestiyon ni John Wightman ang pagiging makatarungan ng pagbatikos sa pangangaral ng kanyang asawa, samantalang pinapayagan namang magpatotoo sa kabutihan ng Diyos ang mga babaeng Presbyterian sa kanilang simbahan.

Bumalik si Kapatid Wightman sa mga kasulatang batayan ng kanyang argumento. Tinukoy niya ang tagubilin ni Apostol Pablo tungkol sa pananamit ng mga babaeng nananalangin at nagpapahayag ng propesiya sa harap ng madla (1 Corinto 11:5, 6, 13), isang patunay na ang mga babae ay aktibong nananalangin at nagpapahayag sa mga pagtitipon. Itinuro rin niya ang mga babaeng tapat sa ministeryo na binanggit ni Pablo sa Roma 16:1–15. Sinabi rin niyang si Priscila ay nagturo kay Apolos (Mga Gawa 18:24–26), at ang apat na anak na babae ni Felipe ay pawang mga propetisa (Mga Gawa 21:9). Binanggit din niya ang Mga Gawa 2:17–18, kung saan inulit ang hula ni Joel na ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa lahat ng tao ng walang diskriminasyon, lalaki man o babae.

Malinaw na pinag-isipan nang mabuti ni John Wightman ang usapin tungkol sa kababaihan sa ministeryo. Kanyang ipinagdiriwang ang pagbabalik-loob ng mga kalalakihan at kababaihan kay Kristo sa pamamagitan ng pangangaral ng mga kababaihan.

Sa pagtatapos ng kanyang liham, ibinahagi niya ang kanyang obserbasyon: na sa panahong maraming lalaking ministro—na tumatanggap ng hanggang \$50,000 na taunang sweldo—ay nabigong ipahayag nang buong tapang ang kasalanan ng tao at nakaligtaang ituro ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng mundo bilang tunay na lunas, tila nararapat na para sa mga kababaihan na magsimulang mangaral ng Salita. “Ang katotohanang ang presensya ng Panginoon ay nagbibigay ng kapangyarihan at lakas sa ganitong mga tapat na kababaihan,” pahayag ni John Wightman, “ay makikita ng lahat ng mga hindi tumitingin gamit ang ‘smoked glass’.” (Hango mula sa liham ni John S. Wightman, Avoca, N.Y., para kay S. W. Pratt, Campbell, N.Y., Disyembre 15, 1897.)

Bagaman maraming tao ang nakiusap kay Gng. Wightman at sa kanyang asawa na manatili, sumulat si Gng. Wightman sa pangulo ng kumperensya upang hilingin na magpadala ng isang tao sa Wallace upang ipagpatuloy ang interes na nabuo ng kanyang mga pulong, upang siya ay makapagpatuloy sa ibang lugar. Naramdaman niyang mas mainam na magsagawa ng mga pulong sa ibang bahagi ng rehiyon at bumalik paminsan-minsan. Kailangan din talaga ng isang ordinadong ministro upang maitatag ang bagong iglesia. Isinulat din ni Gng. Wightman na ayaw niyang masyadong hangaan ng mga tao, na nagpapakita ng kanyang kamalayan sa paulit-ulit na problema ng sobrang paghanga sa mga ebanghelista. (*Hango sa isang liham ni Gng. Lulu Wightman, Wallace, N.Y., para kay Eld. A. E. Place, Rome, N.Y., Enero 31, 1898.*)

Di-nagtagal, apat pang tao sa Avoca ang tumanggap sa mga katotohanang mula sa Biblia na itinuro ni Gng. Wightman at mainit silang tinanggap sa samahan ng mga Adventista. Dalawa sa kanila ay mga retiradong magsasaka na may-kaya at kilala sa komunidad.

Noong 1899, dumating ang isang paanyaya mula sa Corning Company na may matinding pananabik, na animo'y isang panawagang tulad ng sa Macedonia. Nakiusap ang mga miyembro kay Gng. Wightman na tulungan silang maabot ang mga tao sa kanilang komunidad gamit ang ebanghelyo; tila naniniwala silang ito na ang tamang panahon. Humiling si Gng. Wightman na hindi muna ito tanggapin sapagkat abala na siya sa dalawang lugar, sa Avoca at Wallace; tila imposibleng makagawa pa ng karagdagan sa panahong iyon.

Ngunit dumating pa ang isa pang liham, mas mariin kaysa sa una. Ayaw tanggapin ng mga mananampalataya sa Corning ang tugong “hindi.” Nang siya ay pinakilos ng Banal na Espiritu na siya’y dapat tumungo kahit panandalian lamang, pumayag si Lulu na manatili mula Biyernes hanggang Lunes ng umaga sa Corning. Nagsalita siya ng apat na beses sa maikling panahong iyon; punung-puno ang bulwagan sa bawat sermon, at may mga taong pumuwesto pa sa paligid ng pulpito.

Dumalo rin ang mga indibidwal na hindi naaabot ng mga naunang pagtitipon ng mga lokal na miyembro. Maliwanag na ang Espiritu ay kumikilos.

Ang mabungang paglalakbay ni Gng. Wightman sa Corning ay naisakatuparan nang walang gastos sa kumperensya. Nagsagawa si Lulu ng isang koleksyon na hindi lamang sumaklaw sa lahat ng gastusin kundi may sobra pang \$3.02 na isinama niya sa kanyang ulat.

Hinimok ni Lulu ang pamunuan ng kumperensya na magpadala ng isang ministro sa Corning upang ipagpatuloy ang interes na nabuo sa kanyang mga pulong. Ayaw niyang lumayo ang mga matatalino at interesado nang mga bagong nananampalataya. (*Hango sa isang liham ni Gng. Lulu Wightman, Wallace, N.Y., para kay Eld. A. E. Place, Pebrero 7, 1898.*)

Upang maalagaan ang batang si Ruth, kung minsan ay kumukuha si Gng. Wightman ng tagapag-alaga mula sa bayan kung saan sila nakatira. Mas gusto niya, gayunman, na isang miyembro ng iglesia ang sumama sa kanilang pamilya sa paglalakbay at maglingkod bilang kapalit ng pagkain at gastusin sa biyahe.

Patuloy na nagpalipat-lipat si Lulu Wightman sa mga bayan ng North Cohocton, Brocton, at pagkatapos ay sa Sheridan, nang walang reklamo. Ang “huling mensahe ng babala” ay kailangang maipahayag sa lahat ng dako.

Sunod na ipinadala si Gng. Wightman sa Silver Creek, kung saan inayos niya ang ang pagpupulong sa isang maluwag at may carpet na bulwagan sa gitna ng bayan, na may kasamang pampainit at ilaw sa halagang dalawang dolyar lamang sa isang linggo. (*Lulu Wightman, “Sheridan,” New York Indicator, Oktubre 12, 1898, pahina 1-2. Tingnan sa appendix A, 3.4.*)

Hiniling niya sa mga kaanib ng iglesia sa kumperensya na magpadala ng kanilang mga babasahing pangsimbahan at polyeto upang maipamahagi ng libre ng kanyang asawa habang nagbebenta ng relihiyosong literatura. Maliwanag na limitado ang nakalaang gastusin.

Ang mga kaganapan noong panahong iyon ay nagsilbing makapangyarihang halimbawa para sa mga ebanghelista habang nangangaral sila tungkol sa hindi pagtanggap sa ibang relihiyon at pag-uusig na inihula para sa mga huling araw ng mundo. Dalawang Adventista sa Maryland ang ipinakulong sa panahong ito dahil sa pagtatrabaho sa bukid ng mais sa araw ng Linggo. (*Mula kay A. E. Place, "In Jail with My Brethren," New York Indicator, Disyembre 14, 1898, 1–2*). Walang duda na binigyang-pansin ni Lulu Wightman, gaya ng kanyang mga kapwa ebanghelista, ang mga batas na nagpapabanal sa Linggo na ipinatutupad o pinag-uusapan sa iba't ibang panig ng bansa.

Noong sesyon ng kumperensya noong 1898, ang Wallace Company na itinatag at inalagaan ng mga Wightman ay opisyal na kinilalang isang iglesia na may 14 na miyembro. Sa mga pormal na usaping pang-iglesia, muling kinilala si Lulu Wightman bilang isang lisensyadong ministro.

Sa Silver Creek, lalo pang lumago ang gawain sa ilalim ng pamumuno ni Lulu Wightman. Dalawang lalaki at dalawang babae ang nagsimulang ipangilin ang ikapitong araw na Sabbath, samantalang ang iba ay seryosong pinag-isipan kung paano tutugon sa mga bagong katotohanan. (*Lulu Wightman, "Silver Creek," New York Indicator, Nobyembre 16, 1898, pahina 3–4. Tingnan sa appendix A, 3.5.*)

Sa puntong ito, ilang mga ministro mula sa ibang denominasyon ang nagpakita ng mapanuligsa at palabang asal, isang karaniwang gawi noong panahong iyon. Noong gabi ng Linggo, isang ministro ang nangaral laban sa Sabbath sa isang pinagsamang pagtitipon ng mga lokal na simbahan sa pinakamalaking santuwaryo ng komunidad. Dumalo si Lulu Wightman sa pagtitipon. Pinahintulutan siyang magpahayag—alinsunod sa nakaugaliang paraan noon—na susuriin niya ang nasabing sermon kinabukasan.

Ang bulwagang nakuha ng mga Adventista ay napuno bago pa man magsimula ang pulong, at maraming tao ang hindi na pinapasok. Minsan pa, ang mga salita ng katotohanang mula sa Biblia na ipinahayag ni Gng. Wightman ay nag-iwan ng malalim na impresyon sa mga nakinig. Pagkatapos, muli niyang naipagpatuloy ang kanyang serye ng mga pulong, kahit batid niyang ang paksang “Ang Kalagayan ng Patay” ay magdudulot muli ng matinding pagtutol. Sa gitna ng palitang pananaw na ito, may mga taong tumanggap sa mga turo ng Biblia mula sa mga Adventista at binago ang kanilang pamumuhay ayon dito. Nagkasundo ang marami na muling nagtagumpay ang mga turo ng Bibliya ng mga Adventista.

Lumipat ang mga Wightman sa Geneva, isang lungsod na may 12,000 katao kung saan ang mga Adventista ay maliit pa lamang ang naging impluwensya. Nagsimula silang maghanda para sa inaasahang serye ng pulong sa pamamagitan ng malawakang patalastas sa pahayagan at pamamahagi ng polyeto—isang larangang mahusay si John.

Isa sa pinakamayaman at pinakamaimpluwensyang negosyante sa Geneva ang nagbigay ng espasyo sa isang malaking gusali ng tindahan sa gitna ng lungsod nang libre sa loob ng dalawang linggo, at pagkatapos nito ay sa mababang halaga ng upa.

Mayroong ilaw na gas at “steam heater” sa bulwagan kaya’t komportable ang mga dumalo. Ang kapasidad nito ay 90 katao. Lubos ang pasasalamat ng mga Wightman sa negosyante at sa Diyos, sapagkat nalaman nilang ang upa sa ibang gusali sa lungsod ay mula \$75 hanggang \$100 bawat buwan. Ang tagapamahala ng Geneva Opera House ay nagbigay ng organ para sa mga pulong.

Nagsimula ang gabi-gabing mga pulong noong Marso 17, 1899. Sa simula’y hindi marami ang dumalo ngunit unti-unting dumami ang mga tao. Nakahanap ang mga Wightman ng silid sa unang palapag ng isang apartment sa gitna ng lungsod—isang angkop na lugar upang tumanggap ng mga taong interesado. Tumulong si Kapatid na Walter A. Erb, isang canvasser, sa pagbisita tuwing umaga at nakabebenta ng apat hanggang walong dolyar na halaga ng mga aklat tuwing hapon. Masaya sina Lulu Wightman at ang kanyang mga katuwang sa pagtatanim ng mga binhi ng kaligtasan, na may pagtitiwala sa Diyos na magbibigay ng angkop na ani sa tamang panahon.

Habang nasa Geneva, nakatanggap si Gng. Wightman ng mga liham mula sa dalawang babae na dumalo sa kanyang mga pagpupulong sa Angola. Pareho nilang sinabi na tinanggap na nila ang katotohanan at masayang nagsimulang ipangilin ang Sabbath. (*Lulu Wightman, “Geneva,” New York Indicator, Mayo 3, 1899, 3–4*). Ginamit ng Diyos ang pangangaral ni Lulu upang pagpalain ang mga tao kahit siya’y lumipat na sa ibang lugar.

Isang polyeto na inihanda para sa gawaing ebanghelismo ni Lulu Wightman noong 1901 ang nagpapakita ng isa sa mga paraang ginamit ni John Wightman upang hikayatin ang mga tao na dumalo sa mga pagpupulong. (*Polyetong inilimbag ng Ontario Repository-Messenger Print, Canandaigua, N.Y., 1901. (General Conference Archives.) Tingnan ang huling pahina ng kabanatang ito.*) Ang ganitong uri ng patalastas, na matagumpay na ginamit ng maraming ebanghelistang Adventista, ang nakatawag ng pansin ng maraming tao upang alamin ang itinuturo ng Biblia tungkol sa Sabbath.

Noong 1903, si John Wightman ay binigyan ng lisensya bilang ministro sa unang pagkakataon. Si Lulu Wightman naman ay muling kinilala bilang lisensyadong ministro sa ikapitong taon.

Magkasamang nagsagawa ng pulong pangangaral sina John at Lulu sa Eden simula Disyembre 8, 1903. Isang malakas na “snowstorm” na may malalim na niyebe, matinding lamig, at mahanging ihip ang pumigil sa mga tao na makalabas sa loob ng isang linggo. Matapos iyon ay muli silang nagpatuloy. Ilan lamang ang dumalo, subalit matiyaga nilang ipinagpatuloy ang gawain sa pag-asang makakapag-ugat ng mas maayos sa lugar. Nanalangin sila na akayin ng Panginoon ang mga kaluluwa sa lugar na iyon upang tanawin ang Eden ng walang hanggan bilang higit na mainam na tirahan kaysa sa Eden, Erie County, New York. Mahirap ang gawain sa Eden. Nag-aatubili ang mga tao na manindigan para sa katotohanan.

Nang mamatay ang isang miyembro, si Edwin R. Darling, edad 52, si Lulu Wightman ang nanguna sa libing. Siya ang sumulat ng obituary, nagbigay ng mensahe sa libing, at tinulungan ni Elder J. W. Raymond sa serbisyo. (*Lulu Wightman, "Obituary Notices, Darling," New York Indicator, Abril 27, 1904, 4*).

Lumipat ang mga Wightman sa Avon noong 1904 upang magsagawa ng ebanghelismo at magdaos ng mga pagsamba. Sa isa sa mga pagpupulong sa araw ng Sabado, nang tanungin ni Lulu Wightman kung sino sa mga naroroon ang desididong tanggapin ang katotohanan at ipangilin ang Sabbath, siyam na tao ang tumayo bilang sagot. Nagpasalamat si Lulu at ang kanyang asawa sa bawat isa.

Isang kilalang negosyante sa Avon, na noon ay hindi pa isang Kristiyanong nananalangin at masigasig sa pag-aaral ng Biblia, ang regular na dumalo sa mga pagpupulong, bumili ng sariling Biblia, at nagsimulang pag-aralan ang mga hula sa Daniel at Apocalipsis.

Ang pangulo ng kumperensya, si Elder Sands H. Lane, ay bumili ng malaking tolda sa halagang 71 dolyar para magamit ng mga Wightman sa kanilang mga gawain. Nagustuhan nila ito at nakita nilang madali itong itayo.

Ang susunod na pagtatayo ng tolda ay ginanap sa paanan ng magandang lawa ng Conesus. Di tulad ng "snowstorm" na sumalubong sa kanila sa pagsisimula ng kanilang serye sa Eden noong Disyembre, magandang panahon ang sumalubong sa pagbubukas ng kanilang gawain sa Lakeville noong Biyernes, Hunyo 24, 1904. Limampung katao ang dumalo sa gabing iyon, at pagdating ng Linggo ng gabi, umabot sa 100 ang dumalo.

Isang bago at mabigat na hamon ang dumating nang sa loob ng tatlong gabi, hinarap ng mga Wightman ang isang espiritistang "medium". Lalong lumaki ang bilang ng mga dumadalo. Pinatnubayan ng Diyos ang mag-asawa sa krisis na ito nang matagumpay.

---

Sa bawat lugar na kanilang pinuntahan, ang mga Wightman ay nag-iwan ng bagong grupo o iglesya kung saan wala pa nito bago sila dumating. Noong Agosto 21, isang iglesya na may 14 na kaanib ang naitatag sa Avon, kung saan sila ay dati nang nagdaos ng mga pagpupulong.

Noong Setyembre 2, 1904, humigit-kumulang isang buwan bago ang pagpupulong ng New York Conference kung saan tatalakayin ang pagbibigay ng mga kredensyal at susuriin ang suweldo ng mga manggagawa, sumulat si John Wightman kay Elder S. H. Lane, ang pangulo ng kumperensya. Sa sulat, binanggit ni John na ang gawain ni Lulu ay 'itinuring ng tatlo o apat na dating mga komite bilang gawaing karapat-dapat sa isang ordinadong ministro, nang walang pag-aalinlangan.' *(Mula sa sulat ni John S. Wightman, Avon, N.Y., kay Eld. S. H. Lane, Rome, N.Y., Setyembre 2, 1904. May diin sa orihinal. Tingnan sa Apendiks A 3.6.)*

Partikular niyang tinukoy ang pagpupulong ng New York Conference noong 1901 sa Oswego, kung saan napagpasyahan na itakda ang suweldo ni Lulu "na halos kapantay ng isang ordinadong ministro." Sa nasabing pagpupulong, si Elder Rufus A. Underwood at iba pa ay nagpahayag na hindi magiging hindi angkop ang ordinasyon ng isang epektibong babaeng ministro. Si Elder Underwood ay may katayuang katumbas ng dating presidente ng union. Gayunpaman, nanaig ang mga tumutol sa ordinasyon ni Lulu Wightman. Sa lahat ng talakayan, wala namang isyu ukol sa kakayahan ni Lulu na gampanan ang gawain ng ministeryo.

Hindi nakaapekto sa kredensyal ni Lulu ang liham ni John. Gayunpaman, ito ay naglalahad ng dokumentadong ebidensya ng talakayan noong 1901 tungkol sa posibilidad ng ordinasyon para kay Lulu Wightman. *(Mula sa Bert Haloviak, "Route to the Ordination of Women in the Seventh-day Adventist Church: Two Paths," Marso 18, 1985, hindi pa nailalathalang papel.)*

Sa panahong isinusulat ni John ang liham na sumusuporta sa pagiging karapat-dapat ng kanyang asawa para sa ordinasyon, naghandang naman si Elder T. E. Bowen ng isang tsart na nagbubuod ng bilang ng mga sermon, pag-aaral ng Biblia, pamilyang dinalaw, binyag, at iba pang serbisyo o gawain ng bawat ministro at manggagawa sa Biblia sa New York Conference. *(Ang tsart ay ginawa noong 1904 ni Elder T. E. Bowen. Makikita ito sa General Conference Archives.)* Sa isang bahagi ng tsart ay may sulat-kamay si Elder Bowen: "Tatlumpu't apat sa 65 ang naidagdag [sa iglesya] bunga ng dalawang lisensyadong ministro at isang manggagawa sa Biblia, at 26 naman ang resulta ng 10 manggagawa sa loob ng isang taon." Mula sa sumunod na impormasyon, malinaw na ang tinutukoy niyang dalawang lisensyadong ministro ay ang mga Wightman.

Bagamat may hiwalay na talaan ng numero sa bawat pangalan, sa ilalim ng kolum na “Idinagdag sa Iglesya,” gumawa si Elder Bowen ng panaklong at inilagay ang kabuuang bilang para sa mga Wightman. Ang bilang ay 27, at kapansin-pansin, ito ay inilagay sa linya ni Lulu Wightman at binilugan. Ipinapakita nito ang pagkilala ni Elder Bowen sa bunga ng kanilang gawain, at tinuturing si Lulu bilang pangunahing ebanghelista ng kanilang grupo.

Lumipat ang mga Wightman mula sa New York patungong Reno, Nevada, na bahagi noon ng California Conference. Sa *Seventh-day Adventist Yearbook* ng 1908, si Lulu Wightman ay nakatala bilang isang ordinadong ministro ng California Conference, gayundin ang kanyang asawa na si John Wightman. Katulad ng kawalan ng opisyal na tala ng pagpupulong noong 1901 na tumalakay sa posibleng ordinasyon ni Lulu—na tanging sa liham ng kanyang asawa naitala—wala rin namang makitang opisyal na tala ng talakayan o hakbang na nagbigay dahilan sa naturang tala. Gayunpaman, sa konteksto ng mga naunang talakayan sa New York Conference, posible na ang California Conference ay nag-imbata sa mag-asawa na may kasunduang pareho silang ituturing na mga ordinadong ministro at isinumite ang kanilang pangalan nang ganoon sa *Yearbook*, na kalaunan, maaaring nahimok ang kumperensya ng mas mataas na pamunuan ng iglesya na ihinto ang ganoong pagkilala kay Gng. Wightman.

Habang umuunlad ang kanilang ministeryo, lalong naging masigasig ang mag-asawang Wightman sa adhikain ng kilusang Adventista ukol sa kalayaang panrelihiyon. Noong bandang 1898 sa Angola, nagturo si Lulu Wightman tungkol sa paksang “Church and State in the United States” sa mga nakikinig na bukas sa bagong kaisipan. Habang pinag-aaralan at pinauunlad niya ang kanyang mga presentasyon, naging isa siyang hinahanap-hanap na tagapagsalita sa mga usapin ng kalayaang panrelihiyon.

Noong Pebrero 28, 1909, nagbigay si Lulu Wightman ng talumpati sa isang punong-puno na pampublikong bulwagan sa Lincoln, Nebraska tungkol sa kalayaang panrelihiyon. Maraming kongresista at mga opisyal ng pamahalaan ang dumalo. Dahil tinanggap na ng mga Wightman ang paanyayang maglingkod sa Central Union Conference, ang pagtitipong ito ay isinagawa sa kanilang sakop. Ang “Sunday baseball” ang mainit na isyu noong panahong iyon na nagsilbing daan para sa mga tagapagtanggol ng kalayaang panrelihiyon. Parehong nagbigay ng makapangyarihang pananalita sina Lulu Wightman at ang kanyang kapatid na si Elder E. T. Russell. Ang *Nebraska State Journal* ay naglabas ng artikulong may higit sa 20 kolum ang haba ukol sa kaganapan.

Binanggit niya ang mga kasong binaligtad ng mga korte ang mga kautusang inilabas ng simbahan ukol sa pagkontrol ng mga libangang pampamayanan tuwing Linggo. Binigyang-diin niya na ang batas panrelihiyon ay “hindi pinapahintulutan sa ating mga lehislatura ng estado at bansa,” alinsunod sa matagal nang kasanayan sa ating bansa. Tinapos niya ang kanyang talumpati sa isang halimbawa at isang makabayang panawagan.

Ang ating pamahalaan ay isang sibilyan at hindi pangrelihiyon. Ito ang pinakadakilang pamahalaan sa kasaysayan ng mundo. Isang lalaki ang nagbigay ng “toast” sa isang engrandeng hapunan ng mga diplomat sa Paris: ‘Para sa Estados Unidos ng Amerika. Sa hilaga, nasasaklaw ng “aurora borealis”; sa timog, ng prusisyon ng “equinoxes”; sa silangan, ng sinaunang kaguluhan; at sa kanluran, ng araw ng paghuhukom.’ Wala nang hihigit sa ating pamahalaan kundi ang mismong araw ng paghuhukom. Huwag tayong humakbang sa bagong landas. Huwag nawang baguhin ang napakagandang sistema na kung saan ang lahat ng tao ay malaya.

—“Religious Liberty Meeting,” *Nebraska State Journal*, Marso 1, 1909, 3.  
(*Tingnan ang apendiks A, 3.7.*)

Kalaunan noong 1909, inimitihan si Lulu Wightman ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Missouri na magsalita sa kanilang bulwagan tungkol sa paksang “Ang Pag-usbong ng Kalayaang Panrelihiyon sa Estados Unidos.” Ayon kay John Wightman, “Naniniwala akong ang hakbang na ito ng lehislatura ng Missouri ay walang kaparis sa kasaysayan ng ating mga tao.” (*Mula kay John S. Wightman, “Sunday Legislation Defeated,” Missouri Workers’ Record, Abril 28, 1909*)

Malinaw na si Lulu Wightman ay may pambihirang kakayahang magsalita sa harap ng maraming tao; silang mag-asawa ay may kakayahang abutin maging ang mga opisyal na may mataas na katungkulan at responsibilidad.

Kasabay ng tumitinding pagbibigay-diin sa kalayaang panrelihiyon, hindi pinabayaan ni Gng. Wightman ang kanyang karaniwang gawaing pang-ebanghelyo. Sa Kansas City, Missouri, nagsagawa siya ng matagumpay na serye ng mga pagtitipon noong 1909–1910. Para sa kanyang mga lektura tuwing Linggo ng gabi, na sinimulan niya nang maaga sa taglamig, nakakaaliw ang dami ng dumadalo mula pa sa simula. Kalaunan, naging masigla ang interes ng mga tao kaya't nagpasya si Gng. Wightman na magsagawa na ng gabi-gabing pagpupulong.

Ang masinsinang bahagi ng serye ay tumagal ng dalawang linggo simula Marso 6. Sa huling gabi, humigit-kumulang 400 katao ang dumalo, at may 75 hanggang 100 pa na hindi na makapasok kahit tumayo man lang. Labintatlong nasa hustong gulang ang tumanggap ng mga katotohanang ipinahayag sa pagtatapos ng serye, at sa sumunod na buwan ay may apat pang nagpakita ng matinding interes. (*Mula kay James H. Cochran, "Revival Meetings in Kansas City, Missouri," Advent Review and Sabbath Herald 87, Abril 7, 1910: 16.*)

Sa panahong ito, nagkaroon ng malalim na hindi pagkakaunawaan ang mga Wightman at ang denominasyon ukol sa isyu ng kalayaang panrelihiyon. Ang paraan ng kanilang pagkaunawa sa ilang pahayag ni Ellen G. White sa paglipas ng panahon ang nagtulak sa kanila na maniwalang nagbabago ang kanyang paninindigan ukol sa nasabing usapin. Bagamat tila bagay na bagay sina Lulu at John Wightman bilang mga denominasyonal na ebanghelista, isinulat ng mananalaysay na si Bert Haloviak: "Nakakalungkot, ang mga Wightman ay dumating sa puntong hindi na nila nadamang komportable ang manatili sa ministeryo at pagiging kasapi ng Iglesia Adventista." (*Haloviak, p. 14*) Sa kabila ng pagkakahiwalay dahil sa pagkakaiba ng pananaw hinggil sa kahulugan ng kalayaang panrelihiyon, marami pa rin tayong maaaring matutunan at makuhang inspirasyon mula sa buhay at paglilingkod ng mga Wightman.

"Si Gng. Lulu Wightman ay nagbigay ng malinaw na patunay ng kanyang 'tawag' sa ministeryong pang-ebanghelyo," ayon kay Hakoviak. "Sa katunayan, ang bunga ng kanyang ministeryo ay maglalagay sa kanya hindi lamang bilang pinakabantog na ebanghelista sa New York sa kanyang panahon, kundi isa rin sa pinaka-matagumpay sa kasaysayan ng denominasyon." (*Haloviak, p. 10*)

Pagbubuod ng bunga ng kanyang ministeryo:

Mula 1896 hanggang 1905, nagtayo si Gng. Wightman ng mga iglesya sa Hornellsville, Gas Springs, Wallace, Silver Creek, Geneva, Angola, Gorham, Fredonia, Avoca, Rushville, Canandaigua, at Penn Yan. Matapos mabigyan ng lisensya ang kanyang asawa noong 1903, magkasama silang nagtayo ng iglesya sa Avon, Lakeville, Hemlock, South Livonia, at Bath.

--Haloviak, p. 10

Mula sa baryo, sa bayan, at hanggang lungsod, mula sa tolda hanggang sa bulwagan ng lehislatura at simbahan, buong sigasig at dedikasyon na ibinahagi nina Lulu Wightman at ng kanyang asawa ang mabuting balita ng kaligtasan kay Kristo at ang mga natatanging aral ng Adventismo. Ilan kaya ang makakapasok sa kaharian ng langit dahil sa kanilang ministeryo, tanging ang kawalang-hanggan ang makapagbunyang.

## \$100 GANTIMPALA

Ibabayad sa Pagpupulong ng Ebanghelyo sa Bulwagan ng Bayan sa Huwebes ng gabi, Enero 3, 1901, sa sinumang tao o mga taong makapagbibigay ng isa o higit pang patunay mula sa Banal na Kasulatan na nagpapakita o nagpapatunay na ang unang araw ng linggo, o Linggo, ay ang Sabbath, o na si Cristo o ang mga Apostol ay kailanman ipinagdiwang ito bilang ganoon."

**LULU WIGHTMAN**

---

Sabihin mo! Aling araw ang Sabbath?

Ang *Unang* Araw o ang *Ikapitong* Araw ng linggo?

Sinabi ni Jesus: "Kung ako'y inyong iniibig, ay inyong susundin ang aking mga utos." "Kung nais mong pumasok sa buhay, sundin mo ang mga kautusan."

SI CRISTO ANG LUMIKHA NG SABBATH

Patunay: Marcos 2:27, 28; Juan 1:3; Colosas 1:16; Efeso 3:9.

Yamang ang Ikaapat na Utos ng Sampung Utos ay nag-aatas ng pagsunod sa ikapitong araw bilang Sabbath, hindi ba't napakahalaga kung ipangingilin ito ng lahat o hindi?

Isang serye ng mga Lektura sa Biblia ukol sa dakilang katanungang ito—sapagkat ang usapin tungkol sa Sabbath ay isa nang pandaigdigang isyu na may malaking kahalagahan—ay magsisimula sa Town Hall sa Huwebes ng gabi.

Kahit ang isang kriminal ay tinitiyak na may karapatang magkaroon ng paglilitis sa harap ng hurado!

Bakit hindi bigyan ng pagdinig ang KATOTOHANAN NG DIYOS?

(Roma 10:17.)

Huwag ninyong tuparin ang Gawa 28:27.

Alalahanin ang 1 Tes 5:21.

---

Ang lahat ay malugod na inaanyayahang dumalo.

LULU WIGHTMAN,  
Ebanghelista ng Biblia



Tinawag ng Dios

"Nagdasal ako at nagsumikap."

-Anna Knight



## Makabagong Tagapangasiwa

Anna Knight: 1874 hanggang 1972

Si Anna Knight ay isang batang babae na may kamangha-manghang pagkagana sa kaalaman. Ipinanganak siya noong 1874 sa isang pinalayang alipin sa Mississippi, at lumaki siyang kasabay ng takbo ng pagtatrabaho.

Ang kanyang ina ay nabuhay bilang isang magsasakang nakikihati sa ani sa Jasper County. Sa pamamagitan ng masipag na paggawa at matipid na pamumuhay, nagawa ni Gng. Knight na makabili ng 80 "acres" ng lupa. Kalaunan, sila at ang kanyang mga anak ay nakapag-homestead ng karagdagang 80 "acres" sa katabing lupa. Sa tulong ng isang baka, kabayo, at pares ng baka sa araro, nagtanim ang pamilyang magkakahiwalay na henerasyon ng sarili nilang pagkain pati na rin ng bulak para sa panindang produkto. Ngunit ang kaunting kinikita ay hindi kailanman naging sapat.

Hindi kayang tustusan ng mga Knight ang mga "ekstra" tulad ng panulat at papel, lalo na ang mga aklat o subskripsyon sa magasin. Ngunit kapuri-puri ang nagawa ni Gng. Knight at ng kanyang pamilya sa pagkakaroon ng lupa at mga alagang hayop. (*Mula sa Anna Knight, Mississippi Girl: An Autobiography (Nashville: Southern Publishing Association, 1952). Ang materyal sa kabanatang ito na hindi nakatukoy ng ibang pinagmulan ay batay sa autobiography ni Miss Knight*). Kahit walang aklat o gamit sa pagsusulat, gumamit si Anna ng malikhaing paraan upang matugunan ang tila walang-hanggan niyang pagnanais na matuto. Sa kabila ng mahabang oras ng pagtatrabaho, minsan tuwing Linggo ay nagkakaroon siya ng kaunting libreng oras. Sa ganitong pagkakataon, lihim siyang bumibisita sa isang kaibigan na masuwerte sapagkat may mga aklat. Ipinagpapalit ni Anna ang kanyang tulong sa mga gawain kung tuturuan lamang siya ng kaibigan na magbasa.

Sabik si Anna na ibahagi ang kanyang natutunan sa kanyang mga kapatid at mga pamangking babae at lalaki. Pinagtagpi-tagpi niya ang mga kahoy upang makabuo ng pisara, nilagyan ito ng basang uling, at nang matuyo ay sinulatan niya ito gamit ang natural na chalk na hinukay mula sa putikan. Inutusan niya ang iba pang bata na kopyahin sa buhangin ang mga letra at numero na isinulat niya sa pisara.

Bilang libangan, mahilig si Anna na sumali at tumulong mag-organisa ng mga "spelling bee" sa kanilang lugar tuwing Linggo. Malamang ay mahusay siyang nakikipagpaligsahan.



---

Binabasa ni Anna ang halos lahat ng kanyang makuhang babasahin, hanggang mapansin niya ang isang patalastas ng magasin para sa mga batang kaedad niya. Ito ang bagay na pinakananais niyang makuha sa buong mundo. Sa kung anong paraan, nakuha niya ang loob ng kanyang ina upang ipagkaloob sa kanya ang isang dolyar na kailangan para sa subskripsyon. Ngunit mariin siyang sinabihan na huwag na kailanman hihingi pa ng dolyar para sa ganoong luho.

Mula sa isang magasin ay natutunan ni Anna kung paano siya makatatanggap ng mga libreng “sample” ng katalogo, pahayagan, at minsan pa nga’y aklat. Tuwa-tuwa siya at nakiusap sa isang kaibigan na sumulat ng kinakailangang liham ng kahilingan. Di nagtagal, nakatatanggap na siya ng maraming sulat. Kapag ang isang katalogo ay may nakasulat na para bang sulat-kamay, dinadala ito ni Anna sa labas at taimtim na nagsasanay magsulat sa buhangin.

Nakatanggap si Anna ng “sample” ng isang munting pahayagan na tinatawag na *Comfort*. Pagkabasa niya nito, agad siyang nagnais na mag-subscribe. Alam niyang wala siyang maaasahan sa kanyang ina pagdating sa 25 sentimong bayad, kaya’t pinaghirapan niya itong kitain sa pamamagitan ng dagdag na pagtatrabaho sa pamimitas ng bulak.

Sa isang isyu ng *Comfort*, nakakita si Anna ng isang paunawa na tila akma sa kanyang pangangailangan. Kinopya niya ito nang buo, maliban sa pagpapalit ng kanyang pangalan. Ang kanyang kahilingan ay nagsabing: “Maaari po bang ang ilang mga pinsan [mambabasa] ay magpadala sa akin ng magandang babasahin? Nais ko pong makipagsulatan sa mga kaedad ko.” Mula noon, mas naging abala pa ang kanilang “mailbox”—nakatatanggap si Anna ng 40 tugon.

Si Edith Embree, isang kabataang babae na Adventista, ay nakabasa ng kahilingan ni Anna. Siya ay kasapi ng *Young People's Literature Correspondence Band*. Sa gabay ng Banal na Espiritu, nakita ni Bb. Embree sa paunawang iyon ang isang pagkakataong dalhin ang isang kaluluwa kay Cristo. Siya ay nagtatrabaho sa *Signs of the Times* at nagpadala kay Anna ng mga kopya ng nasabing babasahin, pati na rin ng iba't ibang polyeto at aklat na pangdoktrina. Sa paglipas ng panahon, hindi lang literatura ang ipinadala ni Edith kundi pati na rin mga liham, kung saan hinihingan niya ng tugon si Anna tungkol sa ilang artikulo, na ikinatuwang gawin ng dalaga.

Matapos ang anim na buwang pagbabasa ni Anna ng mga publikasyong Adventista at pakikipagsulatan kay Edith Embree, napagpasiyahan niyang isabuhay ang mga katotohanang kanyang natutunan mula sa mga babasahin. Wala siyang ideya kung anong grupo ang naglalathala ng mga materyales na matagal na niyang binabasa. Dahil ang mga turo ay galing sa Bibliya, siya'y sumunod.

Sinimulan ni Anna na ipangilin ang Sabado bilang Araw ng Sabbath, sapagkat iyon ang turo ng Bibliya. Nang ipinaliwanag niya sa kanyang pamilya na siya'y nagpapahinga na ngayon tuwing ikapitong araw sa halip na sa unang araw, labis silang nabahala. Pinaghinalaan nilang ang labis na pagbabasa't pag-aaral ay nagdala sa kanya sa "kawalan ng tamang kaisipan."

May ipon si Anna. Siya at ang kanyang kapatid na lalaki, bunga ng matinding pagsusumikap, ay nakaipon ng isang malaking hinugpong ng bulak. Ginamit ni Anna ang bahagi ng kanyang kita upang lumipat sa Chattanooga para makapagpatuloy sa pag-aaral.

Maaaring mukhang kakaiba na siya'y maglalakbay mula Mississippi patungong Tennessee upang makapag-aral. Subalit kakaunti at kalat-kalat ang mga iglesiang Adventista sa Timog noong huling bahagi ng nakaraang siglo. Walang mga kumperensya noon; ang buong katimugang bahagi ng Estados Unidos ay itinuring na isang "mission field" ng denominasyon.

Tinulungan ni Bb. Embree si Anna na makakilala ng isang mapagmahal na pamilyang Adventista na maari niyang matuluyan. Nakatanggap ang bagong mananampalataya ng mabuting turo; siya'y bininyagan bilang isang "Seventh-day Adventist" habang nasa Chattanooga.



Nag-aalab sa kanyang panata na sumunod kay Cristo, bumalik si Anna sa Mississippi. Kaagad siyang naharap sa mga pagsubok. Una sa lahat, dahil mahilig siyang mag-araro sa bukid, maraming taon nang umaasa sa kanya ang pamilya sa gawaing iyon. Ngunit ngayon, naniniwala siyang mali ang mag-araro tuwing Sabbath, kaya't nakiusap siya na payagan siyang magtrabaho tuwing Linggo na lamang. Sinikap niyang ipaliwanag sa kanyang ina ang dahilan kung bakit hindi siya maaaring magtrabaho tuwing Sabbath dahil sa kanyang budhi. Ang kawalan ng kakayahan ng ina na bumasa ay lalong nagpalala sa kanyang pagkabigo. Ang kanyang inang may matigas na loob ay nagalit. Ipinilit nito na siya pa rin ang ina ni Anna at hindi dapat turuan ng anak—kailangan ni Anna na talikuran ang “kalokohang ito ng pagpapalit ng Sabado sa Linggo” o umalis ng bahay.

Napagdesisyonan ni Anna, bagamat masakit, na kailangan na niyang lisanin ang kanilang tahanan. Tinulungan siya ng mga kaibigan sa Chattanooga sa kanyang gastusin upang makapasok sa Mount Vernon Academy sa Ohio sa loob ng isang taon. Mabuti ang panahong iyon para sa kanya upang pansamantalang lumayo sa kanilang lugar, at pinahalagahan niya ang pagkakataong makapag-aral.

Sa sumunod na taon, nagkaroon ng pagkakataon si Anna na makapasok sa bagong industriyal na paaralan sa Battle Creek, Michigan, ang hinalinhan ng Battle Creek College. Kasabay ng kanyang pagsusumikap, ipinakita niya ang kanyang matibay na pananampalataya at pambihirang sigla. Noong 1898, nagtapos si Anna Knight sa Battle Creek College, handang magsilbi bilang isang misyonaryong nars.

Si Dr. John H. Kellogg, direktor ng Battle Creek Sanitarium (na may malapit na kaugnayan sa kolehiyo), ay nanawagan sa klase ni Anna na magboluntaryo sa “self-supporting missionary work.” Tinanggap ni Anna ang panawagan at nagpasya na walang ibang lugar na higit na nangangailangan ng kanyang paglilingkod kundi ang kanyang bayang sinilangan sa Mississippi.

Pagbalik niya mula sa kolehiyo, labis ang ginhawang nadama ni Anna nang madiskubreng nawala na ang hinanakit ng kanyang pamilya kaugnay ng kanyang pananampalataya. Masaya siyang tinanggap ng kanyang mga kamag-anak; handa silang tumulong sa pagtatatag ng paaralan na itinuturing ni Anna na mahalaga para sa Jasper County. Ang paaralan ay inilagay sa isang lumang kubong yari sa troso. Nagturo si Anna kapalit ng isang dolyar kada linggo, at dagdag pa ang tulong na gawaing ipinagkakaloob ng mga magulang at mga bata sa mga oras na kailangan.

Habang matagumpay na umuunlad ang paaralan, ang lumang gusali na pinagdarausan nito ay nasunog. Ngunit hindi natinag si Anna sa trahedyang iyon; muling lumakad siya sa pananampalataya upang pasimulan ang pagpapatayo ng panibagong gusali.

Nagtanim si Bb. Knight ng apat na ektarya ng bulak at inalay ang kita nito para sa nasabing layunin. Isang kaibigan ang nangalap ng limampung dolyar sa Ohio. Hiningi rin sa mga magulang ng mga mag-aaral at mabubuting kapitbahay ang abot-kayang tulong sa pera o paggawa. Nangako ang lahat na gagawin ang kanilang makakaya. Nang matapos ang gusali, napakaganda nito kaya't dumayo pa ang mga tao mula sa layong 75 milya upang ito'y makita.

Nagturo si Bb. Knight ng 24 na mag-aaral mula una hanggang ikawalong baitang—hindi maliit na hamon para sa isang guro na nasa ikalawang taon pa lamang. Ngunit hindi niya nilimitahan ang kanyang tungkulin sa pagtuturo lamang. Nagtatag si Anna ng dalawang klase tuwing Linggo bilang bahagi ng kanyang misyon: isa sa kanyang paaralan at isa pa na limang milya ang layo. Pagkatapos ng mga relihiyosong klase, tinuturuan niya ang mga matatanda kung paano bumasa, sumulat, at magkwenta, pati na rin ang tamang paraan ng pagluluto at pagpreserba ng pagkain, at kung paano mamuhay ayon sa mga prinsipyo ng pagtitimpi. Naisabuhay niya ang kanyang pagsasanay bilang isang “medical missionary.”

Ang kanyang gawain sa layunin ng pagtitimpi ay ikinagalit ng ilang lokal na gumagawa ng ilegal na alak o “moonshiners.” Dumating ang mga ito sa paaralan upang makipag-away. Matapos ang komprontasyon sa mga kamag-anak ni Anna, napagtanto ng mga gumagawa ng alak na nakakita sila ng katapat, kaya sila’y umalis.

Ang katapangan at masigasig na gawain ni Bb. Knight ay kumalat hindi lamang sa Jasper County kundi maging sa ibang lugar. Noong Mayo 1901, lubhang ikinagulat ni Anna na makatanggap ng paanyaya mula kay Dr. J. H. Kellogg na magsilbing kinatawan sa *General Conference Session* na gaganapin sa Battle Creek. Ikinagalak ni Dr. Kellogg na ang isa sa kanyang dating estudyante ay tumugon sa kanyang hamon na magtatag ng “self-supporting missionary work” at naniniwala siyang kayang-kaya ni Anna na mahusay na katawanin ang mga gawain ng mga nagtapos sa Battle Creek sa larangan ng “self-supporting at medical missionary work.”

---

Sa edad na 27, nakapag-ulat si Anna, isang simpleng dalagang mula sa Mississippi, sa General Conference Session hinggil sa mahigit dalawang taon niyang gawain bilang misyonera. Naitatag niya ang isang paaralan na may 24 na mag-aaral at naipatayo ang isang maayos at kumportableng gusali nang walang utang. Nagsasagawa rin siya ng dalawang klase tuwing Linggo, nakapagbigay ng maraming lektura tungkol sa kalusugan at pagtitimpi, at regular na nagbibigay ng simpleng paggamot sa mga maysakit. Kapag pinupuri siya dahil sa mga kahanga-hangang tagumpay na ito, mapagpakumbaba niyang tugon ay, “Sa Diyos ang kaluwalhatian.”

Habang dumadalo sa General Conference, narinig ni Bb. Knight ang ilang nars na nag-uusap tungkol sa matinding pangangailangan ng kanilang propesyon sa India. Naalala ni Anna na sa ilang taong nakalipas ay naramdaman na niya ang panawagan na tumulong sa mga kababaihan ng India. Matapos manalangin at humingi ng patnubay sa Diyos, nag-alok na kung magpapadala ang General Conference ng mag-asawang misyonero upang ipagpatuloy ang kanyang sinimulang gawain sa Mississippi—sapagkat alam niyang masyado itong mabigat para sa iisang tao lamang—siya ay maglilingkod sa India

Isa sa mabuting kaibigan ni Anna, si Gng. Julia Luccock Atwood, at ang asawa nito ang pumayag na mamahala sa paaralan sa Mississippi; kaya’t hindi nagtagal, si Bb. Knight ay kabilang sa pitong misyonerong papunta sa India.

Ang una niyang tungkulin ay sa Karmatar Training School. Dito’y nagturo siya ng Bibliya at Ingles, iningatan ang talaan ng pananalapi ng misyon, minsan ay nagtanggap ng nana mula sa pigsang bumunot ng ngipin, at pinamahalaan ang hardin. Isa siyang tagapagtala ng kasaysayan, sapagkat si Anna Knight ang kauna-unahang babaeng itim na misyonerong ipinadala mula Amerika patungong India.

*(Batay kay Harold D. Singleton, “Vanguard of Torchbearers,” The North American Informant XXII. March-April, 1968: 1-2.)*

Ang pinakamalaking hamon sa Karmatar ay hindi akademiko o medikal, kundi ang pamamahala sa hardin. Kahit may maraming kaalaman si Anna sa agrikultura, tinutulan siya ng mga katuwang sa pagtatanim nang sinubukan niyang ituro kung paano ihanda ang lupa. Ayon sa kanila, hindi raw iyon uubra sa India—sanay na rin daw sila.

---

Isang mahalagang proyekto ang pagtatanim ng tangkay ng kamote. Mula sa karanasan nya sa pagsasaka sa Timog Amerika, batid ni Anna na hindi tutubo ang kamote sa matigas na lupa ng misyon. Kaya dinala niya ang mga manggagawa sa ilog, may dalang sakong gawa sa dyut (*jute*) at sakay ng karitong hila ng toro; kumuha sila ng buhangin para sa hardin. Bukod sa buhangin, iniutos niyang haluan ng dumi ng hayop ang lupa. Matapos paghaluin ang mga sangkap gamit ang pala, pinahukay niya sila ng kanal. Sa puntong ito, bagamat may bahid ng pagtutol, tumulong pa rin ang mga taga-nayon sa mabigat na gawain.

Ngunit nang maalala ng direktor ng hardin na may ararong gawa sa Amerika na nakatago sa kamalig at iniutos na kunin ito, lantaran nang tumutol ang mga manggagawa.

“Maaaring ayos ‘yan sa Amerika, pero walang silbi sa India,” giit ng isang taga-nayon. Dahil dito, pinakuha ni Bb. Knight ang araro at, gamit ang kanyang karanasan sa Mississippi, siya mismo ang nagkabig sa mga baka at humawak sa araro. Gaya ng dati niyang pagsasaka, buong sipag siyang naghanda ng hilerang pagtataniman, nagtanim ng tangkay ng kamote, at nagtuloy-tuloy sa trabaho kahit umuulan. Sa sobrang pagod, matapos maligo at kumain ng hapunan, siya’y nawalan ng malay at nanghina nang ilang araw.

Gamit ang dalawang batang babae bilang saklay, ang determinadong misyonera ay paika-ikang lumapit sa isang upuan kung saan niya minanmanan ang mga batang lalaki habang sila’y nagtatanim ng kamatis, cauliflower, singkamas, at beet. Hindi nagtagal ay nagkaroon ng anihan ng gulay na hindi pa kailanman nakita sa Karmatar. Ikinalat ng mga manggagawa mula sa nayon ang balita na mismong ang misyonera ang nagpagana ng kakaibang ararong Amerikano at nakagawa siya ng kahanga-hangang mga bagay.

Siyempre, ang layunin ng paglikha ng matagumpay na hardin, at ng pananatili roon, ay upang ipakilala sa mga estudyante ang kagalakan sa kaharian ng langit. Nais ni Bb. Knight na ipakita sa kanila ang buhay sa hinaharap habang inihahanda rin sila na ibahagi ang mabuting balita ng kaligtasan sa iba. Labis ang tuwa ni Anna nang makita niyang nagsimulang magpakita ng matinding interes ang mga babae sa klase ng Biblia at sa mga kasanayang pang-narsing na itinuturo niya. Ang mga lalaki naman, na dati’y nagdudulot ng problema, ay naging mas maayos ang asal kapag abala sa pisikal na gawain sa ilalim ng pamumuno ni Anna, masiglang naghuhukay ng mga butas para sa bagong puno ng prutas.

---

Mayroon ding mahalagang gawain sa labas ng kampus. Isang araw, sina Bb. Knight at si Bb. Samantha Whiteis, isa pang kawani ng paaralan, ay bumiyahe mula sa paaralan patungo sa kalapit na nayon upang dalawin ang isang maysakit na babae. Sa daan, tumakbo ang mga tao upang salubungin sila nang may malalim na pagyuko, upang pakiusapan ang mga misyonera na tulungan ang kanilang mga kaibigang may karamdaman. Alam ni Anna Knight na sinusunod niya ang kanyang tawag at siya'y kontento. Paminsan-minsan ay ipinapahayag niyang sana'y magkaroon ng mas maraming manggagawa at mas malakas na kapangyarihan ng Espiritu.

Sa paaralan, nagsimula si Miss Knight na mangolekta ng handog sa paaralang pang-Sabado. Tuwang-tuwa siya nang makita niyang masaya itong tinanggap ng mga bata. Siyempre, ang mga pinakabatang bata ay wala pang kita. Upang solusyunan ito, pinapunta ni Anna Knight ang limang pinakabatang estudyante upang mamulot ng dumi ng hayop na ilalagay sa ilalim ng mga bagong puno. Binigyan sila ng isang piraso bawat isa bilang bayad. Kaya nagkaroon sila ng kita mula kung saan sila makakapagbigay sa Panginoon. Masigasig na ipinahayag ng isang batang lalaki, "Kikita kami ng sandaang piraso!" (*Anna Knight, "Karmatar Training-School," Eastern Tidings. March, 1904: 10-11.*)

Naniniwala si Anna sa paalaala, "Sanayin ang bata sa daang dapat niyang lakaran." Kawikaan 22:6. Una sa Mississippi, at ngayon sa India, tinanggap niya ang pananagutang ito. Siya ang namamahala sa pagsasanay ng mga manggagawang Indian upang maglingkod sa kanilang sariling bayan.

Pumupunta rin sa kampus ang mga taong mula sa komunidad para sa espirituwal na ministeryo. Isang gabi ng Sabbath, limang magagandang babaeng Bengali ang dumalo sa pagsamba. Nagbasa ng isang kabanata mula sa Bengali na Biblia ang isang estudyante; may mga panalangin sa katutubong wika gayundin sa Ingles. Sa pagtatapos ng serbisyo, nagpaabot ng pasasalamat ang mga babaeng bisita. Hinikayat nila si Anna at ang iba na dumalaw sa kanila, umawit, at magbahagi tungkol kay Jesus; nangakong babalik sila.

"Ano pa ba ang maaari naming hilingin?" tanong ni Anna. Ang matagal na niyang pangarap na makapaglingkod sa mga kababaihan ng India ay unti-unting natutupad. (*Anna Knight, "Karmatar Training-School," Eastern Tidings. March, 1904: 42-43.*)

Tinulungan ni Bb. Knight ang kanyang mga estudyante sa mga paraan maliban sa pormal na pagtuturo, gaano man ito kahalaga. Nais niyang matutunan ng mga estudyante ang mga paraan upang kumita ng pera; alam niya mismo kung gaano kahalaga ang kakayahang makapag-aral sa pamamagitan ng sariling pagsusumikap. Kaya't inasikaso niyang mailipat ang Watchman Press sa Karmatar, upang mabigyan ng pagkakataon ang ilang kabataan na makapasok sa paaralan na kung hindi ay hindi sana makapag-aral.

Sa loob ng ilang tag-araw, naglingkod si Bb. Knight sa Simla, isang pamayanang “resort,” kung saan siya’y nagsagawa ng mga pagpupulong, pag-aaral ng Biblia, pagbibigay ng mga lunas, at pagtuturo ng mga klase.

Noong unang bahagi ng 1906, si Bb. Knight at ang kanyang kasama na si Bb. Frieda Haegert ay nagbenta ng mga aklat Kristiyano sa Rajputana, isang lugar na matagal nang hindi naabot ng mga Adventista. Kabilang sa mga naging hamon ang “sunstroke,” kakulangan ng pagkain at inumin sa mahabang oras, at mga pag-atake. Sa gitna ng mga unos ng kahirapan, tila hindi man lang kumurap ang ilaw ng pananampalataya ni Anna. “May mga ulap at tigang na lugar, totoo,” kanyang kinilala, “ngunit ang aking ‘motto’ ay, ‘Sa panig ng tagumpay,’ at hindi ko titingnan ang madilim na bahagi, sapagkat *alam nating magtatagumpay ang katotohanang ito*, at nais kong magtagumpay kasama nito!” (Mula sa *Anna Knight, “A Word from the Out Posts,” Eastern Tidings [Pebrero, 1906]: 2-3, diin sa orihinal.*)

Samantala, may dumating na balita ng kapighatian mula sa Mississippi tungkol sa paaralang kanyang itinatag. Malungkot niyang nalaman na muling sinimulan ng mga gumagawa ng alak (moonshiners) ang kanilang panggugulo nang dumating ang mga bagong guro. Sa huli, ginawa ng mga kalaban ng paaralan ang sukdulang hakbang—sinunog nila ang gusali. Nagsara ang paaralan. Tila nawalan ng saysay ang gawain sa Jasper County.

Sumulat si Anna sa pamunuan ng General Conference upang manawagan na magpadala ng guro sa Mississippi para turuan ang kanyang mga kababayan. Idinagdag pa niya na kung walang maipapadala, nais niyang magkaroon ng “furlough” upang siya na mismo ang magpatuloy ng gawain.

Matapos ang ilang buwang paghihintay at panalangin, nakatanggap si Anna ng liham na nagsasaad na pinayagan siyang magbakasyon upang bumalik sa tahanan at buhayin muli ang gawaing napatigil dahil sa karahasan sa Mississippi. Umalis siyang dala sa kanyang puso ang mga tao sa Mississippi at India. Iniwan niya sa India ang kanyang maaasahang bisikleta at iba pang gamit upang magamit muli sa kanyang pagbabalik.



---

Pagdating niya sa Mississippi, sinalubong si Anna Knight na parang isang tanyag na tao. Nagsimula na ang pagtatayo ng bagong gusali ng paaralan bilang paghahanda sa kanyang pagbabalik.

Sa kanyang unang Linggo sa komunidad, nagdaos ng pagpupulong si Anna at ang kanyang mga tagasuporta sa bagong gusali. Maraming tao ang dumalo. Ilan sa mga “moonshiners,” kahit na sila’y tumulong sa pagsunog ng unang paaralang itinayo ni Miss Knight, ay naroon din—nakaupo o nakatayo sa labas, nakikinig. Isinalaysay ng misyonera ang mga kapanapanabik na karanasan niya sa ibang bansa; gumuhit siya ng malinaw na larawan ng malalayong lugar gamit ang mga salita.

Pagkatapos, binago ni Anna Knight ang paksa at nagsalita hindi bilang isang manlalakbay sa buong mundo kundi bilang isang anak ng kanilang lugar. Ipinaalala niya sa kanila na wala ni isa man sa kanila ang marunong bumasa o sumulat hanggang sa siya, at pagkatapos ay ang mga Atwood, ay nagturo sa kanila. Hinamom niya ang buong komunidad na makipagtulungan sa kanya upang magpatuloy tungo sa mas maliwanag na kinabukasan.

Ipinahayag ng tagapag-organisa ng paaralan ang isang matibay at tiyak na programa, kabilang ang pagbili ng mga aklat para sa bawat bata at pag-subscribe sa *Our Little Friend* at *Youth’s Instructor* para sa kanilang babasahin. Itinatag ni Bb. Knight ang mga tuntunin ng paaralan: walang mga paglalaro ng baraha, sayawan, o iba pang di-angkop na libangan. Kailangang regular ang pagpasok sa paaralan. Kung handa silang suportahan ang programang ito, sinabi ni Anna, ibubuhos niya ang lahat ng kanyang lakas upang pamunuan ito. Nang tanungin niya kung sino ang handang makipagtulungan, tumayo ang lahat ng tagasuporta at marami pang iba. Muling nabuhay ang gawaing Adventista sa Jasper County.

Kinabukasan ay nagsimula na ang operasyon ng paaralan na may 22 mag-aaral. Ipinagpatuloy ang konstruksiyon ng gusali pagkatapos ng klase.

Tuwing katapusan ng linggo, nagsasagawa si Anna ng mga relihiyosong pagpupulong tuwing araw ng Linggo sa dalawang lugar, gaya ng kanyang nakaugalian bago pa man siya pumunta sa India. Ngunit ilang tao ang nag-alok na magdaos na lamang ng pagpupulong tuwing Sabbath ng hapon sa halip na Linggo. Nang bumisita ang pangulo ng kumperensya makalipas ang anim na buwan, natagpuan niyang may siyam na taong handa nang magpabinyag. Kabilang sa kanila ang ina ni Anna, dalawa niyang kapatid na babae, ilang kamag-anak, at mga kasapi ng komunidad.

Sa mga buwan ng tag-init na walang klase, pinagtrabaho si Miss Knight ng kumperensya upang bumisita sa mga iglesia at grupo ng mga mananampalataya. Nagturo siya ng mga aralin sa Biblia at naghanda ng mga taong interesado sa binyag. Sa isang pagpupulong ng mga manggagawa sa Vicksburg na dinaluhan ng parehong itim at puting manggagawa, nagbigay siya ng mga lektura tungkol sa gawaing misyonero.

Hindi maiiwasang maharap si Anna Knight sa isang mahalagang pasya kung mas makakatulong ba siya sa pamamagitan ng pagbabalik sa India o sa pananatili sa Timog (Southern United States). Para sa ilan niyang tagapayo, hindi ito isang mahirap na desisyon. Paulit-ulit niyang naririnig mula sa isa niyang kasamahan ang mga katagang: “Kung ako ang masusunod, hindi na kita papabalikin sa India. Kailangan ka namin dito. Hayaan na ang mga puti ang pumunta sa India, pero ikaw, manatili ka rito at tumulong sa amin.” Totoo ngang kakaunti lamang ang mga manggagawang handang maglingkod para sa mga itim; iilan lamang ang may sapat na pagsasanay.

Naguluhan si Anna. Nakikita niya ang dalawang dakilang pangangailangan. Ngunit nag-iisang tao lamang siya. Sa kabutihang-palad, mayroon siyang nakasanayang paraan sa pagharap sa mga panahong hindi malinaw ang kalooban ng Diyos para sa kanyang buhay. Isinulat niya, “Bagama’t nakita kong talagang nangangailangan ng mga manggagawa ang mga itim sa Amerika, para sa akin, mas matindi ang pangangailangan sa India. Gayunpaman, ako’y nanalangin at nagpatuloy sa pagtatrabaho.” (*Mula sa Knight, Mississippi Girl, p. 168, diin sa orihinal.*)

Hindi ito ang unang pagkakataon sa buhay ni Anna Knight na minabuti niyang manalangin para sa karunungan at, habang naghihintay ng tugon mula sa Diyos, patuloy pa rin siyang naglingkod. Sa huli, nalutas din ang kalituhan—sa kaluwalhatian ng Diyos at sa kasiyahan ni Anna.

Isang hindi inaasahang paanyaya ang dumating kay Bb. Knight mula sa Southeastern Union Conference: tulungan daw silang magtatag ng bagong “sanitarium” para sa mga itim sa Atlanta. Ito’y noong taong 1910, habang inaasahan niyang malapit na siyang bumalik sa India. Patuloy pa rin ang kanyang hangaring malaman ang kalooban ng Diyos. Dinala niya ang liham ng paanyaya sa kanyang silid at inilatag ito sa harapan ng Panginoon, gaya ng ginawa ni Haring Hezekias sa isang liham na lubos niyang ikinabahala. Matapos ang taimtim na panalangin, nagpasiya siyang alamin kung sino ang nagpadala ng paanyaya. Kung ito’y mula sa mga taong hindi batid ang kanyang pangako sa India o hindi pinahahalagahan ang kanyang gawa roon, hindi niya ito siseryusuhin. Ngunit kung ang paanyaya ay mula sa mga pinuno ng General Conference na nakakaalam ng kanyang dedikasyon sa gawain, magiging mahalaga ang kanilang patnubay. Sumulat siya upang magtanong. Habang naghihintay ng tugon, siya’y nanalangin at patuloy na naglingkod.



Binanggit sa liham na tugon sa kanya ang mga pinunong nakakaalam at nagpapahalaga sa kanyang paglilingkod sa misyon sa ibang bansa at ngayon ay inaprubahan na ang kanyang panawagan patungong Atlanta. Kalakip ng sulat ang isang tseke para sa pamasaha. Natanggap na ni Anna ang palatandaan na kanyang hiniling. Di naglaon ay nakatanggap siya ng liham mula sa pamunuan ng simbahan na humihiling sa kanya na magtatag ng matatag na gawain para sa mga itim na mamamayan sa Atlanta. Halos imposible nang makahanap ng mga sanay na taong mamumuno sa proyekto. Sa katunayan, iniisip ng mga lider ng simbahan na mas madali pang mapunan ang bakanteng posisyon sa India. Matapos manalangin muli, nagpadala ng mensahe si Gng. Knight na tatanggapin niya ang panawagan sa Atlanta. Ilang araw lang ang lumipas, naroon na siya.

Bunga ng kanyang dalawang taong gawain habang nasa bakasyon mula sa misyon, nag-iwan si Anna ng isang maliit na grupo ng mga nangingilin ng Sabado sa Jasper County. Ang ilan sa mga nagbagong-loob na ito ay matindi ang pagtutol sa kanyang pagsunod sa Sabbath noong una.

Pagdating ni Anna sa Atlanta, inaasahan niyang magsimula ng gawain sa bagong “medical center,” ngunit natuklasan niyang ang sanitarium ay nasa simula pa lamang—isa lamang itong tila di pa tapos at walang kasangkapang bahay. Bukod pa rito, tila walang nakakaalam kung saan dapat titira si Bb. Knight habang inaayos ang bagong sentro.

Bilang isang “self-supporting missionary” sa halos buong buhay niya, walang gaanong naipon si Anna na mga ari-arian. Wala siyang alam kung paano o saan siya mamumuhay sa mga panahong ito. Kaya’t nanalangin siyang muli sa gitna ng krisis na ito, gaya ng dati. Nagpasya siyang matulog sa isang bakanteng silid ng sanitarium. Ang masigasig na direktor ng proyekto ay nakahanap ng ilang ginamit nang kasangkapan, nilinis ito nang husto, at lumipat sa bakanteng silid.

Bago pa dumating si Gng. Knight, nagpakalat na ng petisyon ang mga kapitbahay at nakakuha ng kautusan mula sa hukuman laban sa operasyon ng sanitarium sa bahay na nakuha ng mga Adventista. Kailangan ng panahon upang masolusyunan ang balakid na ito. Samantala, ipinagkatiwala sa kanya ang tungkulin ng pagbibigay ng mga aralin sa Bibliya sa nasabing lugar. Marami ring grupo ang nag-imbata sa kanya upang ikuwento ang kanyang gawain sa India. Nakabawas ito ng maling pananaw laban sa mga Adventista.

Nang hindi gumaling ang isang maysakit na kapitbahay sa kabila ng lahat ng pagsisikap ng kanyang doktor, humiling si Anna ng pahintulot na magbigay ng “water treatment.” Dahil nagamit na ng doktor ang lahat ng alam niyang paraan, pumayag ito. Makalipas lamang ang ilang araw, nakaupo na ang pasyente, at di nagtagal ay tuluyang gumaling. Nagbunga ito ng magagandang ugnayan sa ilang tao sa komunidad.

Umasa si Anna na makapag-ipon ng sapat na pera para makabili ng isang “coat” bago dumating ang taglamig, dahil mas malamig sa Atlanta kaysa sa Mississippi. Samantala, tinanggap niya ang pagiging tagapangulo ng lupon ng paaralan ng simbahan sa Atlanta na may dalawang guro. Dahil sa karanasan ni Bb. Knight sa isang paaralang nahirapan noon, naging maunawain siyang tagapakinig sa mga inilapit na suliranin ng paaralan.

Ang mas malaking silid ay nangangailangan ng ilang “desk” upang maupuan ng mga mag-aaral. Kailangan din ng sapat na kalan upang painitin nang maayos ang silid. Maari bang ibigay ng kumperensya ang mga kagamitang ito? Sumulat si Bb. Knight upang magtanong.

Sinabi sa kanya na dahil ito ay isang mission school, 50 porsyento na ng sahod ng mga guro ang sinasagot ng kumperensya; iniisip ng mga tagapangasiwa na hindi na sila makakatulong pa. Kaya’t humiling si Anna ng pahintulot na bumili ng mga kagamitang kailangan sa pamamagitan ng hulugan at bayaran ito mula sa matrikula. Inaprubahan ang planong ito.

Bilang isang sakripisyong hakbang, ginamit ng tagapangulo ng lupon ang kanyang ipon na nakalaan sana para sa “winter coat” bilang paunang bayad sa kalan at mga “desk” para sa paaralan. Bagaman masaya ang mga miyembro ng lupon na makita ang kalan at mga “desk” na naisaayos, may pangamba sila tungkol sa pagkakautang. Tiniyak ni Anna sa kanila na ang Panginoon, na siyang nagbukas ng daan upang makuha ang mga kagamitang kailangan para sa pagpapatakbo ng paaralan, ang siyang mag-uudyok sa mga magulang ng mga mag-aaral na bayaran ang matrikula; at ganoon nga ang nangyari.

Gayunman, ang bagong dating mula sa Mississippi ay wala nang pondo para makabili ng “winter coat” na panlaban sa mayelong taglamig ng Atlanta.

Ilang linggo ang lumipas, habang sumasagot sa mga sulat, napansin ni Anna ang isa mula sa kanyang kaibigan na si Edith Embree Runnels. (Si Edith Embree ang dalagang sumulat kay Anna at nagpadala sa kanya ng babasahin bilang tugon sa kanyang anunsyo sa maliit na magasin na *Comfort*.) Sa paglipas ng mga taon, patuloy na nakipag-ugnayan si Anna sa mabait na kaibigang ito na naging mahalaga sa kanyang pagkahikayat sa bagong pananampalataya. Ngayon, sumulat si Anna ng isang mahabang liham kay Edith na naglalarawan ng kanyang gawain sa Atlanta. Nabanggit niya ang pagbili ng mga gamit sa paaralan sa utang, at ang paggamit ng perang nakalaan sana para sa “coat” bilang paunang bayad sa kalan at mga “desk.” Ikinuwento rin niya kung gaano siya kasaya na naipon niya ang perang iyon sa tamang panahon upang maisulong ang gawain ng Diyos.

Binasa ni Edith Runnels ang sulat sa harap ng Missionary Volunteer Society sa kanilang simbahan. Nagpasya ang mga miyembro ng samahan na mangalap ng pera upang palitan ang pambili ng “coat.” Isa pa sa mga dumalo, na nakakilala kay Anna mula sa Battle Creek College, ang nagsabing mayroon siyang “coat” na maibibigay. Kaya’t natanggap ni Bb. Knight kapwa ang “coat” at ang pera. Ang magandang “coat” na gawa sa itim na “broadcloth,” maayos ang pagkakagawa at halos bago pa, ay mas maganda kaysa sa anumang kayang bilhin ni Anna para sa sarili. Isinuot niya ito nang may matinding kasiyahan.

Ang perang ipinadala ng Missionary Volunteer Society ay sapat upang bayaran ang natitirang utang sa kalan ng silid-aralan. “Ngunit ang aking Diyos ay magbibigay ng lahat ng inyong pangangailangan ayon sa Kanyang kayamanan sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Cristo Jesus,” pagunita ni Anna. Mula noon, naging isa sa kanyang paboritong talata sa Bibliya ang Filipos 4:19.

Isa pa sa mga inintindi ni Bb. Knight ay ang katotohanang, bagaman may Young Men’s Christian Association (YMCA) para sa mga itim na kalalakihan sa Atlanta, wala namang katumbas na institusyon para sa mga kababaihan. Kaya’t nagpasiya siyang kumilos ukol dito. Inanyayahan niya ang mga kinatawang kababaihan na makipagpulong sa kanya, at nagsimula silang magtatag ng lokal na Young Women’s Christian Association (YWCA) para sa mga itim. Ang mga kababaihan mula sa iba’t ibang denominasyon ay nagkaisa upang maisakatuparan ang mahalagang layuning ito.

Nagdaos ng malalaking pagtitipon ang bagong YWCA upang ipahayag ang mga katotohanan tungkol sa kalusugan, pagpipigil sa sarili, kadalisayan, at personal na kalinisan. Nagkaroon din ng mga klase sa paunang lunas at pag-aalaga sa maysakit. Pinuri ng pambansang YWCA ang ginagawang gawain ngunit hindi muna nila isinama ang Atlanta chapter bilang opisyal na miyembro dahil sa malapit nitong ugnayan sa iglesiang “Seventh-day Adventist.” Nag-alok si Bb. Knight na magbitiw bilang kalihim, ngunit nais ng grupo na manatili silang isang independiyenteng lokal na samahan sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Bukod pa sa lahat ng iba pa niyang gawain, nakapagsagawa si Bb. Knight ng humigit-kumulang 500 pag-aaral sa Bibliya bawat taon. Sa huling taon ng kanyang paglilingkod sa Atlanta, halos kasing dami ng mga bagong miyembrong nadagdag sa simbahan sa pamamagitan ng kanyang ministeryo ang bilang ng mga miyembro nang ito ay unang itinatag. Kabilang sa mga naakay ni Anna Knight sa Panginoon ay ilang kilalang mamamayan ng Atlanta. *(Mula sa isang panayam sa telepono ng may akda kay Elder H. D. Singleton, Wheaton, Maryland, Disyembre 6, 1988.)*

---

Bukod pa rito, dahil sa kanyang halimbawa ng sakripisyong pagbibigay kasabay ng kanyang matibay na pagtuturo mula sa Bibliya tungkol sa pagiging katiwala, bawat taon habang siya ang namumuno sa gawain doon ay dumoble ang ikapu at mga handog.

Dahil sa kabanalan, kakayahan, at pagiging masigasig ni Anna Knight, siya ay naatasan ng mas malalaking responsibilidad. Noong 1913, siya ay tinawag upang maglingkod bilang “associate home missionary secretary” para sa Southeastern Union Conference. Saklaw ng yunit na ito ng pamamahala sa simbahan ang mga estado ng North at South Carolina, Georgia, at ilang bahagi ng Tennessee at Florida. Inimbitahan si Bb. Knight upang pangasiwaan ang gawain sa mga simbahan at paaralan para sa mga itim. (*Mula kay Singleton, “Vanguard of Torchbearers,” 1.*) Nang ipahayag ng pamunuan ng kumperensya ang kanilang buong suporta sa kanya, naisip niya na ang tanging nararapat na tugon ay ang subukan ito.

Mula sa simbahan sa Atlanta, inorganisa niya ang mga miyembro upang maging aktibo sa ministryo ng mga layko. Pagkatapos, tumungo siya sa iba’t ibang lungsod sa kanyang nasasakupan: St. Petersburg, Charleston, Jacksonville, Chattanooga, Nashville, at Birmingham. Sa bawat lugar, tinuruan at inorganisa niya ang mga miyembro para sa masinop na paglilingkod.

Hindi kailanman nagkulang sa mabibigat na gawain, kusang-loob niyang binisita ang bawat paaralang pangsimbahan sa kanyang nasasakupan upang bigyan ang mga mag-aaral ng taunang pisikal na pagsusuri.

Bilang bahagi ng isang karaniwang ulat, minsan ay nabanggit ni Bb. Knight na sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin sa loob ng isang taon, nakasulat siya ng mahigit 1,500 sulat, lahat ay sulat-kamay. Namangha ang mga administrador. Si Elder Clairbone B. Stephenson, ang pangulo ng union, ay nagmungkahi na ang bawat kumperensya ay magbahagi sa gastos para mabigyan si Bb. Knight ng makinilya. Bilang resulta, binigyan ng mga kumperensya ang masigasig na manggagawang ito ng isang *Corona* “portable typewriter.” Mula sa simpleng pagtipa-tipang paraan, unti-unti niyang nahasa ang kanyang kasanayan sa pagmamakinilya. Mula noon, marami sa kanyang mga liham ay isinulat niya habang nasa tren, habang siya’y patungo sa kanyang mga “appointment” bilang abalang “home missionary secretary.”

Hinubog niya ang kanyang pamumuhay sa uri ng kanyang paglalakbay. Ipinaplano niya ang kanyang gawain ng buwanan, at sinisikap niyang matapos ang buong nasasakupan ng isang kumperensya bago lumipat sa susunod. Mukhang hindi naman siya nababahala sa ganitong pamumuhay na palipat-lipat.

---

Nadagdagan pa ang kanyang mga tungkulin hanggang sa siya ay nagsilbing “associate home missionary, educational, missionary volunteer,” at “Sabbath school secretary” ng Southeastern Conference. Hindi siya tinawag na ministro, at hindi rin siya naordinahan. Ang kanyang opisyal na katayuan sa mahabang taon ng paglilingkod ay iba’t ibang tinawag gaya ng “licensed missionary” at “credentialed missionary.” Gayunman, kung isang lalaki ang may dala ng ganoong uri ng mga responsibilidad taon-taon, tiyak na siya’y tatawaging ministro at maoordinahan.

Pagkaraan ng anim na taon ng masiglang pagtupad sa kanyang malawak at iba-ibang tungkulin sa Southeastern Union Conference, noong Disyembre 17, 1919, ang Komite ng General Conference ay sumang-ayon sa rekomendasyon ng Southern Union Conference na si Bb. Anna Knight ay tawagin upang pamunuan ang “home missionary work” para sa mga itim sa malaking nasasakupan. (*Mula sa General Conference Committee Minutes, Disyembre 17, 1919, 11-2, p. 496.*) Matapos manalangin nang taimtim para sa patnubay ng Diyos, pinili niyang tanggapin ang hamong ito.




Si Anna Knight, na sa halos isang siglong haba ng kanyang buhay (1874–1972), ay nagtatag ng isang paaralan at simbahan sa Mississippi, nagtungo bilang kauna-unahang babaeng itim na misyonera mula Amerika patungong India, at nagdala ng mabibigat na responsibilidad sa iba't ibang departamento ng mga union conference sa katimugang bahagi ng bansa.

*Larawang ginamit sa pahintulot ng Review and Herald Publishing Association.*

## Makabagong Tagapangasiwa

Kabilang sa kanyang bagong teritoryo ang mga estado ng Kentucky, Louisiana, Mississippi, Alabama, at ang kanlurang bahagi ng Florida at Tennessee. Hindi nanatili si Bb. Knight sa punong tanggapan; sa halip, malawak ang kanyang paglalakbay sa mga simbahan at paaralan sa kanyang nasasakupan. Ayon kay Elder Harold D. Singleton, “Upang pangasiwaan ang gawain ng tatlong departamento, sa mga simbahan at paaralan, kinailangan niyang mamuhay sa tren at mula sa mga maleta sa malaking bahagi ng panahon,” paggunita ni Elder Singleton kalaunan; “gayunpaman, sa pamamagitan ng masusing pagpapalano, nagawa niyang magbigay ng epektibong pamumuno. (*Halaw mula kay Harold R. Singleton, “Vanguard of Torchbearers,” The North American Informant (March-April, 1968), 2.*)



---

Karaniwan siyang nananatili mula dalawang araw hanggang isang linggo sa bawat lugar, at ginagamit ang oras nang matalino. Sa larangan ng ministryo ng layko, nagtatag siya ng mga grupo para sa “home missionary work” at nagsagawa ng mga “weekend institute.”

Ang paraan ng pakikipagtulungan ni Anna Knight sa mga lokal na opisyal ng kumperensya ay kahanga-hanga. Sa pagtatapos ng kanyang pag-iikot sa isang lugar, palagi siyang nagri-report sa lokal na pamunuan—personal kung maaari; kung hindi, sa pamamagitan ng sulat. Sa pamamagitan ng malapit na pakikipagtulungan sa maraming lider at sa Diyos, nakamit niya ang kahanga-hangang mga resulta.

Noong 1932, pinagsama ang Southeastern at Southern Unions upang mabuo ang kasalukuyang Southern Union Conference. Hiniling kay Bb. Knight na maging “assistant secretary” para sa edukasyon, Young People’s Missionary Volunteer, at home missionary departments ng colored department ng bagong tatag na Southern Union Conference. Ang pamumuno sa tatlong departamento para sa mga mamamayang itim sa buong Timog ay isang napakalaking hamon. Ngunit dahil sa kanyang mahaba at masusing paghahanda, hindi siya natakot sa bigat ng kanyang lumalawak na mga responsibilidad. Matagal na niyang natutunang umasa sa Panginoon.

Napakahalaga ng edukasyon para kay Anna Knight. Ang bilang ng mga paaralang naitatag sa panahon ng kanyang pamumuno ay lumampas sa mga naunang naitatag. *(Mula kay H. D. Singleton sa isang usapan sa telepono sa may akda, December 6, 1988.)*

Bilang tagapagsalita, kilala siya sa makapangyarihang estilo ng paghahatid ng mensahe. Kaya niyang kumuha ng isang teksto at mula rito ay bumuo ng isang makapangyarihang mensahe. Ang mga tao ay dumarating upang marinig ang kanyang sinasabi. Pinagkakatiwalaan siyang maging tapat sa kanila; karaniwan niyang “sinasabi ang totoo.” Ang kanyang mga kwento tungkol sa India ay lubos na nakakabighani.

Ang karamihan sa mga gawain ni Bb. Knight ay pampubliko, ngunit may malalim din siyang interes sa mga indibidwal. Isang binatang lalaki na kanyang inalagaan, hinikayat, at tinulungan upang makakuha ng internship ay kalaunang naging kilala bilang si Elder Harold D. Singleton ng General Conference.

---


Alam ni Bb. Knight na mas malaki ang kanyang pagkakataon kaysa sa binata na makihalubilo at makakilala ng mga tao, kaya't tumulong siya sa paghahanap ng asawa para kay Pastor Singleton. Nasiyahan ang pastor sa rekomendasyon ng kanyang "mentor," kaya't inanyayahan ang napiling dalaga na magturo sa kanyang distrito. Sila ay nagpakasal, at pinagpala ng mga Singleton ang pagtutugma sa kanila ni Bb. Knight habang magkasama nilang ipinagpatuloy ang gawain ng Panginoon.

Nang binago ang estruktura ng iglesia sa Timog noong 1945 upang lumikha ng mga kumperensya para sa mga kaanib na itim, kaya't awtomatikong natapos ang "colored department" sa union kung saan naglingkod si Anna Knight sa loob ng 13 taon. Bagaman inanyayahan siyang tumanggap ng posisyon sa isa sa mga lokal na kumperensya, mas pinili niyang magretiro, sapagkat siya ay lampas na sa 70 taong gulang. Gayunpaman, pumayag siyang pansamantalang akuin ang responsibilidad sa dalawang bagong kumperensya hanggang sa makahanap ng mga kahalili. Kaya't nagpatuloy siya sa South Atlantic Conference hanggang Marso 1946 at sa South Central Conference hanggang Nobyembre ng taong iyon.

Sa kanyang pagreretiro, nanirahan si Anna Knight sa Oakwood College. Doon, naimpluwensyahan niya ang isa pang henerasyon ng mga bagong lider ng Adventista.

Sa huling taon ng kanyang buhay, noong siya ay 98 taong gulang, tinanggap niya ang General Conference Department of Education Medallion of Merit Award noong Nobyembre 17, 1971. Sa panahong iyon, labindalawa lamang ang nakatanggap ng ganitong parangal. (*Mula kay Lee A. Paschal, "Woman Approaching 100 th Birthday Given Merit Award," Review and Herald, June 15, 1972, 22*).

Noong Hunyo 3 ng sumunod na taon, pumanaw ang pioneer na misyonera. Iniwan niya ang isang kamangha-manghang tala ng paglilingkod. Ang batang babae mula sa bukirin ng Mississippi ay umangat mula sa kahirapan at kawalang-kaalaman upang maging isang makapangyarihang puwersa para sa pag-unlad. Maagang inialay ang kanyang buhay kay Kristo, namuhay siya ayon sa prinsipyo sa halos isang daang taon. Minsan, nahirapan siyang magpasya, hindi alam kung anong landas ang tatahakin. Sa mga panahong iyon, pinili niyang "manalangin at magpatuloy sa paggawa" hanggang sa maging malinaw ang susunod na hakbang mula sa Diyos.



---

Naabot niya ang mga mithiing hindi niya inakalang maaabot sa kanyang kabataan. Nagsagawa siya ng mahigit 9,000 pagpupulong at naglakbay ng katumbas ng 23 paglalakbay sa buong mundo (*Knight, Mississippi Girl, p. 223.*) (Tingnan ang apendiks A, 4.1.), hindi pa kasama ang kanyang mga paglalakbay papunta, pabalik, at sa loob ng India. “Ang aking gawain ay kinailangang sumulat ng 48,918 na mga liham,” kanyang natuklasan matapos ipunin ang mga ulat ng kanyang buong buhay. Umabot sa 11,744 ang kanyang mga pagbisita bilang misyonero.

Ang mga taong kanyang nadala kay Kristo, mga estudyanteng natuto sa mga paaralang itinatag sa ilalim ng kanyang patnubay, at ang mga kalalakihan at kababaihang nakarinig sa kanyang mga mensahe ay patuloy na pinahahalagahan ang alaala ng kahanga-hangang lingkod na ito ng Diyos at lider ng sangkatauhan. Lalo na para sa maraming mga katutubo sa India at para sa daan-daang mga itim na tao sa Timog, paulit-ulit na ipinakita ni Anna Knight na ang isang Kristiyanong lubos na nakatuon at nakatalaga sa Diyos ay maaaring makagawa ng malaking pagbabago.

Makabagong Tagapangasiwa

Naudyukan ng matinding hangaring ibigay ang ebanghelyo sa mga tao, si Bb. Weiss ay kumuha ng isang tolda, at sa tulong ng dalawang lalaki ay itinayo ito sa bukirin ni C. A. Straw, at dumagsa ang daan-daang mga tao upang siya'y pakinggan.  
–The Times Leader (Hazleton, Pennsylvania), Sept. 22, 1927, 3.



## Ebanghelista at Guro ng mga Ministro

Jessie Weiss Curtis: 1881 hanggang 1972

*Lisensiyadong ministro mula 1945 hanggang 1972*

May isang di-karaniwang pangyayari sa kanayunan malapit sa bayan ng Drums, Pennsylvania, noong tag-init ng 1927. Isang malaking tolda ang itinayo sa isang bukirin, at ang nagaganap sa loob nito ay umaakit ng pansin ng maraming tao.

Isang mamamahayag ang nagbilang ng 110 sasakyan na nakaparada sa paligid ng tolda isang gabi, at napag-alamang ang mga tao ay dumaragsa mula sa layong 20 milya. Sa isang artikulong pinamagatang *"Babaeng Taga-Kingston ang Namumuno ng mga Pagpupulong Malapit sa Drums,"* ipinaliwanag ng mamamahayag ang dahilan ng pagtitipon: "Naudyukan ng matinding hangaring ibigay ang ebanghelyo sa mga tao, si Bb. Weiss ay kumuha ng isang tolda, at sa tulong ng dalawang lalaki ay itinayo ito sa bukirin ni C. A. Straw, at dumagsa ang daan-daang mga tao upang siya'y pakinggan." Gabi-gabi ay dumarating ang mga tao upang makiisa sa makalumang pag-aawitan ng kongregasyon, at nananatili hanggang matapos ang sermon. "Sa husay na tulad ng isang matagal nang pastor," nakasaad sa artikulo, "sinabi ni Bb. Weiss na hindi siya magtuturo ng anumang aral na hindi niya kayang patunayan mula sa Salita ng Diyos. Malawak ang saklaw ng kanyang mga paksa." (*Mula sa "Kingston Girl Holding Service Near Drums," The Times Leader, Hazleton, PA, Setyembre 22, 1927, p. 3* Tingnan sa apendiks A, 5.1.)

Sa pagtatapos ng kanyang unang serye ng evangelismo, iniharap ni Jessie Weiss ang 80 bagong mananampalatayang handa nang magpabinyag. Sa gayon, naitatag ang Seventh-day Adventist Church sa Drums, Pennsylvania. Ibinigay ni G. Straw, ang may-ari ng bukirin, ang lupa kung saan itinayo ang tolda, at doon na rin itinayo ang isang magandang gusaling simbahan. Si Jessie Weiss at ang kanyang kapatid ay nagkaloob ng mga makukulay na bintanang salamin na "amber" ang kulay.



Paanong ang isang babae, anak ng isang kilalang mangangalakal sa Wilkes-Barre at siya mismo matagumpay na negosyante, ay napunta sa gawain ng evangelismo?

Ipinanganak si Jessie Weiss noong Disyembre 30, 1881, sa Larksville, Pennsylvania. Mayroon siyang kapatid na babae, si Olive, at kapatid na lalaki, si Homer. Ang kanilang ama ay isang matagumpay na negosyante, at ang kanilang ina ay isang maybahay.



Si Jessie Weiss, ang ebanghelista, sa tabi ng toldang ginamit niya sa kanyang unang “evangelistic effort” malapit sa Drums, Pennsylvania, noong 1927.

Walumpung (80) bagong mananampalataya ang nabinyagan.



Ang “evangelistic team” na tumulong kay Jessie Weiss sa mga pagpupulong sa Drums.  
*Mga larawan mula sa kagandahang-loob nina Jack at Joan Davis.*

Habang lumalaki si Jessie sa Wilkes-Barre, dalawang Adventistang colporteur ang bumisita sa kanilang lugar. Bukod sa pagbebenta ng mga aklat upang kumita, layunin din ng mga lalaking ito na makakuha ng kaluluwa para sa kaharian ng langit. Sa isang bahay, ang babaeng kanilang nakilala ay hindi bumili ng aklat ngunit nagmungkahing dalawin ang pinsan niyang si Catherine Weiss, na maaaring interesado. Nakinig ang ina ni Jessie sa presentasyon ng mga colporteur at bumili ng mga aklat. Kalaunan ay binigyan niya ang mga ito ng silid at pagkain noong nagdaos “tent meeting” sa Wilkes-Barre. Si Catherine Weiss ang kauna-unahang Adventista sa Wilkes-Barre, Pennsylvania. *(Mula kina Jack at Joan Davis, panayam sa may akda sa tahanan ng mga Davis sa Monrovia, Mary-land, Agosto 24, 1984. Tingnan ang apendiks A, 5.2.) ( Ang mga sipi sa kabanatang ito na hindi kinilala sa ibang paraan ay batay sa transkripsyon ng panayam na ito.)*

Si Jessie Weiss, katulad nina Helen Stanton Williams (*Kabanata 1*) at Anna Knight (*Kabanata 4*), ay nag-aral sa Battle Creek College bilang paghahanda sa ministeryo. Sa edad na 14, siya ang pinakabatang estudyanteng tinanggap sa kolehiyo, ayon sa kanyang pamilya. Walang duda na ang kanyang matalinong kaisipan at taos-pusong sigasig ang nag-ambag sa kanyang maagang pagtanggap sa paaralan. Pagkatapos magsimula sa kolehiyo, pinalitan ni Jessie ang kanyang kurso mula sa nursing patungo sa kursong naghahanda sa mga estudyante na maging mga manggagawa sa Biblia at ministro.

---

Matapos makumpleto ang kanyang edukasyon, bumalik si Jessie sa Pennsylvania. Bilang paraan ng ikabubuhay, pumasok siya sa negosyo ng “art glass” kasama ang kanyang kapatid na si Homer. Si Homer at ang kanyang asawang si Vanetta, gayundin ang kanilang kapatid na si Olive at ang asawa nitong si John Davis, ay pawang mga Adventista. Noong 1893, naging tagapamahala ng negosyo ng Review and Herald Publishing Association sa Battle Creek si John. Si Ginoong Weiss, ama ni Jessie, ay naging Seventh-day Adventist sa huling bahagi ng kanyang buhay.

Si Jessie Weiss ay isang matagumpay na negosyante, ngunit sa kanyang puso siya ay isang ebanghelista. Sa tuwing may ipinadadala sa kanyang lugar na isang mangangaral ng Seventh day Adventist upang magdaos ng serye ng mga pag-eebanghelyo, nag-aalok si Jessie na magbigay ng mga pag-aaral sa Biblia sa mga interesadong tao. Tinulungan niya si Elder H. M. J. Richards at iba pang mga matatag na ebanghelista. Sa gayon, naidagdag niya ang praktikal na karanasan sa kanyang kaalamang Biblikal na natutunan mula sa kolehiyo.

Dumating ang panahon na narinig niya ang panawagan ng Diyos na siya mismo ang mamuno sa serye ng evangelistic meetings. Dahil dito, hiniling niya ang paggamit ng tolda, at ipinagkaloob ito sa kanya ng mga tagapangasiwa ng East Pennsylvania Conference. Siya na mismo ang sumagot sa ibang gastusin at responsibilidad. Inanyayahan niya ang pamangkin niyang si Jack Davis, isang mahusay na mang-aawit, upang manguna sa musika. Nag-anyaya siya ng dalawang nars upang tumulong sa pagbabahagi ng mensaheng pangkalusugan. Si Jessie mismo ang naghanda at nagbigay ng mga sermon tuwing gabi.

Bagama’t ang pamagat ng artikulo sa pahayagan na nag-ulat tungkol sa mga pagpupulong ay, “Kingston Girl Holding Services Near Drums,” si Jessie Weiss ay 45 taong gulang na noong panahong iyon. Isang babaeng puno ng sigla at sigasig, wari’y isa lamang siyang “kabataang babae.”

Habang siya’y nananalangin at masigasig na gumagawa, pinagpala ng Diyos ang kanyang pagsisikap sa isang kahanga-hangang paraan. Isang gabi, habang siya’y naghahanda upang mangaral, nalaman ni Jessie na may mag-asawang Hudyo sa kongregasyon. Ano ang dapat niyang gawin? Agad siyang humingi ng karunungan sa Panginoon. Nais ni Jessie na magsabi ng isang bagay na makakakumbinsi sa magandang mag-asawa tungkol sa pagiging Mesiyas ni Kristo.

Nagpasya si Jessie na baguhin ang paksa ng sermon at mangaral tungkol sa hula ng “pitumpung linggo” sa Daniel 9. Sa harap ng kanyang mga interesado at uhaw na tagapakinig, ipinaliwanag ni Jessie Weiss na si Daniel, isang propetang Hebreo mula sa Lumang Tipan, ay hinulaan na ang Mesiya ay “ihihwalay” sa mismong panahong si Cristo ay ipinako sa krus. (Daniel 9:26, 27.)

Ang mga panalangin ni Jessie ay sinagot nang ang mag-asawang Hudyo ay tumanggap kay Cristo at sumapi sa Iglesia ng Seventh-day Adventist. Ang bagong mga mananampalataya, sina Jay at Trudie Hoffman, ay naging kilala kalaunan dahil sa kanilang gawain sa mga Hudyo. Pinamunuan nina Elder at Gng. Hoffman ang Times Square Center for Evangelism sa New York City sa loob ng 20 taon.

Ayon kay Elder Hoffman, si Jessie Weiss ay isang masigla at makapangyarihang tagapagsalita. Siya at ang kanyang asawang si Trudie ay sabay na bininyagan at naging bahagi ng Drums Church na itinatag ni Jessie Weiss. (*Mula sa liham ni J. M. Hoffman sa may-akda, Valley Center, California, Oktubre 4, 1985. Tingnan sa apendiks A, 5.3.*)

Pinagtibay ng Diyos ang tawag sa ministeryo ni Jessie sa pamamagitan ng 80 kataong nabinyagan bunga ng mga pagpupulong na iyon. Tulad ni Jesus, si Jessie ay “hindi nagbinyag” (Juan 4:2); isang ordinadong ministro ang ipinadala upang magsagawa ng binyag para sa bagong mananampalataya.

Matapos ang matagumpay na pagsisikap sa Drums, kinilala si Jessie Weiss bilang bahagi ng “evangelistic at ministerial staff” ng East Pennsylvania Conference. Nagdaos siya ng maraming serye ng “evangelistic meetings,” kadalasan ay sa mga tolda, at nagtatag ng maraming iglesia sa hilagang-silangang bahagi ng Pennsylvania. (*Mula sa “Curtis, Jessie Weiss,” mimeographed life sketch.*)

Mahusay si Jessie Weiss sa pulpito sa harap ng malaking grupo, at mahusay rin siya sa personal na pakikitungo. Siya ay mahabagin at mapagmalasakit sa mga pangangailangan ng mga tao.

Nang si Trovella (Albertson) Curtis (asawa ni John) ay nagkasakit nang malubha, naging malapit na kaibigan at tagapag-alaga niya si Miss Weiss. Bago ang pagkakasakit, sina G. at Gng. Curtis ay aktibong tumutulong sa mga gawain ng evangelismo, at naging matalik na magkaibigan sina Jessie at Trovella. Habang lumalala ang kalagayan ni Gng. Curtis, tapat at may malasakit siyang inalagaan ni Jessie Weiss.

Napapaligiran ng pagmamahal ng kanyang asawa, pastor, at mga kaibigan, pumanaw si Ginang Curtis. Lubos na piinahalagahan ni Ginoong Curtis ang paraan ng pakikipagkaibigan ni Jessie Weiss sa kanyang asawa sa huling bahagi ng karamdaman nito.

Matapos ang isang makatuwirang panahon ng paghihintay, hiniling ni John Curtis kay Jessie Weiss na magpakasal sa kanya. Isa siyang kaakit-akit na tao. Ang kanyang “sense of humor” at balanseng pag-uugali ay hinangaan ng mga tao sa kanyang paligid. Bagama’t disiplinado siya sa sarili, alam din niya kung paano magsaya sa buhay. Maganda at maayos manamit si Gng. Curtis; ang kanyang mga damit, sombrero, at mga bestida ay may mataas na kalidad at may pino at mahusay na panlasa. Sa panahong uso pa ang mahabang buhok, labis na namangha ang mga bata sa pamilya habang pinapanood siyang magsuklay ng kanyang mahaba at maitim na buhok na halos umabot sa lupa; pagkatapos ay iniikot niya ito sa kanyang ulo. Si Jessie ay isang babaeng may dignidad at madaling mapansin sa gitna ng maraming tao. Bukod pa rito, siya may malakas at malusog na pangangatawan.

Pinag-isipan ito ni Jessie, idinalangin, at nagpasyang tanggapin ang alok ni John. Siya ay limampung taong gulang na noon.

Ang kasal ay naganap noong Marso 21, 1932. Pagkatapos nito, naglaan si Ginoong Curtis ng isang kasambahay at tsuper para sa kanyang asawang ministro, na hindi kailanman natutong magmaneho ng sasakyan. Sa halip na tutulan ang pagiging ministro ng kanyang asawa, si John Curtis na isang matagumpay na Adventistang kontratista ay buong-pusong hinikayat si Jessie na ipagpatuloy ang kanyang panawagan.

## Tinawag ng Diyos



Si Jessie Weiss kasama ang dalawang nars na tumulong sa kanya sa pagbibigay ng mga aspeto ng kalusugan sa kanyang evangelistic series sa Drums.



Jessie Weiss Curtis, tagapagtatag ng mga iglesia sa Hilagang-Silangang Pennsylvania.  
Mga batang ministro ay nag-intern sa ilalim ng kanyang paggabay.  
*Mga larawan sa kagandahang-loob nina Jack at Joan Davis.*

---

Sa Beaumont, Tunkhannock, at Montrose sa hilagang-silangang Pennsylvania, si Jessie Weiss Curtis ay naging kasangkapan ng Banal na Espiritu upang makapagtatag ng mga kongregasyon. Nangaral siya sa mga tolda habang sabay na nagsasagawa ng dimabilang na mga pag-aaral sa Biblia. Kapag nakabuo na ng grupo, siya rin ang nangangalap ng pondo at nangangasiwa sa pagtatayo ng mga bahay-sambahan.

Si Gng. Curtis ang nanguna sa unang quarterly meeting at serbisyong komunyong sa Tunkhannock Seventh-day Adventist Church noong Abril 10, 1943. (*Mula sa "Historical Sketch of Tunkhannock Seventh-day Adventist Church" sa programang Dedication Services noong Oktubre 11, 1975.*)

Si Joan Davis at ang kanyang mga magulang ay tumanggap ng pananampalatayang Adventista sa pamamagitan ng pangangaral ni Jessie Weiss Curtis sa pamayanan ng Montrose. Binigyang-diin ni Gng. Davis na si Gng. Curtis ay nagturo ng mga katotohanan tungkol sa kaligtasan sa paraang malinaw at madaling maunawaan, kahit ng isang bata.

Madalas ay ipinapasa ng mga nagtitinda ng mga aklat sa Biblia kay Gng. Curtis ang mga pangalan ng mga taong interesado sa pag-aaral ng Biblia, at tapat niya itong tinutugunan. Kadalasan ay naisasama niya ang mga ito sa isang pag-aaral ng Biblia sa tahanan ng isa sa kanila. Nakatutulong ito sa sigla ng talakayan at nakakatulong sa mabisang paggamit ng kanyang oras bilang ebanghelista.

Ang iglesiang naitatag sa Montrose, gaya ng iba pang mga iglesiang itinatag ni Jessie Curtis, ay matibay na nakaugat sa doktrina ng mga Adventista.

Gayunman, ang pamana niya sa kanyang mga bagong mananampalataya ay lumalampas sa karaniwang pang-unawa sa tamang doktrina. Sa araw-araw niyang pamumuhay, itinuro niya ang pag-ibig at malasakit. Lagi siyang nakatutok sa pangangailangan ng mga miyembro. Nang siya'y evangelist-pastor sa Montrose, karamihan sa kanyang kongregasyon ay mahihirap na magsasaka. Minsan, habang nakikipagkamay siya sa pintuan matapos ang serbisyo, palihim siyang naglalagay ng sampu o dalawampung dolyar sa kamay ng isang miyembrong dumaraan sa krisis sa pananalapi. At mapapaisip ang taong iyon, "*Paanong nalaman niya na iyon ang eksaktong kailangan ko para mabayaran ang utang?*"



---

Maingat siyang nagkakaloob ng tulong upang hindi ito maging kahiya-hiya para sa tinutulungan.

Kapag nagtuturo ng mga prinsipyo ng pananampalataya at kaugaliang Adventista, si Jessie Curtis ay nagpapamalas ng karunungan at malasakit. Kapag bumibisita sa mga mahihirap na tahanan na kumakain pa ng karne at itlog, hindi niya agad pinipilit na sumunod sa mahigpit na pagkaing vegetarian na hindi pa abot-kaya ng mga ito. Ipinaliliwanag niya ang kaibahan ng malinis at maruming karne at ang katawan bilang templo ng Diyos, ngunit hindi niya sinasabi, *"Itigil na ang pagkain ng baka,"* o *"Hindi ka na dapat kumain ng itlog."* Isa siyang tapat at mabuting Adventista na hindi ekstremista. (*Panayam kina Jack at Joan Davis ng may akda, 1984.*)

Ang masayang pagsasama ni Jessie kay John Curtis ay natapos makalipas lamang ang limang taon nang pumanaw si G. Curtis. Isang pangulo ng union conference na isang balo ang madalas bumisita sa bahay ni Jessie at nais sana siyang pakasalan, ngunit pinili niyang huwag na muling mag-asawa.

Gayunpaman, hindi kailanman naging "loner" si Jessie Weiss Curtis. *"Hindi ako kailanman mabubuhay nang mag-isa,"* sabi niya. Dahil hindi siya kinapos sa pananalapi gaya ng ibang babaeng ministro, at mga lalaki rin, ginamit niya ng maluwag sa kalooban ang kanyang magandang tahanan sa **Lehman, Pennsylvania** bilang misyon. Ang mga kapamilya at mga taong nasalanta ng depresyon o kasawian ay tinanggap nakahanap ng tirahan na kasama ministrong ito na ang tahanan at puso ay sapat para sa lahat. Sa kanyang bahay, ang kasabihang *"Mas marami, mas masaya"* ay laging totoo. Minsan ay hindi lang tirahan ang binibigay niya kundi pati pagkain, bayad sa doktor at dentista. Maraming kabataan ang natulungang makakuha ng edukasyong Kristiyano ng mapagbigay na pastor na ito.



---

Isa sa mga kabataang nabiyayaan ng kanyang pagmamahal at kagandahang-loob ay ang kanyang apo sa pamangkin na si Jack Davis. Kinuha niya itong driver sa kanyang mga appointment at tagapangalaga ng kagamitan—nagseset-up ng stereopticon projector at isinasabit ang mga tsart. Kahit na pinausukan niya ng sigarilyo ang kotse habang naghihintay kay Gng. Curtis sa pag-aaral ng Bibliya, alam nito kung ano ang nangyayari. Sa panahong ito, ang mga panalangin, pagmamahal, at suporta na ibinigay niya kay Jack ay nagbunga ng kanyang pagbabalik-loob at lubos na pagtalaga sa paglilingkod sa Diyos sa iglesya ng Adventista. Siya ay nahikayat hindi lamang sa pamamagitan ng kanyang pangangaral sa pulpito kundi pati na rin sa pagmamahal na ipinakita niya sa kanyang buhay.

Patuloy pa rin sa pag-aakay ng mga tao kay Cristo sa hilagang-silangang bahagi ng Pennsylvania, nagsagawa si Gng. Curtis ng isang “tent effort” sa Kingston noong Setyembre at Oktubre ng 1964. Ang badyet para sa seryeng ito ay \$5,000, kung saan \$2,000 ang ginugol sa upa ng lote. Muli, ginamit ng Diyos si Jessie Curtis upang magtatag ng isang iglesya.

Walang palatandaan na ang mga taong pinagsilbihan ni Jessie Weiss Curtis ay tumutol sa pagkakaroon ng babaeng ministro. Sa katunayan, habang lumilipas ang panahon, lubos siyang ginalang ng mga tao.

Isa sa pinakamalakas niyang katangian ay ang kakayahan sa pangangaral. Sabi ni Margaret Potts, “Ang pangangaral ni Gng. Curtis ay masigla—kabisado niya ang kanyang paksa sa paraang hindi ko pa narinig kailanman.” Sa mga camp meeting sa Silangang Pennsylvania, naranasan nina Margaret at ng iba pa ang inspirasyon mula sa buhay at pangangaral ng ebanghelista. Palakad-lakad siya sa kampo, kinakausap ang mga tao—marami sa kanila ay siguro’y mga dating naakay niya. Kahit istriktong Adventista siya, hindi ito nakapagtulak palayo sa mga tao. Ang pagkilala niya sa kanyang mga tagapakinig ay tiyak na tumulong sa paghubog ng kanyang mga mensahe. “Siya ay isang taong gusto mong pakinggan. Talagang kinukuha niya ang buong atensyon mo. Kapag nagsalita si Jessie Weiss Curtis,” mariing sinabi ni Gng. Potts, “nakikinig ang mga bata. Talagang nakikinig sila.” *(Mula kay Margaret Potts, Hyattsville, Maryland, panayam sa telepono ng may akda noong Hunyo 22, 1985.)*

---

Maraming dahilan kung bakit siya epektibong tagapagsalita, na nagbigay-daan na makuha ang atensyon ng mga bata. Ayon kay Jack Davis, hindi kailanman binabasa ni Jessie ang kanyang sermon. Ang ganitong “extemporaneous” na paraan ay mas nakakabihag ng atensyon. Siya rin ay lubos na madaling maunawaan; hindi siya nangaral nang “lampas sa pagkaunawa ng mga tao” kundi tuwirang tumatagos sa kanilang puso at isipan.

Ayon kay G. Davis, nakukuha ni Gng. Curtis ang atensyon ng mga tagapakinig habang nangangaral siya tungkol sa mga kaganapan sa mga huling araw. Gumagamit siya ng mga “clipping” mula sa diyaryo tungkol sa lindol, bagyo, sakuna sa tren o eroplano, at inuugnay ang mga ito sa mga huling araw ng mundo at sa nalalapit na pagbabalik ng Panginoon.

Bagaman hindi siya isang taong labis magpakita ng emosyon, paminsan-minsan ay pinupunasan niya ang luha sa kanyang mata. Habang pinapakinggan siyang mangaral, naisip ng kanyang pamangkin na si Jack Davis na maaaring dumating na ang Panginoon kinabukasan. Aniya, “Kinikilabutan ako habang pinakikikingan ko siyang mangaral!”

Handang-handa si Gng. Curtis para sa kanyang gawain ng ebanghelismo. Gumamit siya ng makukulay at malinaw na mga poster at tsart na kasinglaki ng kumot upang ipaliwanag ang mga paksa sa Biblia: ang imahen sa Daniel 2, ang mga hayop sa Daniel 7, ang paghuhukom, ang santuwaryo, ang pitong tatak, ang sampung utos, ang Sabado—kabuuang 42 na tsart. Ang babaeng tagapangaral ay nagbayad ng mga naghihikahos na Adventistang ilustrador upang likhain ang mga kapansin-pansing “visual aids” na ito, hindi lamang upang ilarawan ang kanyang mga sermon kundi upang matulungan din silang may mailagay na pagkain sa kanilang hapag.

Bukod sa mga tsart, nagtipon si Gng. Curtis ng malawak na koleksyon ng mga stereopticon at projector slide, kasama ng mga kagamitang kailangan upang maipakita ang mga ito, isang pangkaraniwang kasangkapan ng mga matagumpay na ebanghelista noong kanyang panahon.

Matapos siyang makapagtatag ng isang iglesya at mabilang ang mga nabinyagan, hindi kinalimutan ni Jessie Curtis ang kanyang mga bagong mananampalataya. Binibisita niya sila upang subaybayan ang kanilang paglago at hikayatin silang manatiling matatag; at kung sila man ay nanghina o lumayo, maingat niya silang inalagaan pabalik. Kapag walang pastor para sa mga iglesyang dati na niyang naitatag, maluwag sa kanyang loob na tanggapin ang pagiging pansamantalang pastor. Dahil dito, may mga nadagdag na bagong miyembro habang ang mga dati ay patuloy na naalagaan. Ang mga paraang ito ay nakatutulong ipaliwanag kung bakit ang mga iglesyang kanyang naitatag ay nananatili pa rin hanggang ngayon, samantalang ang ibang buong grupo ng mga bagong mananampalataya ay tuluyan nang naglaho.

---

Habang mas nalalaman natin ang tungkol sa kanya, mas nagiging malinaw kung bakit ang mga pangulo ng East Pennsylvania Conference ay nagpapadala ng kanilang mga intern upang sanayin sa ilalim ng ministrong ito na malawak ang karanasan at matagumpay. Naalala ni Elder Norman R. Dower, dating ministerial director ng General Conference ng Seventh-day Adventists, na siya ay nagsimula sa gawain sa ilalim ng ebanghelistang si Curtis. (*Mula sa panayam kay Eld. N. R. Dower sa Potomac campgrounds, Hunyo 1973.*)

Dagdag pa rito, ginagawa ng mga pamunuan ng kumperensya na ipadala ang mga ministro upang gumawang kasama ni Gng Curtis kapag sila ay tila lumilihis ng landas, sa doktrina man o sa awtoridad ng iglesia. Minsan, nagkakaroon ng rehabilitasyon, at muling natatagpuan ng manggagawa ang kanyang lakas habang siya ay nakikisama at napapayuhan ng matalino at makadiyos na babaeng ministrong ito.



Bagaman kadalasan ay siya mismo ang nagsasagawa ng sariling kampanyang ebanghelistiko at halos siya lang ang nagtatayo ng mga iglesia, handa rin siyang tumulong sa ibang manggagawa kung kinakailangan. Humingi siya ng mga materyales sa pagtatayo mula sa mga kontratista upang tumulong sa isang ministro na itayo ang Scranton, Pennsylvania Church. Dahil mapagbigay din siya, hindi siya nahihiyang humiling ng tulong mula sa iba. Tumulong din siya sa pagtatayo ng Wilkes-Barre Church. Sa katunayan, si John Curtis ang nagbigay ng lupa para sa gusali, habang sina Jessie Curtis at Homer Weiss ang nagkaloob ng mga “stained-glass” na bintana.

Kaya sa pamamagitan ng iba’t ibang pamamaraan—pangangaral, pagpapastor, pangangalap, pagbibigay—tuloy-tuloy ang naging ambag ni Jessie Weiss Curtis sa paglago ng gawain sa silangang bahagi ng Pennsylvania.

Bilang isang tao, si Gng. Curtis ay mahusay mag-organisa at likas na malakas ang pamumuno. Sa kanyang ugali at personalidad, siya’y kaagad nakakakuha ng atensyon at paggalang. Kapag siya’y nagsalita, nakikinig ang mga tao. Bagaman hindi siya mabilis magpakita ng damdamin, nadarama ng mga tao sa paligid niya ang init ng kanyang pakikisama. Mahal siya ng mga bata.

Si Jessie Curtis ay isang makatwirang tao na marunong magtakda ng mga prayoridad. Nagbabasa siya ng mga pahayagan, sumusubaybay sa mga kasalukuyang kaganapan, at mayroon siyang sariling aklatan. Patuloy siyang nangangalap ng mga materyales para sa kanyang mga sermon.

Si Gng. Curtis ay tapat na dumadalo sa mga pagpupulong ng iglesia at mga sesyon ng gawain, gaya ng Columbia Union Conference Session sa Atlantic City noong 1959, kung saan siya ay nakuhanan ng larawan sa gitna ng isang grupo ng kanyang mga miyembro.

Sina Gng. Curtis at Mary Walsh ay malapit na magkaibigan, kapwa lisensyadong ministro. Si Jessie ay nagkaroon ng pagkakataong makilala nang personal si Ellen White.

May isang anekdota na ikinukuwento ng pamilya tungkol sa isang tangkang ordinasyon kay Jessie Curtis na tila tinutulan niya mismo. (*Mula sa panayam kina Vanetta Weiss at Janet at Charles McKeel sa may Drums, Pennsylvania Seventh-day Adventist Church noong Hulyo 27, 1985. Tingnan ang apendiks A, 5.4.*)

---

Si Jessie Weiss Curtis ay naglingkod bilang isang lisensyadong ministro sa denominasyong Seventh-day Adventist mula 1945 hanggang 1972, mahigit 25 taon. Matapos siyang magretiro, patuloy pa rin siyang naging aktibo sa pagbabahagi ng kanyang pananampalataya sa kanyang Panginoon. Isang karamdaman ang unti-unting nagpabagal sa kanya sa huling taon ng kanyang buhay, at siya'y pumanaw sa Mountain Top, Pennsylvania noong Setyembre 6, 1972. Nabuhay siya nang halos 91 taon, isang natatanging pagsasanib ng ministeryo, pagmamahal sa pamilya, at walang takot na pakikisalamuha sa publiko. Siya'y namatay sa pag-asa ng muling pagkabuhay, na ang tanging hangarin ay makatagpo ang kanyang Panginoon sa Kanyang pagbabalik.

Iniwan ni Gng. Curtis ang mundo na ibang-iba kumpara sa noong kanyang unang matagpuan ito. Ang kanyang obituary ay nagsasaad na, "Nagdaos siya ng mga pagpupulong sa tolda at nagtayo ng maraming iglesya sa East Pennsylvania Conference." (*Mula sa "Curtis, Jessie W.," Review and Herald, Nobyembre 2, 1972, 46*).

Sa mga huling bahagi ng kanyang buhay, sinabi ni Gng. Curtis na kung mabibigyan siya ng pagkakataong muling mabuhay, gagawin niya pa rin ang parehong gawain na kanyang isinagawa. Ano pa bang mas dakilang kagalakan ang maaaring maranasan kaysa sa pagtuturo ng Biblia sa mga tao, pag-akay sa kanila tungo sa kanilang Panginoon, at masaksihan silang mabinyagan at maligtas sa kaharian ng Diyos?

Tiawag Ng Diyos

Hinihiling ko sa Panginoon na  
panatilihin akong nabubuhay, at  
malinaw ang aking isipan, hangga't  
kaya ko pang kumilos at magdala  
ng mga kaluluwa sa mensahe. Iyan  
lamang ang tanging dahilan para  
mabuhay. O, iyan lang talaga!

-Mary Walsh



## Ang Maliit Na Itim Na Aklat

Mary E. Walsh: 1892-1997

***Lisensyadong ministro 1921 to 1981***

Sa Europa, nagbabadya ang Unang Digmaang Pandaigdig. Gayunpaman, sa New York City ang mga kabataan mula sa iba't ibang panig ng mundo ay makakahanap ng kultura, kasiyahan, at mga pagkakataon sa karera. Si Maria Walsh, mula sa Ireland, ay kababalik lamang mula sa tungkulin bilang nars sa kanyang apartment sa New York City. Hinubad niya ang kanyang uniporme, at pumili ng isang magarang damit na pang- gabi. Nagdagdag ng mga alahas, at hindi nagtagal ay handa na siya sa isang gabi sa opera. Balingkinitan at maliit, sa kanyang unang bahagi ng edad beinte, si Mary ay nagliliwanag sa taglay na kagandahan mula sa talino at matibay na pagkatao.

Habang pinag-aaralan ang sarili sa salamin, kahit maayos ang kaniyang ayos, nakaramdam si Mary ng hindi kumportableng pakiramdam. Tinanong niya ang sarili, "Gagawin kaya ito ng aking pinagpalang Panginoon?" Napagpasyahan niyang hindi. Kaya't nagpalit siya ng damit para sa isang gabi sa bahay at hindi na muling dumalo sa opera, sa Hippodrome, o sa kaniyang mga aralin sa sayaw; iniwan niya ang lahat ng iyon. Ano nga ba ang naging dahilan ng biglaang pagbabago ng kaniyang pamantayan sa pananamit at libangan noong gabing iyon sa New York City? Ang pagtanaw sa nakaraan ay magpapakita kung ano ang nagdala sa kaniya tungo sa puntong ito.

Isang gabi, partikular na inialay ni Gng. White ang kanyang mga pahayag sa mga makasalanan at mga tumalikod sa pananampalataya; 200 tagapakinig, mula sa mga bata hanggang sa matatandang kulay abo na ang buhok, ang lumapit para sa espesyal na panalangin. Kinahapunan ay isinagawa ang binyagan para sa 39 na mga bagong mananampalataya, at marami pang iba ang nagpahayag ng kanilang hangaring magpabinyag pagbalik nila sa kanilang mga tahanan.

Tuloy-tuloy ang kanyang paglalakbay—patungong Oregon, Colorado, New England, at sa Gitnang Kanluran—na itinuturing niyang tanging pagkakataon upang tawagin ang ilan sa mga tagapakinig na iyon na maghanda para sa paghuhukom sa katapusan ng sanlibutan.

Tungkol naman sa kanyang pamamaraan ng paghahanda ng mga sermon, lumilitaw na madalas ay pinag-iisipan at ipinapanalangin ni Ellen White ang paksa na angkop sa partikular na oras at lugar habang siya ay naglalakbay. Sa ilang pagkakataon, binigyan siya ng Panginoon ng tiyak na tagubiling dapat niyang iparating sa isang partikular na grupo. (*Ibid.*, 111.) Karaniwan siyang nagsasalita nang nang walang binabasang tala, habang tuwirang nakatingin sa kanyang mga tagapakinig. Habang siya’y tumatanda, sa tuwing nagsasalita siya sa mga “business sessions,” minsan ay bumabasa siya mula sa isang manuskrito na kanyang isinulat, at pagkatapos ay sinusundan ito ng biglaang mga komento. (*Ibid.*, 422.) Kaya niyang palakasin ang kanyang boses upang marinig ng 5,000 hanggang 8,000 katao sa isang pagkakataon; (*Ibid.*, 221–222) ayon sa mga ulat ng balita, ang napakalalaking kongregasyong kinausap ni Gng. White sa mga camp meeting noong 1870s ay umaabot ng 15,000 hanggang 20,000 katao. (Mula sa “White, Ellen Gould (Harmon),” *Seventh-day Adventist Encyclopedia*, p. 1410.) Ang kanyang malakas na tinig, kahit walang gamit na mikropono, ay malinaw na umaabot sa malawak na bukirin at sa loob ng malalaking gusali.

Hindi lamang siya isang ministro, kundi paulit-ulit ding hinihikayat ni Ellen White ang ibang kababaihan na gamitin ang kanilang mga kaloob sa paglilingkod para sa Diyos at sa iglesia. Pinayuhan niya ang mga lalaking tagapangasiwa ng iglesia na bigyan ng kabayaran ang mga kababaihan para sa gawaing ito, at ipinahayag pa nga na kakailanganin niyang gumawa ng pondo mula sa kanyang sariling ikapu upang magamit para sa layuning iyon kung patuloy na magiging hindi sensitibo at di tumutugon ang mga lalaking tagapangasiwa. (*Hango sa isang liham kay mga Kapatid Irwin, Evans, Smith, at Jones mula kay Ellen White, Abril 21, 1898, 191a, 1898. Tingnan ang apendiks A, 7.4.*)

---

Kay Gng. S.M.I. Henry, isinulat ni Gng. White,  
Marami kang mga kaparaanang nakabukas sa harapan mo.  
Magsalita ka sa mga tao kung kailan mo man kaya; hawakan  
mo ang bawat kaunting impluwensiya sa pamamagitan ng  
anumang samahan na maaaring maging daan upang  
maipakilala ang lebadura sa masa. Bawat lalaki at bawat  
babae ay may gawain para sa Panginoon. Ang personal na  
paglalaan at pagpapakabanal para sa Diyos ay makakamit, sa  
pamamagitan ng pinakasimpleng mga paraan, nang higit pa  
kaysa sa magagarbong pagpapakita.  
—Liham mula kay Ellen White kay Gng. S.M.I.  
Henry, Marso 25, 1899; inilathala sa *Review and  
Herald* (Mayo 9, 1899).

Pagkaraan ng dalawang taon, siya ay sumulat sa isang artikulo na lumabas sa *Review*: “Ang pakikisama ng Banal na Espiritu ng Diyos ang naghahanda sa mga manggagawa, kapwa lalaki at babae, upang maging mga pastor ng kawan ng Diyos.” (Ellen White, “Canvassers as Gospel Evangelists,” *Review and Herald*, Enero 15, 1901, p. 1)

Noong 1881, sina James at Ellen White, sa kanilang ika-tatlumpu’t limang taong anibersaryo ng kanilang kasay, ay gumugol ng ilang linggo na masayang magkasama noong tag-init sa Battle Creek. Si James White ay pumasok sa kanyang ika-animnapung taon ng buhay na masigla ang isipan at katawan sa kabila ng mga dating karamdaman. Ngunit habang nasa isang paglalakbay kasama ang kanyang asawa, nakaranas si James White ng matinding ginaw; at sa araw ng Sabbath, Agosto 6, siya ay namatay. Sa gayon ay natapos ang isang di malilimutang pinagsamang ministeryo.

Noong taglagas na iyon, nanirahan si Gng. White kasama ang kanyang anak na si Willie (W. C. White) sa Oakland, California. Nagsalita siya sa isang camp meeting sa Sacramento at sa mga iglesia sa paligid na lugar. Nang sumunod na taon, nang magbukas ang Healdsburg College, bumili siya ng bahay na malapit doon. Dito siya masigasig na nagtrabaho sa pagsusulat ng kanyang pagkaunawa tungkol sa pakikitungo ng Diyos sa sangkatauhan ayon sa mga ipinahayag sa kanya. Siya rin ay madalas na naglalakbay. Noong Agosto 1883, umalis siya ng California upang mangaral sa malaking Tabernacle sa Battle Creek, Michigan, at sa iba’t ibang lugar sa silangang bahagi ng Estados Unidos.

Matapos ang pagkamatay ng kanyang asawa, tinanggap ni Ellen White ang mga kredensyal at sahod ng isang ordinadong ministro. Maliban na lamang kung ang denominasyon ay may dalawang kategorya ng mga ordinadong ministro, isa para kay Ellen White at isa pa para sa lahat ng iba pang ordinadong manggagawa, si Ellen White ay isang ordinadong ministro. (*Tingnan ang mga Yearbook mula 1884–1915. Tingnan din ang tala ng may akda tungkol sa pagbibigay-kredensyal kay Ellen White sa Apendiks A, 7.5; tingnan ang listahan ng mga ministro sa Apendiks B.*)

---

Noong 1884, si Gng. White, ang kanyang anak na si W. C. White, at ang kanyang kalihim na si Bb. Sara McEnterfer ay naglakbay upang bisitahin ang gawain ng mga Seventh-day Adventist sa Europa, na itinuturing pa noon na isang “mission field” ng denominasyon. Agad na nagsalita si Ellen White sa mga grupo ng mananampalataya sa paligid ng London at sa mga pampublikong bulwagan. Halos dalawang taon siyang naglingkod sa Europa. Sa European Missionary Council na ginanap sa Switzerland noong Setyembre 1885, siya ay nagbigay ng sunod-sunod na sermon sa mga maagang pulong sa umaga. Nagsalita rin siya sa mga “business session.” Hinikayat niya ang patuloy na pagsisikap sa pagbebenta ng mga literatura ng Adventista, sa kabila ng mga nakakapanghina ng loob na resulta. Dahil sa tagubilin ni Gng. White, ilang kabataan ang naudyukang subukang muli ang pagbebenta ng mga aklat sa paraang “self-supporting.” Bilang bunga, nagsagawa ng mga paaralan para sa pagsasanay ng mga colporteur sa Denmark, Norway, at Sweden.

Sa isang kasiya-siyang pagbisita sa mga lambak ng Waldensian sa Italya, nangaral si Gng. White sa ilang magkakahiwalay na maliliit na kongregasyon.

Sa ika-apat na European Missionary Council na ginanap sa Great Grimsby, England, noong taglagas ng 1886, ang mga kahirapan sa pagpapalaganap ng Adventismo sa Europa ay naging malinaw at masakit tanggapin. Hinikayat ni Gng. White na magpatuloy. Tumugon ang ilan sa mga manggagawa nang may determinasyon at pananampalataya. Subalit may ilan na inisip na hindi nauunawaan ni Gng. White ang mga natatanging hamon sa kanilang rehiyon. Mayroon ding mga umaasa pa rin para sa kinabukasan at naghahanap ng matibay na dahilan upang magkaroon ng pag-asa.

Buong diing isinalaysay ni Gng. White kung paano ipinakita sa kanya sa pangitain ang kalagayan: ang buong mundo ay tila nababalot ng ulap, hamog, at kadiliman; pagkatapos ay nakita niya ang maliliit na sinag ng liwanag na bahagyang lumilitaw sa gitna ng dilim. Sa paglipas ng panahon, ang mga liwanag na iyon ay lalong lumiwanag, at mas marami pang pinagmulang liwanag ang lumitaw, na nagmumula sa mga nauna nang nagniningas.

Nagtapos siya sa pagsasabing:

Ito ang larawan ng gawain na dapat ninyong gawin. “Kayo ang ilaw ng sanlibutan.” Mateo 5:14. Ang inyong gawain ay itanghal ang ilaw sa mga tao sa inyong paligid. Hawakan ito nang mahigpit. Itaas pa nang kaunti. Pailawin ang ibang ilaw. Huwag mawalan ng loob kung ang ilaw ninyo ay maliit lamang. Kahit ito ay isang maliit na kandila lamang, itaas ito. Hayaan itong lumiwanag. Gawin ninyo ang inyong makakaya, at pagpapalain ng Diyos ang inyong mga pagsisikap.

—Ellen White, *Life Sketches*, 295.

---

Bumisita siya sa Scandinavia, kung saan nangaral at nagbigay ng mga lektur tungkol sa pagtitimpi. Sa maliliit na grupo ng mga mananampalataya sa Alemanya, siya ay nagsalita gamit ang isang tagasalin. Tinatalakay niya ang iba't ibang paksa, kabilang ang pagpapalago ng sariling kakayahan, ang kahalagahan ng mapagkumbabang pagtulong-tulungan sa pagpapayo, at ang pamumuhay ayon sa gintong alituntunin.

Hinikayat ni Gng. White ang mga manggagawa sa Europa sa napakahalagang panahong iyon; naging mabunga ang ministryong ito. Nabuhay siya upang masaksihan ang nakakapag-bigay ng lakas ng loob na paglago ng bilang ng mga miyembro ng iglesia sa Europa at ang malaking pagtaas sa taunang bentahan ng mga literaturang Kristiyano.

Si Gng. White ay muling nanatili ng ilang panahon sa Estados Unidos na abala sa pagsusulat, pangangaral sa mga kumperensya, at pagbibigay ng payo sa mga lupon ng iglesia. Pagkatapos, hiniling ng pamunuan ng iglesia na siya ay muling magtungo sa ibang bansa, sa pagkakataong ito ay sa Australia, upang pamunuan ang pagpapaunlad ng gawaing pang-edukasyon doon. Noong Nobyembre 12, 1891, sumakay sina Ellen White at ang kanyang anak na si W. C. White, kasama ang apat sa kanyang mga katulong sa pagsusulat at personal na gawain, sa isang barko upang maglakbay sa kalahati ng mundo. Ang paglilipat na ito ay bunga ng isang hakbang ng Mission Board, na nag-ugat naman sa panawagan ni Elder S. N. Haskell sa General Conference noong 1891 na magtatag ng isang paaralan sa Australia upang makapagsanay ng mga Kristiyanong manggagawa para sa bahaging iyon ng mundo.

Sa Honolulu, sa loob ng isang 19 na oras na paghinto, nagsalita si Gng. White sa isang malaking pagtitipon sa bulwagan ng Young Men's Christian Association. Ipinagdiwang niya ang kanyang ika-animnapu't apat na kaarawan noong Nobyembre 26, 1891, habang nasa barko patungong Samoa, na nagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos at muling inialay ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Kanya. Makalipas ang isang linggo, nangaral siya tungkol sa pag-ibig ni Jesus sa kauna-unahang gusali ng Seventh-day Adventist na itinayo sa timog ng ekwador, sa Auckland, New Zealand. Ilang araw matapos nito, dalawang beses siyang nagsalita sa iglesia sa Sydney, Australia.

---

Sa Melbourne, si Elder George Tenney, ang namumuno sa palimbagan, ay lumipat mula sa kanyang bagong tahanan at iginiit na doon tumuloy sina Ginang White at ang kanyang mga katulong. Agad siyang lumahok sa mga pagpupulong upang pag-usapan ang pagtatatag ng isang paaralan. Paminsan-minsan ay nangangaral si Ellen White tuwing Sabado sa Iglesia sa Melbourne. May mga pagkakataong kailangang buhatin siya paakyat ng hagdan ng simbahan, at minsan ay nakaupo siya sa isang upuan habang nagsasalita.

Ang Bible training school ay binuksan sa mga paupahang gusali sa Melbourne, Victoria, Australia, noong Agosto 24, 1892. Dalawampu't lima (25) ang bilang ng mga mag-aaral sa simula, ngunit pagsapit ng Hunyo, umabot ito sa limampu't anim (56). Inirekomenda ni Ellen White ang pagbili ng isang lugar sa kanayunan, at natagpuan ang isang lupang may sukat na 1,450 "acres" sa Cooranbong. Bagama't may ilang mga pinuno ng iglesia at mga eksperto sa agrikultura ang hindi sang-ayon sa lokasyon, naniniwala si Gng. White na ang Panginoon ang umaakay patungo roon. Noong 1895, napagpasyahan na doon itatag ang paaralan. (Mula sa "Avondale College," sa *Seventh-day Adventist Encyclopedia*, ed. Don Neufeld, [Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing, 1996], vol. 1, p. 143.) Ipinamalas ni Ellen White ang kanyang tiwala sa proyekto ng kolehiyo sa lupain ng Avondale sa Cooranbong sa pamamagitan ng pagbili ng lupa malapit dito at pagpapatayo ng sariling tahanan, na tinawag niyang "Sunnyside." Kaagad niyang ipinag-utos na linisin at aruruhin ang bahagi ng kanyang 66 "acres" na lupa upang taniman ng mga punong namumunga. Tiyak siya na maaaring magpalago ng mga prutas at gulay sa lugar na iyon.

Ipinakita pa ni Gng. White ang kanyang malasakit sa proyekto sa pamamagitan ng paghiram ng 5,000 dolyar para sa pagpapatayo ng paaralan. Paulit-ulit niyang ipinahayag na ang kayamanang pinansyal ay may halaga lamang kung ito ay ginagamit upang maisulong ang gawain para sa kaharian ng Diyos. "Ang isang kaluluwang maliligtas para sa kaharian ng Diyos ay higit na mahalaga kaysa sa lahat ng kayamanan sa lupa." (*Mula kay Ellen White, Life Sketches*, p. 206). Ipinangako rin niya ang mga magiging "royalty" mula sa kanyang mga aklat para sa pagpapatayo ng paaralan na magsasanay ng mga manggagawa sa Australia. Noong Oktubre 1896, siya mismo ang naglatag ng unang ladrilyo sa pundasyon ng Bethel Hall, ang inaasahang dormitoryo para sa mga kababaihan. Ang *School for Christian Workers* ay binuksan noong Abril 28, 1897, kahit hindi pa ganap na tapos ang dalawang gusali, at may sampung mag-aaral lamang sa simula. Ito ay isang gawaing bunga ng pananampalataya mula simula hanggang wakas. Pagsapit ng katapusan ng termino, umabot na sa 60 ang bilang ng mga mag-aaral.

---

Pinayagan ni Ellen White na ang kita mula sa pagbebenta ng kanyang aklat na *Christ's Object Lessons* ay gamitin upang mabawasan ang pagkakautang ng kolehiyo na umaabot sa \$23,000. Mahigit \$20,000 sa utang ay nabayaran sa pamamagitan ng paraang ito.

Sa loob ng isang panahon, si Ellen White ay “nagsilbi, sa isang paraan, bilang lokal na pastor ng mga iglesia sa Kellyville, Prospect, at Parramatta, N.S.W.” (Bert Haloviak, “Route to the Ordination of Women,” p. 18). Kasabay nito, tinatapos niya ang kanyang aklat na *The Desire of Ages* at nagpapadala ng mga personal na patotoo. Bilang isang pastor, masigasig siyang nakibaka laban sa mga kahirapang pang-ekonomiya na dinaranas ng mga indibidwal at pamilya sa panahon ng matinding depresyon sa Australia.

Sa panahong ito, isang hindi Adventistang nakarinig kay Gng. White na mangaral ang napabulalas, “Kailanman sa buong buhay ko ay hindi pa ako nakarinig ng ganoong pangangaral na gaya ng ibinigay ng babaeng iyon. Ginagawa ng mga taong ito si Cristo bilang ganap na sentro at kabuuan ng katotohanan.” (*Ellen White, liham kay J. H. Kellogg, Oktubre 25, 1894; liham kay O. A. Olsen, Oktubre 26, 1894.*)

Matapos mangaral, magbigay ng gabay, at tumulong sa pinansyal na paraan, iniwan ni Ellen White ang isang matibay na pundasyon para sa gawaing pang-edukasyon sa Australia nang siya ay bumalik sa Estados Unidos noong 1900.

Habang naglalakbay pabalik sa 1901 General Conference sa Battle Creek, dumaan si Ginang White sa timog na bahagi ng Estados Unidos. Hinimok niya na magtatag ng mga paaralan at gawaing medikal sa rehiyong iyon at binigyang-diin ang pangangailangang makapaghandang angkop na mga babasahin para sa bagong tatag na Southern Publishing Association.

Makikita sa pabalat ng aklat na ito si Gng. White na nagsasalita sa 1901 General Conference sa Battle Creek Tabernacle. Sa panahong iyon, kanyang itinaguyod ang pagtatatag ng mga sentro ng pagsasanay sa Great Britain at iba pang mga bansa sa Europa, pati na rin sa Timog ng Estados Unidos.



---

Sa General Conference noong 1903, buong paninindigan na nagsalita si Ellen White pabor sa paglilipat ng punong-himpilan ng denominasyon mula sa Battle Creek, kasunod ng pagkasira dahil sa sunog ng mga gusali ng General Conference at Review and Herald doon. Sa kalaunan, hinihikayat niya ang masusing pagsasaalang-alang sa lugar ng Washington, D.C. bilang bagong lokasyon ng punong-himpilan ng iglesia at ng palimbagan.

Ang General Conference noong 1909 ang huling pagkakataon na personal na nagsalita si Ellen White sa mga pinuno at miyembro ng iglesia. Ang kanyang mga sermon ay puno ng mga babala para sa iglesia, mga aral mula sa Bibliya, at ang diwa ng ebanghelyo. Bagamat siya ay 81 taong gulang at hindi maganda ang kalusugan, nagsalita siya nang 72 beses sa 27 iba't ibang lugar sa 8,000 milyang paglalakbay mula sa kanyang tahanan malapit sa St. Helena, California, patungo sa mga pulong sa Washington, D.C., at pabalik. (*White, Life Sketches, 416.*)

Pagbalik niya sa kanyang tahanan sa St. Helena, na tinatawag na "Elmshaven," sa Napa Valley sa hilagang California, masigasig na ipinagpatuloy ni Ginang White ang pagkumpleto ng pagsusulat ng seryeng *Conflict of the Ages*, na nagpapakita ng pagkilos ng probidensya ng Diyos sa buong kasaysayan ng mundo. Natapos niya ang *The Acts of the Apostles* noong 1911 at ang *Counsels to Teachers, Parents, and Students Regarding Christian Education* noong 1913.

Sa kanyang mga huling taon, nanatiling masayahin si Ellen White. Mahilig siyang magnilay-nilay sa isang talata mula sa Kasulatan o maglakbay sakay ng karwahe upang makita ang nagbabagong kagandahan ng kalikasan. Noong Pebrero 1915, siya ay nahulog sa kanyang tahanan sa Elmshaven. Nang isinagawa ang pagsusuri pagkatapos, natuklasan na siya ay may nabaling balakang. Hindi malinaw kung ito ang naging sanhi o bunga ng pagkahulog.

Mula noon, ginugol niya ang karamihan ng kanyang oras sa pagpapahinga sa kanyang maaliwalas na opisina sa ikalawang palapag. Kasama ang mga interesadong tagapakinig, siya ay nagbalik-tanaw sa kasaysayan ng iglesia at sabik na inaasam na makita ang kanyang Tagapagligtas sa pagkabuhay na mag-uli.

Matapos maipangaral ang kanyang huling sermon at maisulat ang kanyang huling artikulo, pumanaw si Ellen White noong Hulyo 16, 1915, sa edad na 87 taon. Habang lumilipas ang mga dekada, nananatili siyang isang makapangyarihang huwaran para sa mga kababaihang tinawag ng Diyos upang maglingkod sa Kanyang iglesia at mag-ebanghelyo sa mga hindi pa nakikilala si Cristo.



Mga kapatid, gusto ako ng  
Diyos.

-Hetty Hurd Haskell, 1884

## Iba pang mga Babaeng Ministro Mula sa Nakaraan

### Mga Maiikling Talambuhay

Ang mga indibidwal na ipinakilala sa unang pitong kabanata ay hindi nangangahulugang ubos na ang listahan mga kababaihang ministro sa kasaysayan ng Iglesia Adventista del Séptimo Día. Sa kabanatang ito, ilang karagdagang halimbawa ang tatalakayin nang maikli.

Ang kabanatang ito ay inayos ayon sa alpabeto at hindi batay sa pagkakasunod ng panahon. Upang mabigyan ng kaunting pananaw ukol sa panahon, bigyang pansin na kabilang sa mga unang kababaihang nabigyan ng lisensiya bilang mga ministro ay sina Sarah Lindsey (1872), Ellen Lane (1875), at Julia Owen (1878). Noong 1878, ang General Conference ay nagpatibay ng isang resolusyon upang magbigay ng lisensiyang ministeryal sa mga taong may kakayahan at matatag sa doktrina; gayunpaman, dalawa sa mga babaeng ito ay nakatanggap na ng kanilang lisensiya nang mas maaga pa, mula sa mga lokal na kumperensya. (*Mula sa Bert Haloviak, "Route to the Ordination of Women in the Seventh-day Adventist Church: Two Paths," hindi nalathalang papel, Marso 18, 1985.*) Sila ang mga nanguna sa larangan.

Mayroon pang ibang mga kababaihang ministro na nagpayaman sa kasaysayan ng kanilang iglesia ngunit binanggit lamang sa aklat na ito sa pamamagitan ng kanilang mga pangalan sa Apendise B. Malawak pa ang puwang para sa karagdagang pananaliksik.

#### **Hetty Hurd (Gng S. N.) Haskell: 1857 hanggang 1919**

##### **Lisensyadong Ministro 1901 hanggang 1919**

Ang talambuhay ni Gng. S. N. Haskell, na isinulat ni Elder J. N. Loughborough noong panahon ng kanyang pagkamatay, ay sumaklaw ng halos tatlong hanay sa *Review and Herald*, (*Mula kay John N. Loughborough, "Life Sketch of Mrs. S. N. Haskell," Review and Herald, Nobyembre 20, 1919, 24–25; ang pinagmulan ng materyal sa kabanatang ito, kasama ng impormasyong ibinigay ni Bert Haloviak mula sa General Conference Archives*) na nagpapakita kung gaano kataas ang pagpapahalaga kay Gng. Haskell ng mga pinuno ng denominasyon. Sa loob ng ilang taon, kapwa sina Ellen White at Gng. Haskell ay nakatala sa *Yearbook* bilang mga ministro na kinilala ng General Conference, si Ellen White bilang ordinado (*Tingnan ang talakayan tungkol sa ordinasyon sa Kabanata 7 at Apendiks A, seksyon 7.5*), at si Gng. Haskell bilang lisensiyado. Umabot sa 34 na taon ang paglilingkod ni Hetty Hurd Haskell sa ebanghelyo.

---

Bago siya naging Adventista, si Hetty Hurd ay isang matagumpay na guro sa pampook na paaralan sa California na tumatanggap ng pambihirang mataas na sahod na 75 dolyar kada buwan. Maliwanag na isa siyang may kakayahan at malayang babae, siya mismo ang bumili ng sarili niyang kabayo at karwahe upang magamit sa pagpasok sa trabaho. Labis ang kasiyahan ng mga mamamayan sa kanyang kahusayan bilang guro kaya't inalok siya ng kontratang panghabang-buhay.

Noong 1884, pumayag si Hetty na dumalo sa camp meeting ng Seventh-day Adventist sa Oakland, California, kasama ang kanyang kapatid at ang pamilya ng bayaw niya, ang mga Gray, ngunit dahil lamang sa hilig niya sa camping; may kasunduan na hindi siya dadalo sa alinmang pagpupulong.

Sa kanyang pagkagulat, naakit si Hetty sa musika. Tumayo siya sa labas ng pabilyon upang makinig. Hindi lamang magagandang himig ang kanyang narinig kundi pati na rin ang mga sermon tungkol sa propesiya at mga katotohanan sa Biblia. Sa wakas, nang magsalita ang isang ministro tungkol sa hinaharap na pamana ng mga maliligtas, ipinasya ni Hetty sa kanyang sarili, "Ako ay kasama doon." Nagpatala si Bb. Hurd sa mga pag-aaral sa Biblia, tinanggap ang mga katotohanang kanyang narinig, at sumapi sa iglesiang Adventista sa kanyang bayan sa Lemoore, California.

Pagkatapos ng camp meeting, nagsagawa ng pagpupulong sa Lemoore ang mga ministrong sina Loughborough at Ings kung saan inimitahan nila ang mga miyembro na magpadala ng *Signs of the Times* kasabay ng personal na sulat. Si Hetty Hurd ay umorder ng sampung subscription upang siya mismo ang magpadala. Napansin ni Elder Loughborough na labis na naantig si Bb. Hurd. Namula ang kanyang mukha at pagkatapos ay namutla; mahigpit niyang hinawakan ang upuan sa harap niya. Sa wakas, tumindig siya at sa isang taos-pusong tinig na nagdulot ng luha sa mga mata ng mga nakikinig, sinabi niya, "Mga kapatid, gusto ako ng Diyos." Hindi na niya pinalawak pa ang paliwanag.



---

Pagkatapos ng pagpupulong, ang mga panauhing mangangaral ay dumating para maghapunan kasama ang pamilya Gray at si Bb. Hurd. Bago magsimulang kumain, lumapit si Hetty kay Bro. Ings at inilagay sa kamay nito ang tanikala ng kanyang gintong relo, ilang singsing, at iba pang alahas. Nagpasalamat siya at tinanong kung ito ba ay pambayad sa mga pahayagang inorder ni Hetty. Sumagot siya na hindi, kaya niyang bayaran iyon sa iba pang paraan; ang mga ito ay isang donasyon para sa samahan ng mga misyonaryo sa kumperensya.

Isang programa ng pagsasanay para turuan ang mga kabataang babae kung paano magbigay ng pag-aaral sa Biblia ang malapit nang magsimula sa San Francisco. Nagpasya si Binibining Hurd na sumali sa grupo. Sa pagtatapos ng semestre ng tagsibol, iniwan niya ang kanyang posisyon bilang guro at sinimulan ang kanyang 34 na taong paglilingkod, na karamihan ay nakatuon sa pagbibigay ng pag-aaral sa Biblia at pagtuturo sa iba kung paano maging epektibo sa ministryong ito. Bukod pa rito, nakilala siya bilang isang makapangyarihang mangangaral. Siya ay tinawag upang magsanay ng mga manggagawa sa England, Africa, at Australia.

Habang nagtatrabaho sa Australia, nakilala niya si Elder Stephen N. Haskell. Ikinasal sila noong 1897. Mula noon, magkatuwang silang naglingkod, unang nagturo sa paaralang Avondale. Pagbalik sa Estados Unidos, inilathala nila ang magasin na *Bible Training School* upang makatulong sa kanilang gawain na magturo ng mga manggagawa para sa Diyos.

Bilang isang lisensyadong ministro, maraming tao ang dinala ni Hetty Hurd Haskell sa kanyang Panginoon; inihanda rin niya ang napakarami pang iba upang gampanan ang katulad na gawain.

***Emma Songer (Gng. G. R.) Hawkins: 1870 hanggang 1926***

***Lisensyadong ministro 1901 hanggang 1911***

Si Emma Florence Songer, isang tubong Iowa, ay nagpakasal kay George R. Hawkins noong 1893. Magkasama silang naglingkod sa ministryong ebangheliko sa Iowa, kung saan nagtayo sila ng ilang mga simbahan.



Ang katotohanang siya ay may lisensiya bilang ministro nang mahigit isang dekada mula sa Iowa Conference ay nagpapahiwatig na si Gng. Hawkins ay aktibong nag-ambag sa gawain ng denominasyon sa kanyang sariling kakayahan. Sina Emma Hawkins at Minnie Syte (kabanata 2) ay sabay na naglingkod bilang mga lisensyadong ministro sa loob ng ilang taon sa Iowa Conference.

Sumulat si Bro. Hawkins sa Iowa Workers' *Bulletin*, "Noong isang gabi habang nagsasalita si Gng. Hawkins, ang isa [na isang 'mayamang magsasaka'] ay labis na naantig kaya't tumulo ang mga luha sa kanyang pisngi. Siya'y tumayo nang matapos ang pagpupulong at ipinahayag ang kanyang intensyon na ipangilin ang Sabbath." (*Mula kay G. R. Hawkins, "Wapello," Iowa Workers' Bulletin, Hulyo 30, 1907, 2*).

Sina G. at Gng. Hawkins ay magkasamang nagsagawa ng matagumpay na mga pagpupulong para sa ebanghelisasyon. Nadoble ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan sa Keokuk habang sila ay naglilingkod doon. (*Mula sa "Keokuk," Iowa Workers' Bulletin (Abril 16, 1907): 163.*) Di nagtagal, inordinahan si Ginoo Hawkins.

Matapos maglingkod sa Iowa, nag-ebanghelyo sina G. at Gng. Hawkins sa Nebraska, Colorado, at Illinois. Naitatag nila ang isang malaking simbahan sa Danville, Illinois. Kalaunan, lumipat sila sa Georgia.

Habang abala si Gng. Hawkins sa paghahanda para sa junior division sa camp meeting pati na rin para sa isang serye ng mga pagtuturo para sa mga ina, siya ay nabangga ng isang trak habang tumatawid sa kalye; siya ay namatay agad-agad. Ang biglaang pagtatapos ng kanyang ministeryo ay naging malaking dagok sa kanyang mga kaibigan, pamilya, at mga kasamahan. Personal nilang pinagdalamhati si Emma Hawkins at labis ding ikinalungkot ang kawalan nito sa denominasyon. (*Mula sa obitwaryo, Gng. Emma Florence Hawkins, Advent Review and Sabbath Herald (Setyembre 16, 1926): 22.*)

### ***Sarepta Myrenda Irish (Gng S. M. I.) Henry: 1839-1900***

#### **Lisensyado bilang ministro 1898-1899**

Bilang isang bata, si Sarepta Irish ay naglakbay sa hangganang teritoryo ng Illinois kasama ang kanyang mapagmahal at matalinong ama, isang tagapangunang ministro ng Methodista. Tinuruan siya nito habang magkasamang nakasakay sa karwahe, gamit ang Biblia bilang pangunahing aklat-aralin, maging ang paksa ay relihiyon, pagbasa, o matematika. Sa kanyang huling mga taon ng kabataan, nag-aral si Sarepta sa Rock River Seminary. Mula pagkabata, siya ay isang tapat na Kristiyano.

---

Sa edad na 22, naging si Gng. James Henry siya. Nang pumanaw ang kanyang asawa makalipas ang walong taon, naiwan si Sarepta na mag-isang nagpalaki sa kanilang tatlong anak na may edad dalawa hanggang pito. Hinarap niya ang responsibilidad na ito nang kahanga-hanga, nananalig sa mga pangako ng Diyos habang masikap siyang nagtrabaho upang matustusan ang pangangailangan ng sarili at ng kanyang pamilya.

Naniniwala si Gng. Henry na siya'y tinawag para sa gawain ng pagtitimpi, kaya't mula sa isang payak na simula ay umangat siya upang maging pambansang ebanghelista ng *Woman's Christian Temperance Union* (WCTU). Ngunit kalaunan, dahil sa karamdaman, unti-unti siyang naging ganap na baldado pagsapit ng taong 1895. Sa sumunod na taon, siya'y nagpahinga at nagpagaling sa Battle Creek Sanitarium sa Michigan, na pinatatakbo ng mga Adventista. Habang naroon, tinanggap niya ang mga aral ng Seventh-day Adventist at noong huling bahagi ng 1896, siya ay sumapi sa iglesia. Sa panahon ng taimtim na panalangin hindi naglaon, naranasan niya ang kagalingan. Dahil dito, muling nagbalik si Gng. Henry sa kanyang gawain sa WCTU.

Itinatag ni Sarepta Henry ang *Women's Ministry* sa loob ng denominasyong Seventh-day Adventist. Ito ang kauna-unahang organisadong pagsisikap ng iglesia upang sanayin ang mga magulang at tulungan sila sa pagharap sa kanilang mga natatanging suliranin. Bilang suporta sa kanyang pangangaral at gawaing pang-organisasyon, pinagkalooban si Gng. Henry ng lisensiya bilang ministro ng denominasyong Seventh-day Adventist noong mga taong 1898 at 1899.

Madalas magsulat si Gng. Henry para sa *Review and Herald*. Ang mga pamagat ng ilan sa mga aklat at polyetong kanyang isinulat ay nagpapakita ng lawak ng mga paksang kanyang tinalakay: *The Abiding Spirit, Good Form and Christian Etiquette, The Marble Cross and Other Poems, Studies in Home and Child Life, at The Unanswered Prayer*.

Ang pagkamatay ng mahusay at masiglang ministrong ito noong taong 1900 ay nagdulot ng dalamhati sa di-mabilang na mga taong kanyang pinaglingkuran sa iba't ibang paraan. Napuno ng mga namimighati ang Battle Creek Tabernacle para sa serbisyo ng kanyang libing.



---

Pagkatapos, nagpatuloy ang kanyang impluwensya sa pamamagitan ng iba pang mga kababaihang itinalaga upang ipagpatuloy ang gawaing kanyang itinatag para sa mga ina. (*Mula sa isang pananalita ni Dr. Ernest D. Dick sa muling pagtitipon ng Union College na ginanap sa General Conference, Hunyo 30, 1985; "Sister S. M. I. Henry," Advent Review and Sabbath Herald [Enero 30, 1900]: 64–69.*)

**Anna M. Johnson**

**Lisensyadong ministro 1881-1884**

Mayroon lamang tayong limitadong impormasyon tungkol sa isang lisensyadong ministro na nagngangalang Gng. A. M. Johnson, batay sa talaan ng mga kababaihang ministro mula sa Archives at sa liham na ito mula sa kanyang apo:

Ang aking lola ay isang lisensyadong ministro sa Minnesota Conference noong 1881. Inilakip ko ang kopya ng kanyang lisensiya. Nagsagawa siya ng mga pagpupulong para sa ebanghelisasyon. Tinulungan siya ng aking lolo sa pamamagitan ng pamumuno sa musika at pag-aalay ng panalangin, ngunit si Lola ang nangaral. Paminsan-minsan pa rin siyang nangangaral sa kanilang lokal na simbahan noong ako ay isang kabataang babae, at narinig ko ang kanyang pangangaral.

Taos-pusong kapatid ninyo kay Cristo,  
Queda B. Bahnsen

— Queda B. Bahnsen, Gresham, Oregon, liham sa  
may-akda, Agosto 1, 1984.

**Ellen S. Edmonds (Gng. E. B.) Lane**

**Lisensyadong ministro 1878-1889**

Habang nag-aaral sa State Normal School sa Ypsilanti, Michigan, sina Ellen S. Edmonds at Elbert B. Lane ay nagkakilala at kalaunan ay nagpakasal. Ang mag-asawang ito na mga Seventh-day Adventist ay nanirahan sa isang bukirin sa Bedford Township, na may balak manirahan doon habang buhay. Gayunpaman, sa *Review and Herald* ay nabasa nila ang paulit-ulit at masidhing panawagan para sa mga dedikadong Adventistang pumasok sa ministeryo upang ihanda ang mga tao sa pagharap sa kanilang Panginoon. Buong taimtim silang nanalangin para sa gabay ng Diyos, at ipinagbili nila ang kanilang maliit na bukirin; sa loob lamang ng isang linggo, may bumili na nito. Gayunman, hindi pa rin sila nagpasya hangga't hindi sila humingi ng payo mula sa mga pinuno ng iglesya, lalo na kina James at Ellen White. Pinayuhan sila ng mga White na sundin ang kanilang paninindigan. Ipinagbili ng mag-asawang Lane ang kanilang tahanan at pumasok sa ministeryo. Si G. Lane ay nakatanggap agad ng lisensiya upang mangaral.

---

Pagkalipas ng dalawang taon, lumipat ang mga Lane sa Indiana Mission. Hindi naging salat sa pasakit ang kanilang buhay. Namatay ang kanilang sanggol, at si Gng. Lane ay nagkasakit ng malubhang kaso ng typhoid fever. Gayunpaman, ipinagpatuloy nila ang kanilang paglilingkod sa ministeryo. Naglingkod sila sa ilang mga estado at pagkatapos ay bumalik sa Michigan.

Noong ang Michigan Conference ay nagbigay ng lisensiya sa ministeryo kay Gng. Lane noong 1875, siya ay naging isa sa mga kauna-unahang kababaihang Seventh-day Adventist na nakatanggap ng ganoong lisensiya. Nang sumunod na buwan, noong Oktubre 7 ng parehong taon, muling inaprubahan ang kanyang lisensiya sa pangangaral sa panahon ng pagpupulong ng Michigan Conference. Dahil kasabay nito ay ginaganap ang General Conference Session sa parehong lugar, hindi masasabi na ang pagbibigay ng lisensiya sa isang babae upang mangaral ay ginawa nang palihim sa likod ng bagong tatag na denominasyon. Bilang asawa ng isang ordinadong ministro, si Ellen Lane ay nagpakita ng malinaw na patunay ng kanyang natatanging panawagan sa ministeryo.

Minsan si Gng. Lane ay nagsasagawa ng mga pagpupulong nang mag-isa. Sa ibang pagkakataon naman, tinutulungan niya ang kanyang asawa. Bago pa man naitakdang magsimula si Elder Lane ng isang kampanyang ebanghelistiko sa Bowling Green, Ohio, siya ay inatake ng matinding diphtheria at ipinasundo ang kanyang asawa. Binuksan ni Gng. Lane ang mga pagpupulong; habang unti-unting gumagaling ang kanyang asawa, nagsasalita ito kapag kaya na niya, at si Gng. Lane ang nangangaral sa iba pang mga serbisyo.

Ang mga Lane ay kapwa nagsasagawa ng kampanyang ebanghelistiko sa magkaibang bahagi ng Ohio nang magkasakit nang malubha si G. Lane. Nag-atubili siyang ipaalam sa kanyang asawa ang kanyang kalagayan dahil ayaw niyang maantala ang mga pagpupulong nito. Sa huli, pumayag din siyang iparating ang mensahe. Sa kasamaang-palad, mas malala pala ang kanyang karamdaman kaysa sa inaakala niya; siya ay namatay halos kaagad.

---

Pagkatapos magluksa ni Gng. Lane sa pagpanaw ng kanyang katuwang sa buhay, ipinagpatuloy niya nang mag-isa ang kanyang mga tungkulin sa ministeryo. (David H. Lamson, "Notices—Eld. E.B. Lane," *Review and Herald* (August 23, 1881, p. 143); Bert Haloviak, "Route to the Ordination of Women in the Seventh-day Adventist Church: Two Paths," *March 18, 1985*, di pa nalathalang papel, p. 8.)

**Sarah A. Hallock (Gng. John) Lindsey: 1832-1914**

**Lisensiyado 1872-1880**

Bilang isang kombertido sa Adventismo, ang kabataang si Sarah Hallock ay sumulat ng mga malalim na katanungang teolohikal sa *Review*. Noong panahon ng Digmaang Sibil (1862), siya ay nagpakasal sa isang kabataang ministrong layko na Adventistang si John Lindsey. Dahil sa paniniwalang maikli na lamang ang natitirang panahon, nagkaroon ng masidhing panawagan mula sa mga lider ng denominasyon para sa mas malawak na pakikibahagi ng mga layko sa gawain. Sa ilalim ng ganitong paghikayat, nagsimulang mangaral si Sarah Lindsey noong 1867. Anim na katao ang nabinyagan bilang bunga ng kanyang unang mga pagpupulong. Noong unang bahagi ng 1869, sina Sarah at John ay nagsimulang magsagawa ng pinagsamang mga gawain.

Ang adhikaing Adventista ay hinarap ng pagtalikod sa pananampalataya at mga suliraning moral noong huling bahagi ng 1860s. Gayunpaman, isang bagong lakas ang dumating sa anyo ng masiglang mag-asawang mangangaral na sina Sarah at John Lindsey, na nagdala ng tapang at pag-asa sa pamunuan ng iglesya.

Nagbigay si Brian Strayer ng kapansin-pansing detalye sa kanyang artikulo tungkol sa ministeryo ni Sarah Lindsey:

Noong Enero, nakipagtulungan sila kay Nathan Fuller para sa isang serye ng mga pagpupulong sa Wellsville, N.Y., sa loob ng tatlong Sabadong "pangangaral ng salita" sa pulpito. Pagkatapos ay naglakad sila sa loob ng 16-pulgadang niyebe patungong Pleasant Valley, kung saan nangaral si Sarah nang 23 beses tungkol sa mga tanda ng mga panahon, ikalawang pagdating ni Kristo, at iba't ibang hula mula sa Daniel at Revelation. Ang kahanga-hangang iskedyul ng pampublikong pangangaral na ito ay walang kapantay sa ibang babaeng Adventista maliban kay Ellen White. Noong Mayo, nagsalita si Sarah ng anim na beses sa West Union. Ang kanyang asawa na si John, na nag-ulat ng mga pagpupulong na ito sa *Review*, ay hindi nabanggit kung siya ay nangaral o hindi!

— Brian E. Strayer, "Sarah A. H. Lindsey: Advent Preacher on the Southern Tier," *Adventist Heritage*, 11, blg. 2 (1986): 16-25.

---

Habang naglalakbay sa buong kanlurang bahagi ng New York at Pennsylvania kasama ang kanyang asawa, nangaral si Sarah, namahala ng mga libing, nagsagawa ng pag-aaral sa Bibliya, at nagturo.

May kakulangan sa mga ministro; kaya't ang mga Lindsey ay walng humpay na naglakbay sa gitna ng mga tumpok ng niyebe noong taglamig ng 1870-71 upang ipalaganap ang balita ng kaligtasan at ang inaasahang pagdating ni Jesus sa mga pamayanan sa hangganan ng New York at Pennsylvania. Sa sumunod na tag-araw, nangaral sina Sarah at John sa Hornby, Catlin, at Beaver Dam sa New York, pati na rin sa Knoxville, Alva, Armenian Mountain, at Lawrenceville sa Pennsylvania.

Ang mga liham ng pasasalamat sa pangangaral ng mga Lindsey ay isinulat at pinadala sa Review ng postmaster sa Beaver Dams, New York, pati na rin ng marami pang ibang tao. Hindi nakakagulat na kinilala ang gawain ng mga Lindsey nang pareho silang bigyan ng lisensiya bilang mga ministro noong Agosto 1872. Ipinagpatuloy nila ang kanilang gawain sa lugar na kilala bilang "The Southern Tier," at nagpahayag ang mga lider ng iglesya ng kanilang nasaksihang diwa ng siglang espiritwal sa tuwing bumibisita sila roon.

### ***Julia A Griggs (Gng. G. K.) Owen: 1840-1898***

#### **Lisensiyado 1878 hanggang 1895**

Hindi kalaunan, noong parehong taon na si Ellen Lane ay nabigyan ng lisensiya ng Michigan Conference, si Julia Owen naman noong 1878 ay tumanggap ng katulad na lisensiya sa pangangaral mula sa Kentucky-Tennessee Conference. Sa unang taon na ipinatupad ng denominasyon ang pagbibigay ng lisensiya sa mga ministro na may aksyon ng General Conference, dalawang babaeng ministro ang naitalang nabigyan ng lisensiya.

Si Julia Owen ay kasal kay Elder Gardner K. Owen, isang ordinadong ministro. Gayunpaman, kinilala siya ng pamunuan ng iglesya bilang isang indibidwal na tinawag sa ministeryo. Naglingkod siya bilang ministro ng ebanghelyo nang mahigit dalawang dekada at siya ay lisensiyado mula 1878 hanggang 1895. Siya ay pumanaw noong 1898. (*Mula kay Bert Haloviak, "Route to the Ordination of Women," Marso 18, 1985, di-pa-nalathalang papel; Bettie Coombs, "Kentucky and Tennessee Conference," Review and Herald, Nobyembre 14, 1878, 158; Gardner K. Owen, "Owen," Review and Herald (Enero 3, 1899, 14).*)

---

**L. Flora (Gng. Frank) Plummer: 1862-1945**

**Lisensyadong ministro 1893**

Si Flora Plummer ay isang batang may-asawang babae na nagtuturo sa mataas na paaralan sa Nevada, Iowa, nang dumalo siya sa mga pagpupulong ng ebanghelismo na pinangunahan ni A. G. Daniells noong taong 1885. Sa sumunod na taon, matapos ang isang espirituwal na pakikibaka, isinuko niya ang kanyang sarili kay Cristo at naging isang Seventh-day Adventist. Bilang tugma sa kanyang masiglang personalidad, agad siyang naging masigasig na manggagawa para sa iglesia, nagpapadala ng mga babasahin at nagsasagawa ng mga pag-aaral sa Biblia.

Bilang isang masiglang kasapi ng Iowa Sabbath School Association, si Flora Plummer ay naging pangulo nito noong 1891. Makalipas ang apat na taon, siya ay napiling magbasa ng isang papel sa harap ng General Sabbath School Council nang ito'y nagpulong sa Battle Creek, Michigan. Patuloy na umuunlad ang gawain ng Sabbath School; at sa kanyang sigasig para sa ministryong ito, si Flora Plummer ay nasa unahan ng kilusan.

Si Gng. Plummer ay nahalal bilang kalihim ng Iowa Conference noong 1897. Sa bahagi ng taong 1900, nagsilbi siya bilang pansamantalang pangulo ng Iowa Conference nang umalis ang pangulo patungong California. Isa siyang babae na may pambihirang kakayahang mamahala. Kalaunan noong taon ding iyon, siya ay naging Sabbath School Secretary para sa Minnesota Conference.

Bilang isang delegado sa kabuuan, dumalo si Flora Plummer sa 1901 General Conference. Dito unang nabuo ang Sabbath School Department ng General Conference, at si Flora Plummer ang naging correspondence secretary nito.

Noong inilipat ang kanyang opisina sa Washington, D.C. noong 1905, kusang inilipat ng asawa ni Gng. Plummer ang kanyang negosyo sa nasabing lugar. Bagaman si Frank Plummer ay hindi naging Seventh-day Adventist hanggang sa mga huling araw ng kanyang buhay, bilang isang maunawaing asawa, siya ay sumama sa kanyang maybahay at sinuportahan ang landas ng kanyang karera.

---

Noong 1905, ang mga Plummer ay nag-ampon ng dalawang bata. Sa pagkakataong ito, labis na ikinatuwa ni Flora ang sarili niyang pamilya bukod pa sa malawak niyang pamilya sa Sabbath School.

Si Gng. Plummer ay naging patnugot ng *Sabbath School Worker* noong 1904 at pinanghawakan niya ang tungkuling ito, maliban sa ilang buwan, sa loob ng maraming taon hanggang sa kanyang pagreretiro noong 1936.

Bilang resulta ng kanyang natatanging gawain bilang correspondence secretary, noong 1913, si Gng. Plummer ay nahalal bilang kalihim ng Sabbath School Department ng General Conference, na katumbas ng makabagong posisyon bilang departmental director. Hinawakan niya ang tungkuling ito sa loob ng 23 taon.

Ayon kay Elder H. D. Singleton tungkol kay Flora Plummer, “Makapangyarihan siya noong kanyang panahon.” Naalala niya ang paggamit ni Plummer ng mga kard, bandila, at laso upang makamit ang mga layunin gaya ng paghikayat sa mga tao na dumating sa Sabbath School sa tamang oras. “Sa panahon ng kanyang pamumuno,” ayon kay Elder Singleton, “buhay na buhay ang Sabbath School.” (*Mula kay Elder H. D. Singleton, Wheaton, Maryland, pakikipag-usap sa telepono sa may-akda, Disyembre 6, 1988.*)

Binuo sa isipan ni Gng. Plummer na ang Sabbath School ay isang ahensiya para sa paghikayat ng kaluluwa. Bilang isang guro, itinaguyod niya ang pagsasanay ng mga tagapagturo ng Sabbath School.

Ang kontribusyon ng Sabbath School para sa misyon ay tumaas mula halos \$22,000 kada taon noong unang taon ng kanyang pagkakaugnay sa General Conference Sabbath School Department noong 1901, hanggang umabot sa \$2,000,000 kada taon bago matapos ang kanyang panunungkulan bilang direktor.

Masigasig na sumulat si Gng. Plummer. Bukod sa tatlumpung taong paglalathala ng mga editoryal para sa *Worker*, madalas siyang sumulat ng mga artikulo para sa *Review and Herald* at may-akda ng mga libro tulad ng *The Soul-Winning Teacher*, *The Spirit of the Teacher*, *The Soul-Winning Sabbath School*, at isang kasaysayan ng Sabbath School mula 1904 hanggang 1936.

---

Kahit na dahil sa suliranin sa kalusugan kaya siya nagretiro noong 1936, nanatili siyang aktibo. Sa kabila ng kanyang kahinaan, sumulat siya ng mga aralin para sa camp meeting ng mga bata at may-akda ng dalawang serye ng mga aralin sa adult Sabbath School na sumasaklaw sa Aklat ng Mga Gawa at sa buhay ni Cristo.

Sa halos 36 na taon ng kanyang paglilingkod, ang lisensya ni Gng. Plummer ay “missionary license.” Noong 1893, siya ay binigyan ng “ministerial license” mula sa Iowa Conference. Ang kanyang sahod bilang departmental director ay katumbas ng sa isang ordinadong ministro.

Namatay si Flora Plummer noong Abril 8, 1945. Sa kanyang libing, na pinangunahan ng apat na lider ng General Conference, ipinagkaloob ang mataas na parangal sa kanyang kahanga-hangang paglilingkod bilang tagapanguna at tagapagpaunlad ng Sabbath School Department sa loob ng maraming taon, na nag-iwan ng impluwensyang tatagal hanggang sa katapusan ng panahon. Ang gawain niyang natamo sa mga Sabbath School ay malalim na nakaapekto sa paglago ng denominasyon sa unang ikatlong bahagi ng ikadalawampung siglo. (*Mula kay Roy Allen Anderson, “L. Flora Plummer,” Review and Herald, Mayo 24, 1945, 19; Roy A. Anderson, Columbia Union Visitor (Agosto 9, 1945): 5; at isang pakikipag-usap sa telepono kay H. D. Singleton.*)

#### ***Ura Joy Spring: 1873-1971***

##### **Lisensyado 1910**

Si Ura Joy Spring, na isinilang sa Indiana noong 1873, ay nagpakasal sa isang batang ministro at kasama niya ay naglingkod sa West Indies. Ang bata pang asawa at inang ito ay tumulong sa pagtatayo ng mga iglesia kasama ng kanyang asawa. Pagbalik nila sa Estados Unidos, si Gng. Spring ay bumuo ng espesyal na ministeryo na nakatuon lalo na sa mga bata. Pinagsama niya ang paglilingkod sa sarili niyang pamilya at sa komunidad ng iglesia. Nadala siya ng kanyang gawain sa Colorado, Arkansas, at Nebraska.

Si Gng. Spring ay nakatala sa *Yearbook* ng 1910 bilang isang lisensyadong ministro sa Nebraska Conference. Namatay siya noong Marso 1, 1971, dahil sa mga pinsalang natamo mula sa lindol sa Sylmar, California. (*Mula sa Review and Herald [Mayo 6, 1971]: 46; Pacific Union Recorder [Mayo 13, 1971]: 7.*)

***Mabel Alice Vreeland: 1895-1985***

Ang kilalang babaeng ministrong ito ay naging pastor ng buong Adirondak District sa New York State sa loob ng maraming taon, at ginampanan niya ang lahat ng tungkulin ng isang ministro maliban sa pagbibinyag. Siya ay nangaral, namuno sa mga pagpupulong ng lupon, at tumulong magtayo ng mga tolda para sa camp meeting kasama ang kanyang mga kamanggagawang lalaki.

Si Mabel Alice Vreeland ay isinilang sa Massachusetts noong 1895. Pagkatapos niyang makapagtapos sa high school, nagtrabaho siya para sa isang ministrong Unitarian, si Miss Margaret Varnard, sa Bernardston, Massachusetts. Bukod sa iba pang mga tungkulin, ipinagmamaneho rin niya si Bb. Varnard patungo sa iba't ibang mga appointment. Maaaring ang maagang karanasang ito kasama ang isang babaeng ministro ang naging dahilan upang maisip ni Mabel Vreeland na ang ministeryo ay isang katanggap-tanggap na propesyon para sa isang babae. Bilang isang Seventh-day Adventist, nagturo rin si Mabel sa Baptist Sunday School sa Bernardston sa loob ng ilang panahon.

Nag-aral si Mabel sa Lancaster Junior College, na kilala ngayon bilang Atlantic Union College, sa Massachusetts, at nagtapos noong 1920. Habang siya ay estudyante, si Mabel at ang iba pang mga dedikadong kabataang babae mula sa kolehiyo ay nagbigay ng boluntaryong serbisyo—minsan ay halos walang pahinga—para sa mga biktima ng malagim na epidemya ng trangkaso na tumama sa Clinton at Lancaster noong panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig.

Pagkatapos ng kanyang pagtatapos, sinimulan ni Mabel ang kanyang panghabang-buhay na paglilingkod sa Seventh-day Adventist Church bilang isang guro sa Biblia sa mga iglesia sa Boston, Pittsfield, at Springfield.

Noong 1924, lumipat siya sa “upstate” New York at naglingkod sa New York Conference hanggang sa kanyang pagreretiro noong 1960. Bilang isang manggagawa sa Biblia, inihanda niya ang mga bagong mananampalataya para sa pagiging kasapi ng iglesia sa Albany, Rochester, Buffalo, Elmira, Cortland, Syracuse, at Watertown.

---

Habang naglilingkod siya sa Watertown, hiniling ng pamunuan ng kumperensya kay Mabel Vreeland na pangunahan ang distrito bilang pastor. “Ang tapang, tibay ng katawan, at pananampalataya ni Mabel ay palaging matatag,” isinulat ni David Knott, “ngunit naniniwala akong ang mga katangiang iyon ay dumaan sa matinding pagsubok sa bahaging ito ng New York na palaging nakakaranas ng matinding pag-ulan ng niyebe.” Dahil wala nang ibang babaeng pastor sa kumperensya, “si Mabel ay naging isang tunay na tagapanguna sa higit pa sa isang aspeto.” (Mula sa *“At Rest: Mabel Alice Vreeland,” David W. Knott, AUC Accent [Tag-init, 1985]: 26.*)

Noong 1951, dahil walang lalaking pastor na interesado sa paglilingkod bilang pastor sa malamig na North Adirondack District sa paligid ng Saranac Lake, tinanong ng mga pinuno ng kumperensya si Mabel kung tatanggapin niya ang tungkuling iyon. Siya ay handang pumunta. Ang kanyang pagiging malikhain at dedikasyon ay nasubok dahil sa dami ng pangangailangang kailangang tugunan at sa mga panganib at hamon ng klima na kanyang hinarap.

Ang distrito ay binubuo ng tatlong iglesia na may pagitan na 66 na milya. Bagamat hindi bihasa si Mabel sa gawaing mekaniko, gamit ang kanyang “second-hand” na kotse at mga “tire chains,” hinaharap niya ang malalalim na yelong niyebe sa mga liblib na kalsada sa panahon ng taglamig kung kailan bumababa ang temperatura hanggang “minus 40 degrees.” Marami siyang mga kwento ng mga pakikipagsapalaran mula sa kanyang mga paglalakbay sa mga malalayong kalsadang nababalot ng niyebe, na kung minsan ay milya-milya ang layo mula sa anumang tirahan o tulong ng tao. Tila mga anghel ang naging kasama niya sa kanyang paglalakbay.

Ang pagiging pastor ng tatlong kongregasyon ay hindi lamang pangangaral kundi marami pang iba: pagsasagawa ng pagbebenta ng hinurnong pagkain upang matustusan ang mga gastusin, pagpipinta at pagsasaayos ng mga gusali, habang patuloy na bumibisita at naglilingkod sa mga pangangailangan ng mga miyembro.

Ipinagpatuloy ni Bb. Vreeland ang ganitong mabigat na gawain hanggang sa ang mga problema sa kanyang kalusugan dahil sa cancer ay nag-udyok sa kanyang pagreretiro noong 1960. Pagkatapos nito, masigasig siyang nagsikap na maibalik ang kanyang kalusugan. Maingat niyang pinagyaman ang lupa at mula rito ay tumubo ang mga malulusog na halaman para sa pagkain. Ang kanyang masiglang espiritu at masustansyang diyeta ay nagdulot ng malaking pagbuti sa kanyang kalagayang pisikal. Masaya siyang nabuhay nang dalawampu’t limang taon matapos ang kanyang krisis sa kalusugan, na nanirahan sa kanyang bukid.

Pagkatapos ng pagreretiro, patuloy pa ring nakibahagi si Mabel Vreeland sa gawain ng simbahan. Hanggang sa edad na 81, masigla niyang pinangasiwaan ang pabahay sa taunang sampung araw na camp meeting na ginaganap ng New York Conference sa Union Springs, New York, kung saan nakakasalamuha niya ang marami niyang mga kaibigan at bagong mananampalataya.

Isang babaeng lubhang masigla na nagpakita ng pagmamahal, pananampalataya, at kagalakan sa kanyang buhay, ang tagapangunang ministrang ito ay nag-iwan ng malalim na alaala sa mga puso at isipan ng kanyang mga dating parokyano at mga kaibigan. (*Mula kay Dr. Ottilie Stafford, South Lancaster, Massachusetts, panayam ng may-akda; David W. Knott, South Lancaster, Massachusetts, at Betty Cooney, Manhasset, New York, mga liham sa may-akda; David W. Knott, "At Rest."*)

“Hindi tinig ng tao ang tumawag sa akin sa pinakamakapangyarihang paraan na naranasan ko—ang pagtawag sa ministeryo. Ito ay ang banayad ngunit malinaw na tinig ng Diyos sa mga pangyayari sa aking buhay at sa mga pagninilay-nilay ng aking puso.”

- Penny Shell



## Mga Aktibo at Retiradong Babaeng Ministro: Isang Maikling Paglalahad

Ang bilang ng mga kababaihang naglilingkod sa ministeryo ng denominasyong Seventh-day Adventist ay nadagdagan nang malaki mula nang unang mailathala ang aklat na ito noong 1990. Isinulat ni Dúane Schoonard, associate secretary ng Ministerial Department ng North American Division (NAD), sa *Contact* para sa Hunyo-Hulyo-Agosto 2003: “Sa kasalukuyan, mayroong 425 kababaihang pastor sa North American Division. Sa bilang na ito, 237 ang direktang empleyado ng denominasyon. May karagdagang 19 na naglilingkod sa mga institusyong hindi kabilang sa Seventh-day Adventist” kabilang ang mga ospital, bahay-ampunan, bilangguan, mga hospice, at industriya.<sup>1</sup>

Bilang karagdagan sa mga kababaihang manggagawa sa NAD, sa buong mundo ng Adventismo, mayroong iba pang mga babaeng ebanghelista, pastor, at administrador na naglilingkod sa Panginoon.<sup>2</sup>

Bagamat tiyak nating ikatutuwa ang ulat tungkol sa bawat isa sa mga babaeng minstrong ito, ito ay lagpas na sa saklaw ng aklat na ito. Ang nilalaman ng kabanatang ito ay pangunahing nakabatay sa mga kababaihang dumalo sa Ikalawang Kumperensya para sa mga Babaeng Pastor ng Seventh-day Adventist (na inorganisa ng NAD Ministerial Association sa Cohutta Springs Conference Center noong Setyembre 14–17, 2003), at kusang-loob na nagpuno ng isang form ng impormasyon na aking ipinamahagi noong panahong iyon.<sup>3</sup>



***Brillhart, Rebecca***

Sinabi ni Rebecca na unti-unting dumating ang pagtawag sa kanya habang siya'y naglilingkod kasama ang mga kababaihan sa ministeryo sa pamamagitan ng TEAM 4 bilang tagapag-ugnay ng proyekto. "Kinumpirma ng aking mga kasamahan ang bagay na matagal nang inihahanda ng Diyos para sa akin sa loob ng sampung taon." Siya ay kasalukuyang tinatapos ang Master of Divinity degree sa Wesley Theological Seminary sa Washington, D.C.

Ang posisyon ni Pastor Brillhart, mula pa noong 1997, ay Pastor for Discipleship sa Sligo Seventh day Adventist Church sa Takoma Park, MD. Bago ito, si Becky ay may ministeryong layko sa Sligo na nakatuon sa mga bata at sa gawain ng discipleship.

Bininyagan niya ang humigit-kumulang na 15 kandidato na inihanda niya para sa binyag.

May mga pagkabigo ba? Oo, "mga programa, programa, programa! Mas gusto ko ang ministeryong nakatuon sa personal na pakikipag-ugnayan." Gayunman, kailangang banggitin na mahusay si Becky sa pagpapalano ng mga programa na nagdudulot ng pagpapala at kagalakan sa mga miyembro ng Sligo at sa kanilang maraming bisita.

Ano ang partikular na nagbibigay ng kasiyahan kay Pastor Brillhart sa kanyang ministeryo? "Ang paggabay sa iba bilang mga alagad, pangangalaga/pagpapayo bilang pastor, at pagdalaw sa mga miyembro. Kasalukuyan akong gumagawa ng tuloy-tuloy na programa para sa pangangalaga ng mga bagong miyembro."

***Bumgardner, Leslie Helfer***

Si Leslie Helfer ay nahikayat sa Adventismo nang siya ay nasa mataas na paaralan (high school) pa lamang. Naniniwala na tinawag siya sa ministeryo, nag-aral siya sa Walla Walla College sa Washington at nagtapos ng BA degree sa relihiyon. Nang maunawaan niyang maaaring hindi siya makahanap ng posisyon bilang pastor, kumuha siya ng pangalawang major sa home economics.

Nagtrabaho si Leslie bilang legislative aide at tagapamahala sa opisina para kay US Congressman Thomas Foley, at naging food service manager sa Shady Grove Adventist Hospital sa Maryland.



---

Si Leslie Bumgardner ay lumipat sa Worthington, Ohio, kung saan ang kanyang pakikipag-uusap sa pastor ang muling nagbigay-buhay sa kanyang pagnanasa na pumasok sa ministeryo. Ang tanging bakanteng posisyon noon ay bilang part-time na sekretarya sa opisina ng simbahan; tinanggap niya ang trabaho. Tinalakay ni Leslie ang kanyang pangarap sa sumunod na senior pastor at siya ay tinanggap bilang full-time na manggagawa sa Biblia. Isang taon matapos noon, noong 1985, sa ilalim ng ikatlong pastor, ang tawag ni Leslie ay ang pagiging associate pastor sa Worthington Seventh-day Adventist Church.

Noong 1990, si Leslie, kasama ang isang pangunahing grupo, ay nagtayo ng isang kongregasyon sa Dublin, Ohio.

Sumapi siya sa mga kawani ng Walla Walla College Church noong 1994. Bilang isa sa limang pastor, siya ay nangasiwa sa “parish nurse program” at mga ministeryo sa kalusugan, pati na rin sa iba pang mga serbisyong pastoral na pangangalaga.

Sa loob ng ilang taon, bininyagan ni Pastor Bumgardner ang mga kandidato na kanyang inihanda para sa pagiging miyembro ng simbahan. Paulit-ulit niyang nasaksihan ang patunay na nais siya ng Diyos sa ministeryo at inihanda siya para sa tawag na iyon.

### ***Compton, Maggie M.***

Sabi ni Maggie tungkol sa kanyang pagtawag, “Mula pa noong ako ay bata, mga 6 o 7 taong gulang, naramdaman ko na ang tawag ng Diyos na ipahayag sa iba ang pagmamahal ni Jesus. Naging nars muna ako dahil noong dekada 1970, walang pagkakataon para sa mga babae sa ministeryo. Nagbigay ako ng espirituwal na pangangalaga noon, ngunit noong 1990, binuksan ng Diyos ang pintuan ng ‘chaplaincy’ para sa akin.”

Naghanda si Maggie sa pamamagitan ng pagkakaroon ng BA in Theology mula sa Oakwood College noong 1995 at Master of Divinity sa Pastoral Ministry mula sa Andrews University. Noong 1998, kumuha siya ng internship bilang chaplain sa Bronson Methodist Hospital sa Kalamazoo, MI, at sinundan ito noong 1999 ng chaplain residency sa St. Joseph’s Regional Medical Center sa South Bend, IN.

Si Chaplain Compton ang Protestant Staff Chaplain para sa Ann Arbor Veterans’ Administration Health Care System sa Ann Arbor, MI. Dati rin siyang naglingkod sa iba pang mga posisyon bilang chaplain at sa hospice care sa Louisiana at Texas.

---

Isang sanhi ng pagkabigo kay Maggie Compton ang kawalan ng respeto at pagpapahalaga sa mga kababaihan sa ministeryo na kanyang nararanasan. Gayunpaman, patuloy na pinatitibay ng Diyos ang kanyang ministeryo sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng mga mararangal na pagkakataon upang maipahayag ang Kanyang pag-ibig sa mga maysakit at mga nawawalan ng pag-asa. Natagpuan ni Chaplain Compton na ang ministeryo sa ospital at palliative care ay nagbibigay ng kaganapan sa kanya.

Nang siya naglilingkod bilang nars noong 1983 sa isang ospital ng Veteran's Administration sa Alexandria, LA, nararanasan ni Maggie ang sumusunod na pangyayari na ibinahagi niya:

Isang gabi, inakay ako ng Panginoon sa tabi ng kama ng isang lalaking hindi pa nararanasan ang nakapagligtas na biyaya ni Jesucristo. Ako, bilang pagsunod sa paggabay ng Diyos, ay nag-anyayang tanggapin niya ang plano ng kaligtasan. Tinanggap niya ito, at makalipas ang 20 minuto, natagpuan siyang patay sa kanyang silid. Hindi namin siya naresuscitate. Nang dumating ang kanyang pamilya, labis silang natuwa nang malamang tinanggap niya si Jesus bilang kanyang personal na Tagapagligtas.

Nang nagsimula akong mag-aral para sa ministeryo sa Oakwood College noong 1990, nakalimutan ko na ang pangyayaring iyon, ngunit ibinalik sa aking alaala ng Banal na Espiritu. Sinabi Niya sa akin, "Ito ang gusto Kong gawin mo. Ito ang dahilan kung bakit dinala Kita sa Oakwood College."

### ***Farley, Linda***

Kabilang sa paghahanda ni Linda Farley para sa kanyang kasalukuyang gawain ang pagkakaroon ng BA in Religion at Masters in Specialized Ministry (Pastoral Care and Counseling). Siya ay naging staff chaplain sa Kettering Medical Center, at ngayon ay siya na ang Manager ng Pastoral Services doon.

Nakapagbinyag siya ng isang tao, habang inihahanda naman ang marami pang iba para sa banal na seremonyang iyon.

Ano ang pinagmumulan ng kanyang pagkabigo? Ito ay ang marinig na ikinakailang may kababaihang pastor sa denominasyong Seventh-day Adventist. Sabi ni Pastor Farley, hindi na siya maaaring manahimik kapag may ganoong pahayag na ginawa.

---

Ang pastor na ito ay nasisiyahan sa pagdalaw at pagbibigay ng pag-aaruga. Sabi niya, “Mahal ko ang makipagtrabaho sa mga taong may iba’t ibang pananampalataya.”

***Ferreras, Marlene Mayra***

Si Marlene Mayra Ferreras ay masiglang kasangkot bilang youth pastor ng isang masiglang kongregasyon, ang Campus Hill Church sa Loma Linda, California. Nagtapos siya noong Hunyo 2003 sa La Sierra University na may major sa Religious Studies at Spanish, at minor sa Biblical Languages. Noong Hulyo 2003, labis ang kanyang kagalakan nang siya ay matanggap bilang full-time worker ng Southeastern California Conference para sa kanyang posisyon sa Campus Hill Church. Siya ay nasa “ordination track” ng Southeastern, isang landas patungo sa ordained-commissioned credential na pantay na ibinibigay ng kumperensya sa mga kandidatong lalaki at babae kapag napatunayang karapat-dapat at handa. (Tingnan sa p. 166)

Si Marlene ay maagang nagpakita ng kanyang mga kaloob para sa gawain ng Panginoon, na pinatunayan ng kanyang ordinasyon bilang diakonesa sa edad na 16 at bilang matanda sa iglesia sa edad na 18. Sabi niya, “Ang tanging palagi sa buhay ko ay ang Diyos. Nakakatakot isipin na tinatawag Niya ako, dahil alam kong buong pagkatao ko ang isusuko. Ngunit naging tapat ang Diyos sa akin, at susundan ko ang Kanyang patnubay sa lahat ng bagay.”

Ang pinakamalaking pagkabigo niya ay nagmumula sa pagnanais na mangaral sa wikang Espanyol (siya ay Hispanic), ngunit nakararanas siya ng matinding pagtutol sa loob ng kulturang iyon. Upang mapagtagumpayan ito, umaasa siya sa Diyos para sa “lakas upang magtiis, mga salitang dapat bigkasin, at kaaliwan upang magpagaling.”

Ano ang lubos na nagbibigay kasiyahan sa pastor na ito? Isinulat niya, “Tuwang-tuwa akong mangaral at ibahagi sa mga tao ang kapangyarihan ng Diyos. Ang makita ang pagkilos ng Diyos sa kalooban at sa pamamagitan ng mga tao ay nakapagpapakumbaba at kapana-panabik. Ang makita ang ebanghelyo na nagpapabago ng buhay ay siya ring nagpabago sa aking sariling buhay.” Isinulat din niya, “Ang buhay ay kahanga-hanga at mas higit pa rito ang ministeryo!”

---

Nasaksihan ni Bb. Ferreras ang kapangyarihan ng Diyos sa kanyang ministeryo. Habang nagsasagawa ng serbisyong pagpapahid ng langis para sa isang lalaking unti-unting nawawalan ng paningin, sinabi ni Marlene na “ramdam kong inilagay ng Diyos ang Kanyang kamay sa amin.” Makalipas ang dalawang linggo, muling nakita siya ng lalaki sa simbahan at tumingin sa kanya, habang may luha sa kanyang mga mata, ito ay bumulalas, “Nakakakita na ako!”

### ***Gober, Carla***

Habang naglalakbay sa Germany at nakatingin sa isang rebulto ni Martin Luther, nadama ni Carla Gober na ang Diyos na humirang kay Luther ay Siya ring tumatawag sa kanya upang magsalita para sa Kanya. Siya ay 18 taong gulang noon.

Paano siya nagsimula sa ministeryo? Habang siya’y nagtrabaho bilang nars, may sandaling malinaw na nadama ni Carla ang pagtawag ng Diyos na magsalita para sa Kanya, ngunit hindi siya boluntaryong nag-alok para sa pagkakataong iyon. Gayunman, makalipas lamang ang isang linggo, tumawag si Pastor Clarence Schilt at sinabi kay Carla, “Gusto kong mangaral ka sa aking simbahan.”

May pagkamanghang nagtanong si Carla, “Bakit ako? Isa lang akong nars sa isang yunit.”

“Sige,” sagot ni Pastor Schilt pagkaraan ng ilang sandali ng pag-iisip, “Sabihin nating naantig ako ng Diyos.”

Matapos siyang magsalita si para kay Pastor Clarence ng ilang beses, si Carla, sa kahilingan ng mga kaibigan, ay dumalo sa isang retreat para sa mga kababaihan kung saan si Kay Kuzma ang tagapagsalita. Sa bandang huli, sinabi ni Kay na kung sinuman ang naroroon na nakakaramdam ng pagtawag na magsalita, maaari silang lumapit at bibigyan niya ng pagkakataon na magpatotoo. Nang lumapit si Carla kay Kay para magsalita tungkol sa retreat, sinabi ni Kay sa kanya, “Gusto kitang anyayahang magsalita sa aking susunod na retreat.” “Kilala mo ba ako?” tanong ni Carla. “Narinig mo na ba akong magsalita?”

Sumagot si Kay ng “Hindi” sa parehong tanong. Pagkatapos, sa nagtata kang kabataang babae, simpleng sinabi ni Kay, “Nagtitiwala ako sa Diyos.” Sa sumunod na taon, si Carla at isa pang kabataang babae ang nanguna sa buong retreat, kasama si Kay Kuzma. Sa tulong nina Clarence Schilt at Kay Kuzma, natagpuan ni Carla Gober ang mga may kusang-loob at may kakayahang mga tagapayo upang tulungan siyang umunlad sa tawag ng Diyos. Lubos na naantig si Carla sa mga ginawa ni Kay Kuzma sa kanya kaya mula noon, nagbibigay siya ng pagkakataon sa iba na magsalita sa kanyang mga programa.

---

Kabilang sa pinag-aralan ni Carla ang bachelor's degree sa Relihiyon at sa Nursing mula sa Southern Adventist University, pati na rin ang master's degree sa Health Education at sa Marriage, Family, and Child Counseling mula sa Loma Linda University. Nag-sabbatical leave siya mula sa Loma Linda University upang ituloy ang PhD sa Religious Studies sa Emory University, at inaasahan niyang babalik siya sa Loma Linda University sa taglagas ng 2004 upang magturo sa faculty ng relihiyon.

Nakapagbinyag na ni Carla ng mga kandidato na kanyang inihanda para sa pagiging miyembro ng simbahan.

### ***Haloviak, Kendra***

Pagkatapos magtapos sa Takoma Academy sa Maryland, nakatanggap si Kendra Haloviak ng BA mula sa Columbia Union College noong 1989 na may mga major sa "Theology" at "English."

Sumunod na ginugol ni Kendra ang isang taon bilang "intern pastor" sa Kettering Seventh-day Adventist Church sa Ohio. Kabilang sa kanyang mga tungkulin ang ministeryo para sa mga estudyante ng Kettering College of Medical Arts. Noong 1990, sinimulan niyang kunin ang "MA in Religion" mula sa Andrews University Theological Seminary. Sa loob ng kanyang taon sa Andrews, nagsilbi si Kendra bilang associate pastor ng All Nations Seventh-day Adventist Church sa Berrien Springs, Michigan.

Noong 1991, si Kendra ay inanyayahan na maging bahagi ng pastoral staff ng Sligo Seventh-day Adventist Church sa Takoma Park, Maryland. Kabilang sa kanyang mga partikular na tungkulin ang ministeryo para sa mga kabataang nasa hustong gulang at ang pagpapalano ng pagsamba. Noong Enero 1993, si Kendra ay sumali sa Religion Department ng Columbia Union College, kung saan nagturo siya ng mga kurso sa mga estudyanteng naghahanda para sa ministeryong Adventista at sa mga kumukuha ng "General Education credits."

Ang mga karanasan sa parehong ministeryo sa kongregasyon at sa silid-aralan ay nakaimpluwensiya sa interes ni Kendra sa aklat ng Apocalipsis. Ipinagpatuloy niya ang interes na ito sa isang programang doktoral sa Graduate Theological Union sa Berkeley, California, kung saan isinulat niya ang disertasyong pinamagatang *Worlds at War, Nations in Song: Dialogic Imagination and Moral Vision in the Hymns of the Book of Revelation*.

Matapos makumpleto ang kanyang "doctoral degree", nagtungo si Kendra sa La Sierra University sa Riverside, California noong 2002 upang magturo.

Bilang ika-anim na henerasyong Adventista na pinahahalagahan ang kanyang pamana, ang motibasyon at pag-asa ni Kendra para sa ministeryo ay nahahayag sa huling paanyaya ng Banal na Kasulatan: "Ang Espiritu at ang babaing ikakasal ay nagsasabi, "Halika." At ang nakikinig ay magsabi, "Halika." At ang nauuhaw ay pumarito, ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad" (Apocalipsis 22:17).

***Ibanez, Carmen***

Sabi ni Carmen, “Naramdaman kong tinatawag ako sa ministryo noong mga labinlimang taong gulang ako.”

Ang kanyang posisyon ay associate pastor sa Azure Hills Church sa California. Noong nakaraan, si Carmen ay naglingkod bilang associate pastor sa mga iglesiang Inland Spanish, Riverside Spanish, at Loma Linda Spanish.

Nabinyagan na ni Carmen ang hindi bababa sa anim na kandidato.

Masagana ang gantimpalang kanyang natatanggap mula sa kanyang pagsisikap sa pag-oorganisa ng Young Adult Church at Children’s Church, gayundin sa mga personal na pakikipag-ugnayan.

Isang pagsubok para kay Pastor Ibanez ang kakulangan ng suporta at ang pagmamaliit ng ilang miyembro at pastor na Hispaniko. Paano siya tinutulungan ng Diyos upang harapin ito? Isa sa mga paraan ay ang pagtawag sa kanya upang maglingkod sa isang iglesiang “Anglo.” “Bukod pa rito, nakatanggap ako ng malaking suporta mula sa mga kabataang nasa hustong gulang na aking pinangangasiwaan. Ang mga kaibigan ay paraan ng Diyos upang mapanatili ang aking katinuan.”

***Johnson, Brenda***

Si Brenda Rogers ay isang estudyante sa Boston University na mayroong “lahat” sa buhay maliban sa kapayapaan at kasiyahan, hanggang sa isang dalagang miyembro ng Campus Crusade for Christ ang nagbahagi sa kanya ng masayang ugnayan nito kay Cristo. Nang gabing iyon, maluwa sa kalooban na tinanggap ni Brenda ang paanyaya na tanggapin ang Tagapagligtas sa kanyang sariling buhay.

“Halos kaagad,” sabi niya, “ang tanging nais ko na lamang ay ang maglingkod sa Diyos nang buong-panahon sa natitirang bahagi ng aking buhay, anuman ang maging kapalit nito.” Naging lider siya ng Campus Crusade sa Boston University, at kalaunan ay sumali sa isang “coffee house evangelistic team.” Pinangunahan niya ang mga kabataang sangkot sa droga at okultismo patungo sa Panginoon.

---

Isang gabi, nagpatotoo siya sa isang binatang seminarista. Ang tanging teolohiya na alam niya noon ay ang katotohanang dapat tanggapin si Jesucristo sa puso at maisilang na muli. Ang binata ay handang ulitin ang kanyang binigkas na isang simpleng panalangin ng makasalanan, tinatanggap si Jesus bilang kanyang personal na Tagapagligtas. Makalipas ang tatlong buwan, inalok ng binata si Brenda ng kasal. Siya na ngayon ay magiging asawa ng isang ministro! Para sa kanya, ito ay isang “tawag” mula sa Diyos.

Si Brenda ay ikinasal kay Philip Johnson noong 1972. Bagamat hindi siya makakapag-aral sa seminaryo—nagtrabaho si Brenda bilang kasambahay upang masuportahan si Phil sa pag-aaral—at kapalit nito ay ibinahagi ni Phil sa kanya ang mga natutunan nito. Nang makatapos siya sa Trinity Evangelical Divinity School at kinailangan nilang pumili ng denominasyon para sa kanilang ministeryo, nagkaproblema sila. Hindi interesado ang mga Baptist sa mga Johnson dahil nagsasalita sila sa mga wika (speaking in tongues), ngunit hindi rin interesado ang Assemblies of God dahil bagamat nagsasalita rin sila sa mga wika, hindi sila naniniwala na ito ay dapat karaniwan sa lahat ng mga Kristiyanong pinuspos ng Espiritu. Kaya nagpasya silang maging mga “home missionaries” at magtayo ng sarili nilang “charismatic church” sa magandang estado ng Maine.

Nasa Maine sila ng ilang linggo lamang nang matagpuan nilang sila’y nakaluhod at nanalangin sa Panginoon para sa matibay na doktrina. Sa araw ding iyon, nakilala ni Phil ang kanyang unang Seventh-day Adventist. Para sa kanya at kay Brenda, may buong katuturan ang Sabbath ng ikapitong araw, at wala silang ibang pagpipilian kundi maniwala sa ikaapat na utos ayon sa pagkakasulat nito. Ang mga turo ng Adventista tungkol sa kamatayan, impierno, kalusugan, at ikalawang pagdating ay may katuturan din. Naging Seventh-day Adventists sila noong taglagas ng 1974. Ang kanilang pinakamalaking kabiguan ay ang inaasahang sila’y maghihintay ng ilang taon upang “manirahan sa katotohanan” bago sila maituring para sa ministeryo ng Adventista.

Matapos manirahan nang tatlong taon, nagtungo ang mga Johnson, kasama ang kanilang dalawang maliliit na anak na lalaki, sa SDA Theological Seminary. Wala silang anumang sponsorship.

Anim na buwan lamang ang lumipas, bagamat mahirap sa pananalapi ngunit masigla sa espirituwal na karanasan, nang makatanggap sila ng panawagan para sa ministeryo sa North Dakota. Sina Phil at Brenda ang parehong may labis na pagmamahal sa ministeryo at buong sigasig nilang ibinuho ang kanilang lakas sa dalawang-iglesiang distrito. Pagkalipas ng apat na taon, naordinahan si Phil. “Sa puntong iyon,” sabi ni Brenda, “ang pagiging asawa ng pastor at katuwang ni Phil sa gawain ang pinakadakilang tawag na maaari kong maisip.”

Pagkatapos ng ordinasyon ni Phil, tinawag sila upang maglingkod sa West Lebanon, New Hampshire. Pumasok na sa paaralan ang kanilang mga anak na lalaki, at panahon na para pag-isipan ni Brenda ang pagkakaroon ng trabaho.

Wala nang ibang bagay na pumukaw ng kanyang interes maliban sa ministeryo. “Nagsimula kong maramdaman na ito ay isang tawag, at hindi ako magiging masaya sa anumang ibang gawain.” Naisip ng kanyang asawa, mula sa praktikal na pananaw, kung makakakikita ba siya ng sapat na kita upang makatulong sa pagpapaaral ng kanilang mga anak.

Nagpasya si Brenda na tapusin ang kanyang degree sa kolehiyo sa pamamagitan ng Adult Degree Program ng Atlantic Union College na may major sa Theology. Pagkatapos magtapos sa AUC na may BA sa Personal Ministries, agad siyang tinanggap bilang isang “stipend Bible worker.” Nang lumipat ang mag-asawa sa New York City noong 1990, pinili si Brenda ng kumperensya sa pamamagitan ng isang espesyal na programa ng General Conference na sumasagot sa kalahati ng kanyang sahod, sa kasunduang makakatanggap siya ng buong “ministerial salary,” isang bihirang pribilehiyo para sa isang babae noong panahong iyon. Sa loob ng dalawang taon ng ministeryo roon, nakapagbinyag sila ng 50 katao, at mahigit kalahati sa mga ito ay nag-aral kasama ni Brenda.

Noong 1990 General Conference, naroroon si Brenda upang marinig ang pagtalakay tungkol sa ordinasyon ng kababaihan. Hindi pa ito ang paksang kanyang pinag-isipan noon. Ngunit nang dumating ang botohan, di napigilang pumatak ang kanyang mga luha, at napagtanto niyang “sa kaibuturan ng aking kaluluwa, nais kong makilalang ministro ng Panginoon—nais kong maordinahan.” Gayunpaman, naunawaan ni Brenda na nagsalita na ang iglesia, kaya ipinasiya niyang ibaon sa limot ang masakit na sandaling iyon. Ang talakayan sa GC ng 1995 ay nagpabalik ng lahat sa kanyang alaala, “at sa pagkakataong iyon, mas tiyak na ako sa aking tawag.”

Lumipat ang mga Johnson sa Livingston, New York, kung saan nagtrabaho si Brenda bilang “part-time chaplain” at “part-time Bible worker.” Siya ay naging Women’s Ministries Director ng Greater New York Conference.

Lumipat si Brenda sa “full-time chaplaincy.” Hiniling ng kanyang asawa na magsimula siyang mangaral dalawang beses sa isang buwan sa kanilang dalawang-iglesiang distrito, at ipinagpatuloy niya ang iskedyul na iyon sa loob ng sampung taon.

Kumuha si Brenda ng residency sa Clinical Pastoral Education, nagtapos ng Master of Divinity mula sa Northern Baptist Seminary, at kumuha rin ng mga yunit patungo sa isang doktorado.

Sa kasalukuyan, hinahati ni Brenda ang kanyang oras sa pagitan ng Hospice Chaplaincy at Team Pastoral Ministry kasama ang kanyang asawa, at patuloy pa rin siyang nangangaral dalawang beses sa isang buwan. Ang mga iglesiang pinangangasiwaan ng mga Johnson ay nasa Glen Ellyn at Northbrook, Illinois.

Inaasahan ni Brenda na magiging “board certified” siya sa tagsibol ng 2005. Ayon sa kanya, walang alinlangan na masaya at lubos na nagpapasalamat ngayon si Phil na ipinagpatuloy niya ang kanyang piniling “degreee.”

---

***Knott, Esther Ramharacksingh***

Sa edad na tatlong taon, nagsimulang ibahagi ni Esther ang kanyang pagmamahal kay Jesus. Siya ay nagbigay ng kanyang unang mga pag-aaral sa Bibliya matapos ang kanyang unang taon sa kolehiyo. Nang ang mga taong nakasama niya sa pag-aaral ay pumiling sumunod kay Jesus, labis ang kanyang kagalakan. Sa kanyang ikatlong “summer” sa kolehiyo, nagtrabaho siya kasama ang isang evangelistic team. Muli siyang namangha na sa pamamagitan niya, mas malinaw na nakikilala ng mga tao ang Diyos at natututuhan Siyang mahalina.

Ang mga nakasaksi sa kanyang mga gawain ng pagpapatotoo ay nagakala na si Esther ay isang “theology major.” Ayon sa kanya, matagal niyang nilabanan ang tawag ng Diyos sa ministry. Gayunpaman, sa kanyang huling taon sa kolehiyo, tuluyan na niyang pinalitan ang kanyang major patungong Religion. Natagpuan niya ang kapayapaan ng isip nang tuluyan niyang tanggapin ang panawagan ng Diyos para sa kanyang buhay.

Sa kanyang kursong major sa “Religion”, nagdagdag si Esther ng mga minor sa “Physical Education and Health”; ginamit niya ang karagdagang pagsasanay na ito sa mga ministryong nagbigay-daan sa mga pag-aaral sa Bibliya at binyag.

Si Esther ay naglingkod bilang campus chaplain sa Broadview Academy mula 1980 hanggang 1983 at bilang assistant chaplain sa Andrews University mula 1985 hanggang 1987. Siya ay nagtrabaho rin sa North American Division Office of Education, namuno sa mga Bible camp at leadership retreat, at nagsagawa ng linggo ng panalangin sa Valley Grande Academy sa Texas.

---

Si Esther Ramharacksingh ay sumali sa pastoral staff ng Sligo Seventh-day Adventist Church noong 1990. Pagkatapos ng kanyang kasal kay Ron Knott, ipinagpatuloy niya ang kanyang karera sa ministeryo. Lumipat siya sa Pioneer Memorial Church sa campus ng Andrews University noong 1997, kung saan ang kanyang mga tungkulin ay nakatuon sa pastoral na pangangalaga at pagsasanay, maliliit na grupo, at paggawa ng mga alagad (discipling).

Mahalagang tandaan na noong 1996, inaprubahan si Esther para sa ordinasyon ng Potomac Conference gayundin ng Columbia Union, at ito ay opisyal na naitala. Sa taunang seremonya ng ordinasyon sa Potomac camp meeting, ang lahat ay katulad ng sa kanyang mga lalaking kasamahan—maliban sa isang bagay: siya ay “nakatanggap ng ibang uri ng dokumento.” Kaya kung kailanman aprubahan ng denominasyon ang ordinasyon ng kababaihan, sabi ni Esther, hindi na niya kailangang dumaan muli sa seremonya ng ordinasyon.

#### ***Kretschmar, Juanita***

Sa loob ng maraming taon, pinamunuan ni Juanita ang New York City Van Ministries—isang gawain ng pananampalataya na kinasasangkutan ng maraming boluntaryo at mga kusang-loob na donasyon. Si Juanita ang direktor ng mga departamento ng kalusugan at pagtitimpi, serbisyong pangkomunidad, at mga programang panlunsod sa Greater New York Conference. Nangaral siya sa mga lokal na iglesia pati na rin sa mga camp meeting at retreat. Si Juanita at ang kanyang asawang si Merlin Kretschmar (pangulo ng Greater New York Conference) ay magkasamang nagsagawa ng mga prayer retreat.

Pagkatapos magretiro, lumipat sina Merlin at Juanita sa Florida Keys at nagtatag ng isang natatanging ministeryo na tinawag na *A Key Encounter Nature Theater and Planetarium*. Habang dumaragsa ang mga turista mula sa iba’t ibang panig ng mundo, gayundin ang mga lokal na bisita, iniaalok sa kanila ang *Power to Cope* at iba pang mga akmaang babasahin, kabilang na ang mga pag-aaral sa Bibliya, at maaari rin silang bisitahin at ipanalangin ayon sa pangangailangan ng sitwasyon.

#### ***Losey, Tammy***

Ang panawagan sa ministeryo na nadama ni Tammy noong siya ay 18 taong gulang ay paulit-ulit na napagtibay “sa pamamagitan ng mga taong aking pinaglingkuran at ng ating tapat na Diyos!”

Kaagad pagkatapos niyang makatanggap ng BA in Theology mula sa La Sierra University, nanganak si Tammy ng kambal at nanatili siyang nasa bahay kasama sila hanggang sa sila ay pumasok sa paaralan. Pagkatapos nito, bumalik siya sa kanyang mga mithiin sa edukasyon at propesyon. Siya ay may MA in Pastoral Ministry at kasalukuyang kumukuha ng programang katumbas ng M Div bilang paghahanda sa pagpasok sa isang doctoral na programa.

---

Si Tammy Losey ay executive pastor sa Mountain View Church sa Las Vegas, Nevada. Dati, siya ay nagkaroon ng mga tungkulin bilang Bible worker, pastor para sa paglago ng iglesia at ebanghelismo, pastor ng ministeryo para sa kababaihan, youth pastor, at associate pastor. Siya ay nagkaroon ng pribilehiyong mabinyagan ang humigit-kumulang na 30 kandidato na kanyang inihanda.

Nang tanungin tungkol sa mga sanhi ng kanyang pagkainis, siya ay sumagot, “Bagamat marami akong naranasang kabiguan bilang isang babae sa ministeryo, lahat ng iyon ay tila maliit na bagay kumpara sa kagalakan ng paglilingkod sa ating Panginoon sa full-time na ministeryo. Sa tulong ng Diyos, sinisikap kong panatilihin ang tamang pananaw kaugnay ng kawalang-hanggan.”

Habang kinagigiliwan ni Tammy ang pangangaral at pagtuturo, natatagpuan din niya ang kasiyahan sa paghikayat, paghahanda, at pagbibigay-lakas sa iba para sa kanilang landas ng paglilingkod. Nagbibigay siya ng ministeryong nagpapagaling sa mga taong may sugatang damdamin, at wasak sa espirital at pisikal na aspeto.

Malalim ang pagpapahalaga ni Pastor Losey sa mga naging ambag ng mga babae at lalaki na nagsakripisyo upang mabuksan ang mga pintuan para sa mga pastor, kapwa lalaki at babae, na makapaglingkod nang magkasama sa mga tungkulin ng pagka-pastor.

### ***Neall, Beatrice Maikli***

Bagamat kumuha si Beatrice Neall ng isang “Modified Theology Major,” hindi niya nakita ang anumang landas na bukas patungo sa ministeryo maliban sa rutang kanyang tinahak, ang magpakasal sa isang ministro. Siya at ang kanyang asawang ministro ay naglingkod sa Cambodia, Vietnam, at Singapore. Nagturo si Beatrice ng Biblia sa mga nars, nagsagawa ng pagsasanay para sa mga ministro sa Vietnam, at mula 1971 hanggang 1974 ay naging guro ng Biblia sa Southeast Asia Union College. Sa panahon ng kanilang “furloughs,” tinapos niya ang kanyang MA at PhD sa religious education sa Andrews University habang sinasamantala rin ang pagkakataong kumuha ng maraming kurso sa seminaryo.

---

Ang aklat ni Dr. Neall na *The Prince and the Rebel* ay tumutukoy sa isang pakikibaka sa Cambodia habang inilalarawan ang kwento ng “Great Controversy,” naisalin sa 12 wika at tinatayang 50,000 kopya ang naipamahagi sa mga Cambodian refugee sa mga kampo.

Sinimulan ni Dr. Neall ang kanyang panunungkulan sa Union College sa Lincoln, Nebraska bilang propesor ng teolohiya at mga wikang bibliikal noong 1977.

Siya ay pinarangalan bilang *Woman of the Year* ng “Association of Adventist Women” noong 2003 at tumanggap ng “Spiritual Leadership Award.”

### **Oberg, Chris**

Tinanggap ni Pastor Oberg ang panawagan upang maging senior pastor ng Calimesa Church sa Southeastern California Conference noong Abril 2005. Ang iglesia ay may 1,200 na miyembro. Nagsilbi siya bilang associate pastor sa La Sierra University Church sa loob ng apat na taon.

### **Osborn, Norma Keough**

Isang guro sa paaralan ng iglesia at isang ina, si Norma Osborn ay nakatapos na noon ng Bachelor’s at Master’s degree sa edukasyon, nang, dahil sa kanyang malinaw na kakayahan at karanasan sa larangan ng edukasyon, siya ay inanyayahang sumali sa pastoral staff ng Sligo Seventh-day Adventist Church bilang associate pastor para sa “children’s ministries.” Mula noong 1989, nagsimula nang mabigyan ng pagkakataon si Pastor Osborn na magbinyag ng mga kandidatong siya mismo ang naghandang, kabilang na ang kanyang sariling anak na babae.

Sa kongregasyong may 3,000 miyembro ng Sligo Church sa Takoma Park, Maryland, lubos na kinagiliwan ni Norma ang kanyang ministeryo at naramdaman niyang siya ay suportado at pinalalakas ang loob. Gayunpaman, may mga pagkakataon na kanyang ninanais na mas marami pang kababaihan ang nasa katulad na posisyon, upang sa tuwing siya ay makararanas ng panghihina ng loob kasabay ng mga kagalakan, ay mayroon siyang mapaglalabasan ng saloobin at mga tagapakinig na tunay na nakauunawa; at kapag may ideyang matagumpay na naipatupad, mayroon siyang mapagbabahagihan. Ikinagagalak namin na sa loob ng 15 taon mula nang ipahayag ni Norma ang hangaring iyon at unang mailathala ang aklat na ito, marami pang kababaihan ang tinawag na pumasok sa ministeryo ng Adventista.

Pagkatapos tumulong sa pagtatatag ng isang iglesia sa Hoboken, N.J., lumipat si Norma sa Community Praise Center SDA Church sa Alexandria, VA. Sa masiglang African-American na iglesyang ito, kinagiliwan niya ang “kahanga-hangang pangangaral ni Henry Wright at masiglang musika.”

---

Ang mga Osborn ay lumipat noong 2001 sa Pacific Union College, kung saan tinanggap ni Pastor Osborn ang tungkulin bilang Pastor para sa Family Ministries sa iglesia ng kolehiyo habang ang kanyang asawa ay naging presidente ng kolehiyo.

Pahayag ni Norma tungkol sa kanyang posisyon: “Buong puso kong pinaniniwalaan, at palagi akong lubos na namamangha, na nais ako ng Panginoon na narito. Ang Kanyang kalooban para sa akin ang aking pangunahing layunin.”

### ***Ripley, Heather***

Tinanggihan muna ni Heather ang tawag sa ministeryo, at nakipagkasundo na susunod siya sa patnubay ng Diyos patungo roon kung hindi siya kailangang magsalita. “Sa nakakatawang paraan ng Diyos,” kinilala niya, “ngayon ay may matinding hangarin na akong mangaral.”

Kabilang sa paghahanda ni Heather ang kanyang mga karanasan bilang pastor habang siya ay estudyante, at bilang intern sa Texas Conference, kasama na rin ang kanyang “pag-aaral mula sa mga aklat” na nagbigay daan sa kanya upang makamit ang BA sa Theology mula sa Southwestern Adventist University at ang M.Div. mula sa Andrews University. Sa kasalukuyan, siya ay kumukuha ng doctorate sa George Fox Evangelical Seminary sa larangan ng Leadership and Spiritual Formation. Marami rin siyang natutunan mula sa kanyang mga magulang na kapwa mga pastor (tingnan si LYNN RIPLEY sa kabanatang ito).

Ang kasalukuyang tungkulin ni Heather ay bilang senior pastor sa isang distrito na binubuo ng dalawang simbahan sa Brownwood at Coleman Counties sa Texas. Sa pag-aaral ng atlas, makikita na ang Coleman County ay sumasaklaw sa isang malawak na bahagi ng lupa sa Texas na may katamtamang populasyon na 9,710. Ito ay mga bukirin at rantso, ang lugar na naging dahilan kung bakit tinawag si Heather na “cow pastor.” Ipinaliwanag niya na isang babae na binibigyan niya ng mga pag-aaral sa Bibliya ang nagsabi na dati siyang nagbigay ng gansa at pabo bilang ikapu. Ngayon ay ipinakita nito kay Heather ang tinatawag niyang “aking ikapung baka.”

Ang pagkabigo ni Bb. Ripley ay nagmumula sa pakiramdam na “hindi sapat ang oras para magawa ang lahat!” Tinutulungan siya ng Diyos na harapin ang problemang ito sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanya kung paano magtakda ng mga hangganan.

Ano ang gantimpala para sa batang pastor na ito? Ang gawing totoo at makabuluhan ang espiritwalidad sa buhay ng isang tao—isang bagay na may epekto sa bawat bahagi ng kanyang buhay. Kasama rito ang pangangaral, pagbisita, pagsamba kasama ang mga kabataan, pag-abot sa mga taong may makalupang pananaw, pagpupulong na kinasasangkutan ng mga bata, at makabagong pamamaraan ng ebanghelismo. Nagkaroon siya ng pribilehiyong mabinyagan ang humigit-kumulang sampung bagong mananampalataya.

***Ripley, Lynn***

Si Lynn Ripley ay associate pastor ng Saint Paul First Church at nagsisilbi ring Direktor ng Women's Ministries para sa Minnesota Conference. Ang kanyang asawa, si David, ay ang Ministerial Director ng nasabing kumperensya.

Natanggap ni Lynn ang kanyang undergraduate degree sa Theology and Biblical Languages mula sa Southwestern Adventist University; ang kanyang master's degree naman ay sa Pastoral Ministry mula sa Andrews University. Minsang naglingkod si Lynn bilang associate pastor nang walang bayad, at ang hakbang ng pananampalatayang ito ang nagbukas ng daan upang siya ay kunin ng Texas Conference bilang associate pastor ng North West Houston Church.

Ang mga Ripley ay dati nang naglingkod sa British Columbia Conference sa Canada, kung saan si Lynn ay nagsilbing chaplain sa isang paaralang K-10 at Direktor ng Women's Ministries, habang si David ay nanungkulan bilang Ministerial Director.

Si Gng. Ripley ay nakapagbinyag na ng humigit-kumulang labinlimang tao at kasalukuyang naghahanda ng isa pa para sa sagradong seremonyang ito. Itinuturing niyang gantimpala ang pagiging tagapayo at gabay sa mga kababaihan, pamilya, at kabataan tungo sa aktibong ministeryo.

***Roberts, Sandra***

Si Sandra Roberts ay maraming taon nang naglingkod sa ministeryo para sa kabataan at summer camp, na nagsimula pa noong siya ay estudyante. Sa loob ng limang taon, siya ay naging copastor/associate pastor ng Corona, California SDA church. Noong 2000, siya ay naging associate youth director sa Southeastern California Conference.

Si Bb. Roberts ay nahalal noong Nobyembre 7, 2004 bilang executive secretary ng Southeastern California Conference. Siya ang kauna-unahang babae nahalal bilang opisyal sa anumang kumperensya ng Pacific Union.

***Salcedo-Gonzales, Myriam***

Sabi ni Myriam, "Sa kabuuan, inabot ako ng 22 taon bago tuluyang makabalik sa aking tunay na bokasyon at tawag." Siya ay isang associate pastor sa White Memorial Church sa Los Angeles, California. Mula pa noong taong 2000, siya ay partikular na naglilingkod bilang Pastor para sa Nurture at Evangelism.

Ano ang naging landas ni Myriam patungo sa posisyong ito? Noong siya ay walong taong gulang, naging pastor ang kanyang ama. Kasama siyang pumupunta sa mga pagbisita at pagbibigay ng mga pag-aaral sa Bibliya, pinapanood at pinakikinggan ang pangangaral ng kanyang ama, at kahit noon pa man ay naramdaman na niyang tinatawag din siya ng Diyos upang gawin ang gayon. Bukod sa kanyang mga magulang, isa pa sa kanyang naging huwaran ay si Ana Rosa Alvarado, isang manggagawang tagapagturo ng Bibliya na naglingkod bilang pastor kahit hindi opisyal na tinatawag sa titulong iyon.

Dahil tiyak na niya ang kursong kukunin, si Myriam ay naging kaunahang babaeng estudyante ng Antillian College (sa Puerto Rico) na nagtapos ng BA sa Theology noong 1985. Kalaunan, dumalo siya sa isang field program na inialok ng Andrews University sa Puerto Rico, at nagtapos noong 1988 na may MA sa Religion. Mayroon din siyang MA sa Counseling at sa School Leadership and Administration.

Sabi ni Pastor Salcedo-Gonzales, ang kanyang masidhing hangarin ay ang ebanghelismo, o mas tiyak pa, ang pagpapahayag ng kamangha-manghang biyaya ni Jesus sa lahat ng nangangailangan nito. Mahilig siyang mangaral, magbigay ng pag-aaral sa Bibliya, at mag-organisa ng mga programang ebanghelistiko tulad ng mga seminar na nakabatay sa pangangailangan, Servant Evangelism, at Socials-to-Save. Nakakaramdam din siya ng kagalakan kapag bumibisita sa mga miyembro ng simbahan. Tuwang-tuwa rin siyang magsalita sa mga retreat ng kababaihan.

Sa panahong ito'y isinulat, nakapagbinyag na si Myriam ng 15 katao.

### ***Schoonard, Dúane***

Pagkatapos ng General Conference session noong 1995, nanawagan si Alfred C. McClure, Pangulo ng North American Division (NAD), para sa pagtatatag ng NAD President's Commission on Women in Ministry. Pinamunuan ito ni Harold Baptiste, kalihim ng division, at nagbigay ang komisyon ng malawakang mga rekomendasyon sa NAD Year-End Meetings noong 1997. Kabilang sa mga rekomendasyong ito ay ang pagdaragdag ng isang babae sa hanay ng mga kawani ng NAD Ministerial Association. Itinalaga si Dúane Schoonard bilang isa sa tatlong associate directors ng NAD Ministerial Association.

Si Dúane ay nagsilbi bilang pastor para sa espiritwal na pagpapalago sa Collegedale SDA Church sa Tennessee mula pa noong Agosto 1998. Bago ito, naging pastor siya sa Florida Conference at naglingkod bilang chaplain sa Florida Hospital sa loob ng pitong taon. Siya ay may BA sa Theology mula sa Atlantic Union College at may MA sa Mental Health Counseling. Si Pastor Schoonard ay may anak na lalaki at babaeng kapwa nasa hustong gulang at may asawa na.

Pinangangalagaan ni Pastor Schoonard ang mga babaeng ministro nang may malasakit at malikhaing pag-iisip. Nakapag-organisa na siya ng dalawang pambansang kumperensya para sa kanila, at sa kasalukuyan ay iniaayos niya na ang mga babaeng ministro ng NAD ay magkikita-kita sa General Conference ng 2005.

---

***Sheldon, Jean***

Naalala ni Jean Sheldon na noong siya ay sophomore sa Pacific Union College, habang nasa kanyang kwarto sa dormitoryo, naramdaman niyang tinatawag siya ng Diyos na maging isang dalubhasa sa teolohiya. Isinulat niya, “Nadama ko ang presensya ng tatlong Persona ng Trinidad habang pinahiran nila ako sa paraang katulad ng mga saserdoteng Levitico para sa kanilang tungkulin.”

Inihanda niya ang sarili para sa kanyang gawain sa pamamagitan ng pagkamit ng BA sa Religion mula sa Andrews University noong 1982; MA sa Religion (Biblical Studies) mula sa Loma Linda University noong 1984; at PhD sa Near Eastern Religions na iginawad nang magkakasama ng University of California, Berkeley at Graduate Theological Union, 2002.

Si Dr. Sheldon ay nagsasagawa ang kanyang tawag bilang associate professor ng religion sa Pacific Union College. Nasisiyahan siya sa pagtuturo at paggabay sa mga estudyante; pagsulat para sa pangkalahatan at mga dalubhasang mambabasa; pagsasalita sa mga seminar at pangangaral; pagtuturo ng klase sa Sabbath School linggo-linggo; at pamumuno sa mga grupo sa pag-aaral ng Bibliya.

Naging instruktur din siya sa religion sa Hong Kong Adventist College mula 1984 hanggang 1987.

***Shell, Penny***

Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay ni Penny kay Valerie Phillips, isang babaeng chaplain sa Battle Creek Sanitarium, napagtanto ni Penny na ang isang babae ay maaaring maging isang chaplain at sila ni Valerie ay parehong may katulad na mga kaloob. Habang inaalagaan ni Penny ang kanyang mga magulang, na parehong namatay dahil sa kanser sa loob ng isang taon, narinig niya ang tahimik na panawagan ng Diyos sa kanya para sa ministeryo.

Bilang paghahanda, kumuha si Penny ng MA sa Religion at Ed.D. sa Religious Education mula sa Andrews University. Siya ay naging sertipikado bilang isang fellow sa College of Chaplains.

Si Penny ang naging kauna-unahang chaplain at direktor ng pastoral care sa Thorek Hospital and Medical Center sa Chicago. Lumipat siya bilang chaplain sa Shady Grove Adventist Hospital sa Maryland, kung saan naging Director of Pastoral Care siya at namahala sa isang malaking departamento. Pinangasiwaan ni Penny ang mga libing at kasal bukod sa pagbibigay ng serbisyo sa tabi ng kama ng mga pasyente. Nang makita ang mga bunga ng kanyang ministeryo ay nagpatibay ang kanyang paniniwala, “Oo, ako ay isang ministro.”

---

Pagkatapos ng 11 taon sa Shady Grove, noong 1999 ay lumipat si Penny sa Women's Resource Center ng La Sierra bilang assistant director, at naging direktor noong 2002. Naglilingkod din siya nang ilang oras bawat linggo bilang pastor ng pagbisita para sa La Sierra University Church.

***Small, Heather-Dawn***

Si Heather-Dawn Small ay nagtrabaho sa Women's Ministries Department ng General Conference mula pa noong 2001; bilang assistant director, nakapaglakbay na siya sa maraming mga world divisions ng iglesia. Sa kasalukuyan, siya ang acting director ng departamento at nagsisilbi hanggang makapili ng opisyal na direktor sa 2005 General Conference. Ang pagsasanay sa pamumuno para sa mga kababaihan ang naging mahalagang bahagi ng kanyang gawain.

Si Heather Dawn, na tubong Trinidad at Tobago, ay naglingkod sa loob ng limang taon bilang "Women and Children's Ministries Director" ng Caribbean Union Conference.

***Stenbakken, Ardis***

Bilang direktor ng Women's Ministries para sa General Conference ng Seventh-day Adventist, si Ardis Stenbakken ay literal na nangaral sa iba't ibang bahagi ng mundo. Bukod pa rito, pinagkalooban siya ng Diyos ng kakayahan sa pangangasiwa upang matulungan ang ibang kababaihan na mangaral din sa buong mundo! Sa ilalim ng pamumuno ni Pastor Stenbakken noong taong 2003, nagsagawa ang Women's Ministries ng 100,385 na serye ng mga pulong-ebanghelistiko; umabot sa 96,288 ang bilang ng mga nabinyagan bilang direktang bunga ng ministryo ng mga babae.

Si Pastor Stenbakken Partikular na humihiling ng panalangin para sa mga kababaihang naglilingkod sa gitna ng mga Muslim na babae, dahil ang kanilang pagkakahiwalay at ang panlipunang pagkakait na sila'y makitungo (ostracism) ay maaaring maging matinding pagsubok sa puso.

Habang magreretiro si Stenbakken mula sa pagiging direktor ng Women's Ministries, magreretiro naman ang kanyang asawa, si Dick Stenbakken, bilang direktor ng Adventist Chaplaincy Ministries. Wala kaming pag-aalingang patuloy silang maglilingkod habang bumabalik sila sa kanilang minamahal na Colorado.

---

***Strykowski, Carolyn J. H.***

Unang naranasan ni Carolyn ang kanyang tawag nang siya ay 10 taong gulang na batang Katoliko. “Isang araw, pinapalitan ko ang mga kurtina ng tabernakulo sa tahimik at walang taong simbahan. Sa isang mahalagang sandali ay ninais kong malaman ng iba ang kagalakan ng malapit na relasyon sa Diyos, at nanabik akong ‘tulungang maranasan ang Diyos’ sa buhay ng iba, upang lubos nilang maramdaman ang pag-ibig ng Diyos tulad ng naramdaman ko.”

Bagaman lumaki si Carolyn sa St. Joseph, Michigan, na 13 milya ang layo mula sa Andrews University, lumipas ang ilang taon bago siya nagkaroon ng ugnayan sa presensiya ng mga Adventista sa Berrien Springs. Nang mangyari ito, ginamit ng Banal na Espiritu ang magagandang serbisyo ng mga kabataan upang antigin ang kanyang puso. Maingat siyang inalagaan nina Pastor Dwight Nelson ng Pioneer Memorial Church at ng kanyang asawang si Karen, na matiyagang sumagot sa marami niyang tanong. Ang dating masiglang kasapi ng Simbahang Katoliko ay nabinyagan bilang isang Seventh-day Adventist noong Easter Sabbath ng 1990. Pagkatapos nito, hindi siya kinausap ng kanyang ama sa loob ng siyam na buwan.

Sinundan ni Carolyn ang patnubay ng Diyos sa isang landas na kinabibilangan ng boluntaryong paglilingkod, pagkamit ng MA sa Pastoral Ministry, at pagsasanay sa clinical pastoral education. Nagsilbi siya bilang direktor ng pastoral care sa Lakeland sa St. Joseph, Michigan—isang programang siya mismo ang nagsimula; naging chaplain sa Florida Hospital sa Orlando; at on-call chaplain sa Mishawaka, Indiana. Sa kasalukuyan, siya ay Chaplain para sa Adventist Health Midwest sa lugar ng Chicago. Mahilig si Carolyn na mamuno sa mga lingguhang “spiritual growth groups” sa isang psychiatric unit, sa maternity ward para sa mga ina ng premature na sanggol, at para sa mga pasyenteng may sakit sa puso.

Nagsilbi siya bilang head elder ng malaking Pioneer Memorial Church.

Ang mga karanasang tila ipinagbabawal sa marami ang siyang lugar kung saan natatagpuan ni Carolyn ang kanyang tawag—iniibig niyang “samahan ang mga tao sa gitna ng dalamhati at pagkawala, karamdaman,” at iba pang trahedya ng buhay. Ginigising niya ang kanilang kamalayan sa “KUNG SINO sila sa paningin ng Diyos, anuman ang kanilang kalagayan.”



---

***Vincross, Tara Vinyard***

Isinulat ni Tara ang tungkol sa kanyang pagtawag:

“Habang ako’y kasali sa “youth and young adult summer ministry bilang assistant director, naramdaman kong tinatawag ako ng Diyos sa buong-panahong ministeryo. Naramdaman ko ang naglalagablab na sigasig sa aking kaluluwa na ibahagi ang kagalakan, kapayapaan, pag-ibig, at kabuuang matatagpuan lamang kay Jesus. Alam kong wala na akong ibang dapat gawin. Ang pagtawag na ito ay kinilala at pinagtibay ng aking mga tagapayo at mga lider.”

Si Tara ay nagtapos mula sa Southwestern University noong 2002 na may BA sa Theology. Sa kasalukuyan, siya ay naglilingkod bilang Associate Youth and Young Adult Director para sa Washington Conference, kung saan ginagamit niya ang kanyang malikhaing sigla upang tumulong sa pagdisenyo ng isang matagumpay na serye ng doktrina na kabataang-umaabot-sa-kabataan ang layunin. Si Tara ay nasasabik sa paghahanda para sa kanyang kauna-unahang buong serye ng pangangaral sa ebanghelismo. Pinagpala rin siyang mabinyagan ang walong kataong kanyang inihanda.

Plano ng Washington Conference na suportahan si Gng. VinCross sa kanyang pagpasok sa seminaryo sa taong 2005.

Si Tara ay kumakatawan sa maraming kabataang babae sa ating mga kolehiyo at seminaryo sa iba’t ibang panig ng mundo at sa mga bukirin ng paglilingkod na ginagabayan upang magamit nang mabisa ang kanilang mga kaloob para kay Jesus sa ministeryo.

***Watts, Kit***

Nagbukas ng bagong landas si Kit Watts noong siya ay naging bahagi ng pastoral staff ng Sligo SDA Church noong 1973 bilang minister of publications. Natuklasan niyang ang kanyang mga kaloob ay angkop na angkop sa posisyong iyon.

Gayunpaman, dahil siya ay isang tagapanguna, natagpuan niyang malaking bahagi ng kanyang lakas ay nauubos sa pagtatanggol sa karapatan ng kababaihan na magkaroon ng lugar sa ministeryo. Dahil dito, nabawasan ang kanyang pagkakataong ganap na makasangkot sa mismong gawain ng ministeryo. Bukod pa rito, wala ring katulad na posisyon na maaari niyang asahan na mapupuntahan pagkatapos niyang umalis sa Sligo.

---

Dahil dito, kumuha si Kit ng Master of Library Science degree at nagtrabaho bilang periodical librarian sa Andrews University sa loob ng walong taon. Habang nandoon, natapos din niya ang kanyang MA sa Religion bilang bahagi ng kanyang paghahanda sa larangan ng edukasyon.

Noong 1987, lumipat si Kit sa *Adventist Review* bilang assistant editor. Naramdaman niya ang isang tawag, “sa kahulugang nais kong makatulong upang ang tinig ng Diyos, ang Kanyang mga layunin, at ang Kanyang katiyakan ay mas marinig nang mabuti sa buong mundo. Ang mga kaloob na aking natuklasan sa sarili ko ay nauukol sa mga salita—minsan sa pagsulat, minsan sa pagsasalita, at minsan sa pagbuo ng mga programa at istruktura.”

Pagkatapos ng isang dekada sa *Adventist Review*, iniwan ni Kit ang posisyon upang maging direktor ng Women’s Resource Center sa La Sierra University (half-time), habang ang kalahati ng kanyang trabaho ay bilang pinuno ng Department of Communication para sa Southeastern California Conference. Noong 2002, lumipat siya sa full-time na trabaho para sa konferensya, kung saan siya ay Assistant to the President para sa Communication. Nanatili pa rin siyang Special Projects Coordinator para sa Women’s Resource Center.

Si Kit ang nag-iisang babae na naging miyembro ng lahat ng opisyal na komisyon ng Seventh-day Adventist na itinatag upang pag-aralan ang isyu ng ordinasyon ng kababaihan noong 1973, 1985, 1988, at 1989. Bukod sa kanyang sarili, labis siyang nagmamalasakit na ganap na magamit ang mga kaloob ng ibang kababaihan sa gawain ng Panginoon.

### ***White, Jan***

Si Jan White ay Associate Pastor para sa Nurture at Outreach sa Calhoun, Georgia, Seventh-day Adventist Church. Siya ang kauna-unahang babaeng naatasan bilang ministro sa Georgia-Cumberland Conference noong 2003. Ang kanyang asawa, si Phil White, ang senior pastor sa Calhoun, kaya’t isang koponang ministryo ang kanilang paglilingkod.

Maraming tao na halos pumuno sa kapasidad ng auditorium ang nagtipon kagabi upang makinig sa mga kilalang tagapagsalita mula sa hanay ng mga organisasyong nagtataguyod ng kalayaan sa relihiyon sa bansa. Sa okasyong iyon, nagsalita si Gng. Lulu Wightman ng Kansas City, isang pampublikong tagapagtanggol ng kalayaan sa relihiyon, at si E. T. Russell, presidente ng Central States Religious Liberty Association, hinggil sa mga bagay na may kinalaman sa kalayaan sa relihiyon... .

Tinalakay ni Gng. Wightman ang mga prinsipyo ng pamahalaan na siyang naging katangian ng Estados Unidos. Tinukoy niya lalo na ang maraming pagkakataon kung saan binaligtad ng mga korte ang mga kautusang itinakda ng simbahan para sa pamahalaan kaugnay ng ilang mga libangang isinasagawa tuwing Linggo... . Sinabi niya na ang simbahan ay dapat gumugol ng mas maraming oras sa pagtuturo ng paggawa ng tama at hindi gugulin ang buong oras nito sa mga payak na pagsasagawa ng mga pagdiriwang tuwing Linggo... .

***Dokumento Tungkol sa Buhay at Gawain ni Anna Knight (kabanata 4)***

**4.1 Sipi mula sa kanyang aklat, *Mississippi Girl*, p. 223.**

Mula noong 1911 ay nag-ingat ako ng detalyadong rekord ng mga gawaing aking isinagawa. Kinailangan kong gumawa ng buwanang ulat sa kumperensya; kaya naman nakasanayan kong panatilihin ang pang-araw-araw na talaan. Sa pag-aakalang maaaring makadagdag ng interes sa pag-uulat, narito ang buod ng apat na bagay: Nagsagawa ako ng 9,388 pagpupulong at nakapagsagawa ng 11,744 pagbisitang misyonero. Ang aking gawain ay humingi ng pagsulat ng 48,918 liham, at sa pagpunta sa aking mga takdang gawain ay naglakbay ako ng 554,439 milya. Ang ulat na ito ay hindi kabilang ang milyang nilakbay papunta o pabalik mula sa aking lugar ng misyon, ang India, ni ang anumang milyang nilakbay habang ako'y naroon.

***Mga Dokumento tungkol sa Buhay at Gawain ni Jessie Weiss Curtis (kabanata 5)***

**5.1 Artikulo mula sa isang pahayagan sa Hazle-ton, Pennsylvania, 1927**

**Kingston Girl Holding Services Near Drums**

(Kabataang Babaeng taga-Kingston na  
Nagsasagawa ng Mga Serbisyo Malapit  
sa Drums)

Si Bb. Jessie M. Weiss, mula sa Kingston, anak ng isang kilalang mangangalakal sa Wilkes-Barre, ay pinupukaw ang kanayunan sa paligid ng Drums sa Luzerne County sa pamamagitan ng isang kampanyang ebanghelistiko kung saan siya ang gumagawa ng halos lahat na pangangaral.

Dahil sa hangaring maipahayag ang ebanghelyo sa mga tao, kumuha si Bb. Weiss ng isang tolda, at sa tulong ng dalawang lalaki, itinayo nila ito sa bukid ni C. A. Straw, at daan-daang tao ang dumadagsa upang makinig sa kanya. Mula sa saklaw na dalawampung milya, umabot sa kasingdami ng maikakarga sa 110 sasakyan ang dumalo sa isang serbisyo.

---

Ito ang kauna-unahang kampanyang ebanghelistiko na isinagawa ni Bb. Weiss, at kitang-kita ang kanyang tagumpay sa dami ng mga tao na pumupunta gabi-gabi, na dumadating nang maaga upang makiisa sa lumang tradisyong pag-awitan, at nananatili hanggang sa matapos ang pangangaral.

Sa husay ng isang pastor na may mahabang karanasan, ipinahayag ni Bb. Weiss na hindi siya magtuturo ng anumang doktrina maliban lamang sa mga maaaring patunayan mula sa Salita ng Diyos. Malawak ang saklaw ng mga paksang kanyang tinatalakay.

Ang mga Methodist, Baptist, at Lutheran, na may mga simbahan sa komunidad, ay mga regular na dumadalo.

***5.2 Mga sipi mula sa isang panayam kina Jack at Joan Davis ng manunulat sa kanilang tahanan sa Monrovia, Maryland, Agosto 26, 1984 (Si Gng. Curtis ay dakilang tiyahin ni Jack.)***

BENTON: Paano naghanda si Gng. Curtis, nee Jessie Weiss para sa gawaing ministeryal?

JACK DAVIS: Pumunta siya sa Battle Creek. Siya ang pinakabatang tinanggap nila kailanman. Ngunit sila ay humanga sa kanyang sinseridad, kaya tinanggap nila siya. Labing-apat na taong gulang lamang siya noon.. Siya ay magiging isang nars, sa panahong iyon, ngunit kalaunan ay nagpasya siyang maging manggagawa sa ministeryo—isang **Bible worker**, ang tawag dito noon.

BENTON: Naisip-isip ko rin kung kumikita ba siya nang maayos—kung binabayaran siya nang sapat ng simbahan. Sa palagay ko, talagang kapos ang badyet noon.

JACK DAVIS: Sa simula, hindi siya binabayaran ng simbahan dahil siya mismo ang gumagastos para sa lahat. Nagkaroon siya ng evangelistic effort noong 1927. Noong isinagawa niya ito sa Drums, Pennsylvania, ang magsasaka na nagpahintulot na maitayo ang tolda sa kanyang lupa ay kalauna'y nag-donate ng ari-arian. Doon itinayo ang simbahan—sa mismong lugar kung saan itinayo ang tolda. Doon pa rin matatagpuan ang simbahan ngayon—ang Drums Church sa Drums, Pennsylvania.



BENTON: Paano niya naisipang magsagawa ng mga pagsisikap na pang-ebanghelyo? Alam mo ba kung paano siya nagsimula sa ministeryo?

JACK DAVIS: Nasisiyahan siya sa gawaing may kinalaman sa Biblia, sa pakikitungo sa mga tao, at sa pag-akay sa kanila. Siya mismo ang nakaisip na gusto niyang magsagawa ng isang pagsisikap na pang-ebanghelyo, kaya't ipinagdasal niya ito at nagsumikap nang husto—at sa huli, naging matagumpay at maganda ang kinalabasan ng lahat.

BENTON: Iyon ba ang kanyang unang pagsisikap na pang-ebanghelyo, doon sa Drums?

JACK DAVIS: Oo. Nakapag-akay siya ng 80 katao.

JOAN DAVIS: Siya ay mahusay sa organisasyon, napakalakas na pinuno, kaya kapag siya'y nagsalita, nakikinig ang mga tao. Siya ay nakakakumbinsi at likas siyang nakakakuha ng atensyon at paggalang ng nakikinig.

JACK DAVIS: Isa siyang uri ng taong marangal.

BENTON: Hindi mo ba inisip na may kakaiba sa pagiging ministro ng tiyahin mo?

JACK DAVIS: Akala ko ay kasing normal iyon gaya ng iba pang bagay.

BENTON: Tinanggap ng mga tao—

JOAN DAVIS: Ay, naku, oo! Ibig kong sabihin, halos igalang siya ng labis ng mga tao.

JACK DAVIS: Dati akong tsuper para sa aking tiyahin. Ako ang naglalagay ng mga tsart, o nagpapatakbo ng stereopticon o ng ibang uri ng slide machine kapag pumupunta kami sa bahay o sa bulwagan.

BENTON: Ito ay iba't ibang mga lugar sa Pennsylvania? Ano ang ilan sa mga lugar?

JACK DAVIS: Mayroong Tunkhannock, Hazleton, at Burwick. Nagtrabaho siya sa pagtatayo ng Beaumont Church sa Montrose Church, pumunta sa Wilkes-Barre, at tumulong sa Scranton.

JOAN DAVIS: Tingnan mo diyan [sa Bibliya ni Gng. Curtis]—ito ay nasa kanyang sinulat. “Setyembre-Oktubre, 1964. Ang pagsisikap sa tolda ay nagkakahalaga ng \$5,000. Ang lote ay nagkakahalaga ng \$2,000.” Ay, iyon ay Kingston!

BENTON: Pumasok ka ba sa simbahan sa ilalim ni Gng. Curtis?



---

JOAN DAVIS: Oo. Ako ay 12 taong gulang nang kami ng aking mga magulang ay naging Adventista. Sinimulan kami ng isa pang ministro sa pag-aaral ng Biblia, tapos siya ang nagwakas ng pagtuturo. Dumadalaw siya sa aming bahay, at napakalinaw ng kanyang paliwanag.

Napakadaling maintindihan ang mga ipinaliwanag niya.

BENTON: Saan ang mga pagpupulong na iyon?

JOAN DAVIS: Sa Montrose.

JACK DAVIS: Itinayo niya ang simbahang iyon.

BENTON: Saan ang bahay niya?

JACK DAVIS: Siyam na milya hilagang-kanluran ng Wilkes-Barre, isang maliit na bayan na tinatawag na Lehman.

BENTON: Kaya kung palipat-lipat siya sa trabaho, pinanatili ba niya ang kanyang pangunahing tahanan?

JACK DAVIS: Oo.

JOAN DAVIS: Palaging abot-kamay ng pagmamaneho mula sa kanyang tahanan ang mga lugar na pinuntahan niya. Naglakbay siya ng malalayong distansya, subalit palagi siyang nakakauwi sa gabi.

BENTON: Hindi ba siya natutong magmaneho ng sarili?

JACK DAVIS: Hindi, hindi siya natutong magmaneho. Sa katunayan, siya ay may kasambahay at tsuper nang magpakasal kay G. Curtis sa gulang na 50.

BENTON: At iyon ba ang unang kasal?

JACK DAVIS: Ang una at tanging kasal niya. Limang taon lang siyang kasal, at namatay siya (si G. Curtis).

JOAN DAVIS: Dati siyang tumutuloy sa mga bahay ng mga tao sa Montrose. Mga 50 milya ang layo, kaya sumasakay siya ng bus.

Pagkatapos, isa sa mga pamilya na nakatira sa bayan ang sumasundo sa kanya at pinapanatili siya sa kanilang bahay. Mahal na mahal siya ng mga bata.

JACK DAVIS: Natatandaan ko na nagkakaroon ako ng “goose pimples” (nanginginig ang balat, nangingilabot) tuwing naririnig ko siyang mangaral. Karamihan sa kanyang mga pangaral ay tungkol sa mga kaganapan sa mga huling araw. Kumukuha siya ng mga piraso ng pahayagan tungkol sa mga lindol, bagyo, at iba pang mga pangyayari gaya ng mga aksidente sa tren o eroplano, at madalas niyang talakayin ang mga bagay na nangyayari sa mga huling araw—ang nalalapit na pagparito ng Panginoon. Akala ko nga na darating na ang Panginoon kinabukasan.

Hindi niya kailanman binabasa ang sermon.

BENTON: Narinig ko na maraming batang interns ang nagsimula sa kanya. Sa katunayan, naniniwala ako na si Elder Dower, na siyang pinuno ng ministerial department ng General Conference—

JACK DAVIS: Oo, naalala ko si Elder Dower! Bata pa siya noon at guwapo. Naalala ko rin si Kay, ang kanyang asawa. Napakaganda. Naku, marami silang intern na nagsimula sa pamumuno ng aking tiyahin.

Ang mga ministrong nalilihis sa ilang punto ng doktrina o sa mga sulatin ni Sister White ay ipinapadala sa aking tiyahin upang mabigyan ng tamang paggabay at maibalik sa tamang landas. May ilan siyang naibalik, at may ilan ding hindi.

JOAN DAVIS: Palagi niyang nais na may mga taong kasama—mas marami, mas masaya. At mayroon siyang magandang “sense of humor” (pagkamapagpatawa).

BENTON: Parang napakabalanse niya.

JOAN DAVIS: Oo, iyon ang magandang paglalarawan sa kanya.

JACK DAVIS: Maayos siyang manamit, palaging nakasuot ng magagandang “suits” at damit at sombrero; pero mas pinili niya ang makisalamuha at maglingkod sa mga tao.

JOAN DAVIS: Isa siyang magandang babae. Namumukod-tangi siya sa gitna ng karamihan.

JACK DAVIS: Malakas din ang kanyang pangangatawan.

BENTON: Mukhang marunong din siyang mag-enjoy sa buhay. Ngayon, ikuwento mo pa nang kaunti ang tungkol sa pangangaral niyang nagpakilig sa iyo.

JACK DAVIS: Hindi siya nangaral na parang hindi kayang maunawaan.

Nangangaral siyang diretso sa puso ng mga tao at ipinapakita niya kung gaano kalapit na ang oras na ating kinalalagyan. Binabago noon ang buhay ng mga nakikinig. Naabot ng tiyahin ko ang bawat isa.

**5.3 Liham mula kay Jay Milton Hoffman, Valley Center, California, sa manunulat, Oktubre 4, 1989 ,**

Mahal na Dr. Benton:

Oo, ako ang lalaking nakakilala kay Jessie Weiss bago pa siya naging Jessie Weiss Curtis. Isa siyang mahusay na tagapangaral, at noong unang beses akong pumasok sa simbahan, may nagsabi sa kanya na may lalaking Hudyo sa loob ng simbahan kasama ang kanyang asawa. Agad niyang binago ang kanyang paksa at nangaral tungkol sa *70 linggo*. Si Jessie Weiss Curtis ay isang pambihirang tagapangaral, at siya ang nagtayo ng simbahan sa Drums, Pennsylvania, kung saan ako unang naging kaanib. Sabay kaming nabinyagan ng aking asawang si Trudie.

Lubos na gumigiliw,  
J. M. Hoffman, Ph.D.

P.S. Ako ang naging direktor at ebanghelista ng Times Square Center sa New York sa loob ng 20 taon.

---

**5.4 Anekdota ng pagtatangkang ordinasyon, iniulat ni Vanetta Weiss, pakikipanayam sa manunulat, *Drums, Pennsylvania*, Hulyo 27, 1985.**

[Ang buod ng manunulat] Ikinuwento ni Vanetta Weiss, hipag ni Jessie Weiss Curtis, ang isang karanasang nangyari sa East Pennsylvania camp meeting isang taon, sa panahon ng taunang ordinasyon ng mga ministro. Narinig niya ang isang madaliang panawagan na ipinapahayag sa pamamagitan ng mga loudspeaker, na humihiling kay Jessie Curtis na agad na pumunta sa tolda ng mga ministro. Dahil hindi lumitaw si Gng. Curtis, ipinadala si Vanetta Weiss upang hanapin siya. Sinabihan si Vanetta na nais ng mga kapatid na ordinahan si Jessie, ngunit siya ay tumatanggi. Hindi naging matagumpay ang kanilang paghahanap kay Jessie, at ipinagpatuloy ang seremonya kahit wala siya.

Nang muling lumitaw si Jessie, sinabi niya kay Vanetta na ayaw niyang maordinahan ni magkaroon ng mas mabigat na pananagutan kaysa sa hawak na niya. Kontento na raw siya sa paghahanda ng mga tao para sa binyag at hinahayaang ang mga lalaking ministro ang siyang magbinyag sa kanila.

**Mga Dokumentong Patungkol sa Buhay at Gawain ni Ellen G. White (kabanata 7)**  
**7.1 Isang kahanga-hangang espirituwal na kara-nasan: mga piling sipi mula kay Ellen White, *Life Sketches of Ellen G. White (Mountain View, California: Pacific Press, 1915)*, 69–71.**

Tila imposible para sa akin na maisagawa ang gawaing ito na iniharap sa akin; ang subukan ito ay tila tiyak na kabiguan... .

Hinangad ko ang kamatayan bilang paglaya mula sa mga pananagutang patong-patong na dumaragsa sa akin... .

Sa katagalan ako ay napilitang dumalo sa isa sa mga pagpupulong sa aking sariling tahanan... .

Habang ako'y ipinapanalangin, na bigyan ako ng Panginoon ng lakas at tapang upang dalhin ang mensahe, ang makapal na kadilimang bumalot sa akin ay umurong, at isang biglaang liwanag ang dumating sa akin. Isang bagay na wari'y bola ng apoy ang tumama sa akin sa tapat ng puso... . Pakiramdam ko'y nasa harapan ako ng mga anghel. Isa sa mga banal na nilalang na ito ay muling nagsabi, "Ihayag mo sa iba ang aking ipinakita sa iyo."

---

Si Father Pearson, na hindi makaluhod dahil sa kanyang rayuma, ay nakasaksi sa pangyayaring ito... . Tumayo siya mula sa kanyang upuan at nagsabi, “Ako’y nakakita ng tanawin na kailanma’y hindi ko inakalang makikita ko. Isang bola ng apoy ang bumaba mula sa langit at tumama kay Sis. Ellen Harmon sa tapat ng puso. Nakita ko ito! Nakita ko ito! ... Mula ngayon ay tutulungan ka namin, at hindi na namin pahihinain ang iyong loob.”

**7.2 Kailangang iwanan ang munting si Henry sa pangangalaga ng mga kaibigan, *Life Sketches*, 120.**

Muli akong tinawag upang tanggihan ang sarili para sa ikabubuti ng mga kaluluwa. Kinailangan naming isakripisyo ang pagiging kapiling ng aming munting si Henry, at humayo upang ialay nang walang pasubali ang aming sarili sa gawain. Napakahina ng aking kalusugan noon... .

Iniwan namin si Henry sa pamilya ni Bro. Howland, na lubos naming pinagkakatiwalaan. Handa silang pasanin ang mga tungkulin upang kami’y maging malaya hangga’t maaari sa paglilingkod sa gawain ng Diyos... .

Napakahirap na mawalay sa aking anak... .

Sa loob ng limang taon, ang pamilya ni Kapatid Howland ang lubos na nag-alaga kay Henry. Inaruga nila siya nang walang anumang kabayaran, sila ang tumustos sa lahat ng kanyang damit, maliban sa isang munting handog na dinadala ko sa kanya minsan sa isang taon, gaya ng ginawa ni Hannah kay Samuel.

**7.3 Ang sakripisyong iwan muna nang pansamantala ang dalawang anak para sa gawain, *Life Sketches*, 131-32.**

Noong unang gabi matapos naming marating ang lugar ng pagtitipon, ang kawalang-pag-asa ang bumalot sa aking isipan. Ang aking maliliit na anak ay bumigat sa aking isipan. Iniwan namin ang isa sa estado ng Maine na may dalawang taon at walong buwang gulang, at ang isa pang sanggol sa New York na siyam na buwang gulang. Katatapos lang namin ng isang nakakapagod na paglalakbay na may matinding pagdurusa, at naisip ko ang mga taong napakasaya sa piling ng kanilang mga anak sa tahimik nilang mga tahanan. Inalala ko ang aming mga karanasan sa nakaraan, at naalala ang sinabi ng isang kapatid na babae ilang araw lamang ang nakalipas—na tila napakaganda raw ng buhay ko, na naglalakbay sa kanayunan nang walang anumang gumugulo sa akin. Para sa kanya, iyon daw ang uri ng buhay na kanyang kinatutuwaaan. Subalit sa mismong panahong iyon, sabik na sabik ang aking puso sa aking mga anak—lalo na sa aking sanggol na nasa New York... .

Sa kalagayang ito ng aking isipan ako'y nakatulog, at napanaginipan kong may isang matangkad na anghel na nakatayo sa aking tabi at nagtanong kung bakit ako malungkot. Ikinuwento ko sa kanya ang mga isipang bumabagabag sa akin, at sinabi ko, "Napakaliit ng kabutihang nagagawa ko, bakit hindi namin makasama ang aming mga anak at maging masaya sa kanilang piling?" Sinabi niya: "Nagbigay ka sa Panginoon ang dalawang magagandang bulaklak, na ang halimuyak ay gaya ng mabangong insenso sa Kanyang harapan, at higit na mahalaga sa Kanyang paningin kaysa ginto o pilak, sapagkat ito'y kaloob mula sa puso."

**7.4 Sipi mula sa isang liham mula kay Ellen White kina "Brothers Irwin, Evans, Smith, at Jones," Abril 21, 1898**

Ang mga babaeng ito ay ibinubuhos ang kanilang buong panahon, at sinasabihang wala silang matatanggap na kabayaran sa kanilang gawain sapagkat tumatanggap naman ng sahod ang kanilang mga asawa. Sinasabi ko sa kanila na magpatuloy sila, at ang mga ganitong pasya ay muling pag-aaralan. Sinasabi ng Salita, "Karapat-dapat ang manggagawa sa kanyang upa." Kapag may ginawang pasya na gaya nito, ako'y magpoprotesta sa pangalan ng Panginoon. Ituturing kong tungkulin ang magtatag ng pondo mula sa aking ikapu upang bayaran ang mga babaeng ito na gumaganap ng gawain na kasinghalaga ng ginagawa ng mga ministro, at ang ikapung ito ay ilalaan ko para sa gawaing katulad ng sa mga ministro, ang paghahanap ng mga kaluluwa, ang pangangisda ng mga kaluluwa. Batid kong ang mga tapat na kababaihan ay nararapat tumanggap ng sahod na naaayon sa itinuturing na makatuwirang kabayaran na tinatanggap ng mga ministro. Dala nila ang pasanin para sa mga kaluluwa, at hindi sila dapat tratuhin ng hindi makatarungan... .

**7.5 Tala ng may-akda tungkol sa kredensyal ni Ellen White**

Mula noong nagsimulang ilathala ang mga Yearbook na may mga talaan ng mga kinikilalang ministro noong 1884 hanggang sa matapos ang buhay ni Ellen White noong 1915, siya ay nakatala bilang isang ordinadong ministro.

Sa mga pag-uusap ilang taon na ang nakalipas hanggang sa pagsulat ng aklat na ito, ipinaliwanag ng ilang mga tagapangasiwa ng simbahan na bagamat si Ellen White ay kinilala bilang isang ordinadong ministro, hindi kailanman nagkaroon ng seremonya ng ordinasyon kung saan siya inihiwalay para sa ministeryo dahil naniwala ang pamunuan ng simbahan na siya ay inordinahan na ng Diyos at hindi na kailangan ang pagpapagtibay mula sa lupa sa anyo ng paglalagay ng mga kamay. Iminungkahi na siya ay kinilala bilang ordinadong ministro upang mabigyan siya ng karapatang makatanggap ng sahod na katumbas ng isang ordinadong ministro.

## Apendiks B

---

Kung paano man iyon, sa loob ng maraming taon ang kanyang katayuan ay bilang isang ordinadong ministro. Ang kanyang lisensya bilang ministro noong 1885 ay may salitang “ordinado” na bahagyang minarkahan, ngunit ang lisensya noong 1887 ay nagsasaad, “Ito ay upang Patunayan, na si *Gng. E. G. White* sa *Healdsburg, California* ay isang Ordinadong Ministro na nasa mabuting katayuan sa *General Conference* ng mga Seventh-day Adventist.”



## Apendiks B

Bahagyang Listahan ng mga Babaeng Ministro ng Seventh-day Adventist 1884 hanggang 1975

Tinipon ng Archives ng General Conference ng Seventh-day Adventist at ni Josephine Benton.

**1884<sup>1</sup>**

***General Conference***

Ordinado<sup>2</sup> Gng. E. G. White

***Kansas***

Lisensyado<sup>2</sup> Gng. R. Hill  
Gng. H. Enoch

***Michigan***

Ordinado Gng. E. G. White  
Lisensyado Gng. E. S. Lane  
Gng. G. K. Owen

***Minnesota***

Lisensyado Anna M. Johnson  
Libbie Collins

**1885**

***General Conference***

Ordinado Gng. E. G. White

***Kansas***

Lisensyado Gng. H. Enoch

***Michigan***

Ordinado Gng. E. G. White  
Lisensyado Gng. E. S. Lane  
Gng. G. K. Owen

---

<sup>1</sup>May mga babaeng ministro ng Seventh-day Adventist bago pa ang taong 1884. Halimbawa, si Sara A. Hallock Lindsey (tingnan sa kabanata 9) ay nabigyan ng lisensya noong 1872. Gayunman, ang mga talaan ng mga ministro ng Pacific Coast na nasa General Conference Archives, na pinagbatayan ng listahang ito, ay nagsisimula lamang noong 1884. Ang mga naunang ministro, lalaki man o babae, ay kailangang saliksikin nang paisa-isa.

<sup>2</sup>Ang terminolohiyang ginamit sa mga unang opisyal na talaan ay “Ministers” para sa mga may taglay na kredensyal ng ordinadong ministro at “Licentiate” para sa mga nabigyan ng lisensiyang ministeryal; kalaunan, ang mga katumbas na kategorya sa mga *Yearbook* ay naging “Ordained Ministers” at “Licensed Ministers.” Ang mga huling pamagat na ito ang ginamit sa mga listahang ito upang ipakita kung saang kategorya lumitaw ang mga pangalan ng babaeng ministro.

## 1886

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **Illinois**

Lisensyado Ida W. Hibben

### **Kansas**

Lisensyado Hattie Enoch

### **Michigan**

Ordinado Gng. E. G. White

Lisensyado Gng. E. S. Lane

Gng. G. K. Owen

## 1887

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **Kansas**

Lisensyado Hattie Enoch

Ruie Hill

### **Michigan**

Ordinado Gng. E. G. White

Lisensyado Gng. E. B. Lane

Gng. G. K. Owen

### **Vermont**

Lisensyado Gng. S. E. Pierce

## 1888

### **Alabama/Mississippi**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

### **California**

Ordinado Gng. E. G. White

Lisensyado Gng. G. K. Owen

### **Kansas**

Lisensyado Hattie Enoch

## **Michigan**

Ordinado Gng. E. G. White

Lisensyado Gng. E. S. Lane

Gng. G. K. Owen

### **Wisconsin**

Lisensyado Hattie Enoch

### **General Field**

Ordinado Gng. E. G. White

## 1889

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **Alabama/Mississippi**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

### **California**

Lisensyado Gng. G. K. Owen

### **Michigan**

Lisensyado Gng. E. S. Lane

## 1890

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. G. K. Owen

### **Kansas**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

## 1891

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. G. K. Owen

### **Kansas**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

## 1892

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. J. A. Owen

### **Kansas**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

## 1893

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. J. A. Owen

### **Iowa**

Lisensyado Gng. Flora Plummer

### **Kansas**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

## 1894

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. J. A. Owen

### **Kansas**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

### **New Zealand**

Lisensyado Gng. Margaret Caro

## 1895

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. J. A. Owen

## **New York**

Lisensyado Gng. S. A. Lindsay

### **Upper Columbia**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

### **New Zealand**

Lisensyado Gng. Margaret Caro

## 1896

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. J. A. Owen

### **New York**

Lisensyado Gng. S. A. Lindsay

### **Upper Columbia**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

### **New Zealand**

Lisensyado Gng. Margaret Caro

## 1897

### **Gen. Conf & Australasian U.**

Ordinado Gng. E. G. White

### **California**

Lisensyado Gng. J. A. Owen

### **Upper Columbia**

Lisensyado Gng. Ruie Hill

### **New Zealand**

Lisensyado Gng. Margaret Caro

## 1898

### **Gen. Conf & Australasian U.**

Ordinado Gng. E. G. White

Lisensyado Gng. S. M. I. Henry

|            |                                        |            |                                 |
|------------|----------------------------------------|------------|---------------------------------|
|            | <b>California</b>                      |            | <b>New Zealand</b>              |
| Lisensyado | Gng. J. A. Owen                        | Lisensyado | Gng. M. Caro                    |
|            | <b>New Zealand</b>                     |            | <b>1901</b>                     |
| Lisensyado | Gng. Margaret Caro                     |            | <b>General Conference</b>       |
|            | <b>New York</b>                        | Ordinado   | Gng. E. G. White                |
| Lisensyado | Gng. Lulu Wightman                     | Lisensyado | Gng. H. H. Haskell              |
|            | <b>Upper Columbia</b>                  |            | <b>Iowa</b>                     |
| Lisensyado | Gng. Ruie Hill                         | Lisensyado | Gng. G. R. Hawkins              |
|            | <b>1899</b>                            |            | <b>Michigan</b>                 |
|            | <b>General Conference</b>              | Lisensyado | Gng. E. R. Williams             |
| Ordinado   | Gng. E. G. White                       |            | <b>New York</b>                 |
| Lisensyado | Gng. S. M. I. Henry                    | Lisensyado | Gng. Lulu Wightman              |
|            | <b>New York</b>                        |            | <b>Utah</b>                     |
| Lisensyado | Gng. Lulu Wightman                     | Lisensyado | Gng. Carrie V. Hansen           |
|            | <b>Upper Columbia</b>                  |            | <b>1902</b>                     |
| Lisensyado | Gng. Ruie Hill                         |            | <b>General Conference</b>       |
|            | <b>British Conference</b>              | Ordinado   | Gng. E. G. White                |
| Lisensyado | Gng. Edith Bartlett                    | Lisensyado | Gng. H. H. Haskell              |
|            | <b>New Zealand</b>                     |            | <b>Greater New York</b>         |
| Lisensyado | Gng. M. Caro                           | Lisensyado | Gng. S. N. Haskell              |
|            | <b>1900</b>                            |            | <b>Iowa</b>                     |
|            | <b>Gen. Conf &amp; Australasian U.</b> | Lisensyado | Gng. G. R. Hawkins              |
| Ordinado   | Gng. E. G. White                       |            | <b>Mich. (Superior Mission)</b> |
| Lisensyado | Gng. Hetty H. Haskell                  | Lisensyado | Gng. E. R. Williams             |
|            | <b>New York</b>                        |            | <b>New York</b>                 |
| Lisensyado | Gng. Lulu Wightman                     | Lisensyado | Gng. Lulu Wightman              |
|            | <b>Upper Columbia</b>                  |            | <b>Oklahoma</b>                 |
| Lisensyado | Gng. R. Hill                           | Lisensyado | Gng. Minnie Syp <sup>3</sup>    |
|            | <b>British Conference</b>              |            |                                 |
| Lisensyado | Mini Robinson                          |            |                                 |

<sup>3</sup>Ang baybay ng apelyido ay kalaunang binago at naging Sype.

## 1904

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White  
Lisensyado Gng. H. H. Haskell

### **Arizona**

Lisensyado Gng. J. E. Bond

### **Iowa**

Lisensyado Gng. G. R. Hawkins

### **Mich. (Superior Mission)**

Lisensyado Gng. E. R. Williams

### **New York**

Lisensyado Gng. Lulu Wightman

### **Oklahoma**

Lisensyado Gng. Minnie Syp

### **South Dakota**

Lisensyado Bertha E. Jorgensen

### **Finland Mission**

Lisensyado Alma Bjdig

## 1905

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White  
Lisensyado Gng. H. H. Haskell

### **Lake Union**

Lisensyado Gng. E. R. Williams

### **Arizona**

Lisensyado Gng. J. E. Bond

### **Iowa**

Lisensyado Gng. G. R. Hawkins

### **New York**

Lisensyado Gng. Lulu Wightman

### **Oklahoma**

Lisensyado Gng. Minnie Syp

## **South Dakota**

Lisensyado Bertha E. Jorgensen

### **Finland**

Lisensyado Alma Bjdig

## 1906

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White  
Lisensyado Gng. H. H. Haskell

### **Lake Union**

Lisensyado Gng. E. R. Williams

### **Arizona**

Lisensyado Gng. J. E. Bond

### **New York**

Lisensyado Gng. Lulu Wightman

### **Oklahoma**

Lisensyado Gng. Minnie Syp

### **Wyoming**

Lisensyado Gng. G. R. Hawkins

## 1907

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White  
Lisensyado Gng. H. H. Haskell

### **Iowa**

Lisensyado Gng. Minnie Syp  
Gng. Emma Hawkins

### **New York**

Lisensyado Gng. Lulu Wightman

## 1908

### **General Conference**

Ordinado Gng. E. G. White  
Lisensyado Gng. H. H. Haskell

|                           |                                       |                           |                                       |
|---------------------------|---------------------------------------|---------------------------|---------------------------------------|
| <b>California</b>         |                                       | <b>North Dakota</b>       |                                       |
| Ordinado                  | Gng. J. S. Wightman                   | Lisensyado                | Gng. Bertha Jorgensen                 |
| <b>Iowa</b>               |                                       | <b>1911</b>               |                                       |
| Lisensyado                | Gng. G. R. Hawkins<br>Gng. Minnie Syp | <b>General Conference</b> |                                       |
| <b>North Dakota</b>       |                                       | Ordinado                  | Gng. E. G. White                      |
| Lisensyado                | Gng. Bertha Jorgensen                 | Lisensyado                | Gng. H. H. Haskell                    |
| <b>1909</b>               |                                       | <b>California</b>         |                                       |
| <b>General Conference</b> |                                       | Ordinado                  | Gng. S. N. Haskell                    |
| Ordinado                  | Gng. E. G. White                      | <b>Iowa</b>               |                                       |
| Lisensyado                | Gng. H. H. Haskell                    | Lisensyado                | Gng. Emma Hawkins<br>Gng. Minnie Sype |
| <b>Central Union</b>      |                                       | <b>North Dakota</b>       |                                       |
| Lisensyado                | Gng. Lulu Wightman                    | Lisensyado                | Gng. Bertha Jorgensen                 |
| <b>Iowa</b>               |                                       | <b>Cape Colony</b>        |                                       |
| Lisensyado                | Gng. G. R. Hawkins<br>Gng. Minnie Syp | Lisensyado                | Gng. E. R. Williams                   |
| <b>North Dakota</b>       |                                       | <b>1915</b>               |                                       |
| Lisensyado                | Gng. Bertha Jorgensen                 | <b>General Conference</b> |                                       |
| <b>1910</b>               |                                       | Lisensyado                | Gng. H. H. Haskell                    |
| <b>General Conference</b> |                                       | <b>Iowa</b>               |                                       |
| Ordinado                  | Gng. E. G. White                      | Lisensyado                | Gng. Minnie Sype                      |
| Lisensyado                | Gng. H. H. Haskell                    | <b>1920</b>               |                                       |
| <b>Central Union</b>      |                                       | <b>Greater New York</b>   |                                       |
| Lisensyado                | Gng. Lulu Wightman                    | Lisensyado                | Emme Wells                            |
| <b>California</b>         |                                       | <b>Iowa</b>               |                                       |
| Ordinado                  | Gng. S. N. Haskell                    | Lisensyado                | Gng. Minnie Sype                      |
| <b>Iowa</b>               |                                       | <b>Missouri</b>           |                                       |
| Lisensyado                | Gng. G. R. Hawkins<br>Gng. Minnie Syp | Lisensyado                | Gng. E. F. Hawkins                    |
| <b>Nebraska</b>           |                                       | <b>North Dakota</b>       |                                       |
| Lisensyado                | Gng. Ura Spring<br>Pearl Field        | Lisensyado                | Mina Panasuk                          |
|                           |                                       | <b>Iowa</b>               |                                       |
|                           |                                       | Lisensyado                | Gng. Ella H. Osborne                  |

## 1925

### *Illinois*

Lisensyado Gng. E. Flo Hawkins

### *Northern California*

Lisensyado Gng. Ella H. Osborne

### *Western Washington*

Lisensyado Gng. Minnie Sype

### *East China Union Mission*

Lisensyado Gng. B. Miller

## 1930

### *Northern California*

Lisensyado Gng. Ella H. Osborne

### *Oregon*

Lisensyado Pearl Stafford

### *Northern Texas*

Lisensyado Gng. Beulah Langdon  
Gng. H. Eder

## 1935

### *East China Union Mission*

Lisensyado Gng. B. Miller

### *Hopei Mission (China)*

Lisensyado Lucy Andrus

## 1940

### *Southern Union*

Lisensyado Gng. M. Sype-Atteberry

## 1945

### *Southern Union*

Lisensyado Gng. M. Sype-Atteberry

## *East Pennsylvania*

Lisensyado Gng. Jessie Curtis

## 1950

## *East Pennsylvania*

Lisensyado Gng. Jessie Curtis

## 1955

## *North Pacific Union*

Lisensyado Gng. Minnie Sype Crippin

## *East Pennsylvania*

Lisensyado Gng. Jessie W. Curtis

## 1960

## *Central Union Conference*

Lisensyado Gng. W. H. Andersen

## *Pacific Union*

Lisensyado Mary E. Walsh

## *Georgia-Cumberland*

Lisensyado Gng. Mary Burdick  
Gng. Lucia H. Lee

## *Kentucky-Tennessee*

Lisensyado Gng. Freda Ford  
Gng. Emma Phillips  
Gng. J. W. Wilhelm

## *Potomac*

Lisensyado Gng. Edna J. Cardey  
Mary Saxton

## 1965

## *Central Union*

Lisensyado Gng. W. H. Anderson

## Apendiks B

|            |                                                          |            |                                      |
|------------|----------------------------------------------------------|------------|--------------------------------------|
| <hr/>      |                                                          |            |                                      |
|            | <b>Pacific Union</b>                                     |            | <b>Kentucky-Tennessee</b>            |
| Lisensyado | Mary E. Walsh                                            | Lisensyado | Gng. Harry Weckham<br>Gng. Phil Neal |
|            | <b>Potomac</b>                                           |            | <b>Potomac</b>                       |
| Lisensyado | Gng. Edna J. Cardey<br>Gng. Lois Mays<br>Gng. Julia Ross | Lisensyado | Gng. Lois Mays                       |
|            | <b>1970</b>                                              |            | <b>1975<sup>4</sup></b>              |
|            | <b>Columbia Union</b>                                    |            | <b>Central Union</b>                 |
| Lisensyado | Gng. Edna J. Cardey<br>Gng. Jessie Curtis                | Lisensyado | Gng. W. H. Anderson                  |
|            |                                                          |            | <b>Pacific Union</b>                 |
|            |                                                          | Lisensyado | Mary E. Walsh                        |
|            |                                                          |            | <b>Potomac</b>                       |
|            |                                                          | Lisensyado | Gng. Josephine Benton                |

---

<sup>4</sup>Sa kasalukuyan (1990), wala pang talaan sa mga *Yearbook* ng mga babaeng ministro na nagpapakilala sa kanila bilang naiiba sa mga taong nasa iba't ibang propesyon, maliban na lamang sa iilan na lisensyado pa rin. Samakatuwid, ang listahang ito ay hindi na na-update mula noong 1975.





## ***Apendiks C***

### **MGA HAKBANG KAUGNAY SA ISYU NG ORDINASYON NG MGA KABABAIHAN SA MINISTERYO SA DENOMINASYON NG SEVENTH- DAY ADVENTIST MULA 1990**

Resolusyon ng **General Conference** na nagpatibay sa ordinasyon ng kababaihan sa ministeryo na tinalakay noong 1881

#### ***The Review and Herald***

Battle Creek, Michigan, Disyembre 20, 1881  
U. Smith, Resident Editor,  
J. N. Associate Editor

#### ***General Conference Business Proceedings (ipinagpatuloy)***

IKALIMANG PAGPUPULONG, DISYEMBRE 5, 10 A.M.—Panalangin ni Eld. Loughborough. Ang mga tala ng nakaraang pagpupulong ay binasa at pinagtibay.

*Nalutas*, Na ang mga kababaihang may angkop na kakayahan upang gampanan ang tungkulin ay maaaring, nang may buong kaayusan, italaga sa pamamagitan ng ordinasyon para sa gawain ng Kristiyanong ministeryo.

Ito ay tinalakay nina J. O. Corliss, A. C. Bourdeau, E. R. Jones, D. H. Lamson, W. H. Littlejohn, A. S. Hutchins, D. M. Canright, at J. N. Loughborough, at isinumite sa General Conference Committee. (Ang General Conference Committee ay hindi kailanman nagulat pabalik hinggil sa resolusyong ito.)

#### ***Ikalimampu't limang Sesyon ng General Conference 1990***

**Ang ordinasyon ng kababaihan sa ministeryo ng ebanghelyo hindi pinagtibay**



---

Napagbotohan na tanggapin ang sumusunod na ulat at mga rekomendasyon ng Komisyon sa Papel ng Kababaihan (Role of Women Commission) ayon sa inirekomenda ng Taunang Konseho (Annual Council) noong 1989: ...

- I. Bagaman ang komisyon ay walang pagkakaisa kung ang Banal na Kasulatan at ang mga sinulat ni Ellen G. White ay tahasang sumusuporta o tumututol sa ordinasyon ng kababaihan sa gawaing pastoral, nagkakaisa naman ito sa konklusyon na pinagtibay ng mga sangguniang ito ang mahalaga, malawak, at nagpapatuloy na ministeryo ng kababaihan, na naipapahayag at lalo pang mahahayag sa pamamagitan ng iba't ibang kaloob na ibinubunga ng kapuspusan ng Banal na Espiritu.
2. Dagdag pa rito, dahil sa malawakang kakulangan ng suporta para sa ordinasyon ng kababaihan sa ministeryong ebanghelyo sa pandaigdigang iglesia, at dahil sa posibleng panganib ng pagkakawatak-watak, pagtatalo, at pagkalahis sa misyon ng iglesia, hindi namin pinagtibay ang ordinasyon ng kababaihan sa ministeryong ebanghelyo. (*Ang naging boto ay 1,173 na sumusuporta sa aksyon at 377 ang tumututol.*)

—*Adventist Review*, Hulyo 13, 1990, p. 15.

***Ang pagsasagawa ng kasal pinahihintulutan lamang sa piling mga lisensyado at komisyunadong ministro sa mga dibisyong nagbigay ng pahintulot.***

Napagbotohan na baguhin ang *Church Manual*, pahina 59, Ang Sermonya ng Kasal (The Marriage Ceremony), upang basahin sa ganitong paraan:

The Marriage Ceremony. — Sa seremonya ng kasal, ang tagubilin, mga panata, at deklarasyon ng kasal ay ibinibigay lamang ng isang ordinadong ministro, maliban sa mga lugar kung saan ang mga komite ng dibisyon ay nagpasya na pahintulutan ang napiling mga lisensyado o komisyunadong ministro na naordinahan bilang mga lokal na matanda sa iglesia (elder) na magsagawa ng seremonya ng kasal.

—*Adventist Review*, Hulyo 19, 1990, p. 10. (*Ang pasya ng Taunang Konseho ng 1989 hinggil sa pagbibinyag ng mga babaeng ministro ay nananatiling di nagbabago. Tingnan sa p. 135.*)

---

**Panukala sa 1995 General Conference Natalo**

Sa mga business session ng 1995 General Conference sa Utrecht, Netherlands, isang panukala ang iniharap ng North American Division na pinahihintulutan ang bawat dibisyon na magpasya para sa kanilang nasasakupan kung ang ordinasyon sa ministeryong ebanghelyo ay maaaring isama ang parehong kasarian. Noong Hulyo 5, ang mosyon ay natalo.

Isinulat ni Elder Alfred C. McClure, pangulo ng North American Division, “Bagama’t ako’y nanalangin para sa positibong resulta, ang mosyon ay natalo.” Sa isang liham na ipinadala sa lahat ng mga pastor at administrador ng NAD noong Agosto 3, 1995, nanawagan siya, “na samahan ninyo ako sa panalangin na tulungan tayo ng Diyos sa panahong ito na napakaselan. Gaano man kasakit ang isyung ito sa marami, hindi natin dapat pahintulutan na ito’y sumira sa ating pagkakaisa o ilayo tayo sa ating misyon.”

**Ang Columbia Union Conference noong 2004 ay muling humiling sa General Conference na isaalang-alang ang isyu ng ordinasyon ng kababaihan**

Ang Columbia Union Conference noong Mayo 17, 2004, bumoto ang upang muling hilingin sa General Conference na muling isaalang-alang ang isyu ng pagbibigay ng ganap na ordinasyon sa mga kababaihan sa ministeryo. Isang resolusyon ang may pagkakaisang binotohan na kumikilala sa pangangailangan ng pagbabago hinggil sa isyung ito.

**Pagbibigay ng Kredensyal sa mga babaeng ministro na inilahad sa Kabanata 9**

Ang kredensyal ng karamihan sa mga babaeng ministro na inilahad sa kabanata 9 ay ang *Commissioned Minister Credential*, na ibinibigay ng lokal na kumperensya o unyon na siyang nag-eempleyo sa kanila, at nakatala sa *Seventh-day Adventist Yearbook*.

Ang isang inendorsong chaplain ng North American Division ay maaaring makatanggap ng *Commissioned Minister Credential*.

Ilan sa mga babaeng ministro sa kabanata 9 ay nakibahagi rin sa mga espesyal na seremonya ng ordinasyon sa mga lokal na iglesia at mga seremonya ng ordinasyon-komisyon sa mga lokal na kumperensya (tingnan sa ibaba).

---

**Espesyal na seremonya ng ordinasyon at ordinasyon-komisyon na isinagawa ng mga lokal na iglesia at mga kumperensya**

**Mga seremonya ng ordinasyon sa mga lokal na iglesia**

Matapos bumoto ang General Conference sa business session sa Utrecht noong Hulyo 5, 1995, na hindi pahintulutan ang North American Division na magbigay ng awtoridad sa ordinasyon ng kababaihan sa ministeryo, ilang lokal na kongregasyon, sa pahintulot ng kumperensya, ay nag-ordina pa rin ng ilang kababaihan sa ministeryo, kung saan ang ordinasyon ay nauunawaan na may bisa lamang sa paglilingkod ng mga kababaihang iyon sa partikular na iglesyang iyon.

**Ordinasyon sa Sligo SDA Church noong Setyembre 23, 1995**

Noong Setyembre 23, 1995, tatlong babae ang sa ganitong paraan ay naordinahan sa ministeryo sa Sligo SDA Church, na bahagi ng Potomac Conference. Sila ay sina Kendra Haloviak (tingnan sa p. 118), Norma Osborn (tingnan sa p. 123), at Penny Shell (tingnan sa p. 126).

**Mga Ordinasyon sa Loma Linda Victoria Church at sa La Sierra University Church noong Disyembre 2, 1995**

(Ang dalawang iglesiang ito ay bahagi ng Southeastern California Conference.)

Si Sheryll McMillan, ang nag-iisang pastor ng Loma Linda Victoria Church na may humigit-kumulang 200 miyembro, ay naordinahan noong Disyembre 2, 1995, sa 11:00 a.m. na serbisyo ng pagsamba sa iglesiang kanyang pinaglilingkuran.

Noong 4:00 p.m. sa parehong araw sa La Sierra University Church, isinagawa ang ordinasyon nina Madelynn Haldemann at Halcyon Wilson. Ayon kay Elder Dan Smith, ang pastor ng La Sierra University Church noong panahong iyon, naniniwala ang kanyang mga kasamahan sa pastoral staff na sila ay dapat maglingkod nang pantay-pantay, at si Halcyon Wilson ay bahagi na ng pastoral staff ng La Sierra sa loob ng 15 taon noong panahong iyon. Ang mga naroroon ay tumugon sa pamamagitan ng isang sabayang pagtayo at masigabong palakpakan<sup>1</sup>.

Iniharap ni Dr. Lawrence Geraty si Madelynn Jones-Haldeman para sa ordinasyon. Binanggit niya na si Madelynn ay naging kasapi ng kaguruan ng La Sierra University religion faculty sa loob ng mahigit 30 taon. Noong 1980, siya ang ikalawang babae na tumanggap ng Doctor of Theology degree mula sa SDA Theological Seminary sa Michigan.

Habang isinasagawa ang panalangin para sa ordinasyon, dumagsa ang mga ordinadong ministro at mga miyembro ng kongregasyon sa mga pasilyo upang makibahagi sa seremonyang iyon<sup>2</sup>.

**Ordinasyon sa Garden Grove, California Church noong 1996**

Noong Hulyo 1996, sina Associate Pastor Margo Pitrone at Jared Fulton ay naordinahan sa ministeryo sa Garden Grove Church sa California.

**Ordinasyon sa Loma Linda University Church noong 1997**

Si Margaret (Peg) Hempe ay isa sa mga unang babaeng pastor sa Loma Linda University Church noong dekada 1970 sa ilalim ni Pastor Bill Loveless. Nagsilbi si Peg bilang associate pastor sa nasabing iglesia sa loob ng maraming taon, at siya ay naordinahan sa ministeryong ebanghelyo sa Loma Linda University Church noong 1997.

Sa tulong ng Diyos, matagumpay niyang hinarap ang mga hamon at kawalang-katiyakan ng pagiging isang babae sa ministeryo. Si Pastor Hempe ay naging huwaran para sa mga mas nakababatang kababaihan na tinawag din upang sundan ang kanyang mga yapak.

**Pantay na kredensyal para sa mga kalalakihan at kababaihang pastor na inaprubahan ng mga kumperensya**

Matapos pag-aralan ang paksa sa loob ng ilang taon, inaprubahan ng Southeastern California Conference ng Seventh-day Adventist noong Marso 2002 ang pagbibigay ng pantay na kredensyal para sa mga kalalakihan at kababaihang pastor, ang “ordination-commissioning credential”. Hindi naglaon, inaprubahan din ng Arizona Conference ang parehong kredensyal. Noong Mayo 2002, ipinasa naman ng Northern California Conference Constituency ang isang mosyon na humihiling sa General Conference na muling isaalang-alang ang ordinasyon ng kababaihan sa ministeryo, kalakip ang isang susog na nananawagang ang NCC ay magpatibay ng pantay na kredensyal para sa kanilang mga kalalakihan at kababaihang pastor.

Ang mga kababaihan ay tumanggap ng “Ordination-Commissioning Credential,” kasama ng mga kalalakihan sa ministeryo sa kanilang kumperensya. Ipinahayag ng mga lalaking ito na ayaw nilang magkaroon ng isang katayuan na hindi rin maaaring makamtan ng mga babaeng kasamang naglilingkod sa kanila. Ilan sa mga babaeng ministro na binanggit sa Kabanata 9 (na naglilingkod sa isa sa mga kumperensyang nabanggit sa itaas) ay mayroong “Ordination-Commissioning Credential.”

---

*1 Si Hallie Wilson ay opisyal na nagretiro, ngunit patuloy pa ring naglilingkod ng part time bilang Assistant to the President for Women Pastor sa Southeastern California Conference.*

*2 Si Madelynn Jones-Haldeman ay pumanaw noong Enero 28, 2005.*

